2017

PEAC
PRIVATE EDUCATION ASSISTANCE COMMITTEE
Trustee of the Fund for Assistance to Private Education

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# LEARNING MODULE

Filipino G10 | Q2

# Panitikan ng mga Bansa sa Kanluran: Mitolohiya at Dula



PEAC
PRIVATE EDUCATION ASSISTANCE COMMITTEE
Trustee of the Fund for Assistance to Private Education

PEAC National Secretariat
Units 2505-2507, 25th Floor Philippine AXA Life Centre
1286 Sen. Gil Puyat Avenue corner Tindalo St., Makati City
Tel No.: (02) 8-570-7322
Fax No.: (02) 8-511-7695

# NOTICE TO THE SCHOOLS

This learning module (LM) was developed by the Private Education Assistance Committee under the GASTPE Program of the Department of Education. The learning modules were written by the PEAC Junior High School (JHS) Trainers and were used as exemplars either as a sample for presentation or for workshop purposes in the JHS In-Service Training (INSET) program for teachers in private schools.

The LM is designed for online learning and can also be used for blended learning and remote learning modalities. The year indicated on the cover of this LM refers to the year when the LM was used as an exemplar in the JHS INSET and the year it was written or revised. For instance, 2017 means the LM was written in SY 2016-2017 and was used in the 2017 Summer JHS INSET. The quarter indicated on the cover refers to the quarter of the current curriculum guide at the time the LM was written. The most recently revised LMs were in 2018 and 2019.

The LM is also designed such that it encourages independent and self-regulated learning among the students and develops their 21st century skills. It is written in such a way that the teacher is communicating directly to the learner. Participants in the JHS INSET are trained how to unpack the standards and competencies from the K-12 curriculum guides to identify desired results and design standards-based assessment and instruction. Hence, the teachers are trained how to write their own standards-based learning plan.

The parts or stages of this LM include Explore, Firm Up, Deepen and Transfer. It is possible that some links or online resources in some parts of this LM may no longer be available, thus, teachers are urged to provide alternative learning resources or reading materials they deem fit for their students which are aligned with the standards and competencies. Teachers are encouraged to write their own standards-based learning plan or learning module with respect to attainment of their school's vision and mission.

The learning modules developed by PEAC are aligned with the K to 12 Basic Education Curriculum of the Department of Education. Public school teachers may also download and use the learning modules.

Schools, teachers and students may reproduce the LM so long as such reproduction is limited to (i) non-commercial, non-profit educational purposes; and to (ii) personal use or a limited audience under the doctrine of fair use (Section 185, IP Code). They may also share copies of the LM and customize the learning activities as they see fit so long as these are done for non-commercial, non-profit educational purposes and limited to personal use or to a limited audience and fall within the limits of fair use. This document is password-protected to prevent unauthorized processing such as copying and pasting.

FILIPINO BAITANG 10

# MODYUL 1: Panitikan ng mga Bansa sa Kanluran: *Mitolohiya at Dula*

**PANIMULA AT POKUS NA MGA TANONG**

Paano mo susuklihan ang pag-aaruga at pagmamahal na ipinadadama sa'yo ng iyong mga magulang? Paano kung umabot sa puntong iyong matuklasan na ikaw ay ampon lamang? Iiwan mo ba ang nag-ampon sa'yo at hahanapin ang totoong magulang? Sa kabilang banda, ano ang iyong gagawin kung ang pinuno ng inyong bayan ay hinihimok kang huwag ilantad ang katotohanang iyong nalalaman upang di masira ang bayan? Sa modyul na ito, mabibigyang kasagutan ang sumusunod na mga katanungan:

1. **Bakit mahalagang maunawaan at mapahalagahan ang iba't ibang akdang pampanitikan ng mga bansang kanluranin?**
2. Masasalamin ba sa panitikan ng mga bansang kanluranin ang kultura o kalagayang panlipunan ng ating bansa? Patunayan.
3. **Paano nakaaapekto ang panitikan ng mga bansa sa kanluran sa buhay nating mga Pilipino?**
4. **Paano mapananatili at mapauunlad ang panitikang ng mga bansa sa kanluran?**
5. Paano nakatulong ang mabisang paggamit ng wika sa pagpapalutang ng kasiningan ng akda?

**SAKLAW NG MODYUL:**

Sa modyul na ito, mabibigyang-tugon ang mga nabanggit na katanungan kapag pinag-aralan mo ang magkasunod na dalawang aralin:

*ARALIN 1.1: Mitolohiya ng North America*

Panitikan: Mitolohiya: Ang Lalaking Buffalo (batay sa salaysay ni Robert Harry Lowie)

Wika: Pokus ng Pandiwa: Pokus sa Tagaganap, at Pokus sa Layon

*ARALIN 1.2: Dula ng Norway*

Panitikan: Dula: Kaaway ng Bayan (manunulat: Henrik Ibsen)

Wika: Pokus ng Pandiwa: Pokus sa Pinaglalaanan/Benepaktibo, at Pokus sa Kagamitan

Sa modyul na ito, matatamo mo ang mga sumusunod kompetensi:

<table>
<tr><td>Mitolohiya</td><td>Pag-unawa sa Napakinggan (PN)<br>● F10PN-IIa-b-71 Nailalahad ng mga pangunahing paksa at ideya batay sa napakinggang usapan ng mga tauhan<br>Pag-unawa sa Binasa (PB)<br>● F10PB-IIa-b-73 Nasusuri ang nilalaman, elemento at kakanyahan ng binasang mitolohiya<br>● F10PB-IIa-b-74 Naiuugnay ang mahahalagang kaisipan sa binasa sa sariling karanasan<br>Paglinang ng Talasalitaan (PT)<br>● F10PT-IIa-b-71 Naisasama ang salita sa iba pang salita upang makabuo ng ibang kahulugan (collocation) Panonood (PD)<br>● F10PD-IIa-b-69 Nabubuo ang sistematikong panunuri sa mitolohiyang napanood<br>Pagsasalita (PS)<br>● F10PS-IIa-b-73 Naipapahayag ang mahahalagang kaisipan at pananaw tungkol sa mitolohiya Pagsulat (PU)<br>● F10PU-IIa-b-73 Pasulat na naihahambing ang mitolohiya mula sa bansang kanluranin sa mitolohiyang Pilipino<br>Wika at Gramatika (WG)<br>● F10WG-IIa-b-66 Nagagamit ng wasto ang pokus ng pandiwa: tagaganap at layon sa pagsulat ng paghahambing</td></tr>
<tr><td>Dula</td><td>Pag-unawa sa Napakinggan (PN)<br>● F10PN-IIa-b-72 Nailalahad ang kultura ng lugar na pinagmulan ng kuwentong-bayan sa napakinggang usapan ng mga tauhan.<br>Pag-unawa sa Binasa (PB)<br>● F10PB-IIa-b-75 Naihahambing ang kultura ng bansang pinagmulan ng akda sa alinmang bansa sa daigdig.<br>Paglinang ng Talasalitaan (PT)<br>● F10PT-IIa-b-72 Naipaliliwanag ang kahulugan ng salita batay sa pinagmulan nito (epitimolohiya)<br>Panonood (PD)<br>● F10PD-IIa-b-70 Naipaliliwanag ang katangian ng mga tao sa bansang pinagmulan ng kuwentong-bayan batay sa napanood na bahagi nito.<br>Pagsasalita (PS)<br>● F10PS-IIa-b-74 Naibabahagi ang sariling damdamin at saloobin sa isang pangkatang talakayan ang sariling kultura kung ihahahambing sa kultura ng ibang bansa batay sa nabasang dula.<br><br>Pagsulat (PU)</td></tr>
</table>

| | |
|---|---|
| | • F10PU-IIa-b-74 Naisusulat nang wasto ang ang sariling damdamin at saloobin tungkol sa sariling kultura kung ihahahambing sa kultura ng ibang bansa batay sa nabasang dula.<br>**Wika at Gramatika (WG)**<br>• F10WG-IIa-b-67 Nagagamit ng wasto ang pokus ng pandiwa (pinaglalaaanan at kagamitan) sa pagsulat ng sariling damdamin at saloobin tungkol sa sariling kultura kung ihahahambing sa kultura ngibang bansa. |

Kapaki-pakinabang ang pagbibigay-pansin mo sa binuong mapa ng mga leksyon na pag-aaralan mo sa modyul na ito.

**MGA AKDANG PAMPANITIKAN NG MGA BANSA SA KANLURAN**

***ARALIN 1: Mitolohiya ng North America***

**Panitikan:** Mitolohiya: Ang Lalaking Buffalo (batay sa salaysay ni Robert Harry Lowie)

**Wika:** Pokus ng Pandiwa: Pokus sa Tagaganap, at Pokus sa Layon

***ARALIN 2: Dula ng Norway***

**Panitikan:** Dula: Kaaway ng Bayan (manunulat: Henrik Ibsen)

**Wika:** Pokus ng Pandiwa: Pokus sa Pinaglalaanan/Benepaktibo, at Pokus sa Kagamitan

**Aralin 1.1: Panitikan ng mga Bansa sa Kanluran: Mitolohiya ng North America – Ang Lalaking Buffalo**

***ARALIN 1.1: Mitolohiya ng North America***

**Panitikan:** Mitolohiya: Ang Lalaking Buffalo (batay sa salaysay ni Robert Harry Lowie)

**Wika:** Pokus ng Pandiwa: Pokus sa Tagaganap, at Pokus sa Layon

Sa mga araling ito, matututuhan mo ang mga sumusunod na kompetensi:

| | |
|---|---|
| **Mitolohiya** | **Pag-unawa sa Napakinggan (PN)**<br>● F10PN-IIa-b-71 Nailalahad ng mga pangunahing paksa at ideya batay sa napakinggang usapan ng mga tauhan<br>**Pag-unawa sa Binasa (PB)**<br>● F10PB-IIa-b-73 Nasusuri ang nilalaman, elemento at kakanyahan ng binasang mitolohiya<br>● F10PB-IIa-b-74 Naiuugnay ang mahahalagang kaisipan sa binasa sa sariling karanasan<br>**Paglinang ng Talasalitaan (PT)**<br>● F10PT-IIa-b-71 Naisasama ang salita sa iba pang salita upang makabuo ng ibang kahulugan (collocation) Panonood (PD)<br>● F10PD-IIa-b-69 Nabubuo ang sistematikong panunuri sa mitolohiyang napanood<br>**Pagsasalita (PS)**<br>● F10PS-IIa-b-73 Naipapahayag ang mahahalagang kaisipan at pananaw tungkol sa mitolohiya<br>**Pagsulat (PU)**<br>● F10PU-IIa-b-73 Pasulat na naihahambing ang mitolohiya mula sa bansang kanluranin sa mitolohiyang Pilipino<br>**Wika at Gramatika (WG)**<br>● F10WG-IIa-b-66 Nagagamit ng wasto ang pokus ng pandiwa: tagaganap at layon sa pagsulat ng paghahambing |

**PAUNANG PAGTATAYA:**

Bago mo simulan ang pagsasagawa sa mga makabuluhang gawain sa unang aralin ng modyul na ito, tuklasin muna natin ang lawak ang iyong kaalaman sa pamamagitan ng pagsagot mo sa sumusunod na mga katanungan. Sagutin ang lahat ng aytem.

Pagkatapos masagot ang panimulang pagtatayang ito, malalaman mo ang iyong iskor. Pagkatapos masagutan at maiwasto ang lahat ng kasagutan, isaalang-alang ang mga naging kamalian at tuklasin ang tamang sagot sa mga ito habang pinag-aaralan ang ang mga aralin sa modyul na ito.

**Basahin at unawaing mabuti ang bawat tanong at piliin ang titik na kumakatawan sa tamang sagot.**

1. Anong anyo ng panitikan ang sadyang binuo upang itanghal sa entablado? (K)
    a. Nobela
    b. Dula
    c. Mitolohiya
    d. Maikling kuwento

2. Bakit naging lalaking Buffalo ang itinuring na anak ng mag-asawang nabubuhay sa kahirapan? (K)
    a. Sapagkat isinumpa siya ng kaniyang naging asawa
    b. Sapagkat isinumpa siya ng kaniyang kinagisnang magulang
    c. Dahil binanggit ng asawa niya ang di niya dapat banggitin
    d. Dahil bunga ito ng di niya pagtupad sa kaniyang naging pangako

3. Sa dulang "Kaaway ng Bayan", sino ang may papel na Punong Sanidad ng Paliguan Municipal? (K)
    a. Peter Stockmann
    b. Tomas Stockmann
    c. Kapitan Horster Aslaksen
    d. Morten Kiil

4. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang kakikitaan ng Pokus sa Benepaktibo? (P)
    a. Ang sinigang ay niluto ni nanay para sa mga panauhing galing Maynila.
    b. Ang nilutong sinigang ni nanay ay para sa mga panauhing galing Maynila.
    c. Ang nanay ay nagluto ng sinigang para sa mga panauhing galing Maynila.
    d. Ipinagluto ni nanay ng sinigang ang mga panauhing galing Maynila.

5. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang nagtataglay ng Pokus sa Kagamitan? (P)
    a. Kutsilyo na matalas ang ipinambalat niya sa mangga.
    b. Binalatan niya ang mangga sa pamamagitan ng matalim na kutsilyo.
    c. Siya ang nagbalat sa mangga sa tulong ng matalim na kutsilyo.
    d. Ipinambalat niya ng mangga ang matalim na kutsilyo.

6. Sa mitolohiyang "Ang Lalaking Buffalo", alin sa mga sumusunod na salawikain ang pinakaakma sa mag-asawang nabiyayaan ng anak? (P)
    a. "Ang di marunong lumingon sa pinanggalingan, di makararating sa paroroonan"
    b. "Sa likod ng makapal na ulap, may nakakubling liwanag"
    c. "Aanhin mo ang damo kung patay na ang kabayo"
    d. "Ang talon ng inang kambing, ang anak ay ganoon din"

7. Alin sa mga sumusunod na islogan ang *pinakaangkop* na mensahe ng dulang "Kaaway ng Bayan"? (P)
    a. "Kaaway ng Bayan, Huwang nang Pansinin nang Di Maapektuhan"
    b. "Kaaway ng Bayan, Magwawakas Din Hayaan Lamang"
    c. "Kaaway ng Bayan, Asikasuhin at Puksain nang Magtagumpay"
    d. "Kaaway ng Bayan, Ipaubaya na Lamang sa mga Kinauukulan"

8. Mula sa dulang "Kaaway ng Bayan", alin sa mga sumusunod ang *pinakaangkop* na tono ng pahayag ni Dr. Tomas Stockmann na *"Sa akala mo ba'y ipag-iingay ko sa buong bayan nang wala pa akong nahahawakang katibayan? Naku hindi, salamat. Hindi ako luko-luko"?* (P)
    a. nag-aalinlangan
    b. nagbabakasakali
    c. nagagalit
    d. naniniguro

9. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang itinuturing na isa sa mga maling palagay o *misconception* ng ilang mag-aaral na tulad mo may kinalaman sa tunay na layunin ng pagkakakatha ng dula? (maling palagay/misconception) (U)
    a. Layunin ng anumang dula na itanghal sa entablado upang kapulutan ng aral.
    b. Layunin ng dula na basahin upang kapulutan ng aral sa halip na itanghal sa entablado.
    c. Layunin din ng pagkakabuo ng dula na aliwin ang sinumang nakararanas ng kabagutan.
    d. Layunin ng pagkakatha ng dula na talakayin ang mahahalagang usapin sa lipunan.

10. Alin sa mga sumusunod ang *pinakaangkop* na dahilan kung bakit dapat pag-aralan ang mga panitikan ng mga bansa sa kanluran? (EU)
    a. Sapagkat sa paraang ito mapaiigting ang ugnayan ng ating bansa sa mga bansa sa daigdig
    b. Sapagkat maraming aral na matututuhan na nakatutulong upang magtagumpay sa buhay
    c. Dahil sa paraang ito mababawasan ang lungkot na nararanasan ng bawat mamamayan
    d. Dahil tulong ito upang di tayo maging ignorante sa mga nangyayari sa mga bansa sa kanluran

11. Alin sa mga sumusunod ang *pinakamalapit* na kahulugan ng pahayag na hinalaw sa dulang "Kaaway ng Bayan" na "*Napakasarap ang pakiramdam ng isang taong nakatatalos na nakagawa siya ng kabutihan sa kaniyang bayang sinilangan at sa kaniyang mga kapuwa mamamayan*"? (U)
    a. Nagdudulot ng panloob na kasiyahan ang pagtulong sa kapwa at sa sariling bansa.
    b. Nakadaragdag ng salapi ang pagtulong sa iba yamang maaari ka nilang bigyan ng gantimpala.
    c. Napananatili ang magandang reputasyon sa oras na tumulong sa mga nangangailangan.
    d. Nadaragdagan ang bilang ng mga kaibigan sa tuwing nagkakaloob ng tulong sa kapwa.

12. Alin sa mga sumusunod ang *pinamakabuting dahilan* kung bakit kailangan ng bawat isa na makisangkot sa mga nangyayari sa lipunang kinabibilangan? (U)
    a. Dahil bilang isa sa mga nakatira sa lipunang iyon, dapat lamang na makialam sa ayaw at sa gusto niya
    b. Dahil malaki ang posibilidad na maapektuhan din siya mga nangyayari tuwiran man o di tuwiran
    c. Dahil kung di niya ito gagawin, pariringgan o dili kaya'y aawayin lamang siya ng ibang kapwa
    d. Dahil kung di niya ito gagawin, may posibildad ding di siya pagbibigyan kung sa kaling may pabor na hihilingin

13. Bakit may mga balitang kailangang-kailangang malaman ng sambayanan subalit pilit pa rin itong ikinukubli ng mga taong nakaaalam? Alin sa mga sumusunod ang *pinakamabigat* na dahilan? (U)
    a. Hinihintay ang tamang pagkakataon at iniipon ang sapat na katibayan bago ipaalam sa madla.
    b. Dahil sa pamgamba na may madamay o masangkot na mataas na opisyal, nakakahiya naman.

c. Baka kasi sangkot mismo ang taong nakaalam nito kaya ayaw ipaalam sa sambayanan.
d. Dahil sa takot na may malapit na kamag-anak o kaibigan na madadamay sa ibabalita.

14. Bakit may mga anak na pilit na hinahanap ang totoong mga magulang kahit sabihin pang walang pagkukulang ang kinalakihan o kinagisnang magulang? Alin sa mga sumusunod ang *pinakamahusay* na dahilan? (U)
    a. dahil wala lang magawa sa buhay kaya hinahanap-hanap pa rin ang totoong magulang upang may pagkaabalahan
    b. dahil sa kagustuhang makakuha ng tulong-pinansyal at pagkatapos itong gawin, iiwan din lamang sila
    c. dahil likas sa atin na hanapin ang tunay na magulang at ibang-iba talaga ang pakiramdam pag kilala sila
    d. dahil kung di ito gagawin ng anak, kukutyain lamang siya at sasabihang walang pakialam sa tunay na magulang

15. Sa tuwing dumaraan ka sa isa pang daanan palabas sa inyong lugar, nakikita mong naghihirap sa buhay ang isang mag-asawa na malapit sa inyong tirahan. Wala kasi silang anak. Ramdam mong kailangang-kailangan nila ng tulong ngunit tila mailap ang tulong sa kanila. Batid mong may kakayahan kang tumulong sa kanila sapagkat nakaririwasa ang inyong pamilya. Isa pa, kilala ka sa pagiging matulungin sa kapwa. Gayunpaman, may pangamba kang tumulong sapagkat narinig mo minsan na may pagkamasungit sila. Ano ang *pinakamainam* mong gawin. (T)
    a. Sabihin sa mga magulang ang hangaring tumulong upang ika'y kanilang masuportahan sa maganda mong binabalak.
    b. Huwag na silang pansinin pa at huwag na rin silang pag-aksayahan ng panahon dahil matanda na rin lamang sila.
    c. Itanim sa isipan ang narinig hinggil sa kasungitan ng mag-asawang matanda upang gamitin itong dahilan nang di sila tulungan.
    d. Dumaan lagi sa ibang daanan upang di na makita pa ang mag-asawang matanda at di ka na maapektuhan sa kanilang kalagayan.

16. Kalugod-lugod ang samahan ninyong magkapatid. Kapwa kayo nagtataglay ng busilak na kalooban. Lagi kayong magkasama sa hirap man o ginhawa, sa kasiyahan man o kalungkutan. Nangako kayo sa isa't isa na ibibigay ang suporta sa bawat isa. Isang araw, sinabihan mo ang iyong kapatid na ibigay ang isang folder na naglalaman ng mahahalagang dokumento dahil ikaw ay sasama sa tatlong araw na camp ng inyong paaralan. Kailangang maibigay ito sa inyong ama sa gabing iyon. Pagkatapos ng camp, natuklasan mong di pa ito naibibigay ng iyong kapatid. Nang ibigay ito, sukdulan ang galit sa'yo at ikaw ang sinisisi ng iyong ama dahil bakit raw ngayon lamang ibigay ang folder. Ano ang *pinakamainam* mong gawin?
    a. Pagagalitan din nang husto ang kapatid at sisihin siya sa nangyari kahit masira na ang inyong magandang samahan.

b. Maglalayas sa bahay at ipangakong di na babalik upang makabawi sa kapatid na di tumupad sa usapan.
c. Ipamumukha sa kapatid ang ginawang pagkakamali at sabihan siyang huwag na huwag ka na niyang kakausapin pa.
d. Humingi ng paumanhin sa ama, alamin sa kapatid ang nangyari at uunawain ang dahilan o paliwanag ng kapatid.

17. Abot-langit ang iyong pasasalamat sa pagkakaroon ng mabait, maunawain, at mapag-arugang ama't ina. Walang araw na di mo nadama ang kanilang wagas na pagmamahal. Kaya, lagi mo naman silang ibinibida sa'yong mga kaibigan. Gayunpaman, sa di sinasadyang pagkakataon habang ikaw ay tumutulong sa *general cleanin*g sa bahay, isang kasulatan mula sa kabinet ng iyong ama ang iyong nakita't nabasa na labis mong ikinagulat. Oo, natuklasan mong ika'y di nila tunay na anak. Isa ka lamang na ampon! Ano ang *pinakamabuti* mong gawin sa mga sandaling iyon?
    a. Punit-punitin at itapon ang dokumentong nakita at magkunwaring walang nakitang gayong uri ng dokumento.
    b. Buong suyo at kapakumbabahang kausapin ang ama't ina at kalmadong pag-usapan ang tungkol sa'yong natuklasan.
    c. Agad na susugurin ang ama't ina at isusumbat sa kanila ang ginawang paglilihim ng katotohanan tungkol sa kaniyang pagkatao.
    d. Kukunin ang dokumento, kukunin ang lahat ng gamit at agad na aalis ng bahay upang hanapin ang totoong mga magulang.

18. Batid mong ikaw at ng iyong nakatatandang kapatid ay may magkaibang prinsipyo at paniniwala sa buhay. Makailang beses na ring nagkabanggaan ang inyong mga ideya o pahayag tungkol sa isang maselang usapin sa buhay. Alam mong di magpapatalo ang iyong kapatid sa aspektong ito. Ayaw mo namang laging ganito dahil magkapatid kayo at ulila na kayong lubos sa ama't ina. Isa pa, ayaw mo siyang iwan dahil laging sumisige ang kaniyang atake sa puso. Ano ang *pinakamabuti* mong gawin?
    a. Hayaang magpatuloy ang inyong bangayan kung iyon ang gusto ng iyong kapatid, ganyan talaga ang buhay.
    b. Matutong magparaya sa buhay kung di naman ito nagdudulot ng kasamaan o kapahamakan sa'yo.
    c. Aalis ka sa inyong bahay at makikitira na lamang sa mga kamag-anak upang makaiwas sa bangayan.
    d. Isumpa na lamang sa sarili na huwag siyang kakausapin upang makasigurong maiiwasan ang bangayan.


19. Ipagpalagay na ikaw ang alkalde sa inyong lugar. Higit na umunlad ang lungsod na iyong nasasakupan mula nang ika'y maluklok sa puwesto. Ngunit alam mong ang pag-unlad na ito ay dahil sa mahuhusay na ideya mula sa iyong nakababatang kapatid na isang doktor. Hanggang sa isang araw, sa'yong pagdalaw sa bahay ng iyong kapatid, nabanggit niyang may natuklasan siyang tiyak na ikagugulat ng inyong mga kababayan. Ibig mo itong malaman agad ngunit tumanggi siyang ipaalam ito sa'yo. Ano ang *pinakamabuti* mong gawin?
    a. Ipagpilitan sa kapatid na sabihin sa'yo ang natuklasan kahit maging sanhi pa ito ng inyong alitang magkapatid yamang karapatan mo ito bilang alkalde ng bayan.
    b. Igalang ang pasya kung ayaw muna niya itong sabihin sa'yo sapagkat siya ang higit na nakaaalam kung kailan ang tamang panahon ng paglalantad sa natuklasan.
    c. Magpasyang di aalis sa bahay ng kapatid hanggat di sinasabi ang natuklasan kahit nangangahulugan ito ng pagkainis at pagkayamot ng kapatid, asawa't mga anak.
    d. Tawagin ang iba pang mga opisyal ng bayan upang samahan kang hikayatin ang iyong kapatid na sabihin ang bagay na inaasam-asam mong malaman.

20. Ipagpalagay mo na isa kang ama na nagtataglay ng mabuting kalooban. May anak kang dalaga na nagkakagusto at umiibig sa isang binatang mahirap lamang subalit kitang-kita ang kasipagan. Di ka sang-ayon dito sapagkat may iba kang nagugustuhan para sa'yong anak, isang binatang mayaman ang angkan ngunit di ka sigurado kung masipag sa buhay. Ano ang *pinakamainam* mong gawin bilang isang amang naghahangad ng ikaliligaya ng anak?
    a. Hikayatin ang anak na ibigin ang lalaking gusto talaga niya sapagkat iyon ang nararapat at siya naman ang makikisama rito habambuhay.
    b. Hikayatin ang anak na huwag munang iibig dahil malakas ka pa at kayang-kaya mo pa siyang ipagtanggol laban sa mga masasama.
    c. Hikayatin siyang magkaroon ng maraming kasintahan nang sabay-sabay upang makapamili nang maayos sa tamang panahon.
    d. Hikayatin ang anak na makipagrelasyon agad sa lalaking nagugustuhan ngunit kung nagsawa'y makikipaghiwalay rin agad.

## PAGTUKLAS

Ano ang iyong gagawin kung nalaman mong ikaw ay ampon lamang? Paano mo pakikitunguhan ang iyong kinagisnang magulang? Ang iyong mga kasagutan sa mga tanong na ito ang magpapalitaw sa iyong totoong taglay na katangian. Kaya, atin nang tuklasin ang taglay mong katangian sa pamamagitan ng susunod na gawain.

**GAWAIN BLG. 1**: *Kung Ako'y Ampon Lamang*
**DESKRIPSYON**: Bigyang-kasagutan ang dalawang tanong sa itaas. Maging tapat sa'yong mga sagot. Isulat sa loob ng kahon ang ang iyong tugon sa loob ng lima hanggang walong pangungusap lamang.



Walang alinlangang sa unang gawain pa lamang, **natukasan mo na ang aplikasyon sa tunay na buhay ng isang mitolohiya mula sa bansang kanluran – ang North America.** Higit pa rito ang iyong matutuklasan sa pagpapatuloy ng iyong paglalakbay sa araling ito. **Makikita mong nakatutulong sa pagpapaigting ng ugnayang pandaigdig ang pag-aaral ng panitikan ng iba't ibang bansa, partikular na sa bansang kanluran.**
Ang susunod na gawain ay may layuning tuklasin ang lawak at lalim ng iyong pag-unawa sa kahalagahan ng mitolohiyang nagmula sa bansang kanluran.

**GAWAIN BLG. 2**. *Mapa ng Konsepto ng Pagbabago*
**DESKRIPSYON:** Nasa ibaba ang halimbawa ng IRF tsart. Punan ang unang hanay ng iyong sagot sa **katanungang "Paano nakaaambag sa relasyong internasyunal ang pag-aaral sa mga panitikan mula sa iba't ibang bansa, partikular na sa bansang kanluran?"** Isaalang-alang ang magiging tugon yamang may posibilidad na ito'y mabago habang at pagkatapos mapag-aralan ang kabuuan ng araling ito.

| |
|---|
| **Unang Tugon (Initial)** |
| Pagbabago sa Unang Tugon (Revised) |
| Pinal na Tugon batay sa Natutuhan (Final) |

**WAKAS NG PAGTUKLAS:**
Tunay na sa bisa ng tinugunan mong IRF, nabigyan ka ng pangkalahatang pananaw hinggil sa mga puntong dapat mong bigyang-pansin sa pag-aaral ng araling ito.

Ngayon, iyo nang pasukin at galugarin ang daigdig ng mitolohiya mula sa bansang kanluran sa pamamagitan ng susunod na bahagi.

## PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Bilang bahagi ng paglinang ng iyong kaalaman at pag-unawa sa mitolohiya, nakabubuting alamin mo muna ang dahilan kung bakit umusbong ang mitolohiya at kung ano ang epekto ng mga mitolohiya sa realidad ng ating buhay bagamat punong-puno ng pantasya ang mga ito. Ang susunod na gawain ang magpapangyari nito.

**GAWAIN BLG. 3**: *Video: Mitolohiya, Bakit Nabuo?*
**DESKRIPSYON:** Sa tulong ng video na ito, mauunawaan mo ang dahilan ng pagkakabuo ng mitolohiya bilang anyo ng panitikan. Malalaman mo rin kung ano ang epekto ng mitolohiya sa realidad ng ating buhay kahit sabihin nating ito'y punong-puno ng pantasya. Panoorin ito sa: https://www.youtube.com/watch?v=ez6C8xXDsG4. Pagkatapos, sagutin ang mga pamprosesong tanong.

***MGA PAMPROSESONG TANONG***

1. Bakit nabuo ang mitolohiya ayon sa *Egyptian Archeology Professor* na si Dr. Okasha Al Daly?
2. Ano-ano ang naitutulong ng pag-aaral ng mitolohiya ayon naman kay Winnie Li, nagtapos ng *BA Mythology*?
3. Ano-ano ang mga saklaw ng pag-aaral ng mitolohiya?
4. Bakit nabanggit sa video ang tungkol sa Gelgamesh, Ramayana, at Mahabharata?
5. Ayon kay Rodney Sharkey, *Popular Culture Professor*, ano-ano ang dapat na bigyang-atensyong sa isang mitolohiya?
6. Sumasang-ayon ka ba sa binanggit sa video na ang mitolohiya ay "HINDI namamatay"? Pangatuwiranan.
7. Sumasang-ayon ka rin ba sa binanggit sa video na ang mitolohiya ay "puso ng mamamayan"? Ipaliwanag.
8. Ano ngayon ang nabuo mong konklusyon hinggil sa halaga ng pag-aaral ng mitolohiya?

Sa tulong ng sinundang gawain, napalitaw ang katotohanang malaki ang epekto ng mitolohiya sa realidad ng ating buhay yamang masasalamin sa mga ito ang tiyak na kultura ng isang lugar sa takdang panahon. Oo, iyo nang napagtanto kung bakit dapat pag-aralan ang mitolohiya bagamat naglalaman ang mga ito ng pantasya.

Nang tuluyang malinang ang iyong kaalaman, kaunawaan at pagpapahalaga sa mitolohiya, pakikinabangan mong tunay ang susunod na gawain.

**<u>GAWAIN BLG. 4</u>:** *Video: Mitolohiya, Bakit Dapat Ituro?*
**DESKRIPSYON:** Sa pamagat pa lamang ng gawain, tiyak na dadalhin ka ng gawaing ito sa mga iba't ibang kadahilanan kung bakit ang mga estudyante at anak na tulad mo ay dapat na pag-aralan ang mitolohiya. Paglimiin mong mabuti ang bawat pahayag ng isang ama at gurong lalaki na kinakapanayam sa video na ito. Puntahan ang https://www.youtube.com/watch?v=ObX3-1DueA0.
Pagkatapos, sagutin ang mga pamprosesong tanong.

***MGA PAMPROSESONG TANONG***

1. Bakit ginamit ng propesor ang mga sumusunod na tauhan ng Bibliya upang bigyang-diin ang kahalagahan ng pag-aaral ng mitolohiya?
    a. Ang Pamumuno ni Moises upang itakas ang mga Israelita sa malupit na kamay ng mga Ehipsyo
    b. Ang tungkol kay Pablo nang siya'y nasa Atenas
    c. Ang tungkol sa ipinamalas na pananampalataya ni Daniel noong siya'y nasa Babilonia
2. Ano ang ipinayo ng propesor upang maiwasan ang pagkalito sa pag-aaral ng mitolohiya?
3. Bakit mahalagang pag-aralan ang mitolohiya ayon sa propesor? Isa-isahin ang mga ito.
4. Ano ang puntong nais ipabatid ng propesor nang sabihin niya ang pinagkaiba ng "pag-aaral ng mitolohiya" at "pagsasabuhay ng mitolohiya"?
5. Paano nakatulong ang video na ito hinggil sa iyong pangmalas sa pag-aaral ng mitolohiya?

Hindi na ngayon maikukubli ang katotohanang natulungan ka ng mga video na magkaroon ng positibong saloobin kaugnay ng pag-aaral mo ng mitolohiya. Oo, kahit naglalaman ng mga pantasya ang mga mitolohiya, ang epekto nito sa atin sa totoong buhay ay di maitatatwa.

Ngayon, sapat na ang iyong dahilan upang pag-aralan ang isang halimbawa ng mitolohiya mula sa bansang kanluran, sa North America na pinamagatang *"Ang Lalaking Buffalo"* batay sa salaysay ni Robert Harry Lowie. Nang matamo ang lubusang pag-unawa sa nilalaman ng mitolohiyang ito, makatutulong ang susunod na gawain.

**<u>GAWAIN BLG. 5:</u>** *Pagpapalawak ng Talasalitaan*
**DESKRIPSYON:** Isulat sa kolum A ang kasingkahulugan ng salitang nasa bawat bilang, at sa kolum B naman ang kasalungat nito upang maunawaan nang husto ang *mitolohiyang "Ang Lalaking Buffalo*" mula sa North America. Isulat sa nakalaang kahon ang kasagutan

| A. KASINGKAHULUGAN | | B. KASALUNGAT |
|---|---|---|
| | 1. BAKAS | |
| | 2. NAGITLA | |
| | 3. TUMALIMA | |
| | 4. NAPAGTANTO | |
| | 5. HABAG | |
| | 6. KAGYAT | |
| | 7. TUMALILIS | |

Ngayon at naging malinaw na sa'yo ang kahulugan ng mga salitang maaaring makasagal sa iyong pag-unawa sa babasahing mitolohiya, masasabi nating handa ka na nga upang isagawa ang pagbasa sa mitolohiya ng North America sa pamamagitan ng susunod na gawain.

**PAGBASA BLG.1**: *Mitolohiya ng North America*
**DESKRIPSYON:** Isa ang North America sa mga bansa sa kanluran. Iklik lamang ang site na ito upang iyong mabatid nang husto ang kabuuan ng mitolohiyang "Ang Lalaking Buffalo",
https://gurosafilipino72591.wordpress.com/2014/01/13/ang-lalaking-buffalo-2/.
Pagkatapos, sagutin ang sumusunod na mga tanong.
***MGA PAMPROSESONG TANONG:***

1. Bakit mo masasabing mahirap ang kinagisnang buhay ng mag-asawa? Patunayan.
2. Nagtagal ba ang kahirapan ng buhay ng mag-asawa? Pangatuwiranan.
3. Paano sinuklihan ng anak ang pag-aarugang ipinadama ng kaniyang kinagisnang magulang?
4. Nang maging ganap na binata ang tinaguriang anak ng mag-asawa, ano ang naisipan niyang gawin, at paano siya napabilang sa tribong kaniyang napuntahan?
5. Paano natukasan ng binata na ngayo'y may-asawa na ang kaniyang tunay na pagkatao o tunay na pagkakakilanlan?
6. Bakit ang mitolohiya ay pinamagatang "Ang Lalaking Buffalo"?
7. Ano-nong kaugalian sa North America ang masasalamin sa mitolohiyang binasa?
8. **Bakit kapaki-pakinabang ang pag-aaral sa mitolohiya ng bansa sa kanluran tulad ng North America? Ipaliwanag.**
9. **Paano nakaaambag sa relasyong internasyunal ang pag-aaral sa mga panitikan mula sa iba't ibang bansa, partikular na sa bansang kanluran?**

Binabati kita sapagkat naging maliwanag na sa iyo ang kabuuan ng mitolohiyang *"Ang Lalaking Buffalo"* mula sa bansang Kanluran. Kasabay nito, **nabigyang-diin ang katotohanang nakatutulong ang panitikan mula sa bansang kanluran upang mapaigting ang ugnayang pandaigdig ng ating bansa,** maliban pa sa mga praktikal na ginintuang aral na natutuhan mula rito.

Sa puntong ito, ating isanib ang pagtalakay sa gramatika, partikular na ang dalawang uri ng Pokus ng Pandiwa: Una, ang Pokus sa Tagaganap. Ikalawa, ang Pokus sa Layon. Ang susunod na gawain ang magpapatibay rito.

**PAGBASA BLG. 2**: *Pagsasanib-Gramatika: Pokus ng Pandiwa*

**DESKRIPSYON:** Basahin at unawaing mabuti ang dalawang uri ng pokus ng pandiwa: Pokus sa Tagaganap, at Pokus sa Layon.

**POKUS NG PANDIWA**
- tumutukoy sa relasyon o ugnayan ng paksa at ng pandiwa

**POKUS SA TAGAGANAP**
- nasa bahaging paksa ang gumaganap sa kilos. Sumasagot sa tanong na sino ang gumaganap sa

**POKUS SA LAYON**
- ang paksa ay sumasagot sa tanong na ano

**Mga Halimbawa:**
1. Nag-aaral nang mabuti ang anak upang masuklihan ang kabutihan ng kaniyang mga magulang.

**Paksa**: <u>ang anak</u>
**Pandiwa** na nagbibigay-turing sa paksa: <u>nag-aaral</u>
► Maliwanag na **<u>ang anak</u>** ang gumaganap sa kilos na **<u>nag-aaral</u>**.

2. Nagtampisaw sila sa ilog kahapon dahil napakalinaw nitong tubig.

**Paksa:** sila

**Mga Halimbawa:**
1. Pinag-uusapan ngayon sa buong Pilipinas ang tinaguriang Fallen 44.

**Paksa:** ang tinaguriang Fallen 44
**Pandiwa:** pinag-uusapan
**Ano ang pinag-uusapan?**
– ang tinaguriang Fallen 44


2. Niluto ni nanay ang manok na galing sa probinsya.
**Paksa:** ang manok
**Pandiwa:** niluto
**Ano ang niluto?** – ang manok


Ngayon at batid mo na ang tungkol sa dalawang uri ng pokus ng pandiwa, wala nang dahilan pa upang di balikan ang binasang mitolohiya.


Oo, hindi maipagkakailang handa ka na upang isagawa ang mga gawaing nakaabang na susukat sa iyong pag-unawa sa mitolohiyang binasa, gayundin sa gramatika. Huwag nang magpatumpik-tumpik pa, ituloy na ang pagsasagawa sa mga ito.


**<u>GAWAIN BLG. 6</u>:** *Kilala Ko Kayo!*


**DESKRIPSYON:** Mapatutunayan mo sa gawaing ito ang lawak at lalim ng iyong pag-unawa sa mitolohiyang “Ang Lalaking Buffalo” ng North America, isang bansa sa kanluran. Iyong susuriin ang mga pangunahing tauhan sa nabanggit na mitolohiya batay sa kani-kanilang kilos, paniniwala, kaasalan, at ugali.




KATANGIAN
PANINIWALA
INA
KILOS
KAASALAN


KATANGIAN
PANINIWALA
PINUNO
NG TRIBO
KILOS
KAASALAN




Mahusay! Iyong napatunayang kilala mo nang lubos ang mga pangunahing tauhan sa mitolohiyang binasa. Makatutulong ang kaalamang ito upang patuloy mong maisagawa nang may kahusayan ang susunod pang mga gawain tulad ng susunod mong isasagawa na may kinalaman sa gramatika.

**GAWAIN BLG. 7**: *Pagtibayin, Kaalaman sa Gramatika*
**DESKRIPSYON:** Nasa ibaba ang mga pangungusap na may kaugnayan sa mitolohiyang binasa. Salungguhitan ng isang beses ang paksa samantalang dalawang beses naman sa pandiwa na nagbibigay-turing sa paksa. Pagkatapos, tukuyin kung ang pangungusap ay nasa Pokus sa Tagaganap, o nasa Pokus sa Layon. Isulat sa nakalaang patlang ang PT kung Pokus sa Tagaganap at PL naman kung Pokus sa Layon.

________ 1. Naghanap ng makakain ang mag-asawa dahil sa sobrang kagutuman.

________ 2. Ang namuong dugo na nakita ng asawang lalaki ay kanilang iniluto.

________ 3. Sinuklihan ng butihing anak ang pag-aaruga ng kinagisnang ama't ina.

________ 4. Ang anak ay nangaso upang may makain ang kaniyang ama't ina.

________ 5. Ang patay na buffalo ay nakita sa harapan ng kanilang bahay.

________ 6. Nagsilbing hanapbuhay ng anak ang pangangaso.

________ 7. Ang pakiusap ng asawang lalaki ay nakalimutan ng kaniyang asawa.

________ 8. Kapupulutan ng magagandang aral ang mitolohiyang “Ang Lalaking Buffalo”

________ 9. Ang panitikan ng mga bansa sa kanluran ay dapat nating pag-aralan.

________ 10. Nagkasundo ang mga mag-aaral at guro na ipagpatuloy ang pag-aaral sa mga panitikan ng mga bansa sa kanluran.

Magaling! Totoong napagtibay ang iyong pag-unawa sa mga Pokus ng Pandiwa partikular na sa Pokus sa Tagaganap at Pokus sa Layon.
Ngayon, pagtibayin din natin ang mga natutuhang kasanayan at kaasalang dapat taglayin ninuman sa pamamagitan ng mga sumusunod na gawain.

**GAWAIN BLG. 8**: *May Pananagutan Ako!*
**DESKRIPSYON:** Kung ikaw ang asawa ng lalaking Buffalo, anong pasya ang iyong isasagawa kapag natuklasan mo ang tunay na kaanyuan ng iyong pinakasalang asawa? May pananagutan ka ba bilang asawang babae sa sinapit ng iyong asawa? Isulat ang kasagutan sa loob ng kahon sa loob ng lima hanggang walong pangungusap.

Kung ikaw ang asawa ng lalaking Buffalo, anong pasya ang iyong isasagawa kapag natuklasan mo ang tunay na kaanyuan ng iyong pinakasalang asawa?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

May pananagutan ka ba bilang asawang babae sa sinapit ng iyong asawa?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

**Ano-anong pagpapahalagang kultural ang masasalamin sa binasang mitolohiya? At bakit mahalagang malaman ang mga ito bilang mga Pilipino?**

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

Tunay na sa mga sinundang gawain, napagtibay ang isa sa mga positibong katangiang dapat mong taglayin, ang pagkakaroon ng *"sense of accountability"* sa anumang ginagawa mo. Sa puntong ito, nawa'y napagtanto mong muli ang kasagutan sa tanong na "**Paano nakaaambag sa relasyong internasyunal ang pag-aaral sa mga panitikan mula sa iba't ibang bansa, partikular na sa bansang kanluran"?**

Atin pang dagdagan ang mga kaaya-ayang dulot ng pag-aaral ng mitolohiya sa bansang kanluran sa bisa ng susunod na gawain.

**GAWAIN BLG. 9**: *Pagninilay-nilay na Kayhusay!*
**DESKRIPSYON:** Paano maipamamalas ang pagmamahal sa mga sumusunod na pagkakataon? Ipaliwanag ang mga ito sa loob ng lima hanggang walong pangungusap. Pagkatapos, komlpetuhin ang bahaging Pagninilay-nilay.

**PAGMAMAHAL SA KINAGISNANG MAGULANG**

**PAGMAMAHAL SA TUNAY NA MAGULANG NA DI PA NASISILAYAN**

**PAGMAMAHAL SA TRIBO O LAHING KINABIBILANGAN**

**PAGNINILAY-NILAY SA SINUNDANG GAWAIN:**

Sa tulong ng sinundang gawain, napagtanto kong ang pagpapamalas ng pagmamahal sa lahat ay ________________________________________ ______________________________________________________________. Dahil dito, ako'y lubusang nagpapasalamat sa mitolohiyang aking napag-aralan na pinamagatang ___________________________________ mula sa bansang __________________________.

**Sa pag-aaral nito, napagnilay-nilay kong ito ang _________________ sa pang-internasyunal na ugnayan ng Pilipinas sa mga bansa sa mundo Kaya, nararapat lamang na _________________________________ at ________________________ ang mga panitikan ng mga bansa sa kanluran.**

**GAWAIN BLG.10**: *Masining na Pagbasa ng Liham-Pasasalamat*

**DESKRIPSYON:** Isa sa mga aral na nakapaloob sa mitolohiyang pinag-aralan ay pagtanaw ng utang na loob sa kinalakihang magulang. Sa pamamagitan ng isang liham, isulat mo ang pasasalamat sa kanila.

Pagkatapos, basahin ito nang masining o nang may damdamin, gamit ang aplikasyong *Present.me* –*www.present.me.com*. I-upload sa discussion board at padalhan din ng kopya ang guro.Isaalang-alang ang nilalaman ng checkbric sa pagsasagawa nito.

| **Checkbric sa Masining na Pagbasa ng Liham-Pasasalamat**<br>**4 = napakahusay 3 = mahusay 2 = nalilinang 1 = nagsisimula** | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Mga Pamantayan** | **4** | **3** | **2** | **1** |
| 1. Isang liham-pasasalamat para sa magulang ang nilalaman | | | | |
| 2. Akma ang mga salitang ginamit sa pagbulalas ng pasasalamat | | | | |
| 3. Mula sa puso ang pagbasa | | | | |
| 4. Dating sa madla | | | | |
| Kabuuang Puntos | | | | |

Binabati kita sapagkat muli mong napagtibay ang pagmamahal sa mga ginagisnang magulang. S**alamat sa aral na ito na natutuhan mula sa panitikan ng North America. Muli, damang-dama mo ang makabuluhang tugon sa tanong na "Paano nakaaambag sa relasyong internasyunal ang pag-aaral sa mga panitikan mula sa iba't ibang bansa, partikular na sa bansang kanluran?** Ngayon naman, muli nating balikan upang tugunan ang Konsepto ng Pagbabago nang mapagtanto ang ilang pagbabago sa iyong mga natutuhan.

**GAWAIN BLG. 11:** *Mapa ng Konsepto ng Pagbabago (IRF)*
**DESKRIPSYON:** Nakabubuti munang balikan mo ang *Mapa ng***?"** lahad mo rin ang mga dahilan kung bakit kinailangan mong palitan ang *Konsepto ng Pagbabago* na iyong nasimulan sa ilalim ng pagtuklas. Alin sa mga naging sagot mo sa bahaging I ng **IRF** ang nangangailangan ng pagbabago hinggil sa tanong na **"Paano nakaaambag sa relasyong internasyunal ang pag-aaral sa mga panitikan mula sa iba't ibang bansa, partikular na sa bansang kanluran**iyong mga naging sagot.

| |
|---|
| Unang Tugon (**I**nitial) |
| **Pagbabago sa Unang Tugon (Revised)**<br><br>**Dahilan/Mga dahilan:** |
| Pinal na Tugon batay sa Natutuhan (**F**inal) |

**Wakas ng PAGLINANG:**

Malugod na pagbati ang nais kong tanggapin mo. Walang pag-aalinlangang napagtibay ang mga kaaya-ayang kaisipang nakuha mula sa mitolohiya ng North America. **Dahil dito, napagtibay ang katotohanang dapat yakapin ang panitikan mula sa mga bansang kanluran yamang nakatutulong ito upang MAPAIGTING ang internasyunal na ugnayan ng ating bansa.** Ngayon, taas-noo kong masasabing handa ka na sa susunod na bahagi.

**PAGPAPALALIM:**

Layunin ng bahaging ito na palalim ang mga kasanayan at palalimin ang pagpapahalaga sa mga kalugod-lugod na kaisipang nakapaloob sa mitolohiyang binasa. Kasabay nito, **mapalalalim din ang ating apresasyon sa mga panitikang nagmumula sa mga bansang kanluran.** Kung ganoon, iyo nang simulan ang mga gawaing naihanda.

Sa puntong ito, isang gawain ang tiyak na magpapalalim sa mga pagkatutong natamo ukol sa mga Pokus ng Pandiwa: Pokus sa Tagaganap at Pokus sa Layon sa pamamagitan ng susunod na Gawain.

**GAWAIN BLG. 12**: *Bihasa sa Pokus ng Pandiwa*
**DESKRIPSYON:** Pagbuo ng mga pangungusap na naglalaman ng Pokus sa Tagaganap at Pokus sa Layon. Siguraduhing ang mga pangungusap na mabubuo ay may kinalaman sa mitolohiyang "Ang Lalaking Buffalo". Ilagay sa loob ng kahon ang mga kasagutan.

**Mga Pangungusap na Naglalaman ng Pokus sa Tagaganap**

1. ______________________________________________________________
______________________________________________________________
________________________
2. ______________________________________________________________
______________________________________________________________
________________________
3. ______________________________________________________________
______________________________________________________________
________________________
4. ______________________________________________________________

**Mga Pangungusap na Naglalaman ng Pokus sa Layon**

1. ____________________________________________
____________________________________________
____________________

2. ____________________________________________
____________________________________________
____________________

3. ____________________________________________
____________________________________________
____________________

4. ____________________________________________

Ngayon at tapos mo na ang hinggil sa Pokus sa Tagaganap at Pokus sa Layon, oras nang palalimin natin ang iyong apresasyon sa mga kasanayan at kaasalang kalugod-lugod na iyo nang natutuhan sa tulong ng susunod na gawain.

Taglayin nang patuluyan ang hangaring matuto. Gayundin, patuluyang ipamalas ang saloobing positibo at kagalakang matuto.

**GAWAIN BLG. 13**: Istratehiyang POW + TREE
**DESKRIPSYON:** Basahin at unawaing mabuti ang bawat bahagi sa talahanayan sa ibaba. Pagkatapos, ibigay ang hinihiling ng bawat bahagi sa loob ng talahanayan sa pamamagitan ng pagkompleto sa graphic organizer na sumusunod dito bilang inaasahang produkto.

| ISTRATEHIYA | GAWAIN | |
|---|---|---|
| **P**umili ng isang ideya o opinion | Bumuo ng isang opinyon tungkol sa isa sa mga aral na iyong natutuhan sa mitolohiyang “Ang Lalaking Buffalo” | |
| **O**rganisahin at bumuo ng mga ideya sa bawat bahagi ng TREE | Organisahin ang mga ideya sa pamamagitan ng pagkompleto sa grapikong pantulong na makikita sa ibaba. | |
|  | **T**opic Sentence | Bumuo ng pamaksang pangungusap (topic sentence) na nagsasaad ng opinyon tungkol sa isa sa mga aral na iyong natutuhan. |
| | **R**eason | Magbigay ng tatlong dahilan upang suportahan ang pamaksang pangungusap (topic sentence) tungkol sa isa sa mga aral na iyong natutuhan. |
| | **E**xplanation | Ipaliwanag ang iyong mga dahilan |
| | **E**nding | Bumuo ng isang pahayag bilang buod sa pamaksang pangungusap (topic sentence) tungkol sa isa sa mga aral na iyong natutuhan. |
| **W**rite o magsulat at magdagdag pa | | Bumuo ng isang talata. Sundin ang mga detalyeng nakapaloob sa istratehiyang TREE. |

Pamaksang Pangungusap **(Topic Sentence)**: ______________________________

______________________________________________________________________________

Dahilan 1 **(Reason 1)** ______________________________________
Pagpapaliwanag **(Explanation)**

____________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

Dahilan 2 **(Reason2)** ____________________________________________

Pagpapaliwanag **(Explanation)** ________________________________

_________________________________________________________________

_________________________________________________________________

_________________________________________________________________

Dahilan 3 **(Reason 3)** __________________________________________

Pagpapaliwanag **(Explanation)** _______________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

____________________________________________________________

Pagwawakas **(Ending):**

______________________________

______________________________

______________________________


______________________________

______________________________

Isinaalang-alang ko ba ang paglalagay ng:

**T**opic

Sente



**R**easons

**E**xplanations

**E**nding

Naging makabuluhan ang katatapos na gawain, ang POW + TREE sapagkat dito napagtibay ang isa na namang aral na natutuhan na pakikinabangang lubos kung ito'y isasabuhay. Binabati kita sa kasabikan mong matuto.
Ngayon, atin namang pagtibayin ang isa pang ginintuang-aral na natutuhan sa pamamagitan ng susunod na gawain.

**GAWAIN BLG. 14**: *Paggawa ng Collage: Huwarang Anak, Ikinagagalak!*
**DESKRIPSYON:** Gamit ang site na www.glogster.com maghanap ng iba't ibang mukha ng pagmamahal, sakripisyo't pagpapakasakit na ipinamamalas ng mga anak sa kani-kanilang mga magulang. Puntahan lamang ang *site* ng *glogster* at doo'y magagawa mo ang hinihiling ng gawaing ito. Pagkatapos, sagutin ang sumusunod na mga katanungan.

***MGA TANONG NA SASAGUTIN:***

1. Limitado ba ang dami ng mga larawang nakuha mo mula sa site? Ano ang ibig sabihin ng dami ng larawang iyong nakita?

| |
|---|
| |

2. Anong damdamin ang nangibabaw sa'yo habang at pagkatapos maisagawa ang gawaing ito? Ipaliwanag.

| |
|---|
| |

3. Paano nakaapekto sa'yong pagkatao ang gawaing ito? Ipaliwanag.

| |
|---|
| |

4. **Sa tulong ng gawaing ito, bakit masasabing kapaki-pakinabang ang pag-aaral sa mga panitikan ng mga bansa sa kanluran?**

5. **Paanop mapaiigting ng mga panitikan mula sa mga bansang kanluran ang ugnayan ng Pilipinas mula sa mga bansa sa mundo? Ipaliwanag.**

Oo, kay-inam ng sinundang gawain. Sadyang tumatarok-kaisipan at nakaaantig-puso.

Pinalalim nitong tunay ang pagpapadama ng anak ng pagmamahal sa kinagisnang mga magulang. Ating ipagpapatuloy ang pagpapalalim sa nga kaasalang dapat nating taglayin tuwi-tuwina sa bisa ng susunod na gawain.

**GAWAIN BLG. 15**: *One-Minute Essay: May Pananagutan ang Bawat Isa*
**DESKRIPSYON:** May pananagutan ang bawat isa anuman ang kanilang ginagawa, mabuti man ito o masama. Masasalamin ito sa mitolohiyang "Ang Lalaking Buffalo". Ating palalimin ang pagpapahalaga sa pagkakaroon ng *"sense of accountability*" sa tulong ng gawaing ito. Ilagay sa nakalaang kahon sa ibaba ang iyong sanaysay.

**May Pananagutan ang Bawat Isa**

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

Nawa'y sa tulong ng sinundang gawain, napalalim ang iyong pagkadama ng iyong pananagutan sa mga bagay na iyong ginagawa. Nakatutulong ang pagkadama ng *"sense of accountability"* yamang pinag-iingat ka nito sa anumang bagay na iyong gagawin. **Muli, salamat sa panitikang nagmula sa bansang kanluran dahil sa kapakinabangang dulot nito.**

Ngayon naman, ating palalalimin ang isa pang aral na natutuhan mula sa nasabing panitikan, ang pagpapahalaga sa sariling lahi at pagkakakilanlan bilang isang Pilipino sa pamamagitan ng susunod na gawain.

Patuloy ka sanang magpamalas ng kasabikang matuto.

**GAWAIN BLG. 16**: *Pagbibigay-Mensahe sa Awitin*
**DESKRIPSYON:** Puntahan ang bawat site na nasa loob ng kahon. Alamin at unawaing mabuti ang nilalaman ng mga ito. Pagkatapos, isulat ang mensahe ng mga ito sa iyo bilang isang mamamayang Pilipino.

https://www.youtube.com/watch?v=YlxiKw4tN8s&list=RDYLGGvd9ArPk&index

**MENSAHE**

https://www.youtube.com/watch?v=PCJHq9iDr1k&index=27&list=RDYLGGvd9

**MENSAHE**

https://www.youtube.com/watch?v=YlxiKw4tN8s&list=RDYLGGvd9ArPk&index

**MENSAHE**

## PAGNINILAY-NILAY SA NILALAMAN NG MGA AWITIN

Nang dahil sa tatlong awiting aking napakinggan, napagtanto kong ______________________________________________________________________________________________________________________________________________________________


**Ang pagpapahalagang aking natamo ay bunsod ng pag-aaral ng panitikan mula sa isa sa mga bansa sa kanluran. Kaya, kumbinsido akong dapat pag-aralan ang mga panitikang ito sapagkat sa paggawa nito,**

______________________________________________________________________________________________________________________________________________________________

Nawa'y napakilos ka ng mga awiting iyong sinuri na ipagmalaki ang iyong lahi bilang isang Pilipino. Isang lahing kilala sa buong mundo. Nakadama ka rin sana ng pananagutan upang mapanatiling kaaya-aya ang imahe o reputasyon ng ating pagkakakilanlan sa iyong munting paraan.

Patuloy nating pasidhiin ang iyong pagpapahalaga sa ating lahi't bansa sa bisa ng susunod na gawaing iyong isasagawa.

**<u>GAWAIN BLG. 17</u>**: *Islogan ni Juan, Kapaki-pakinabang*
**DESKRIPSYON:** Bumuo ng tatlong islogan hinggil sa pagmamahal sa sariling bayan at sa pagkakakilanlan nating mga Pilipino. Pagkatapos, i-upload ito sa iyong facebook account upang makita't mapahalagahan ng iba.




https://thefilipinoservant.wordpress.com/tag/inspir

Manatili nawa sa'yong puso't isipan ang mga islogang iyong binuo sapagkat tatak ito ng ating pagkakakilanlan bilang mga Pilipino. Bueno, iyong ipagpatuloy ang magpapasidhi ng iyong pagpapahalaga sa'yong bansa at sa'yong pagiging Pilipino sa pamamagitan ng susunod na gawain.

**<u>GAWAIN BLG. 18</u>**: *MAIPAGPAPALAKING AKROSTIK*

**DESKRIPSYON:** Sa bawat titik, bumuo ng isang pahayag ukol sa pagkakakilanlan nating mga Pilipino. Pagkatapos, i-upload ito sa iyong Facebook Account upang makita't mapahalagahan din ng iba lalong-lalo na ng mga kabataang tulad mo.

**P -**
**I -**
**N -**
**O -**
**Y -**

**A -**
**K -**
**O -**

**S -**
**A -**

**I -**
**S -**
**I -**
**P -**

**S -**
**A -**
**L -**
**I -**
**T -**
**A -**

**A -**
**T -**

**G -**
**A -**
**W -**
**A -**

## PAGNINILAY-NILAY SA ISINAGAWANG AKROSTIK

Kay-inam ng sinundang gawain sapagkat ______________________

______________________________________________________________

Ang pagpapahalagang ito ay aking natutuhan mula sa mitolohiya ng North America na pinamagatang ________________________________________.
Dahil dito, napalalim nang
husto ang aking pagpapahalaga sa lahi nating mga Pilipino.

**Masasabi ko ngayon na mahalagang pag-aralan ang panitikan ______________________________________________________ dahil hitik ito sa mga magagandang aral na akma sa buhay nating mga Pilipino. Dahil sa kaalamang ito, mapapalapit ang ugnayan natin sa ibang bansa.**

Hindi maikukubling sa isinagawang AKROSTIK, muling naikintal sa'yong puso ang malalim na apresasyon sa'yong bansang kinabibilangan at sa'yong pagkakakilanlan bilang isang Pilipino.

Ngayon, huling pagtugon mo na sa Mapa ng Konsepto ng Pagbabago para sa araling ito. Nawa'y maging positibo ang magiging bunga nito.

**<u>GAWAIN BLG. 19:</u>** *Mapa ng Konsepto ng Pagbabago (IRF)*
**DESKRIPSYON:** Huling pagsipat na ito sa IRF. Punan ang huling bahagi nito bilang pinal na tugon sa tanong na **"Paano nakaaambag sa relasyong internasyunal ang pag-aral sa mga panitikan mula sa iba't ibang bansa, partikular na sa bansang kanluran?"** Gayundin, nakabubuting ilahad ang/ang mga dahilan kung bakit ito na nga ang pinal mong kasagutan.

| |
|---|
| Unang Tugon (**I**nitial) |
| Pagbabago sa Unang Tugon (**R**evised)<br>Dahilan/Mga dahilan: |
| **Pinal na Tugon batay sa Natutuhan (F inal)**<br><br>**Dahilan/Mga dahilan:** |

**WAKAS NG PAGPAPALALIM**

Binabati kita sapagkat totoong nag-uumapaw ang mga makabuluhang gawaing iyong isinakatuparan na humubog sa'yong pagkatao. Ngayon, narating mo na ang huling bahagi ng araling ito, ang bahagi ng Paglilipat.

**PAGLILIPAT**

Praktikal at makatotohanang aplikasyon sa mga bagay na natutuhan ang pangunahing layon ng bahaging ito. Hindi lamang upang maisagawang matagumpay ang proyektong nakaabang sa dulo ng modyul na ito bagkus magagamit ang mga kasanayan sa totoong buhay.

**<u>GAWAIN BLG. 20</u>** *Mini-Task: Natutuhan Mo, Ibalita Mo!*

**DESKRIPSYON:** Pumunta sa www.fodey.com nang makabuo ng isang makabuluhangbalita **tungkol sa kahalagahan at epekto sa ating bansa ng pag-aaral ng panitikan ng mga bansa sa kanluran tulad ng mitolohiyang "Ang Lalaking Buffalo".**Tugunan lamang ang hinihiling ng site na ito. Pagkatapos, i-upload o i-post mo ito sa iyong Facebook Account nang mabasa ng madla at mabatid ang iyong ginawang balita na naglalaman ng iyong mga natutuhan hinggil sa mitolohiya ng bansa sa kanluran. Isaalang-alang ang nilalaman ng rubrik sa pagbuo ng balita.

| **Checkbric sa Paggawa ng Balita**<br>**4 = Lubusang Nailantad  3 = Nailantad  2 = Di Gaanong Nailantad  1 = Di Nailantad** | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **PAMANTAYAN** | **4** | **3** | **2** | **1** |
| 1. Natiyak ang panahon kung kailan natutuhan ang tungkol sa mitolohiya ng bansang kanluran . | | | | |
| 2. Nabanggit sa balita ang malinaw na epekto sa ugnayan ng ating bansa sa mga bansa sa mundo kung ng pinag-aralan ang mga panitikan mula sa bansang kanluran. | | | | |
| 3. Naipaliwanag sa balita ang mga paraan upang mapanatili at mapaunlad ang mga panitikan ng mga bansa sa kanluran. | | | | |
| 4. Nasasalamin sa balita ang panghihikayat sa mga kababayan na panatilihin at paunlarin ang mga panitikan ng mga bansang kanluranin. | | | | |
| 5. Maayos ang pagkakahanay ng mga kaisipan mula simula hanggang natapos ang balita. | | | | |
| Kabuuang Puntos | | | | |

**TANDAAN**



Hindi maitatatwang masasalamin ang mga kulturang Pilipino sa mga panitikan ng mga bansang kanluranin. Masasalamin din sa mga panitikang ito ang mga kalagayang panlipunan na totoo hanggang sa kasalukuyan. Kaya naman, huwag agad isantabi ang mga nabanggit na panitikan yamang pinaiigting ng mga ito ang ugnayan ng ating bansa sa mga bansa sa mundo.

## KATAPUSANG BAHAGI NG PAGLILIPAT

Ang mini task na katatapos mo lamang na isagawa ay paghahanda upang maisakatuparan mo nang mahusay ang iyong magiging proyekto sa pagtatapos ng modyul na ito, ang makapaglathala ng anumang ng sariling akda sa hatirang pangmadla (social media).

Ngayon, handa ka na upang pag-aralan ang susunod na panitikang nagmula pa rin sa bansang kanluranin – ang dula na pinamagatang “Kaaway ng Bayan”.

## Aralin 1.2: Panitikan ng mga Bansa sa Kanluran: Dula ng Norway – Kaaway ng Bayan

***ARALIN 1.2: Dula ng Norway***
**Panitikan:** Dula: Kaaway ng Bayan (manunulat: Henrik Ibsen)
**Wika:** Pokus ng Pandiwa: Pokus sa Pinaglalaanan/Benepaktibo, at Pokus sa Kagamitan

Sa mga araling ito, matututuhan mo ang mga sumusunod na kompetensi:

| | |
|---|---|
| **Dula** | **Pag-unawa sa Napakinggan (PN)**<br>● F10PN-IIa-b-72 Nailalahad ang kultura ng lugar na pinagmulan ng kuwentong-bayan sa napakinggang usapan ng mga tauhan.<br>**Pag-unawa sa Binasa (PB)**<br>● F10PB-IIa-b-75 Naihahambing ang kultura ng bansang pinagmulan ng akda sa alinmang bansa sa daigdig.<br>**Paglinang ng Talasalitaan (PT)**<br>● F10PT-IIa-b-72 Naipaliliwanag ang kahulugan ng salita batay sa pinagmulan nito (epitimolohiya)<br>**Panonood (PD)**<br>● F10PD-IIa-b-70 Naipaliliwanag ang katangian ng mga tao sa bansang pinagmulan ng kuwentong-bayan batay sa napanood na bahagi nito.<br>**Pagsasalita (PS)**<br>● F10PS-IIa-b-74 Naibabahagi ang sariling damdamin at saloobin sa isang pangkatang talakayan ang sariling kultura kung ihahahambing sa kultura ng ibang bansa batay sa nabasang dula.<br>**Pagsulat (PU)**<br>● F10PU-IIa-b-74 Naisusulat nang wasto ang ang sariling damdamin at saloobin tungkol sa sariling kultura kung ihahahambing sa kultura ng ibang bansa batay sa nabasang dula.<br>**Wika at Gramatika (WG)**<br>● F10WG-IIa-b-67 Nagagamit ng wasto ang pokus ng pandiwa (pinaglalaaanan at kagamitan) sa pagsulat ng sariling damdamin at saloobin tungkol sa sariling kultura kung ihahahambing sa kultura ngibang bansa. |

## PAGTUKLAS

Kung ikaw ang magiging pinuno ng bayan balang-araw, ano-anong katangian ang dapat mong taglayin upang magtagumpay ang bayang nasasakupan at patuloy kang kalugdan ng taumbayan na naghalal sa'yo? Sa kabilang banda, ano ang

dapat mong gawin kung ikaw ay may natuklasang sangkot ang kaligtasan ng lahat ng iyong kababayan at ng mga turistang pumupunta sa iyong lugar? Paano kung ang natuklasan mo'y di pinaniniwalaan at binabaliwala pa ng mga awtoridad?

**GAWAIN BLG. 1**: *Saloobing Dapat Paglimiin*
**DESKRIPSYON**: Ilantad ang iyong saloobin sa tanong na ano ang dapat mong gawin kung ikaw ay may natuklasang sangkot ang kaligtasan ng lahat ng iyong kababayan at ng mga turistang pumupunta sa iyong lugar? Paano kung ang natuklasan mo'y di pinaniniwalaan at binabaliwala pa ng mga awtoridad? Ilagay sa *speech balloon* ang iyong kasagutan.



.

Sa panimulang gawain, mahihinuha mo na ang isa sa mga puntong dapat mapagtibay sa araling ito sa pamamagitan ng pagtalakay sa dulang pinamagatang "Kaaway ng Bayan" na nagmula sa bansang kanluran – Norway na isinulat ni Henrik Ibsen.

Sa tulong ng dulang ito, muli mong matutugunan ang mahalagang tanong na **"Paano nakaaambag sa relasyong internasyunal ang pag-aaral sa mga panitikan mula sa iba't ibang bansa, partikular na sa bansang kanluran?"**

Gayunpaman, bago mo tuluyang basahin ang nasabing dula makatutulong ang pagsasagawa mo sa susunod na gawain.

**GAWAIN BLG.2**: *Mapa ng Konsepto ng Pagbabago*
**DESKRIPSYON:** Sukatin mo kung gaano na kalawak ang iyong kabatiran sa tanong na **"Masasalamin ba sa dula ng mga bansang kanluranin ang kultura at kalagayang panlipunan ng ating bansa?" at "Bakit mahalagang pag-aralan ang dula ng mga bansa sa kanluran"?** Sagutin ang unang dalawang hanay sa *KWL tsart* sa ibaba.

| **K**<br>**Ano ang alam mo na?**<br>(What do you know) | **W**<br>**Ano ang nais mong malaman?**<br>(What do you want to find out) | **L**<br>**Ano ang iyong natutuhan/ naunawaan?**<br>(What did you learn) |
|---|---|---|
| | | |

**WAKAS NG PAGTUKLAS**
Isaalang-alang mo ang iyong mga naging tugon upang magkaroon ng tiyak na direksyon ang iyong pag-aaral sa kabuuan ng araling ito. Huwag na nating patagalin pa ang iyong pagkatuto. Tayo'y dumako na sa ikalawang bahagi ng araling ito.

## PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Layunin ng bahaging ito na ipabatid ang mga detalye hinggil sa dulang nagmula sa bansang kanluran na pinamagatang "Kaaway ng Bayan" mula sa Norway sa panulat ni Henrik Ibsen. Kasabay nito, sa bahaging ring ito tatalakayin ang tungkol sa isinanib na gramatika.
Makatuwiran kung ganoon na iyo nang simulang gawin ang mga inihandang gawain.

Ang unang gawain sa bahaging ito ay tutulong sa'yo upang makilala mo nang lubos ang istruktura o modelong ginamit ng manunulat sa kaniyang dulang "Kaaway ng Bayan" (An Enemy of the People) at sa pag-alam nito, higit mong mauunawaan ang nilalaman.

**PAGBASA BLG. 1:** *Ang 3-Act Structure ni Henrik Ibsen*
**DESKRIPSYON:** Kailangan mong malaman na ginamitan ni Henrik Ibsen ng modelong *"3-Act Structure"* ang kaniyang dulang *"Kaaway ng Bayan" o An Enemy of the People".* Nang malaman ang tiyak na kahulugan ng mga nasabing modelo, nakabubuting puntahan ang mga site na ito. http://en.wikipedia.org/wiki/Three-act_structure at http://kristinrix.com/dramatic-division/; https://www.youtube.com/watch?v=H6QD5Pbc50I. Pagkatapos, sagutin ang mga pamprosesong tanong.

***MGA PAMPROSESONG TANONG***

1. Ano ang kahulugan ng modelong *3-Act Structure*?

2. Ano-ano ang pangunahing pagkakaiba ng mga bahagi ng *3-Act Structure*? Isa-isahin ang mga ito.


3. Paano nakatutulong ang modelong *3-Act Structure* sa pagtamo ng lubusang pag-unawa sa nilalaman ng teksto? Isa-isahin at ipaliwanag ang mga ito.

4. Sang-ayon ka ba sa paggamit ni Henrik Ibsen sa modelong *3-Act Structure* sa kaniyang mga katha, partikular na ang dulang *"Kaaway ng Bayan"?* Ipaliwanag.

5. Sa iyong palagay, makatutulong ba ang paggamit ni Ibsen ng ganitong modelo upang higit mong maunawaan at mapahalagahan ang kaniyang mga katha? Pangatuwiranan.

Tunay, natamo mo ang kaalamang kailangan hinggil sa modelong 3-act structure na ginamit ni Henrik Ibsen sa kaniyang dulang *"Kaaway ng Bayan o An Enemy of the People".* Nang di ito makaligtaan at para na rin sa higit na pag-unawa, makakatulong muli ang pagbubulay-bulay mo sa dayagram sa ibaba ukol sa nasabing *3-Act Structure.*

http://hahaworld93.blogspot.com/2012/07/3-act-structure.html



**<u>3-ACT STRUCTURE:</u>**

**Act I**
- Naglalaman ito ng tinatawag na "Inciting Incident"
- Ipakikilala ang protagonist at antagonistang tauhan
- Ilalantad ang uri ng kapaligirang pamumuhayan ng protagonista
- Ipakikita ang mga pangyayaring magiging sanhi ng tunggalian (conflict) na haharapin ng protagonista

**Act II**
- "Naglalaman ito ng mga tinatawag na "Confrontations" sapagkat samo't saring komprontasyon ang haharapin ng protagonista.
- Ito ang pinakamahaba sa tatlong bahagi yamang tinatawag din itong "Rising Action"
- Sa bahaging ito bibigyang-kalutasan ng protagonista ang mga suliraning bumangon sa Act I.
- Sa bahaging ito mawawalan ng pag-asa ang protagonista na matalo ang antagonista dahil sa kakulangan nito ng kakayahan at kasanayan na taglay ng kaniyang kalaban kaya lalabas na mas malakas ang antagonista sa kaniya.
- Gayunpaman, sa bahaging ito matutuhan ng protagonist ang mga kasanayan upang mapagtagumpayan ang mga antagonista kaya hahantong sa bahaging kasukdulan.
- Nagbibigay-pahiwatig kung sino ang magtatagumpay: protagonist ba o antagonista; at kung malulutas ba o hindi ang tunggalian

**ACT III**
- Tinatawag na "Resolutions" sapagkat dito nabibigyang-kalutasan ang mga tunggalian (conflicts)
- Sa bahaging ito muling maibabalik ng protagonista ang kaniyang tunay na katauhan at tunay na pagkakakilanlan

Ngayon, iyong suriin kung paano ginamit ni Henrik Ibsen ang modelong *three-act structure* sa kaniyang dulang *"Kaaway ng Bayan o An Enemy of the People".* Suriin mo rin kung paano nakatulong ang modelong ito upang maiparating ni Ibsen ang mensaheng ibig niyang ipabatid sa madla. Narito ang gawaing iyong susuriin.

**<u>PAGBASA BLG. 2</u>:** *Pagbasa't Pag-unawa sa Kahulugan ng Dula, at sa Dulang "Kaaway ng Bayan sa panulat ni Henrik Ibsen"*

**DESKRIPSYON:** Una, basahin at unawaing mabuti ang kahulugan ng dula at ang iba pang detalye ukol dito sa pamamagitan ng pagpunta mo sa mga site na ito: http://tl.wikipedia.org/wiki/Dula, at http://fil.wikipilipinas.org/index.php/Dula . Para sa lubos na pag-unawa, basahin ang karagdagang pagpapaliwanag sa nilalaman ng dula sa pamamagitan ng pagpunta mo sa mga sumusunod na site: http://www.shmoop.com/enemy-of-the-people/; http://www.bookrags.com/studyguide-an-enemy-of-the-people-plays-pengui/#gsc.tab=0; http://ibsen.nb.no/id/495.0 http://www.shmoop.com/enemy-of-the-people/summary.html. Pagkatapos, sagutin ang mga pamprosesong tanong na sumusunod dito.

***MGA PAMPROSESONG TANONG:***

1. Ano ang kahulugan ng dula at ang pangunahing layunin sa pagkakatha nito?
2. Paano ang pakikitungo ng Dr. Tomas Stockmann sa ibang tao? Ano sa kaniyang palagay ang tingin ng ibang tao sa kaniya?
3. Paano mo ilalarawan si Peter Stockmann bilang isang Alkalde ng Bayan? Ano ang kaniyang tingin sa sarili bilang Alkalde?
4. Ano-ano ang ipinagkaiba ng personalidad at prinsipyo ng magkapatid na Peter at Tomas Stockmann?
5. Ano-anong paglalarawan ang iyong masasabi hinggil sa relasyon ng magkapatid na Peter at Tomas Stockmann? Patunayan.
6. Ano-ano ang iyong masasabi sa pamilya ni Dr. Tomas Stockmann?
7. Ano ang natuklasan ni Dr. Stockmann hinggil sa tubig sa Paliguan Municipal? At bakit niya nasabing magkakagulo ang buong bayan sa kaniyang natuklasan?
8. Ano-anong isyung panlipunan ang masasalamin sa dula?
9. Naging epektibo ba ang paggamit ni Ibsen ng modelong *3-Act Structure* sa paghahatid ng mensahe ng dula? Patunayan.
10. **Bakit mahalagang pag-aralan ang dulang ito na mula sa bansang kanluran?**
11. **Paano nakaaapekto ang pag-aaral ng panitikan ng mga bansa sa kanluran sa ugnayan ng Pilipinas sa mga bansa sa mundo? Ipaliwanag.**

Ngayon, batid mo na rin ang kabuuan ng dulang *"Kaaway ng Bayan*" mula sa bansang kanluran. Batid mo ring ginamitan ni Ibsen ng modelong *3-act structure* ang dulang ito. Isaalang-alang ang modelong ito yamang may iba pang gawaing nakalaan kaugnay rito.

Ngayon, oras naman nang isanib ang pag-aaral sa gramatika, partikular na sa iba pang Uri ng Pokus ng Pandiwa – ang Pokus sa Benepaktibo, at Pokus sa Kagamitan sa pamamagitan ng susunod na gawain.

**<u>PAGBASA BLG. 3</u>:** *Pagsasanib-Gramatika*
**DESKRIPSYON**: Narito ang dalawa pang uri ng Pokus ng Pandiwa. Suriing mabuti ang ipinagkaiba ng mga ito sa dalawang nauna na tinalakay sa Aralin 1 ng modyul na ito.

**POKUS NG PANDIWA**
- tumutukoy sa relasyon <u>o ugnayan ng paksa</u> at <u>ng pandiwa</u>

**POKUS SA BENEPAKTIBO**
- nasa bahaging paksa ang tagatanggap sa kilos. Sumasagot sa tanong na para kanino ang kilos?

**Mga Halimbawa:**
1. Ipinagluto ni nanak ng adobong manok ang mga panauhing galing ibang bansa.
**Paksa**: <u>ang panauhing galing ibang bansa</u>
**Pandiwa**: ipinagluto
► Maliwanag na **<u>ang panauhing galing ibang bansa</u>** ang tumanggap sa kilos na **<u>ipinagluto</u>**.
2. Niregaluhan ni tatay ng bagong sasakyan ang bagong kasal.
**Paksa:** ang bagong kasal
**Pandiwa:** niregaluhan
► Maliwanag na **<u>ang bagong kasal</u>** ang tumanngap sa kilos na **<u>niregaluhan.</u>**

**POKUS SA KAGAMITAN**
- ang paksa ay sumasagot sa tanong na ano ang ginamit

**Mga Halimbawa:**
1. Ipinambalat niya ng mangga ang matalas na kutsilyo.

**Paksa:** matalas na kutsilyo
**Pandiwa:** ipinambalat

**Ano ang ginamit upang maisagawa ng pandiwa?**
– matalas na kutsilyo

2. Ang laptop ang ipinambato sa magnanakaw.

**Paksa:** ang laptop
**Pandiwa:** ipinambato
**Ano ang ipinambato?** – ang laptop

Tandaan ang kaalamang natamo hinggil sa Pokus sa Tagatanggap at Pokus sa Kagamitan upang maisagawa mo nang buong husay ang mga susunod na gawain patungkol dito.

Nakaabang na ang unang gawain para dito.

**GAWAIN BLG. 4**: *Kaunawaan sa Gramatika, Akin Ka!*
**DESKRIPSYON:** Nasa ibaba ang mga pangungusap na may kaugnayan sa dulang binasa. Salungguhitan ng isang beses ang paksa samantalang dalawang beses naman sa pandiwa na nagbibigay-turing sa paksa. Pagkatapos, tukuyin kung ang pangungusap ay nasa Pokus sa Tagatanggap, o nasa Pokus sa Kagamitan. Isulat sa nakalaang patlang ang PT kung Pokus sa Tagatanggap at PK naman kung Pokus sa Kagamitan.

________1. Pinaglagyan ng masarap na alak ang kopeta na kinuha sa kabinet.

________2. Ang kapatid na doktor ay pinagsabihan ng kapatid na Alkalde ng bayan tungkol sa natuklasang ikagugulat ng bayan.

________3. Di pinakinggan ng kapatid na doktor ang Alkalde sa kaniyang pakiusap na ilihim na lamang ang natuklasang ikagugulat ng bayan.

________ 4. Ang taumbayan ay pinasaringan ni Dr. Tomas Stockmann dahil sa kanilang kawalan ng tiwala sa kaniyang tuklas.

________ 5. Ipinang-ilaw sa madilim na bahagi ng bahay ni Dr. Stockmann ang lampara.

________ 6. Ang anak na si Petra ay tinanggal sa trabaho dahil lamang sa ginawa ng amang si Dr. Tomas Stockmann.

________ 7. Ang lamesa ay pinagpatungan ng ulam na masarap.

________ 8. Niyaya ni Gng. Stockmann si Peter Stockmann na tikman ang karne.

________ 9. Inilagay sa ulo ang sombrero upang di mainitan.

________ 10. Pinagsabihan ni Dr. Stockman ang mga anak na lalaki na magtungo muna sa kanilang silid.

Nawa'y nasagutan mo nang tumpak ang sinundang gawain. Malaking tulong ito upang maging bihasa sa mundo ng gramatika.

Ngayon naman, ating linangin ang mga kasanayan at pagpapahalagang nakapaloob sa binasang dula sa pamamagitan ng iyong pagsasagawa sa susunod na mga gawain. Muli mong taglayin ang kasabikang matuto.

**<u>GAWAIN BLG. 5</u>:** *Pagkatao Niyo, Batid Ko!*
**DESKRIPSYON**: Kilalaning lubos ang pagkatao at papel na ginampanan ng mga tauhan sa dula sa pamamagitan ng pagkompleto sa pahayag na nasa loob ng kahon. Maging tiyak at huwag nang magpaligoy-ligoy pa sa paglalarawan.



Ako si Peter Stockmann ______________________________
__________________________________________
__________________________________________
__________________________________________
__________________________________________
__________________________________________



Ako si Dr. Tomas Stockmann ______________________________
__________________________________________
__________________________________________
__________________________________________
__________________________________________
__________________________________________



Ako si Gng. Katrina Stockmann ______________________________
__________________________________________
__________________________________________
__________________________________________
__________________________________________
__________________________________________



Ako si Aslaksen

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________



Ako si Houstad

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________



Ako si Burgomaster

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________



Ako si Petra

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

Binabati kita sa ipinamalas mong husay sa paglalarawan sa mga pangunahing tauhan ng dula. Tanda ito na ang kabatiran mo sa kanilang pagkatao at papel na ginampanan sa dula ay nalinang na. Isang mabuting manipestasyon ng pagkatuto!

Ngayon naman, subukan natin ang iyong angking husay sa pag-unawa sa mga pangyayari sa dula sa pamamagitan ng susunod na gawain.

**<u>GAWAIN BLG. 6</u>:** *Tukuyin Mo Nang Wasto!*
**DESKRIPSYON**: Nasa ibaba ang mahahalagang kaisipang nakapaloob sa dula. Tukuyin mo ang tiyak na eksena kung saan mo ito nakita, gamit ang sarili mong mga pananalita. Maaari mong ulitin ang pagbasa kung kinakailangan. Isulat sa nakalaang kahon ang kasagutan.

**Pagiging masunurin ng magkapatid sa kanilang magulang**

**Pagmamalasakit sa bayan ni Dr. Stockmann**


**Alitan sa pagitan ng magkapatid na Peter at Tomas Stockmann**

**Pagsuporta ni Katrina sa asawang doktor**

**Ang kalupitan ng taumbayan**

**Ang pagpanig ni Burgomaster sa alam na tama**

**Trahedyang sinapit ng pamilya ni Dr. Tomas Stockmann**




Magaling! Napatunayang mong taglay mo na ang pag-unawa sa nilalaman ng dulang “Kaaway ng Bayan” ng bansang kanluran – Norway. Kung iyong napansin, ang sinundang gawain ay pawang mga katangian dapat iwaksi at taglayin bilang isang tagasunod na mamamayan at pinuno ng bayan. Isa itong napakainam na dahilan o sagot sa tanong na “**Bakit mahalagang pag-aral ang mga panitikan mula sa mga bansang kanluran”?**

Ngayon naman, subukan mong ipabatid sa madla ang iyong natutuhan sa dula sa pamamagitan ng susunod na gawain.

**<u>GAWAIN BLG. 7</u>:** *Balitang Kay-inam, Pahalagahan!*
**DESKRIPSYON**: Nais nating bigyang-diin ang pagpapahalagang pangkatauhan na iyong natamo mula sa dulang "Kaaway ng Bayan". Pumunta s www.fodey.com nang makabuo ng isang makabuluhang balita. Tugunan lamang ang hinihiling ng site na ito. Pagkatapos, i-upload o i-post mo ito sa iyong Facebook Account nang mabasa ng madla at mabatid ang iyong ginawang balita na naglalaman ng iyong mga natutuhan hinggil sa dula. Isaalang-alang ang nilalaman ng rubrik sa pagbuo ng balita.

| **Checkbric sa Paggawa ng Balita**<br>4 = napakahusay 3 = mahusay 2 = nalilinang 1 = nagsisimula | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **PAMANTAYAN** | **4** | **3** | **2** | **1** |
| 1. Natukoy ang pamagat ng dula at ang bansang pinag-ugatan nito. | | | | |
| 2. Naisa-isa sa balita ang mga praktikal na aral na natutuhan mula sa dula. | | | | |
| 3. Nahihimok ang taumbayan na huwag magpapadala sa kagustuhan ng nakararami, gayundin sa mga pinuno na huwag ipagwalang bahala ang kaligtasan ng madla nang dahil sa kayabangan. | | | | |
| 4. Nasasalamin sa balita ang panghihikayat sa mga kababayan na panatilihin at paunlarin ang mga panitikan ng mga bansang kanluranin. | | | | |
| 5. Nabibigyang-diin sa balita ang mga kalugod-lugod na epekto sa ugnayan ng ating bansa sa mga bansa sa mundo pag pinag-aaralan ang mga panitikan ng mga bansa sa kanluran. | | | | |
| 6. Maayos ang pagkakahanay ng mga kaisipan mula simula hanggang natapos ang balita. | | | | |
| **Kabuuang Puntos** | | | | |

**PAGTATAPOS NG PAGLINANG**

Tiyak na may mga magla-like at magbibigay-komento sa ibinalita mo. Positibo man o negatibo ang mababasa mong komento, huwag manghinaan ng loob. Tandaan, di lahat ay masaya sa ginagawa natin kahit sabihin pang maganda ang iyong motibo.

Ngayon, oras nang mapalalim ang iyong pagpapahalaga sa mga kapaki-pakinabang na nilalaman ng dulang "Kaaway ng Bayan" sa pamamagitan ng susunod na bahagi ng araling ito.

## PAGPAPALALIM

Isaalang-alang na ang bahaging ito ay naglalayong pasidhiin o palalimin ang iyong pagpapahalaga sa mga gintuang kaisipan at pasidhiin din ang iyong saloobin na iwaksi ang anumang nakitang ugali na di karapat-dapat mula sa napag-aralang dula tungo sa pagiging mabuting mamamayan ng bansa.

Nakahanda ang unang gawain sa bahaging ito. Iyo nang simulan ang makabuluhang pagpapalalim ng natutuhan.

**GAWAIN BLG. 8**: *Bihasa sa Gramatika*
**DESKRIPSYON**: Pagbuo ng mga pangungusap na naglalaman ng Pokus sa Tagatanggap at Pokus sa Kagamitan. Siguraduhing ang mga pangungusap na mabubuo ay may kinalaman sa dulang "Kaaway ng Bayan". Ilagay sa loob ng kahon ang mga kasagutan.

**Mga Pangungusap na Naglalaman ng Pokus sa Tagatanggap**

1. ____________________________________________
____________________________________________
____________________
2. ____________________________________________
____________________________________________
____________________
3. ____________________________________________
____________________________________________
____________________
4. ____________________________________________

**Mga Pangungusap na Naglalaman ng Pokus sa Kagamitan**

1. ______________________________________________
______________________________________________
____________________
2. ______________________________________________
______________________________________________
____________________
3. ______________________________________________
______________________________________________
____________________
4. ______________________________________________
______________________________________________
____________________
5. ______________________________________________
______________________________________________
____________________

Tanggapin mo ang aking pagbati! Napalalim na ang pag-unawa mo sa dulang binasa, napalalim pa ang kaalaman mo sa gramatika.

Ngayon naman, ating palalalimin ang iyong pagpapahalaga sa mga mahahalagang kaisipang nakapaloob sa dulang "Kaaway ng Bayan". **Lalo na ang katotohanang nakatutulong ang mga panitikan ng mga bansang kanluranin upang mapaigting ang ugnayan ng ating bansa sa mga bansa sa daigdig** sa pamamagitan ng susunod na mga gawain.

**GAWAIN BLG. 9**: *Salamat Sa Inyo, Lubusan Akong Natuto*
**DESKRIPSYON**: Sa pamamagitan modelong *3-act structure*, suriing mabuti ang papel ng bawat tauhan sa dulang *"Kaaway ng Bayan",* at kung anong

mahalagang kaisipan ang nais ikintal o ituro ng manunulat sa kaniyang mga mambabasa. Sa paggawa nito, maikikintal din sa'yong puso't isipan ang kahalagahan ng panitikang ito na nagmula sa bansang Kanluran at tuluyan mong mapatunayang nakatutulong ang mga panitikang tulad nito upang mapaigting ang ugnayan ng ating bansa sa mga bansa sa mundo, partikular na sa mga bansa sa Kanluran. Puntahan lamang ang bawat site sa loob ng kahon. Pagkatapos, tugunan ang mga hinihiling sa loob ng kahon. Isunod ding sagutan ang pamprosesong mga tanong.

http://an-enemy-ofthe-people-henrik-ibsen.blogspot.com/2012/08/comprehensive-characterization-of.html

**Tauhan:**
Sa tulong ng modelong *3-act structure,* ano-ano ang mga mahahalagang kaisipan ang nais ituro o ikintal sa atin ni Ibsen gamit ang tauhang ito?

**Tauhan:**
Sa tulong ng modelong *3-act structure,* ano-ano ang mga mahahalagang kaisipan ang nais ituro o ikintal sa atin ni Ibsen gamit ang tauhang ito?

http://www.shmoop.com/enemy-of-the-people/hovstad.html

http://anenemyofthepeoplethegunnery.wikispaces.com/Catherine+Stockmann+Character+Page

**Tauhan:**
Sa tulong ng modelong *3-act structure,* ano-ano ang mga mahahalagang kaisipan ang nais ituro o ikintal sa atin ni Ibsen gamit ang tauhang ito?

**Tauhan:**
Sa tulong ng modelong *3-act structure,* ano-ano ang mga mahahalagang kaisipan ang nais ituro o ikintal sa atin ni Ibsen gamit ang tauhang ito?

http://www.shmoop.com/enemy-of-the-people/dr-thomas-stockmann.html

**Tauhan:**
Sa tulong ng modelong *3-act structure,* ano-ano ang mga mahahalagang kaisipan ang nais ituro o ikintal sa atin ni Ibsen gamit ang tauhang ito?

**http://www.shmoop.com/enemy-of-the-people/mayor-peter-stockmann.html**

***MGA PAMPROSESONG TANONG***

1. Sino sa mga tauhan ang binabanggit sa dula na "Kaaway ng Bayan"? Patunayan.

2. Kung ikaw ang nasa katauhan ng Dr. Stockmann, ipagpipilitan mo ba sa taumbayan ang iyong natuklasan kahit alam mong di nila ito paniniwalaan? Ipaliwanag.

3. Kung ikaw si Peter Stockmann, paano mo haharapin ang katotohang natuklasan ng iyong kapatid na doktor? Ipaliwanag.

4. Makatarungan ba ang ginawang pagtanggal kay Petra bilang guro nang dahil sa kaniyang ama? Ipaliwanag.

5. May pananagutan ba si Peter Stockmann sa trahedyang dumating sa pamilya ng kapatid na Dr. Tomas Stockmann? Pangatuwiranan.

6. Paano sana naiwasan ang trahedyang sinapit ng pamilya ni Dr. Tomas Stockmann? Ipaliwanag?

7. **Masasalamin ba sa kasalukuyang lipunang Pilipino ang pag-uugali ng mga tauhan sa dula? Pangatuwiranan.**

8. **Paano nakaaambag sa relasyong internasyunal ang pag-aaral sa mga panitikan mula sa iba't ibang bansa, partikular na sa bansang kanluran? Ipaliwanag.**

Sadyang makabuluhan ang sinundang gawain! **Nailantad nang husto ang mga patunay na ang dulang "Kaaway ng Bayan" na nagmula sa bansang kanluran – sa Norway, ay nakatutulong upang mapaigting ang ugnayan natin sa ibang mga bansa sa mundo yamang di nalalayo ang nilalaman ng kanilang panitikan sa kasalukuyang lagay ng ating bansa. May sapat tayong dahilan kung gano'n na yakapin at pahalagahan ang mga panitikan ng mga bansang kanluranin.**

Ngayon, isa na namang gawain ang tiyak na magpapalawak nang husto sa'yong kabatiran hinggil sa mabuting pamumuno.

**GAWAIN BLG. 10**: *Katotohanan o Kayamanan?*
**DESKRIPSYON**: May naghihintay na gantimpala kay Dr. Tomas Stockmann kung pasisinungalingan niya ang totoong kondisyon ng tubig. Gayunpaman, pinili ng doktor ang katotohanan. Ano-anong mga sitwasyon sa pamayanan maikakapit ang pangingibabaw sana ng katotohanan sa halip na kayamanan? Ilantad ang mga ito sa loob ng kahon.

Mga Sitwasyong Naglalantad ng Pangingibabaw
ng Katotohanan sa halip na Kayamanan

**Sitwasyon blg.1**

**Sitwasyon blg.2**

**Sitwasyon blg.3**

**Sitwasyon blg.4**

Kay-inam ng sinundang gawain hindi ba? Nawa'y patuloy na maghari ang katotohanan sa bawat sulok ng ating lipunan upang makamtan ang kapayapaan at kasiyahan sa buhay. Muli, salamat sa panitikang nagmula sa bansang kanluran dahil sa pinag-isip niya tayo kung alin ang higit na matimbang, ang kayamanan nga ba o ang katotohanan. Nawa'y maghari ang katotohanan.

Ngayon naman, pagsusuring-kritikal ang iyong masusubukan sa pamamagitan ng susunod na gawain.

**GAWAIN BLG. 11**: *Mensahe ng mga Video, Kuha Ko*
**DESKRIPSYON**: Puntahan ang mga site sa ibaba. Sa tulong ng mga site na ito, mapalalalim pa nang higit ang pagpapahalaga mo sa mga katangian ng isang mabuting pinuno. Dahil dito, mapatutunayan mong dapat ngang yakapin ang mga panitikan ng mga bansa sa kanluran yamang praktikal na mga aral ang hatid nito sa atin. Sa paggawa nito, **mapaiigting pa lalo ang ugnayan ng ating bansa sa mga bansa sa Kanluran.** Ngayon, alamin ang nilalaman ng bawat site. Pagkatapos, ipaliwanag mo kung paano mo ito mapakikinabangan sa ngayon at sa hinaharap.

| Anon ang nilalaman? | https://www.youtube.com/watch?v=t3DDjeVeJu4 | Paano mapapakinabangan? |
|---|---|---|
| | | |

**Anon ang nilalaman?**

https://www.youtube.com/watch?v=lubq-WPkjF8

**Paano mapapakinabangan?**

**Anon ang nilalaman?**

https://www.youtube.com/watch?v=_DZ2uWAxrVQ&spfreload=10

**Paano mapapakinabangan?**

**Anon ang nilalaman?**

https://www.youtube.com/watch?v=EkWTztiCI5g

**Paano mapapakinabangan?**

**PAGLALAHAT AT REPLEKSYON**

Ang pagkakatulad ng apat na video ay ________________________________ ______________________________. Dahil dito, napagtanto kong ________________ ________________________________________________________________________ ____________________________________.

**Dito ko muling napatunayang ang mga panitikan ng mga bansang kanluran ay ______________________________________kaya dapat lamang na ang mga ito'y mapag-aralan at mapahalagahan.**

Kay-inam malaman ang mga katangiang dapat taglayin ng isang pinuno. Magsisilbing gabay mo ang mga ito sa pang-araw-araw na pamumuhay yamang tayo'y nagiging lider sa ating mumunting paraan at sa mga mumunting pagkakataon.

Ngayon naman, iyong tunghayan ang ilan nating kababayan na nagsisilbing buhay na bayani dahil sa walang pag-iimbot na paglilingkod sa pamayanang kinabibilangan sa pamamagitan ng susunod na gawain.

**GAWAIN BLG. 12**: *Ikinararangal Ko Kayo!*
**DESKRIPSYON**: Kilalanin ang ilan nating kababayan na nagisilbing huwaran sa mabuting pagliligkod sa kapwa. Punahin ang kani-kanilang mga katangian na nakatulong upang maibigay ang serbisyong nararapat para sa bayan. Puntahan lamang ang bawat site.

https://www.youtube.com/watch?v=-cLI4YQ7hTs
**Atty. Francis Sarona**

**Bakit siya pinarangalan at ano ang mensahe niya para sa atin?**

https://www.youtube.com/watch?v=zCVW9PdqsoQ
Dr. Hilarion T. Salvaña

**Bakit siya pinarangalan at ano ang mensahe niya para sa atin?**

https://www.youtube.com/watch?v=wA0Vj3GbeV4
Amado Torre Gurango

**Bakit siya pinarangalan at ano ang mensahe niya para sa atin?**

https://www.youtube.com/watch?v=AHgDESPfNdA
Grace Urbien Salvatus

**Bakit siya pinarangalan at ano ang mensahe niya para sa atin?**

https://www.youtube.com/watch?v=qOB_PDxp4po
batang lider 2014

**Bakit sila pinarangalan at ano ang mensahe nila para sa atin?**

Iyong napatunayan na marami sa ating mga kababayan ang naglilingkod nang tapat. Napatunayan mo ring walang pinipiling edad ang pamumuno basta't may pusong handang maglingkod para sa iba.
Salamat sa dulang kanluranin sa pagpapahalagang natutuhan. Oo, wala nang dahilan pa upang di maibigay ang mahusay na sagot sa tanong na **"Paano**

**nakaaambag sa relasyong internasyunal ang pag-aaral sa mga panitikan mula sa iba't ibang bansa, partikular na sa bansang kanluran"?**

Ngayon, makatuwiran din lamang na pasalamatan mo ang mga pinunong buong-puso at buong-katapatang naglilingkod sa pamamagitan ng susunod na Gawain.
**GAWAIN BLG. 13**: *Walang Hanggang Pasasalamat*
**DESKRIPSYON:** Iyong bigyang-pugay ang mga pinunong walang sawang nagbibigay ng taos-pusong paglilingkod sa kani-kanilang bayan sa pamamagitan ng pagkatha ng isang simpleng tula ng pasasalamat. Ang mabubuong tula ay i-post mo sa discussion board at i-post mo rin sa'yong facebook account upang makita't mabasa ng iba at magbibigay-ngiti at kagalakan ito sa mga pinunuong makababasa. Isaalang-alang ang rubrik sa paggawa nito.


| **Checkbric sa Paggawa ng Tula ng Pasasalamat**<br>**4 = Lubusang Naisakatuparan** **2 = Di Gaanong Naisakatuparan**<br>**3 = Naisakatuparan** **1 = Di Naisakatuparan** | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Mga Pamantayan** | **4** | **3** | **2** | **1** |
| 1. Ang nilalaman ay hinggil sa pasasalamat sa mga huwarang pinuno ng bayan. | | | | |
| 2. Ang mga salitang ginamit ay nakaaantig-kalooban. | | | | |
| 3. Ang mensahe ay nagbibigay-galak sa mga pinuno. | | | | |
| 4. Ginamitan ng mga idyoma at tayutay nang maging mabisa ang mensahe. | | | | |
| 5. Dating sa madla: may kapangyarihang makahimok ng kalooban ng iba upang ihayag din ang kanilang pasasalamat sa mga pinuno | | | | |
| Kabuuang Puntos | | | | |

Tunay na nagbibigay-galak sa puso at nakawawala ng pagod para sa isang pinuno ang mabasa ang iyong kinathang tula para sa kanila. Nawa'y tularan ka ng iba sa'yong ginawa.

Ngayon naman, upang mahimok ang mga pinuno na panatilihin ang kanilang kapaki-pakinabang na pag-uugali, at tuluyang isantabi ang mga pag-uugaling di nakabubuti sa nakararami, makatutulong ang susunod mong gawain.

**GAWAIN BLG. 14**: *Munting Tinig na Kaibig-ibig*
**DESKRIPSYON**: Bumuo ng sampung utos na ibig mong maging bahagi ng pagkatao ng bawat pinuno upang ang lahat ay magkaroon ng kaaya-ayang ugnayan at maiwasan ang masamang epekto ng di maayos na pamumuno. I-

post ito sa discussion board at i-upload sa iyong facebook account upang mapakinabangan ng kapwa lalong-lalo na ng mga namumuno sa bansa.




Di lamang sa mga pinuno ng bayan ang utos na iyong binuo kundi maging sa'yo at sa mga indibidwal na mgiging pinuno balang-araw. Muli, salamat sa dulang "Kaaway ng Bayan" na nagmula sa bansang kanluran yamang pinagtibay nito ang katotohanang dapat magkaroon ng pinunong may wagas na

pagmamalasakit sa lahat. Muli, mula sa puso nating masasabi ang positibong tugon sa tanong na **“Bakit kapaki-pakinabang ang pag-aaral sa mga panitikan mula sa iba’t ibang bansa, partikular na sa bansang kanluran?**

Higit pa nating paigtingin ang iyong pakikisangkot sa mahalagang usapin hinggil sa pamumuno sa pamamagitan ng susunod na Gawain.

**GAWAIN BLG. 15**: *Lubusang Pakikisangkot*
**DESKRIPSYON**: Maghanap ng mga editorial Kartun na tumutuligsa sa mga tiwaling opisyal ng bayan. I-post ito sa discussion board at i-upload sa’yong facebook account upang mapakinabangan ng lahat lalong-lalo na sa mga taong nais punahin. Pagkatapos, lagumin sa isang talata kung bakit ang mga ito ang iyong napili na ipabatid sa nakararami.

**Editoryal Kartun #1**

**Editoryal Kartun #2**

**Editoryal Kartun #3**

**Editoryal Kartun #4**

**Mga Dahilan ng Pagpili sa mga Editoryal Kartun**

Muli kitang binabati sapagkat damang-dama ko ang sigasig mo sa pag-aaral at hangarin mong matuto. Binabati rin kita dahil naging mahusay ang iyong pagganap sa mga gawaing kapaki-pakinabang.

Ngayon, kung may isinagawa kang gawain upang tuligsahin ang maling paraan ng pamumuno, nais nating mangibabaw ang iyong positibong saloobin sa mga namumuno ng ating bayan sa pamamagitan ng susunod na gawain.

**GAWAIN BLG.16:** *Sagisag ng Mahusay na Pamumuno*
**DESKRIPSYON:** Gumuhit ng isang simbolo na sa tingin mo'y pinakaangkop na




paglalarawan sa papel na ginagampanan ng ating mga mahuhusay na pinuno sa kasalukuyan bilang patunay na iyong natutuhan sa dulang pinag-aralan mula sa bansang Kanluran. Iguhit mo ito gamit ang skitch evernote. Puntahan amang ang www.evernote.com at hanapin ang "skitch draw attention". I-upload mo ito sa discussion board at padalhan ng kopya ang guro. Mamarkahan ang iyong talumpati batay sa nilalaman ng checkbric.

| **Checkbric sa Pagguhit ng Simbolo**<br>**4 = Tunay na Kapuri-puri** **2 = Di Gaanong Kapuri-puri**<br>**3 = Kapuri-puri** **1 = Di Kapuri-puri** | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Mga Pamantayan** | **4** | **3** | **2** | **1** |
| 1. Orihinalidad ng simbolo (bunga ng mayamang imahinasyon) | | | | |
| 2. Kaangkupan ng simbolo sa kalayaan | | | | |
| 3. Mensahe ng simbolo | | | | |
| 4. Linis ng trabaho | | | | |
| 5. Dating sa madla | | | | |
| Kabuuang Puntos | | | | |

Binabati kita sa husay ng iyong gawa! Tunay na bisa ng sinundang gawain, napalalim na ang iyong apresasyon sa halaga ng mga panitikan mula sa mga bansa sa Kanluran anupa't makikita mong praktikal ang mga aral na hatid nila. **Dahil dito, madarama ng ating bansa ang halaga ng mga bansa sa kanluran at ito ang magpapaigting n gating ugnayan sa kanila.**

Sa puntong ito, muli mong balikan at tugunan ang Konsepto ng Pagbabago. Sa paggawa nito, makikita mo ang pagsulong ng iyong pagkatuto.

**GAWAIN BLG.17**: *Mapa ng Konsepto ng Pagbabago*

**DESKRIPSYON:** Muling balikan ang KWL tsart at sagutan ang huling hanay. Isulat din sa hanay na ito kung may nagbago sa dati mong alam at kung bakit kailangang baguhin ang mga ito.

| K<br>**Ano ang alam mo na?**<br>(What do you know) | W<br>**Ano ang nais mong malaman?**<br>(What do you want to find out) | L<br>**Ano ang iyong natutuhan/ naunawaan?**<br>(What did you learn) |
|---|---|---|
| | | |

**WAKAS NG PAGPAPALALIM**
Walang alinlangang napalalim nang husto ang iyong pagkatuto sa araling ito sa tulong ng iba't ibang gawain. **Wala ring kaduda-duda na napalalim ang iyong apresasyon sa mga panitikan ng mga bansang kanluranin. At di rin maitatatwang napatunayan mong dapat lamang na pahalagahan ang mga nasabing uri ng panitikan**. Binabati kita nang lubos!



## PAGLILIPAT

Tulad ng iyo nang batid, tuwirang layon ng bahaging ito na sukatin ang iyong natutuhan sa pamamagitan ng paglilipat ng kaalaman upang maisakatuparan nang buong husay ang nakaabang na proyekto sa dulo ng modyul na ito. Makatuwiran kung gano'n ang pagsasagawa mo sa nag-iisang gawain sa bahaging ito.

**GAWAIN BLG.18**: *Mini-Task: Pagbigkas ng Talumpati*
**DESKRIPSYON:** Yamang kilala kang mananalumpati sa inyong paaralan, ikaw ay isa sa mga napili upang bumigkas ng isang talumpati hinggil sa paksang "Mabuting Pamumuno" kaugnay ng pagdiriwang ng Foundation Day ng inyong bayan. I-upload mo ang iyong talumpati gamit ang aplikasyong *Present.me* – *www.present.me.com* . I-upload sa discussion board at padalhan din ng kopya ang guro. Isaalang alang ang nilalaman ng checkbric sa pagsasagawa nito.

| **Checkbric sa Masining na pagkukuwento**<br>**4 = napakahusay 3 = mahusay 2 = nalilinang 1 = nagsisimula** | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Mga Pamantayan** | **4** | **3** | **2** | **1** |
| 1. Saulado ang piyesa | | | | |
| 2. Kaangkupan ng Nilalaman sa Okasyon | | | | |
| 3. Malinaw na Pagbigkas | | | | |
| 4. Kagalang-galang naTindig | | | | |
| 5. Akmang Kumpas at Galaw ng Katawan | | | | |
| 6. Dating sa madla | | | | |
| Kabuuang Puntos | | | | |

**WAKAS NG PAGLILIPAT:**
Mula sa pusong pagbati ang ibig kong tanggapin mo dahil isa na namang kasanayan ang nalinang sa'yo sa bahaging ito na magagamit mo upang maisakatuparan nang buong husay ang Inaasahang Pagganap sa pagtatapos ng modyul na ito – ang makapaglathala ng sariling akda sa hatirang pangmadla (social media)

Tandaan: **Ang DULA na tinalakay sa araling ito bilang anyong panitikang nagmula sa bansang kanluran ay kailangang mapanatili at mapagyaman yamang masasalamin dito ang kalagayang panlipuan nating mga Pilipino. Pinaiigting din ng pag-aaral ng mga panitikan ng mga bansang kanluranin ang ugnayan ng ating bansa sa mga bansa sa mundo.**

Ngayon, taas noo kong masasabi na handang-handa ka na para sa susunod na modyul.

## PANGWAKAS NA PAGTATAYA

**Basahin at unawaing mabuti ang bawat tanong at piliin ang titik na kumakatawan sa tamang sagot.**

1. Anong anyo ng panitikan ang sadyang binuo upang itanghal sa entablado? (K)
    a. Nobela
    b. Dula
    c. Mitolohiya
    d. Maikling kuwento

2. Bakit naging lalaking Buffalo ang itinuring na anak ng mag-asawang nabubuhay sa kahirapan? (K)
    a. Sapagkat isinumpa siya ng kaniyang naging asawa
    b. Sapagkat isinumpa siya ng kaniyang kinagisnang magulang
    c. Dahil binanggit ng asawa niya ang di niya dapat banggitin
    d. Dahil bunga ito ng di niya pagtupad sa kaniyang naging pangako

3. Sa dulang "Kaaway ng Bayan", sino ang may papel na Punong Sanidad ng Paliguan Municipal? (K)
    a. Peter Stockmann
    b. Tomas Stockmann
    c. Kapitan Horster Aslaksen
    d. Morten Kiil

4. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang kakikitaan ng Pokus sa Benepaktibo? (P)
    a. Ang sinigang ay niluto ni nanay para sa mga panauhing galing Maynila.
    b. Ang nilutong sinigang ni nanay ay para sa mga panauhing galing Maynila.
    c. Ang nanay ay nagluto ng sinigang para sa mga panauhing galing Maynila.
    d. Ipinagluto ni nanay ng sinigang ang mga panauhing galing Maynila.

5. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang nagtataglay ng Pokus sa Kagamitan? (P)
    a. Kutsilyo na matalas ang pinambalat niya sa mangga.
    b. Binalatan niya ang manga sa pamamagitan ng matalim na kutsilyo.
    c. Siya ang nagbalat sa mangga sa tulong ng matalim na kutsilyo.

d. Ipinambalat niya ng mangga ang matalim na kutsilyo.

6. Sa mitolohiyang “Ang Lalaking Buffalo”, alin sa mga sumusunod na salawikain ang pinakaakma sa mag-asawang nabiyayaan ng anak? (P)
   a. “Ang di marunong lumingon sa pinanggalingan, di makararating sa paroroonan”
   b. “Sa likod ng makapal na ulap, may nakakubling liwanag”
   c. “Aanhin mo ang damo kung patay na ang kabayo”
   d. “Ang talon ng inang kambing, ang anak ay ganoon din”

7. Alin sa mga sumusunod na islogan ang pinakaangkop na mensahe ng dulang “Kaaway ng Bayan”? (P)
   a. “Kaaway ng Bayan, Huwang nang Pansinin nang Di Maapektuhan”
   b. “Kaaway ng Bayan, Magwawakas Din Hayaan Lamang”
   c. “Kaaway ng Bayan, Asikasuhin at Puksain nang Magtagumpay”
   d. “Kaaway ng Bayan, Ipaubaya na Lamang sa mga Kinauukulan”

8. Mula sa dulang “Kaaway ng Bayan”, alin sa mga sumusunod ang pinakaangkop na tono ng pahayag ni Dr. Tomas Stockmann na *“Sa akala mo ba’y ipag-iingay ko sa buong bayan nang wala pa akong nahahawakang katibayan? Naku hindi, salamat. Hindi ako luko-luko”?* (P)
   a. nag-aalinlangan
   b. nagbabakasakali
   c. nagagalit
   d. naniniguro

9. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang itinuturing na isa sa mga maling palagay o *misconception* ng ilang mag-aaral na tulad mo may kinalaman sa tunay na layunin ng pagkakakatha ng dula? (maling palagay/misconception) (U)
   a. Layunin ng anumang dula na itanghal sa entablado upang kapulutan ng aral.
   b. Layunin ng dula na basahin upang kapulutan ng aral sa halip na itanghal sa entablado.
   c. Layunin din ng pagkakabuo ng dula na aliwin ang sinumang nakararanas ng kabagutan.
   d. Layunin ng pagkakatha ng dula na talakayin ang mahahalagang usapin sa lipunan.

10. Alin sa mga sumusunod ang *pinakaangkop* na dahilan kung bakit dapat pag-aralan ang mga panitikan ng mga bansa sa kanluran? (EU)
    a. Sapagkat sa paraang ito mapaiigting ang ugnayan ng ating bansa sa mga bansa sa daidig
    b. Sapagkat maraming aral na matututuhan na nakatutulong upang magtagumpay sa buhay
    c. Dahil sa paraang ito mababawasan ang lungkot na nararanasan ng bawat mamamayan
    d. Dahil tulong ito upang di tayo maging ignorante sa mga nangyayari sa mga bansa sa kanluran
    Sagot: A. – pinakaangkop itong dahilan yamang mababatid ng bawat Pilipino ang halaga ng bawat panitikang kanluran kaya higit nila pahahalagahan ang mga bansang pinagmumulan ng mga panitikang ito. Sa paggawa nito, mapapalapit tayo sa kanila at higit na mapaiigting ang ating ugnayan

11. Alin sa mga sumusunod ang *pinakamalapit* na kahulugan ng pahayag na hinalaw sa dulang "Kaaway ng Bayan" na "*Napakasarap ang pakiramdam ng isang taong nakatatalos na nakagawa siya ng kabutihan sa kaniyang bayang sinilangan at sa kaniyang mga kapuwa mamamayan"?* (U)
    a. Nagdudulot ng panloob na kasiyahan ang pagtulong sa kapwa at sa sariling bansa.
    b. Nakadaragdag ng salapi ang pagtulong sa iba yamang maaari ka nilang bigyan ng gantimpala.
    c. Napananatili ang magandang reputasyon sa oras na tumulong sa mga nangangailangan.
    d. Nadaragdagan ang bilang ng mga kaibigan sa tuwing nagkakaloob ng tulong sa kapwa.

12. Alin sa mga sumusunod ang *pinamakabuting dahilan* kung bakit kailangan ng bawat isa na makisangkot sa mga nangyayari sa lipunang kinabibilangan? (U)
    a. Dahil bilang isa sa mga nakatira sa lipunang iyon, dapat lamang na makialam sa ayaw at sa gusto niya
    b. Dahil malaki ang posibilidad na maapektuhan din siya mga nangyayari tuwiran man o di tuwiran
    c. Dahil kung di niya ito gagawin, pariringgan o dili kaya'y aawayin lamang siya ng ibang kapwa
    d. Dahil kung di niya ito gagawin, may posibildad ding di siya pagbibigyan kung sa kaling may pabor na hihilingin

13. Bakit may mga balitang kailangang-kailangang malaman ng sambayanan subalit pilit pa rin itong ikinukubli ng mga taong nakaaalam? Alin sa mga sumusunod ang *pinakamabigat* na dahilan? (U)
    a. Hinihintay ang tamang pagkakataon at iniipon ang sapat na katibayan bago ipaalam sa madla.
    b. Dahil sa pamgamba na may madamay o masangkot na mataas na opisyal, nakakahiya naman.
    c. Baka kasi sangkot mismo ang taong nakaalam nito kaya ayaw ipaalam sa sambayanan.
    d. Dahil sa takot na may malapit na kamag-anak o kaibigan na madadamay sa ibabalita.

14. Bakit may mga anak na pilit na hinahanap ang totoong mga magulang kahit sabihin pang walang pagkukulang ang kinalakihan o kinagisnang magulang? Alin sa mga sumusunod ang *pinakamahusay* na dahilan? (U)
    a. dahil wala lang magawa sa buhay kaya hinahanap-hanap pa rin ang totoong magulang upang may pagkaabalahan
    b. dahil sa kagustuhang makakuha ng tulong-pinansyal at pagkatapos itong gawin, iiwan din lamang sila
    c. dahil likas sa atin na hanapin ang tunay na magulang at ibang-iba talaga ang pakiramdam pag kilala sila
    d. dahil kung di ito gagawin ng anak, kukutyain lamang siya at sasabihang walang pakialam sa tunay na magulang

15. Sa tuwing dumaraan ka sa isa pang daanan palabas sa inyong lugar, nakikita mong naghihirap sa buhay ang isang mag-asawa na malapit sa inyong tirahan. Wala kasi silang anak. Ramdam mong kailangang-kailangan nila ng tulong ngunit tila mailap ang tulong sa kanila. Batid mong may kakayahan kang tumulong sa kanila sapagkat nakaririwasa ang inyong pamilya. Isa pa, kilala ka sa pagiging matulungin sa kapwa. Gayunpaman, may pangamba kang tumulong sapagkat narinig mo minsan na may pagkamasungit sila. Ano ang *pinakamainam* mong gawin. (T)
    a. Sabihin sa mga magulang ang hangaring tumulong upang ika'y kanilang masuportahan sa maganda mong binabalak.
    b. Huwag na silang pansinin pa at huwag na rin silang pag-aksayahan ng panahon dahil matanda na rin lamang sila.
    c. Itanim sa isipan ang narinig hinggil sa kasungitan ng mag-asawang matanda upang gamitin itong dahilan nang di sila tulungan.
    d. Dumaan lagi sa ibang daanan upang di na makita pa ang mag-asawang matanda at di ka na maapektuhan sa kanilang kalagayan.

16. Kalugod-lugod ang samahan ninyong magkapatid. Kapwa kayo nagtataglay ng busilak na kalooban. Lagi kayong magkasama sa hirap man o ginhawa, sa kasiyahan man o kalungkutan. Nangako kayo sa isa't isa na ibibigay ang suporta sa bawat isa. Isang araw, sinabihan mo ang iyong kapatid na ibigay ang isang folder na naglalaman ng mahahalagang dokumento dahil ikaw ay sasama sa tatlong araw na camp ng inyong paaralan. Kailangang maibigay ito sa inyong ama sa gabing iyon. Pagkatapos ng camp, natuklasan mong di pa ito naibibigay ng iyong kapatid. Nang ibigay ito, sukdulan ang galit sa'yo at ikaw ang sinisisi ng iyong ama dahil bakit raw ngayon lamang ibigay ang folder. Ano ang *pinakamainam* mong gawin?
    a. Pagagalitan din nang husto ang kapatid at sisihin siya sa nangyari kahit masira na ang inyong magandang samahan.
    b. Maglalayas sa bahay at ipangakong di na babalik upang makabawi sa kapatid na di tumupad sa usapan.
    c. Ipamumukha sa kapatid ang ginawang pagkakamali at sabihan siyang huwag na huwag ka na niyang kakausapin pa.
    d. Humingi ng paumanhin sa ama, alamin sa kapatid ang nangyari at uunawain ang dahilan o paliwanag ng kapatid.

17. Abot-langit ang iyong pasasalamat sa pagkakaroon ng mabait, maunawain, at mapag-arugang ama't ina. Walang araw na di mo nadama ang kanilang wagas na pagmamahal. Kaya, lagi mo naman silang ibinibida sa'yong mga kaibigan. Gayunpaman, sa di sinasadyang pagkakataon habang ikaw ay tumutulong sa *general cleanin*g sa bahay, isang kasulatan mula sa kabinet ng iyong ama ang iyong nakita't nabasa na labis mong ikinagulat. Oo, natuklasan mong ika'y di nila tunay na anak. Isa ka lamang na ampon! Ano ang *pinakamabuti* mong gawin sa mga sandaling iyon?
    a. Punit-punitin at itapon ang dokumentong nakita at magkunwaring walang nakitang gayong uri ng dokumento.
    b. Buong suyo at kapakumbabahang kausapin ang ama't ina at kalmadong pag-usapan ang tungkol sa'yong natuklasan.
    c. Agad na susugurin ang ama't ina at isusumbat sa kanila ang ginawang paglilihim ng katotohanan tungkol sa kaniyang pagkatao.
    d. Kukunin ang dokumento, kukunin ang lahat ng gamit at agad na aalis ng bahay upang hanapin ang totoong mga magulang.

18. Batid mong ikaw at ng iyong nakatatandang kapatid ay may magkaibang prinsipyo at paniniwala sa buhay. Makailang beses na ring nagkabanggaan ang inyong mga ideya o pahayag tungkol sa isang maselang usapin sa buhay. Alam mong di magpapatalo ang iyong kapatid sa aspektong ito. Ayaw mo namang laging ganito dahil magkapatid kayo at ulila na kayong lubos sa ama't ina. Isa pa, ayaw mo siyang iwan dahil laging sumisige ang kaniyang atake sa puso. Ano ang *pinakamabuti* mong gawin?
    a. Hayaang magpatuloy ang inyong bangayan kung iyon ang gusto ng iyong kapatid, ganyan talaga ang buhay.
    b. Matutong magparaya sa buhay kung di naman ito nagdudulot ng kasamaan o kapahamakan sa'yo.
    c. Aalis ka sa inyong bahay at makikitira na lamang sa mga kamag-anak upang makaiwas sa bangayan.
    d. Isumpa na lamang sa sarili na huwag siyang kakausapin upang makasigurong maiiwasan ang bangayan.

    Sagot: B. – ito ang dapat mong taglayin, ang matutong magparaya kung di naman ito nagdudulot ng masama o kapahamakan sa'yo

19. Ipagpalagay na ikaw ang alkalde sa inyong lugar. Higit na umunlad ang lungsod na iyong nasasakupan mula nang ika'y maluklok sa puwesto. Ngunit alam mong ang pag-unlad na ito ay dahil sa mahuhusay na ideya mula sa iyong nakababatang kapatid na isang doktor. Hanggang sa isang araw, sa'yong pagdalaw sa bahay ng iyong kapatid, nabanggit niyang may natuklasan siyang tiyak na ikagugulat ng inyong mga kababayan. Ibig mo itong malaman agad ngunit tumanggi siyang ipaalam ito sa'yo. Ano ang *pinakamabuti* mong gawin?
    a. Ipagpilitan sa kapatid na sabihin sa'yo ang natuklasan kahit maging sanhi pa ito ng inyong alitang magkapatid yamang karapatan mo ito bilang alkalde ng bayan.
    b. Igalang ang pasya kung ayaw muna niya itong sabihin sa'yo sapagkat siya ang higit na nakaaalam kung kailan ang tamang panahon ng paglalantad sa natuklasan.
    c. Magpasyang di aalis sa bahay ng kapatid hanggat di sinasabi ang natuklasan kahit nangangahulugan ito ng pagkainis at pagkayamot ng kapatid, asawa't mga anak.
    d. Tawagin ang iba pang mga opisyal ng bayan upang samahan kang hikayatin ang iyong kapatid na sabihin ang bagay na inaasam-asam mong malaman.

20. Ipagpalagay mo na isa kang ama na nagtataglay ng mabuting kalooban. May anak kang dalaga na nagkakagusto at umiibig sa isang binatang mahirap lamang subalit kitang-kita ang kasipagan. Di ka sang-ayon dito sapagkat may iba kang nagugustuhan para sa'yong anak, isang binatang mayaman ang angkan ngunit di ka sigurado kung masipag sa buhay. Ano ang *pinakamainam* mong gawin bilang isang amang naghahangad ng ikaliligaya ng anak?
    a. Hikayatin ang anak na ibigin ang lalaking gusto talaga niya sapagkat iyon ang nararapat at siya naman ang makikisama rito habambuhay.
    b. Hikayatin ang anak na huwag munang iibig dahil malakas ka pa at kayang-kaya mo pa siyang ipagtanggol laban sa mga masasama.
    c. Hikayatin siyang magkaroon ng maraming kasintahan nang sabay-sabay upang makapamili nang maayos sa tamang panahon.
    d. Hikayatin ang anak na makipagrelasyon agad sa lalaking nagugustuhan ngunit kung nagsawa'y makikipaghiwalay rin agad.

**GLOSARYO NG MGA TERMINONG GINAMIT SA MODYUL NA ITO:**

**Mahimok.** Makumbinsi, mahikayat

**Maikintal.** Maitanim sa isip at puso upang matandaan

**Mapanibughuin.** Seloso/selosa, mAinggitin

**Masasalamin.** Makikita

**Matarok.** Maisip, maunawaan

**Nagulantang.** Nagulat

**MGA SANGGUNIANNG GINAMIT SA MODYUL NA ITO**


**Mga Aklat:**
Gojo Cruz, Genaro R., (2011). BANYUHAY IV. Makati City: Don Bosco Press, Inc.
**Mga Sangguniang Elektroniko**
Awiting Dakilang Lahi. Hinalaw noong Pebrero mula sa https://www.youtube.com/watch?v=YlxiKw4tN8s&list=RDYLGGvd9ArPk&index=27
Awiting Pag-ibig Ko Inang Bayan. Hinalaw noong Pebrero mula sa https://www.youtube.com/watch?v=PCJHq9iDr1k&index=27&list=RDYLGGvd9ArPk
Awiting Ako Ay Pilipino. Hinalaw noong Pebrero mula sa https://www.youtube.com/watch?v=YlxiKw4tN8s&list=RDYLGGvd9ArPk&index=35

Buod ng Dulang Kaaway ng Bayan sa Wikang Ingles: An Enemy of the People. Hinalaw noong Pebrero mula sa
http://www.shmoop.com/enemy-of-the-people/ ;
http://www.bookrags.com/studyguide-an-enemy-of-the-people-plays-pengui/#gsc.tab=0 http://ibsen.nb.no/id/495.0
http://www.shmoop.com/enemy-of-the-people/summary.html
Dayagram ng Modelong 3-Act Structure. Hinalaw noong Pebrero mula sa http://hahaworld93.blogspot.com/2012/07/3-act-structure.html

Kahulugan at Saklaw ng Dula. Hinalaw noong Pebrero mula sa
http://tl.wikipedia.org/wiki/Dula
http://fil.wikipilipinas.org/index.php/Dula

Katangian ng Mabuting Lider. Hinalaw noong Pebrero mula sa https://www.youtube.com/watch?v=lubq-WPkjF8
Kahulugan ng Mitolohiya. Hinalaw noong Pebrero mula sa https://www.youtube.com/watch?v=ez6C8xXDsG4
Kahulugan ng modelong 3-Act Structure.Hinalaw noong Pebrero mula sa
http://en.wikipedia.org/wiki/Three-act_structure
http://kristinrix.com/dramatic-division/ .

Kahulugan ng Modelong 3-Act Structure. Hinalaw noong Pebrero mula sa https://www.youtube.com/watch?v=H6QD5Pbc50I.

Mga Dahilan ng Pagtuturo ng Mitolohiya.Hinalaw noong Pebrero mula sa https://www.youtube.com/watch?v=ObX3-1DueA0
Mga Prinsipyo para sa Pagiging Lider. Hinalaw noong Pebrero mula sa https://www.youtube.com/watch?v=_DZ2uWAxrVQ&spfreload=10
Mga Nangungunang Katangian ng Lider. Hinalaw noong Pebrero mula sa https://www.youtube.com/watch?v=EkWTztiCl5g

Mitolohiya: Lalaking Buffalo. Hinalaw noong Pebrero mula sa https://gurosafilipino72591.wordpress.com/2014/01/13/ang-lalaking-buffalo-2/.

Pagsusuri sa buhay ni Aslaksen. Hinalaw noong Pebrero mula sa http://www.cliffsnotes.com/literature/e/an-enemy-of-the-people/character-analysis/aslaksen

Pagsusuri sa buhay ni Hovstad. Hinalaw noong Pebrero mula sa http://www.shmoop.com/enemy-of-the-people/hovstad.html
Pagsusuri sa buhay ni Gng. Stockmann. Hinalaw noong Pebrero mula sa http://anenemyofthepeoplethegunnery.wikispaces.com/Catherine+Stockmann+Character+Page

Pagsusuri sa buhay ni Dr. Thomas Stockmann. Hinalaw noong Pebrero mula sa http://www.shmoop.com/enemy-of-the-people/dr-thomas-stockmann.html
Pagsusuri sa buhay ni Peter Stockman. Hinalaw noong Pebrero mula sa http://www.shmoop.com/enemy-of-the-people/mayor-peter-stockmann.html
Parangal kay Atty. Francis Sarona. Hinalaw noong Pebrero mula sa https://www.youtube.com/watch?v=-cLI4YQ7hTs
Parangal kay Dr. Hilarion T. Salvaña. Hinalaw noong Pebrero mula sa https://www.youtube.com/watch?v=zCVW9PdqsoQ

Parangal kay Amado Torre Gurango. Hinalaw noong Pebrero mula sa https://www.youtube.com/watch?v=wA0Vj3GbeV4

Parangal kay Grace Urbien Salvatus. Hinalaw noong Pebrero mula sa https://www.youtube.com/watch?v=AHgDESPfNdA

Parangal sa mga batang lider 2014. Hinalaw noong Pebrero mula sa https://www.youtube.com/watch?v=qOB_PDxp4po

Taong Nakahawak sa Watawat ng Pilipinas Hinalaw noong Pebrero mula sa https://thefilipinoservant.wordpress.com/tag/inspirasyon/
Totoong Lider. Hinalaw noong Pebrero mula sa https://www.youtube.com/watch?v=t3DDjeVeJu4

## Aralin 2: TULA AT MAIKLING KUWENTO

**PANIMULA AT POKUS NA MGA TANONG**

May mga bagay ba na iyong nais na pinapangarap o gustong makamit sa buhay? Bakit mo ito gustong makamit? Paano ba ang lumigaya? May mga pinagdadaanan ka ba ngayon sa buhay? Ano ang maaari mong gawin sa mga taong sagabal sa pagkamit ng iyong mga mithiin? Paano mo sila haharapin at pakitunguhan? Sa kabilang dako, Naniniwala ka ba sa suwerte at sadyang may taong nagdadala ng suwerte sa buhay o pamayanan ninyo? Sa modyul na ito, matutukan mo at mabigyan ng karampatang kasagutan ang mga sumusunod na katanungan:

1. Bakit mahalagang maunawaan ang samu't saring akdang pampanitikan mula sa bansang kanluranin?
2. Sa papaanong paraan mapalalawak ang pakikipag-ugnayang pandaigdig ng mga Pilipino?
3. Paano magiging makabuluhan ang mga bagong kaalaman at nakukuhang aral sa mga akdang nagmula sa iba't ibang bansa?
4. Anong kabutihan ang naidudulot ng pag-aaral ng panitikang pandaigdig?
5. Paano nakatutulong ang mga kaalaman sa paggamit ng wika sa pagpapalutang ng kagandahan ng isang akdang pampanitikan?

**SAKLAW NG MODYUL** : Sa modyul na ito, matutukan mo at masagot nang husto ang mga naitapong katanungan sa itaas sa pagtutok mo sa mga araling magdudulot sa iyo ng kasabikang basahin ang ilang piling-piling akdang mula sa bansang Kanluranin tulad ng sumusunod:

ARALIN 2.1: Tula ng South America

| | |
|---|---|
| Panitikan: | **Tula : Desiderata** ni Marx Ehrmann salin sa Filipino ni Rafael A. Pulmano |
| Wika: | Matalinghagang Pananalita |

ARALIN 2.2: Maikling Kuwento sa Western America

| | |
|---|---|
| Panitikan: | **Maikling Kuwento : Ang Buenas sa Kampo Madagundong** (Hango sa "The Luck of the Roaring Camp" ni Bret Harte, salin ni Erlinda R. Berdin) |
| Wika: | Pokus ng Pandiwa: Tagaganap at Layon |

Sa modyul na ito, matatamo mo ang sumusunod na kompetensi:

| TULA |
|---|
| **Pag-unawa sa Napakinggan (PN)**<br>**F10PN-IIc-d-70** Naibibigay ang puna sa estilo ng napakinggang tula<br>**Pag-unawa sa Binasa (PB)**<br>**F10PB-IIc-d-72** Nasusuri ang mga elemento ng tula<br>**Paglinang ng Talasalitaan (PT)**<br>**F10PT-IIc-d-70** Naibibigay ang kahulugan ng matatalinghagang pananalita na ginamit sa tula<br>**Pagsasalita (PS)**<br>**F10PS-IIc-d-72** Nagagamit ang kasanayan at kakayahan sa malinaw at mabisang pagbigkas ng tula<br>**Pagsulat (PU)**<br>**F10PU-IIc-d-72** Naisusulat ang sariling tula na may hawig sa paksa ng tulang tinalaka<br>**Wika at Gramatika (WG)**<br>**F10WG-IIc-d-65** Nagagamit ang matatalinghagang pananalita sa pagsulat ng tula |
| **MAIKLING KUWENTO** |
| **Pag-unawa sa Napakinggan (PN)**<br>**F10PN-IIe-73** Nasusuri sa diyalogo ng mga tauhan ang kasiningan ng akda<br>**Pag-unawa sa Binasa (PB)**<br>**F10PB-IIe-76** Nabibigyang-reaksiyon ang pagiging makatotohanan/ di-makatotohanan ng mga pangyayari sa maikling kuwento<br>**Paglinang ng Talasalitaan (PT)**<br>**F10PT-IIe-73** Naitatala ang mga salitang magkakatulad at magkakaugnay sa kahulugan<br>**Pagsasalita (PS)**<br>**F10PD-IIe-71** Nahihinuha sa mga bahaging pinanood ang pakikipag-ugnayang pandaigdig<br>**Pagsasalita (PS)**<br>**F10PS-IIe-75** Naisasalaysay nang masining at may damdamin ang isinulat na maikling kuwento<br>**Pagsulat (PU)**<br>**F10PU-IIe-75** Naisusulat ang sariling maikling kuwento tungkol sa nangyayari sa kasalukuyang may kaugnayan sa mga kaganapan sa binasang kuwento<br>**Wika at Gramatika (WG)**<br>**F10WG-IIc-d-68** Nagagamit ang pokus ng pandiwa: tagaganap at layon sa isinulat na sariling kuwento |

Tunay na makabuluhan ang paglalayag mo sa modyul na ito kung pakatutukan mo ang mapa ng mga leksyon na iyong pag-aaralang mabuti.

MGA AKDANG PAMPANITIKAN NG MGA BANSA SA KANLURAN

→

***ARALIN 3: Tula ng South America***
Panitikan: **Tula : Desiderata** ni Marx Ehrmann salin sa Filipino ni Rafael A. Pulmano
Wika: Matalinghagang pananalita

→

***ARALIN 4: Maikling Kuwento sa Western America***
Panitikan : **Maikling Kuwento : Ang Buenas sa Kampo Madagundong** (Hango sa "The Luck of the Roaring Camp" ni Bret Harte, salin ni Erlinda R. Berdin)
Wika: Pokus ng Pandiwa: Tagaganap at Layon

## ARALIN 2.1: PANITIKAN NG MGA BANSA SA KANLURAN: TULA NG SOUTH AMERICA- DESIDERATA

***ARALIN 2.1: Tula ng South America***

Panitikan: **Tula : Desiderata** ni Marx Ehrmann salin sa Filipino ni Rafael A. Pulmano

Wika: Matalinghagang pananalita

| TULA |
|---|
| **Pag-unawa sa Napakinggan (PN)**<br>**F10PN-IIc-d-70** Naibibigay ang puna sa estilo ng napakinggang tula<br>**Pag-unawa sa Binasa (PB)**<br>**F10PB-IIc-d-72** Nasusuri ang mga elemento ng tula<br>**Paglinang ng Talasalitaan (PT)**<br>**F10PT-IIc-d-70** Naibibigay ang kahulugan ng matatalinghagang pananalita na ginamit sa tula<br>**Pagsasalita (PS)**<br>**F10PS-IIc-d-72** Nagagamit ang kasanayan at kakayahan sa malinaw at mabisang pagbigkas ng tula<br>**Pagsulat (PU)**<br>**F10PU-IIc-d-72** Naisusulat ang sariling tula na may hawig sa paksa ng tulang tinalaka<br>**Wika at Gramatika (WG)**<br>**F10WG-IIc-d-65** Nagagamit ang matatalinghagang pananalita sa pagsulat ng tula |

**PAUNANG PAGTATAYA (PRE-TEST)**

Bago ka sumabak sa mga makabuluhang gawain sa modyul na ito, mahalagang suriin muna natin ang lawak ng iyong kaalaman sa pamamagitan ng pagsagot sa mga katanungang sumusunod. Sagutin mo nang buong puso ang lahat ng aytem. Matapos mong masagot ito ay malalaman mo ang iyong nakuhang iskor. Isa-alang-alang ang mga aytem na hindi mo nakuha nang lubos dahil titiyakin natin na ang mga iyon ay mabibigyang-linaw sa paggalugad mo sa buong modyul na ito. Simulan na natin…

Basahin at unawaing mabuti ang mga sumusunod na katanungan. I-klik ang letra na tumutugon sa iyong kasagutan.

1. Alin sa sumusunod ang walang kaugnayan sa isa't isa?
    A. Pambala sa pamilya
    B. Suwerte sa pamilya
    C. Bwenas sa pamilya
    D. Pinagpala sa pamilya

2. Ano ang kahulugan ng payo ng taon sa taludtod ng "Tanggapin nang mahinahon ang payo ng taon"?
    A. karanasan sa buhay
    B. ginintuang aral
    C. pangyayari sa buong taon
    D. paalala ng mga nakatatanda

3. **Pagal** ang isip at buong katawan sa kakatunghay ng samu't saring trahedya sa bayan. Ano ang ibig sabihin ng pagal?
    A. inaantok
    B. hapong-hapo
    C. sawang-sawa
    D. pigang-piga

4. Humayong payapa sa gitna ng ingay at kaabalahan
    At alalahanin ang kapayapaan sa katahimikan
    Hangga't maaari ay maging mabuti sa kahit sino man
    Bigkasing banayad at nang buong linaw ang katotohanan
    At ang sinasabi ng iba ay iyong dinggin at pakinggan
    Sila man na walang lubhang nalalaman ay may kasaysayan.

    Anong elemento ng tula ang binibigyang diin sa saknong sa itaas?
    A. sukat
    B. tugma
    C. talinghaga
    D. larawang diwa

5. Lutang na lutang sa akda ang kasiningan nito sa pamamagitan ng paggamit ng mga tayutay kung kaya madarama rito ang katangiang bumibihag sa ating mga puso. Alin sa mga sumusunod ang kahulugan ng bahagi ng linyang ito. "habang unti-unting nagdidilim ang mga paningin . . . ang buong pagkatao niya ay parang hinihigop ng ipu-ipo sa dako pa roon . . . ng kawalan
   A. binagyo ang kanyang isipan kaya nahimatay
   B. dahan-dahang binawian ng buhay
   C. hinihimatay ito
   D. umalis ito at naglaho na parang bula

6. Saka hindi na rin kaya pang burahin
   Ang isang salitang nasambit na natin
   Pagkat ang kahapon, katulad ng hangin,
   Ay naglaho na nga sa ating paningin.
   Anong uri ng tugmaan ang ginamit ng tulang ito?
   A. tugmaang katinig
   B. tugmaang patinig
   C. tugmaang malakas
   D. tugmaang mahina

7. Ang kuwento ay isinulat noong 1851,mahigit isandaang taon na ang nakalipas. Kung ang pagbabasehan ay ang kasalukuyang panahon kung saan laganap ang modernong teknolohiya at makabagong kagamitan,alin sa sumusunod ang higit na nagpapakita ng pagiging makatotohanan?
   Wang tumatayong ama sa sanggol na iniluwal ng isang dalagang ina.
   A. Makapal ang yelo sa bundok, ang mga sapa sa bundok ay naging ilog at ang mga ilog ay naging lawa.
   B. Naging pang-araw –araw na halos ang sakitan at pagkamatay o patayan.
   D. Pinagpupustahan kung ano ang magiging anak, babae ba o lalaki.
8. Tanggaping magalang ang payo ng mga taon, na kalakip
   Ang may kasiyahang pagsuko ng mga bagay na pampaslit.
   Ano ang ibig ipakahulugan ng naturang taludtod?
   A. Maging magalang sa mga nakatatanda sapagkat ikaw ay bata.
   B. Pakinggan ang mga payo ng mga nakatatanda sa iyo.
   C. Tumanda ng may pinagkatandaan, huwag manatiling batang isip
   D. Habang lumalaki, ang pananaw mo sa mundo ay nagbabago

9. "Mabuti na 'yong **makatindig ka sa sarili mong paa**."
   Ano ang nais ipahiwatig sa nakasulat nang madiin?
   A. Matutong magsarili sa buhay
   B. Maging matatag sa buhay
   C. Umalis at lumakad nang mag-isa
   D. Magsosolo sa buhay
10. Nakiusap *ang kahahalal na pangulo* ng samahan na ipagpatuloy ang nasimulang adhikain ng nagdaang administrasyon.

Nasa anong anong uri ng pokus ng pandiwa ang nakalimbag nang pahilig?
A. Pokus sa layon
B. Pokus sa kalaanan
C. Pokus sa tagaganap
D. Pokus sa direksyon

11. Ipinatupad ng bagong pamahalaan ang curfew sa bawat lunsod. Anong uri ng pokus mayroon ang pandiwa?
A. Pokus sa Tagaganap
B. Pokus sa Tagatanggap
C. Pokus sa Direksyon
D. Pokus sa Layon

12. Sa papaanong paraan mapapalawak ang pakikipag-ugnayang pandaigdig ng mga Pilipino?
A. Sa pamamagitan ng pakikisalamuha sa kanila sa mga gawaing pandaigdigan.
B. Sa pamamagitan ng pagsuporta ng mga gawaing nakabubuti sa kagalingan ng hindi lang sa isang bansa kundi pati na rin sa pangkalahatang bansa sa daigdig.
C. Sa pamamagitan ng pagpapaigting ng relasyong internasyunal.
D. Sa pamamagitan ng pagsusuri at pag-aaral ng mga akdang pampanitikan at kaisipan sa iba't ibang bansa.

13. Alin sa mga sumusunod ang pinakamalapit na dahilan kung anong kabutihang naidudulot ng pag-aaral ng panitikang pandaigdig?
A. Napalalawak ang koneksyon ng mga mambabasa sa mga taong nasa Kanluran.
B. Napupulutan ito ng maraming aral kaya nakatutulong ito sa paghubog ng mabuting asal sa mga kabataang Pilipino.
C. Humuhubog ito sa kamalayan ng mga mambabasa sa halos lahat ng panig ng mundo at nakapagpalalawak ng pakikipag-ugnayang pandaigdig ng mga Pilipino.
D. Patuloy na kinikilala at niyayakap ang kultura at uri ng pamumuhay ng mga bansang Kanluranin.

14. Alin ang natatanging katangian/sitwasyon na hadlang sa pagkamit ng ating mithiin?
A. mabilis na paglaki ng papulasyon
B. mga pangit ng ugali ng mga tao
C. pagkasira ngkalikasan
D. Korupsyon o katiwalian sa pamahalaan

15. Alin sa sumusunod na kaisipan ang hindi totoo sa panitikan ng mga bansang kanluran?

A. Inilalahad dito ang katotohanan sa likod ng mga mito.
B. May iba't ibang kultura ang mga mamamayan dito.
C. Mas magaling sumulat ang mga matatandang awtor kaysa baguhan.
D. Inilalarawan ang mga kaganapan ng kani-kanilang bansa

16. Alin sa sumusunod ang nagpapamalas ng maling paniniwala o misconception hinggil sa sining ng pagbigkas ng tula?
   A. Ang tula ay kinatha hindi lamang basahin kundi bigkasin din.
   B. Kailangang madama ng manonood ang tunay na diwa ng tula sa tulong ng kayang natatanging interpretasyon.
   C. Higit na mabisa at makapangyarihan ang tula kung bibigkasin ito nang malinaw at tamang bigkas ng mga salita.
   D. Kailangang matitinag niya ang mga tagapakinig sa pamamagitan ng pagkurot ng kanilang damdamin.

17. Ikaw ay lalahok sa isang patimpalak online na pinamumunuan ng Filipinowriters.com. Alin sa sumusunod ang iyong dapat na uunahin upang makamit mo ang iyong minimithi?
   A. Magsaliksik at magbasa ng mga modelong akdang pampanitikan para mapagkunan ng ideya.
   B. Isaalang-alang ang mga pamantayan at kriterya sa pagsusulat ng akda.
   C. Maging malikhain sa pagsusulat.
   D. Maging bukas ang isipan sa lahat ng pagkakataon.

18. Bakit kailangan pang may mangyaring trahedya sa bayan upang magbago ang mga ugali at pananaw ng mga tao? Alin sa mga sumusunod ang may pinakamatimbang na kahulugan?
   A. Sapagkat makaramdam lang ng takot ang iba kung may masamang nangyari sa kanila.
   B. Sapagkat hindi sila matatauhan kung wala silang ibidensyang mapatutunayan.
   C. Sapagkat may mahalaga silang pag-uusapan kung may nakitang masamang kaganapan.
   D.Sapagkat hindi mo matatanto ang katotohanan kung di ka masasaktan.

19. Isa kang matagumpay na business man sa inyong probinsya. Marami kang natulungang mamamayan dahil sa lawak ng kompanyang iyong nasasakupan, subalit marami paring naninira at bumabatikos sa iyong pagpapatakbo sa inyong kumpanya. Ano ang nararapat mong gawin upang magkaroon ka ng kapayapaan sa sarili (inner peace)?
   A. Sampahan ng kaso ang mga naninira sa iyo.
   B. Tanggalin sa trabaho ang mga kamag-anak ng mga naninira sa iyo.
   C. Ipinapasa Diyos mo na lamang ang mga ito.
   D.Ituloy lamang ang iyong nasmulan, huwag lang silang pansinin.

20. Naparakami mong gawain sa bahay, at sa eskwelahan, minsan nalilito ka na kung ano ang iyong uunahin, kaliwa't kanan ang mga proyekto at research sa paaralan, napipressure ka na ng iyong mga guro. Gulong-gulo na ang isipan mo at hindi mo na alam kung ano ang gagawin. Ano ang pinakamainam mong hakbang na gagawin sa sitwasyong ganito?
    A. Di magpapatangay sa silakbo ng damdamin, maging mahinahon sa pagsasakatuparan ng bawat gawain.
    B. Isipin kung ano ang priority mo sa buhay doon ka magsimulang ayusin ang mga bagay-bagay.
    C.Huwag sayangin ang oras, solusyunan agad ang problema.
    D. Humingi ng tulong sa mga kaibigan o pamilya para maagapa

## PAGTUKLAS

Tula ng South America
**Desiderata** ni Marx Ehrmann
salin sa Filipino ni Rafael A. Pulmano
Wika: Matalinghagang Pananalita

Sa simula ay pagbati at masayang pagpupugay na napadako ka sa modyul na ito. Inaasahang maunawaan at mapahalagahan mo ang akdang pampanitikang nakaimpluwensya sa buong mundo tulad ng tula ng America.Tiyak na lahat ng iyong pag-aaralan sa modyul na ito ay magpapaunlad sa iyong pagkatuto at pagkatao na siyang aakay na iyo na mapalawak ang pananaw bilang mamamayan ng Pilipinas at ng daigdig. Importanteng bigyang-pansin mo rin ang mga sumusunod na tanong bilang paghahanda sa iyong sarili sa mga kasunod na gawain: Sa papaanong paraan mapalalawak ang pakikipag-ugnayang pandaigdig ng mga Pilipino? Paano magiging makabuluhan ang mga bagong kaalaman at nakukuhang aral sa mga akdang nagmula sa iba't ibang bansa? At anong kabutihan ang naidudulot ng pag-aaral ng panitikang pandaigdig



Suriin natin ang iyong sarili kung anong klaseng tao ka, kung higit mo ng kilala ang iyong sarili ay wala kang dapat ipangamba bagkus makatutulong ka pa sa iba upang mapaunlad ang kanilang sarili.Makatutulong din ang gawaing ito sa iyo upang makapagbigay ka ng hinuha sa tulang iyong susuriin. Inaasahan kong masagot mo ang mga katanungang ito sa iyong gagawing pagsusuri. Bakit mahalagang kilala mo ang iyong sarili? Nakatutulong ba ito upang maabot mo ang minimithi sa buhay? Paano mo matatamo ang kasaganahan sa buhay?

.

**GAWAIN BLG. 1: *AKO BA'Y GANITO?***

Ang mga sumusunod na pahayag ay may kaugnayan sa pananaw mo sa mga pagbabago at hamong dumatal sa iyong buhay. Ang matapat mong tugon ay nakatutulong nang lubos upang maunawaan ang iyong sarili kung papaano mo kahaharapin nang buong tapang ang mga hamon at daluyong sa buhay.
Gamitin ang sumusunod na iskala na maglalarawan sa iyong sarili nang lubos, HD-Higit na Di-sumasang-ayon, DI- Di-sumasang-ayon, DS- Di-Sigurado, HS- Higit na Sumasang-ayon. Itiman ang bilog na tumutugon sa iyong sagot.

| | HD | DI | DS | HS |
|---|---|---|---|---|
| 1. Nagdudulot ng panibagong hamon ang mga pagbabago sa buhay | O | O | O | O |
| 2. Sa gitna ng aking pagsisikap, wala akong nagagawa | O | O | O | O |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 3. May malinaw akong pananaw sa aking mga mithiin | O | O | O | O |
| 4. Di- ko gusto ang mga bagay na walang katiyakan | O | O | O | O |
| 5. Nakaiilang sa akin ang mga pagbabago at walang katiyakan sa buhay | O | O | O | O |
| 6. Normal at natural lamang sa buhay ang pagbabago | O | O | O | O |
| 7. Malikhain at mapamaraaan ako sa paglutas ng mga problema | O | O | O | O |
| 8. Kahit anomang gawain, ang tunay at totoo ang pinakamainam | O | O | O | O |
| 9. Batid kong may maraming paraan upang makamit ko ang aking minimithi | O | O | O | O |
| 10. Nakasasagabal sa aking katagumpayan ang gawain ng iba | O | O | O | O |
| 11. Sa panahon ng kagipitan, umaasa akong ang mga ito ay lilikas at lilipas din | O | O | O | O |
| 12. Buong tapang kong hinaharap ang mga pagsubok | O | O | O | O |
| 13. Batid ko ang aking lakas at kahinaan | O | O | O | O |
| 14. Kapag ako'y nakaharap sa isang matinding pagdesisyon o sitwasyon, gumagawa ako ng plano kung paano ito lulutasain | O | O | O | O |
| 15. Itinatago ko ang aking lungkot o anumang problema | O | O | O | O |
| 16. Ako at ang aking pamilya ay mahinahong nag-uusap sa aming problema hanggang makahanap kami ng solusyon | O | O | O | O |
| 17. Isinaalang-alang ko ang opinion o pananaw ng iba | O | O | O | O |

*Leyenda*:
Tunghayan mo ang katapat na iskor sa bawat iskala
1 pt.- HD-Higit na Di-sumasang-ayon
2 pts.- DI- Di-sumasang-ayon
3 pts.- DS- Di-Sigurado
4 pts.- HS- Higit na Sumasang-ayon

Ang aking iskor ay: [ ]

Bilang ng mga hindi nasagot na tanong ____________
Tunghayan ang mga paliwanag at interpretasyon sa ibaba kung paano naiuugnay ang iyong marka sa iyong reaksyon at pananaw sa buhay ukol sa mga pagbabago at problemang dumating sa iyong buhay.

17-34 - Kung ang iyong marka ay nakaabot sa iskalang ito, ikaw ay may kakulangan sa kasanayan sa pagbalikat/pagkaya sa mga pagbabago at hamon sa buhay. May kahinaang ka sa kasanayan sa paglutas nang malikhain sa iyong mga problema. Matututong sumangguni sa iba upang magabayan ka sa paglutas ng iyong suliranin. Para sa mas epektibong pagbalikat ng iyong pasanin sa buhay, subuking bumuo ng brigada ng suporta mula sa iyong pamilya at kaibigan.

35-51 – Kung ang iyong marka ay umabot dito, Ikaw ay mabisang komportable sa hamon at pagbabagong dumatal sa iyong buhay subalit may mga pagkakataon na pakiramdam mo'y ikaw ay "nabara" sa iyong pagsisikap lalo na sa panahong mahihirap. Bahagi ito ng proseso ng pagsisikap na makayanan ang anumang problemang dumating sa buhay, nahihirapan ka kasi, kulang ka pa sa kasanayan sa malikhaing paglutas ng mga problema. Bilang resulta, parati kang nakasandal sa lumang pamamaraan kaya tuloy pumapalpak. Maaari kang magbahagi ng ilang impormasyon sa iyong malapit na kaibigan at pamilya ngunit pakiramdam mo'y responsibilidad mo pa rin ang paglutas sa mga ito. Maaari mo silang tanungin o konsultahin upang mabiyayaan ka ng panibagong ideya kung paaano malutas ang mahihirap na isyu o problema upang sa gayon mapalalawak ang iyong kaalaman sa iba't ibang istratehiya sa paglutas ng problema.

52-68 – Kung ang iyong marka ay umabot sa ganitong iskor, Ikaw ay maaaring sanay na sa pagbabago o marunong kang humawak sa anumang pagbabagong dumating sa iyong buhay. Malikhain kang lumutas sa mga problema at parati mo itong tinatandaan. Kinikilala at pinapahalagahan mo ang iba na tumutlong sa iyo upang makapag-isip nang malalim kung papaano haharapin ang mga pagbabago sa buhay at kung papaano malulutas nang malikhain ang mga problema.
Ibahagi mo ang kasanayang ito sa iba upang sila'y matututo nang lubos sa iyo.



**Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong:**

1. Ano ang naging damdamin mo sa nakuhang resulta mula sa gawain?________
______________________________________________________________
_____
2. Naniniwala ka ba rito? Bakit?____________________________________________
_____________________________________________________________________

3. Kilala mo ba talaga ang iyong sarili? Paano namin mababatid na kilala mo talaga ang iyong sarili?______________________________________________________
_
______________________________________________________________
4. Kung kilala mo talaga ang iyong sarili, tanggap mo ba kung ano ka? O dili kaya'y tinatakpan mo lang ito upang protektahan ang iyong sarili sa mapanghusgang mundo?____________________________________________________
______
______________________________________________________________
5. Sa pagkakilala mo sa iyong sarili, paano ito nakatutulong sa pag-abot ng iyong minimithi sa buhay?
_______________________________________________
______________________________________________________________

6. Ano ang ideya mo sa magandang buhay?_
____________________________
______________________________________________________________
7. Ano-ano ang mga magagandang panununtunan upang maabot ang iyong minimithi sa magandang buhay?
_____________________________________
______________________________________________________________

8. Sa pamamagitan ng pag-alam mo sa iyong sariling kakayahan, makatutulong rin kaya ito sa pagpapaigting ng ating magandang relasyon sa mga bansa sa ibang daigdig?___________________________________________________
_____

9. Ang pag-alam rin natin sa natatanging lakas o kakanyahan ng isang bansa ay nakatutulong rin kaya sa pagkakaroon ng magandang relasyong internasyunal?
______________________________________________________________.
______________________________________________________________

Binabati kita na matagumpay mong nasagot ang paunang gawain, marahil dito ay natuklasan mo ang iyong sarili kung papaano mo pinakitunguhan ang mga matitinding hamon sa buhay kasi dito pa lang ay nakini-kinita mo na ang kaugnayan ng gawaing ito sa tunay na buhay hatid ng tula mula sa bansang kanluran ang America. Sa iyong paglalakbay sa modyul na ito higit mo pang matutuklasan na **malaki ng naitutulong ng malawak na pag-aaral ng panitikan at kaisipan ng iba't ibang bansa sa pagpapaigting ng pag-ugnayang pandaigdig ng Pilipino lalo na sa bansang kanluran.**

**GAWAIN BLG. 2 : Mapa ng Konsepto ng Pagbabago ( *IRF)***

Sagutin ang hinihingi sa ibaba upang mailahad mong maigi kung ano ang dapat na gagawing panununtunan ng bawat isa upang makamit ang mga ninanais o minimithi sa buhay gayon man kung ano ang naitutulong sa pag-aaral ng panitikan sa iba't ibang bansa partikular na ang kanluran sa pagpapaigting ng pag-uugnayang pandaigdig ng mga Pilipino. Pakitutukan ang unang tugon.

## IRF WORKSHEET

**Sagutin lamang ang bahagi ng unang tugon. Babalikan natin ang ilang bahagi sa susunod na yugto.**

**Sa papaanong paraan mapapalawak ang pakikipag-ugnayang pandaigdig ng mga Pilipino?**

**Unang Tugon (INITIAL ANSWER)**

Pagbabago sa Unang Tugon (**REVISED ANSWER)**

Huling Tugon hango sa Natutunan **(FINAL ANSWER)**

Sadyang sa mga unang gawain pa lamang ay nahanapan mo ng kaugnayan ang iyong sarili sa tulang kanluranin na ating pag-aaralan lalo pa natin itong paiigtingin kung gagawa tayo ng sariling panata. Tunghayan ang nasabing gawain sa ibaba.

**GAWAIN BLG.3: PANATA KO, PANANAGUTAN KO**

Upang makilala at mapamahal ka sa iyong sarili, bumuo ka ng 5 panata upang maging maayos at maganda ang takbo ng iyong buhay.

***ANG AKING PANATA SA SARILI***

1.
2.
3.
4.
5.



**Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanaong:**

1. Bakit iyon ang mga napili mong panata sa sarili?

___

___

___

2. Ang mga naitala ba ayon sa tambilangay ay batay sa kung ano ang pinakamahalaga sa iyong buhay? Patunayan.

___

___

___

3. Sa tingin mo, kaha-hanga kaya ang mga panatang ito sa mata ng mga tao? Maiinspired din kaya sila sa iyo? Bakit?

___

___

**WAKAS NG PAGTUKLAS**



Yamang nataya mo na ang samu't saring gawain hinggil sa pagkilala sa iyong sarili at minimithi o pinapangarap sa buhay gayon din sa pagtumbok kung sa papaanong paraan mapapalawak ang pakikipag-ugnayang pandaigdig ng mga Pilipino, ngayon ay maaari ka ng dumako sa iba pang gawain sa modyul na ito upang higit mo pang mapaunlad ang iyong kaalaman at kasanayan.

## PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY



Sa bahaging ito, ating paigtingin ang iyong kaalaman sa sarili, ating aalamin ang mga tamang tunguhin sa buhay upang maging masaya, maayos at mapaya ito lalo na sa iyong pakikitungo sa kapwa sa tulong ng mga kasanayan sa pagsusuri ng salintula mula sa bansang kanluran upang maihanda rin ang iyong sarili sa pagbuo ng isang tula na kahawig sa tinalakay bilang iyong produkto sa pagtatapos ng aralin na ito. Bilang bahagi ng paglinang ng iyong pag-unawa at pagpapahalaga sa tula, mahalagang balikan mo ang iyong nalalaman ukol sa mga katangian ng tula. Tunghayan ang kasunod na gawain.

**GAWAIN BLG. 4: KATANGIAN NG TULA**

Batay sa iyong nalalaman, ibigay ang mga kakanyahan ng tula. Isulat sa nakalaang kahon ang mga hinihingi.

| | |
|---|---|
| KATUTURAN: | KATANGIAN: |
| HALIMBAWA: | HINDI HALIMBAWA: |

**TUL**



**Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanaong:**

1. Paano naiiba ang tula sa ibang akdang pampanitikan?

2. Gaano kamakapangyarihan ang mga salita sa tula? Patunayan

3. Gaano kalawak ang iyong nalalaman tungkol sa panulaan? Paano mo pa higit na mapalalawak ang iyong kaalaman hinggil dito?

4. Mayroon bang prosang tula o tulang tuluyan? Magbigay ng patunay batay sa nalalaman o natatandaan mo.

5. Sa iyong palagay, bakit mahahalagang pag-aralan ang mga panitikan sa mga bansang kanluran?

6. Paano naapektuhan ang iyong damdamin at kaispan sa pag-aaral ng mga panitikan ng mga bansa sa kanluran?

7. Sa iyong palagay, madali ba ang pagsalin ng mga panitikan ng mga bansa sa kanluran? Bakit?

| |
|---|
| |

Binabati kita at nasagot mo nang buong linaw ang mga gawain sa itaas. Tunay ngang malaki ang maitutulong ng kaalamang ito upang higit mong mapahahalagahan ang saling tula mula sa bansang kanluran. Ngayon ay handa ka na sa susunod na gawain upang matamo ang pag-unawa sa nilalaman ng tulang babasahin mo na sinulat ng Amerikanong abogado't makata na si Max Ehrmann na pinamagatang DESIDERATA. Upang matamo ang lubusang pag-unawa sa tula, makatutulong sa iyo ang kasunod na gawain.

**GAWAIN BLG. 5: PAGHAHAWAN NG MGA BALAKID**

A. Kilalanin ang kahulugan ng salitang nakasulat nang pahilig sa pangungusap. Kahunan ang titik ng tamang sagot.

1. Kayo'y *humayo* na upang hindi kayo gabihin sa daan.
   a. lumakad c. mamatay
   b. sumakay d. lumipad

2. Puno ng *ligalig* ang mundo, ipagdarasal mo ang paghahari ng kapayapaan.
   a. inggitan c. problema
   b. gulo d. takot

3. *Mapusok* magdisesyon ang mga kabataan sa ngayon, dapat silang gabayan ng mga nakatatanda.
   a. Matigas na damdamin c. mainit na damdamin
   b. Malambot na damdamin d. matinding damdamin

4. Ang mga kandidatong *palalo* ay hindi ibinoboto ng mga tao.
   a. hambog c. parating nangangako
   b. madaldal d. walang binatbat

5. Hindi sukatan ng pagmamahal ang *paninibugho.*
   a. kawalang tiwala c. pagseselos
   b. pananakit d. pagtakas

B. Pagtambalin ang dalawang salitang magkasingkahulugan sa loob ng kahon. Isulat ang iyong sagot sa mga patlang sa ibaba.

| | | |
|---|---|---|
| alipin | bagabagin | maisasanggalang |
| busabos | | |
| guluhin | ayusin | maikasangga |
| | maipagtatanggol | |
| pagsusupil | nangakayayamot | pagputol paghinto |

1. ______________________ - _________________________
2. ______________________ - __________________________
3. ______________________ - _________________________
4. ______________________ - __________________________
5. ______________________ - ___________________________

Ngayon ay naging malinaw na iyo ang mga kahulugan ng mga salitang ginamit sa salin tula, mayroon bang mga salitang nagpabagabag sa iyong isipan? Maliban sa mga salitang nakilala mo sa **Paghahawan ng mga Sagabal** ay baka mayroon ka pang ibang salitang gustong palawakin natin o hindi maunawaan ang kahulugan. Bilugan ang mga salitang ito at kilalanin ang kahulugan gamit ang diksyunaryo o halawin ang kahulugan batay sa konteksto ng pangungusap kung saan ito ginamit.

**Gawain Blg. 6: Talambuhay ni Max Ehrmann**

Upang lubos mong maunawaan at mapahalagahan ang tulang ito, mainam na makilala mo muna nang lubos ang katangian ng may-akda, pasukin mo ang site na ito. https://en.wikipedia.org/wiki/Max_Ehrmann.
Sadyang nakapagbibigay-linaw na sa iyong isipan ang mga naunang gawain, masasabi nating maaari mo nang basahin, galugarin at namnamin ang kagandahan ng tula ni Max Ehrmann.



**BASAHIN AT PAKINGGAN MO ITO**

Basahin at Pakinggan ang teksto sa link na ito: http://ofw-bagongbayani.com/s-desiderata.html

# DESIDERATA (Mithiin)

Ni Max Ehrmann

Salin sa Filipino ni **Rafael A. Pulmano**

---

http://ofw-bagongbayani.com/s-desiderata.html

*Pakinggan ang tula sa tinig ni Rafael A. Pulmano*

| | |
|---|---|
| Go placidly amid the noise and haste,<br>and remember what peace there may be in silence. | Humayo nang payapa sa gitna ng ingay at pagkukumahog<br>at tandaang may katiwasayang masusumpungan sa katahimikan. |
| As far as possible without surrender be on good terms with all persons. | Hanggang kakayanin at nang hindi sumusuko,<br>pakitunguhan nang mabuti ang lahat. |
| Speak your truth quietly and clearly;<br>and listen to others, even the dull and ignorant; they too have their story. | Sambitin ang sariling katotohanan nang mahinahon at walang gatol<br>at pakinggan ang iba, kahit ang pulpol at mangmang.<br>Sila man ay may masasabi. |
| Avoid loud and aggressive persons, they are vexations to the spirit. | Iwasan ang hambog at mapusok;<br>nakaliligalig sila ng loob. |
| If you compare yourself with others, you may become vain and bitter;<br>for always there will be greater and lesser persons than yourself. | Kung ihahambing ang sarili sa iba,<br>baka maging palalo o puno ng hinampo<br>dahil laging may makahihigit o mababa sa iyo. |
| Enjoy your achievements as well as your plans. | Masiyahin sa iyong tagumapy, maging sa iyong mga balak. |
| Keep interested in your career, however humble; it is a real possession in the changing fortunes of time. | Pangalagaan ang iyong hanapbuhay gaano man kahamak;<br>iyay maaasahang pag-aari sa pabago-bagong kapalarang dala ng panahon. |
| Exercise caution in your business affairs; for the world is full of trickery. | Mag-ingat sa pakikipagnegosyo pagkat puno ng bulaan ang mundo. |
| But let this not blind you to what virtue there is; many persons strive for high ideals;<br>and everywhere life is full of heroism. | Ngunit huwag naming magbulag-bulagan sa kabutihan.<br>Marami ang nagsisikap maabot ang kadakilaan,<br>at saan mang dakoy may kabayanihan. |
| Be yourself.<br>Especially, do not feign affection. | |

| | |
|---|---|
| Neither be critical about love; for in the face of all aridity and disenchantment it is as perennial as the grass.<br><br>Take kindly the counsel of the years, gracefully surrendering the things of youth.<br>Nurture strength of spirit to shield you in sudden misfortune. But do not distress yourself with imaginings.<br>Many fears are born of fatigue and loneliness. Beyond a wholesome discipline, be gentle with yourself.<br><br>You are a child of the universe, no less than the trees and the stars;<br>you have a right to be here.<br>And whether or not it is clear to you, no doubt the universe is unfolding as it should.<br><br>Therefore be at peace with God, whatever you conceive Him to be,<br>and whatever your labors and aspirations, in the noisy confusion of life keep peace with your soul.<br>With all its sham, drudgery and broken dreams, it is still a beautiful world. Be careful. Strive to be happy. | Magpakatotoo sa sarili. Higit sa lahat, huwag magpanggap sa pagmamahal.<br>Subalit huwag ding kutyain ang pag-ibig<br>pagkat sa harap ng lahat ng kawalan ng sigla at pag-asa<br>lagi itong tumutubong muli tulad ng damo.<br><br>Tanggapin nang mahinahon ang payo ng taon,<br>at isuko nang magiliw ang mga biyaya ng kabataan.<br>Patatagin ang espiritu bilang pansanggalang sa di-inaasahang kasawian.<br>Ngunit huwag magpakaligalig sa mga nakababahalang alalalahanin.<br>Maraming pangamba ang dulot ng pagod at pangungulila.<br>Bukod sa pagkakaroon ng sapat na disiplina, maging malumanay sa sarili.<br><br>Supling ka ng uniberso, gaya ng mga punot tala<br>karapatan mong dumito.<br>At malinaw man ito o hindi sa iyo<br>walang alinlangan, sadyang namumukadkad ang uniberso.<br><br>Kaya maging payapa sa Panginoon<br>paano man ang pagkilala mo sa Kanya<br>at anuman ang iyong pagsisikap at pangarap;<br>sa maingay na kaguluhan ng buhay<br>panatilihing panatag ang iyong loob.<br><br>Sa kabila ng pagkukunwari, kawalang-kawawaan, at bigong pangarap,<br>Maganda pa rin itong mundo.<br>Maging masayahin. Sikaping lumigaya. |



**Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong:**

1. Sino ang nagsasalita sa tula?

2. Saan natutungkol ang sinulat niyang tula?

3. Sino naman ang pinatutungkulan niya sa tula?

4. Tama ba na ikukumpara mo ang iyong sarili sa iba? Bakit?

5. Ano-ano ang mga pagpapahalagang pangkatauhan ang nakapaloob sa akda?

6. Sa mga balyung iyong nailahad, alin doon ang higit kang natamaan? Bakit?

7. Paano magiging makabuluhan ang pag-aaral sa mga akdang nagmula sa iba't ibang bansa katulad ng tulang ito?

8. Sa papaanong paraan mapapalawak ang pakikipag-ugnayang pandaigdig ng mga Pilipino batay sa pag-aaral ng akdang ito?

Mahusay ang ginawa mong pagpapaliwanang! Sadyang nadala ka sa dami ng hugot ng tulang ito. Sinasabing unibersal ang tulang ito sapagkat ang mga katotohanang hatid nito ay angkop pa rin sa kasalukuyang panahon. Ngayon ay tunghayan natin ang kasunod na gawain upang matutulungan ka pang lalo upang mapahalagahan ang kagandahan ng mga akdang kanluranin at lalo pa nitong mapaigting ang ugnayang pandaigdig.

**GAWAIN BLG. 7: ISIPIN MO ITO!**

Pakinggan o basahin muli ang tula at kompletuhin ang tsart sa ibaba. Hanapin ang bahagi ng tulang nagsasaad ng sumusunod na kaisipan.

| ***Linya ng Tula*** | ***Nagsasaad ng…*** |
|---|---|
| | Magandang relasyon o pakikitungo sa kapwa |
| | Iyong relasyon sa Panginoon |
| | Ang paraan ng paghawak mo sa iyong mga gastusin |
| | Paraan ng pagdadala mo sa iyong emosyon |
| | Mga bagay o taong dapat mong iwasan |
| | Ang tamang paraan sa pagdadala mo sa iyong sarili |
| | Ang angkop na asal sa pakikitungo mo sa payo ng mga matatanda |



**Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong:**

1. Hindi mo maiiwasan na sadyang may mga taong naging sanhi ng iyong *stress* sa buhay, kung ikaw ay makikitungo nang mabuti sa kanila, hindi kaya'y nakikipagplastikan ka lang? Bakit?

2. Sa kabilang panig, ikinukunsidera mo rin ba ang iyong sariling pag-uugali kung papaano ka nakakaapekto sa iba?

3. Ano-ano ang mga paghihirap na naranasan mo sa buhay? Paano mo ito dinadala?

4. Ano-anong pagpapahalagang Pampilipino ang makikita mo sa akdang ito? Sa tingin mo, bakit kaya mahalagang malaman ito ng bawat Pilipino?

5. **Paano magiging makabuluhan ang pag-aaral sa mga akdang nagmula sa iba't ibang bansa katulad ng tulang ito?**

Binabati kita dahil magiliw mong sinasagot ang mga katanungan sa itaas, at dahil dito naging malinaw sa iyong diwa ang kabuhulan ng pag-aaral ng mga akda mula sa ibang bansa tulad ng bansang kanluran.
Sa kabilang banda, isasanib na natin ang pagtalakay sa gramatika lalo na sa elemento ng tula,partikular ang mga matatalinghagang pananalita. Tunghayan ang sumusunod na kaalaman.



**ALAMIN MO ITO!**

**Mga Elemento ng Tula**

1. **Sukat**
   Ito ay tumutukoy sa bilang ng pantig ng bawat taludtod na bumubuo sa isang saknong. Ang pantig ay tumutukoy sa paraan ng pagbasa.
   *Halimbawa:*
   isda – is da – ito ay may dalawang pantig
   is da ko sa Ma ri ve les – 8 pantig

**Mga Uri ng Sukat**

**1. Wawaluhin –**
*Halimbawa:*
Isda ko sa Mariveles
Nasa loob ang kaliskis

**2. Lalabindalawahin –**
*Halimbawa:*
Ang laki sa layaw karaniwa'y hubad
Sa bait at muni, sa hatol ay salat

**3. Lalabing-animin –**
*Halimbawa:*
Sai-saring bungangkahoy, hinog na at matatamis
Ang naroon sa loobang may bakod pa sa paligid 3 linya - tercet
4 linya - quatrain
5 linya – quintet
6 linya - sestet
7 linya - septet
8 linya - octave
Ang couplets, tercets at quatrains ang madalas na ginagamit sa mga tula.

2. **Tugma**
   Isa itong katangian ng tula na hindi angkin ng mga akda sa tuluyan. Sinasabing may tugma ang tula kapag ang huling pantig ng huling salita ng bawat taludtod ay magkakasintunog. Lubha itong nakaga- ganda sa

pagbigkas ng tula. Ito ang nagbibigay sa tula ng angkin nitong himig o indayog.

**Mga Uri ng Tugma**

1. Tugmaang patinig o **Hindi buong rima (assonance) -** paraan ng pagtutugma ng tunog na kung saan ang salita ay nagtatapos sa patinig.

   *Halimbawa:*

   Mahirap sumaya
   Ang taong may sala
   Kapagka ang tao sa saya'y nagawi
   Minsa'y nalilimot ang wastong ugali

   Para masabing may tugma sa patinig, dapat pare-pareho ang patinig sa loob ng
   isang saknong o dalawang magkasunod o salitan.

   *Halimbawa:*

   a a a
   a a i
   a i a
   a i i

2. Tugmaang Katinig o **Kaanyuan (consonance)** - paraan ng pagtutugma ng tunog na kung saan ang salita ay nagtatapos sa katinig.
   a. unang lipon, mga salitang nagtatapos sa – b, k, d, g, p, s, t
      Sapupo ang noo ng kaliwang kamay
      Ni hindi matingnan ang sikat ng araw

3. **Kariktan**

   Ayon kay Julian Cruz Balmaceda, maaaring bigkasin ang isang haay-hanay ng mga talatang tugma-tugma ang mga dulo at sukat-sukat ang mga bilang ng pantig ngunit di parin matawag na tula kung hindi nagtataglay ng kariktan. May mga tulang walang sukat at tugmang sinusunod subalit matatawag paring tula sapagkat pilimpili ang mga salita, kataga, parirala,imahe, tayutay at mensaheng taglay na siyang lalong nagpapatingkad sa katangian nito bilang tula at pumupukaw sa mayamag imahinasyon ng bumabasa.

4. **Talinghaga (Paggamit ng Tayutay)**

   Tumutukoy ito sa paggamit ng matatalinhagang salita at tayutay.

   Ang mga sumusunod ay mga uri ng patalinghagang salita:

   **a.** PAGTUTULAD (*SIMILE*) - pagpapahayag na gumagamit ng paghahambing sa dalawang magkaibang bagay at gumagamit ng pariralang tulad ng, animo, para ng, gaya ng, gaya ng atbp.
   *Halimbawa:* Kaakit-akit ang mga mata ni G. Santi na parang mata ng mga maniking naka-*display* sa eskaparate

   **b.** PAGWAWANGIS (*METAPHOR*) - gaya ng pagtutulad ito ay tuwirang paghahambing sa dalawang magkaibang bagay. Ngunit hindi gumagamit ng pariralang tulad ng, gaya ng, animo ay, atbp.
   *Halimbawa:* Sibat na sumugat sa puso ni Eros ang ginawang pambabasted ni Anissa

   **c.** PADIWANTAO / PAGBIBIGAY KATAUHAN (*PERSONIFICATION*) - pagsasalin ng katauhan sa pamamagitan ng pandiwang karaniwang ginagamit lamang para sa tao. Maaaring may buhay o wala ang mga bagay na pinaglilipatan ng katauhan.

*Halimbawa*: Sumasayaw ang sanga ng puno sa bawat pag-ihip ng hanging amihan.

**d.** PAGPAPALIT SAKLAW*(SYNECDOCHE)* - pagpapahayag na bumabanggit lamang sa bahagi sa halip na tukuyin ang kabuuan.
*Halimbawa:* Nagsasama na sa iisang bubong si Jun at si Ian.

**e.** PAGMAMALABIS *(HYPERBOLE)* - sadyang pinaliliit o pinalalaki sitwasyon o kalagayan ng tao, bagay o pangyayari.
*Halimbawa*: Abot tainga ang kanyang ngiti habang inaabot sa kaya ang premyo.

**f.** PAGPAPALIT TAWAG *(METONYMY)* - sa halip na tukuyin ang isang bagay, gumagamit ng pamalit na tawag. Nagagawa ito sa pamamagitan ng mga sumusunod:
*Halimbawa:*Sagisag sa sinasagisag - sa halip na banggitin ang bagay na sinasagisag, binabanngit na lamang ang bagay na sumisimbulo nito.
Mula nang iwan siya ng kanyang asawa, siya na rin ang tumayong haligi ng tahanan. (haligi sumasagisag sa ama dahil siya ang nagbibigay ng suporta sa pamilya)
Sisidlan sa sinisilid - ang pagbanggit sa lalagyan ay katulad na rin ng pagbanggit sa laman.
Kaya pala hindi ka nakapasok, naka dalawang *case* kayo. (case - tumutukoy sa beer)

**g.** PAGTAWAG *(APOSTROPHE)* - kinakausap na parang tao ang bagay/mga bagay o di kaya'y ang taong wala sa harap mo ay iyong kinakausap.
*Halimbawa:* Lord, patawad, sapagkat ako'y makasalanang nilalang.

**h.** PAG-UUYAM *(SARCASM)* - pahayag na parang pumupuri ngunit ang tutuo ay kabaligtaran ang ibig sabihin.
*Halimbawa:* Kaybuti mo talagang kaibigan, matapos kitang pautangin sinulot mo pa ang kasintahan ko.

5. **Larawang-diwa ( *Imagery*) –** Ito ay mga salitang binabanggit sa tula na nag-iiwan ng malinaw at tiyak na larawan sa isipan ng mambabasa.
*Halimbawa:*
Kung ang bayang ito'y napapasa-paganib
at siya ay dpat na ipagtangkilik,
ang anak, asawa, magulang, kapatid,
isang tawag niya'y tatalikdang pilit.

6. **Simbolismo (symbol)** – Ito ang mga salita na may kahulugan sa mapanuring isipan ng mambabasa.
   *Halimbawa:*
   Ilaw- pag-asa
   Krus- pasakit, pasanin sa buhay
   Ilaw- pag-asa

7. **Anyo**
   Ang anyo ng tula ay tumutukoy sa porma o kayarian nito. Ito ay ang Malayang taludturan, Tradisyonal, May sukat na walang tugma at Walang sukat na may tugma.Upang maintindihan ng mabuti, ay iisa-isahin kong ipaliwanag ang bawat anyo ng tula
   **Ang Malayang taludturan** (***Free verse***)- Isang tula na isinulat nang walang sinusunod na patakaran kung hindi ang ano mang naisin ng sumusulat.Ito ay ang anyo ng tula na ipinakilala ni Alejandro G. Abadilla. Ayon sa kanya, maaaring makalikha ng tula na walang sukat at walang tugma. Ngunit dapat manatili ang karikatan, ito ay ang paggamit ng matatalinhagang pahayag na ipinakilala niya sa kanyang tulang " Ako ang Daigdig".
   **Di- Tugmang taludturan (Blank Verse) –** ayon kay Jose Villa Panganiban, ito ay naging popular sa Inglatera mula noong 1557. Isa itong tulang may sukat at walang tugma.

   **Ang Tradisyonal na Tula** - Ito ay isang anyo ng tula na may sukat,tugma at mga salitang may malalim na kahulugan.
   **May sukat-**Ito ang katutubong kayarian ng tulang Pilipino. Binubuo ito ng mga taludtod na may sukat at tugma. Magkakahawig ang mga tunog ng dulo ng mga taludtod.

8. **Persona**
   Tumutukoy sa nagsasalita sa tula; una, ikalawa o ikatlong panauhan



**Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanaong:**

1. Ano-ano ang mahahalagang elemento ng tula?

2. Bakit mahalagang pag-aralan ang mga elemento ng tula?

3. Paano makatutulong o magagamit sa pagbuo ng sariling tula ang kaalaman hinggil sa mga elemento ng tula?

4. Sa iyong paningin, ano kaya ang magiging kinalabasan sa tula na hindi niya taglay ang mga elementong nabanggit? Ipaliwanag.

5. Malinaw bang naipakita sa tulang tinalakay ang bawat elementong nasabi? Patunayan.

6. Paano naiiba ang tula sa ibang akdang pampanitikan?

Ngayong talos mo na ang mga elemento ng tula lalo na ang matatalinghagang pananalita, walang duda na hindi mo masasagot at magagawa ang kasunod na gawain. Ngayon ay hihimayin natin ang pinakadiwa ng tulang iyong binasa. Tara na at himayin na natin!

**GAWAIN BLG.8: SURIIN MO**

1. Sa tingin mo, ano ang layunin ng may-akda sa pagsulat ng tulang "Desiderata"?

2. Sa iyong palagay, matagumpay ba siya sa kanyang layunin? Bakit?

3. Basahin ulit ang tula. Anong uri ng damdamin ang pinupukaw ng may-akda sa mambabasa?

4. Anong uri ng taludturan mayroon ang tula? Sa anyo o kayarian naman ng tula, saan ito nabibilang?

5. Kung sakaling isinulat ang tulang ito na blank verse, higit kayang magiging maganda aat mabisa ang pagpapahayag ng damdamin at isipan ng may-akda? Bakit?

Hindi ka lang mahusay kundi sadyang napakahusay! Magagamit mo ang kaalaman at kasanayang ito sa malalimang pagsusuri at pagpapahalaga sa salin tula. Tunghayan ang kasunod na gawain na magpapatunay sa iyong galing.

**GAWAIN BLG. 9: NAKAKAHONG IDEYA**
Suriin ang mga sumusunod na matalinghagang panghayag na ginamit sa tula at ibigay ang tamang pagpapakahulugan dito.

| ***Matalinghagagang pahayag*** | ***Pagpapakahulugan*** |
|---|---|
| Ikaw'y maging ikaw. | |
| Tanggaping magalang<br>ang payo ng mga taon | |
| ikaw ay supling<br>nitong sangsinukob na hindi hihigit<br>Sa puno at bit'win... | |
| Kaya ipanatag sa piling ng Diyos ang sariling dibdib | |
| Dapat mong isipin at sa iyong puso'y itanim na husto | |

**GAWAIN BLG. 10: BALIKAN MULI ANG IRF**
Muling tugunan ang IRF Worksheet sa bahaging Revised upang mailahad mong maigi kung ano ang dapat na gagawing panununtunan ng bawat isa upang makamit ang mga ninanais o minimithi sa buhay gayon man kung ano ang naitutulong sa pag-aaral ng panitikan sa iba't ibang bansa partikular na ang kanluran sa pagpapaigting ng pag-uugnayang pandaigdig ng mga Pilipino.. Maaaring magbago ng iyong sagot at ipaliwang ang nabuong kasagutan.

## IRF WORKSHEET

**At sa papaanong paraan mapapalawak ang pakikipag-ugnayang pandaigdig ng mga Pilipino?**

Unang Tugon **(INITIAL ANSWER)**

Pagbabago sa Unang Tugon (**REVISED ANSWER)**

Huling Tugon hango sa Natutunan **(FINAL ANSWER)**

## WAKAS NG PAGLINANG



Napalawak mo na ang iyong kaalaman at pag-unawa ukol sa tulang Desiderata, anyo at kayarian ng tulang ito maging ang mga elementong bumubuo ng isang masining na tula. Ngayon ay paiigtingin pa natin ang iyong kaalaman at pag-unawa sa mga samu't saring gawain na kasunod na bahagi ng modyul na ito.



## PAGPAPALALIM



Bago dumako sa susunod na gawain, tasahin muna ang sarili kung gaano kalawak ang iyong nalalaman at nauunawaan sa mga aspektong may kinalaman ang mga gawain hinggil sa paglinang, kung paano ba binubuo ang tula? Ano ang pagkakaiba nito sa ibang akdang pampanitikan? Gaano kamakapangyarihan ang mga salitang ginagamit sa tula na nakapagbibigay kawilihan sa mga mambabasa atbp..

**GAWAIN BLG. 11: PAANO BA ANG MAGING MALIGAYA?**
Ang turo sa atin ni Max Ehrmann sa kanyang tulang Desiderata ay maging masaya, sikaping lumigaya. Sapat ba kaya ang turo ng batikang manunulat na ito upang maging matagumpay ka sa iyong buhay at makamit ang kaligayahan? Alam mo ba ang totoong kahulugan ng kaligayahan? Paano ba ang maging masaya? Panoorin ang video clip na ito sa you tube: https://www.youtube.com/watch?v=IIWQeMFncm8

**Pamagat:** ***What is Happiness, Learn How to be Happy in Life***



**Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong:**

1. Ano-ano ang ipinapahayag ng video ukol sa kung ano ang kaligayahan?

________________________________________
________________________________________
________________________________________

2. Naniniwala ka ba rito?
   Bakit?______________________________________
______________________________________________
______________________________________________

3. Sa gitna ng maraming pagsubok na dumating sa iyong buhay, makukuha mo pa kayang maging maligaya? Paano?__________________________________
______________________________________________
______________________________________________

4. Paano mo mababago ang pananaw ng isang taong lugmok sa kahirapan, pagdurusa at pagdadalamhati lalo na ng mga naging biktima ng bagyong Yolanda, Sendong at Seniang na maaari rin silang maging maligaya?
______________________________________________
______________________________________________

5. Paano nakakahawa ang kaligayan? Patunayan.___________________________
______________________________________________
______________________________________________

6. Paano nakatutulong sa iyo ang videong ito upang paigtingin ang iyong pag-unawa hinggil sa tekstong binasa?
   ____________________________________
______________________________________________

Sadyang malalim ang tama mo sa saling tula mula sa kanluran dahil napalawak mo ang mga kaisipang namumutiktik dito. Upang lalo mo pang mapahalagahan ang kagandahan ng mga akdang kanluran at mapalalim ang mga aral na napulot. Tunghayan mo pa ang isang saling tula na makikita sa dakong ibaba. Pagnilanayang maigi ang mga mensahe at aral na iyong mapupulot rito na tutulong sa iyo upang maging matagumpay sa buhay.



## BASAHIN ANG ISA PANG TEKSTO

Tula # 2 : **KAHAPON, NGAYON, AT BUKAS**

*(YESTERDAY, TODAY AND TOMORROW-author unknown)*
Salin sa Filipino ni Rafael A. Pulmano
Tunghayan ang link na ito:
http://ofw-bagongbayani.com/s-kahapon.html



**Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong:**

1. Anong pangunahing paksa ang tinalakay sa tula?

2. Ano-anong mga araw na di-dapat ipangamba at bakit?

3. Bakit hindi na maaaring ibalik ang kahapong nagdaan?

4. Paano mo mapaghahandaan ang bukas na darating?


5. Para sa iyo, anong sinisimbolo o sinasagisag ng KAHAPON, NGAYON at BUKAS?

6. Sa ano-anong aspekto ng iyong pagkatao nagdulot ng malaking pagbabago ang mga gintong aral na iyong natutuhan sa tulang ito?

7. Anong naidudulot sa iyo ng pag-aaral at pagsusuri ng tula? Magbigay ng patunay.

Mahusay! Sadyang nagpapatibay ang iyong pag-unawa sa pagsusuri ng tula lalo na sa mensaheng hatid nito. Ngayon, susubukin natin ang tibay ng iyong kaalaman sa pagsusuri ng mga elemento ng tula mula sa akdang iyong binasa. Tunghayan ang kasunod na gawain.Isulat sa nakalaang kahon ang iyong mga sagot.

**GAWAIN BLG. 12: PUNAN AT SURIIN MO**




Magaling! Sadyang iyong napanindigan ang kagalingan mo sa pagsusuri ng mga salin tula. Ngayon naman ay tunghayan ang isa pang tula na may kaugnayan sa pangarap. Total libre naman ang mangarap at ito ay naghahatid sa puso ng tao ng labis na kaligayahan sa buhay.Sisilipin natin ang pangarap ng may-akdang si Marvin Mendoza sa sarili na magsisilbing inspirasyon din natin na magsikap at mangarap nang matayog. Isakatuparan mo pagkatapos ang isinaad na gawain sa ilalim at tunghayan ang kasunod na pagsusuri.



## PAGBASA SA IKATLONG TEKSTO

**Isang Milyang Pangarap**
ni Marvin Ric Mendoza

Tunghayan sa link na ito:
http:// www.tulangtagalogsamindanao.blogspot.com/2011/09/isang-milyang-pangarap-ni-marvin-ric.html



**Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong:**

1. Paano umabot sa diwa ng may-akda ang kanyang pangarap sa buhay?

2. Anong damdamin ang namayani sa may-akda nang sulatin niya ang tula?

3. Sa iyong paningin, maaabot kaya ng tao ang kanyang minimithing pangarap kahit napakatayog pa nito? Paano?


4. Sinasabi nilang libre lang mangarap, ano ang pinapangarap mong marating o makamtan sa buhay? Bakit?

5. Paano mo kaya maabot ang iyong minimithing pangarap sa gitna ng maraming pagsubok na dumating sa buhay?

Sadyang nakakakurot sa puso ang mga linya ng tula sa itaas. Nawa'y mapaghugutan mo ito ng ispirasyon upang makapagpatuloy sa pakikibaka sa buhay. Mahusay kang sumuri sa nilalaman ng tula, ngayon naman ay dumako ka sa pagsusuri sa mga elemento na bumubuo sa tula. Tunghayan ang kasunod na gawain.

**GAWAIN BLG. 13 : PUNUIN ANG SPIDER MAP**

Ang tulang *Isang Milyang Pagarap* ay isang tulang pasalaysay. Suriin ang elemento nito sa pamamagitan ng pagpuno sa spider map sa ibaba.




Mainam mong naisagawa ang pagbusisi sa mga elemento ng tulang iyong binasa. Ito ay isang magandang pangitain na nauwaan mo nang mabuti ang kakanyahan ng mga elemento ng tula. Sa pagkakataong ito ay paiigtingin pa natin ang iyong pagpapahalaga sa sining ng tula. Higit mong mapahalagahan ito kung batid mo kung papaano ito bibigkasin nang mabuti ganoon din ang istilo sa paglalahad. Tunghayan mo ito.



**PALAWAKIN PA ANG KAALAMAN**

**ANG SINING NG PABIGKAS NG TULA**

Walang magpapahalaga sa kagandahan ng panitikan kung salat ito sa epektibong paggamit ng wika, and dalawa ay hindi mo maipaghihiwalay. Upang maging kaiga-igaya ito sa panlasa ng mambabasa ay nararapat lamang na magkaroon ng koneksyon ang may-akda sa mambabasa sa pamamagitan ng mga diwang ipinapahayag dito na siyang makakaantig sa damamin ng mambabasa, kailangan madama niya ang mga ito, mangyayari lamang ito sa pamamagitan ng tinatawag na *interpretasyon.*

Ang interpretasyon ay sumasaklaw sa pagbibigay-buhay sa damdaming ipinapahayag ng tula ayon sa tunay na nadarama ng sumulat. Ang mambibigkas ay nagsisikap na mapasok ang kaluluwa ng tula.

**Mga Patnubay Sa Pagbigkas ng Tula**

1. **Layunin**

Narito ang ilang karaniwang layunin ng tula

**a.** Magpakilos tungo sa isang pagsasagawa
**b.** Manghikayat
**c.** Magbigay ng impormasyon
**d.** Magbigay-aliw sa madla

Mahalagang maunawaan ng bibigkas ang tunay na layunin ng tula. Hindi kalianman mabibigyang buhay ang pyesa kung hindi malinaw sa bibigkas ang layunin nito.

**2. Pagkakaugnay ng Mambibigkas at Madla**

Masasabing epektibo ang bumibigkas kung natitinag niya ang nanonood. May malakas siyang hikayat sa madla kung nagagawa niya itong patawanin o paiyakin sang-ayon na rin sa diwang isinasaad ng tula.

3. **Tikas o Tindig**

   Ang katauhang pantanghalan ng mambibigkas ay kaagad naipakilala sa kanyang tikas- pagtindig, pagkilo o pagkumpas. Sa pagtindig, ang bigat ng katawan ay nasa nauunang paa. Kadalasang kanan ang nauunang paq. Ngunit kung patag ang tayo, ang bigat ng katawan ay nasa dalawang paa.

4. **Tinig**

   Sa makabagong paraan ng pagbigkas, ang isinasaalang-alang ay ang diwa ng tula. Kaya't ang tinig ay maaaring magbagu-bago ayon na rin sa diwang isinasaad nito. Maaari rin namang pabulong o paanas. Ang mahalaga ay alam ng bumibigkas kung kalian niya hihinaan o lalakasan ang tinig ayon sa diwang ipinaaabot ng tula.

5. **Panuunan ng Paningin**

   Isang kahinaan ng bumibigkas ang pagiging mailap ng kanyang mga mata. Dapat itong maiwasan. Nagiging mabisa ang bumibigkas kung alam niya ang pagtutuunan ng kanyang paningin. Karaniwang ang paningin ay nagsisimula sa gitna sag awing likuran. Maaari itong igawi sa kanan o kaliwa, ngunit hindi dapat laktawan ang gitna.

6. **Himig**

   Ang isang dapat maiwasan sa pagbigkas ay ang himig na parang ibong umaawit o parang pusang naglalampong. Kung minsan naman, ang tono o himig ng bumibigkas ay naroong lumakas-humina; humina-lumakas. Ito ang tinatawag na monotone. Hindi ito kahali-halina sa nakikinig. Ang mahalaga ay ang pagsasaalang-alang sa diwa ng tula.

7. **Pagbigkas**

   Dapat maging malinaw ang pagbigkas o pagbitaw ng mga salita ayon sa wastong diin at pagkakapantig nito. Ang mga pantig ay

dapat na ipukol nang malinaw lalo na ang mga salitang may impit na tunog.

**8. Pagkumpas**

Higit na maganda kung sa pagkumpas ay isinusunod natin ang ating mata. Para bang hinahagod natin ng tingin ang direksyong itinuturo. Dapat iwasan ang pabigla-bigla o pasulput-sulpot na kumpas. Tandaan na ang bawat pagkumpas ay may layunin. Damhin kung ano ang nais ipahayag ng tula.



**Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong:**

1. Ano ang layunin ng pagbigkas ng tula?

2. Bakit mahalagang mabatid ito ng mambibigkas?

3. Paano masasabing epektibo ang isang bumibigkas? Patunayan

4. Paano ang tamang tinig at tindig sa tanghalan?

5. Anong uri ng himig ang kailangan sa pagbigkas?

6. Bakit mahalagang malaman mo ang mga panununtunan sa pagbigkas ng tula?

7. Kung hindi mo maisasakatuparan ang mga ito sa iyong paglalahad ng tula, magiging epektibo kaya ang iyong paglalahad higit sa lahat mapupukaw ba ang atensyon ng madla? Bakit?

**GAWAIN BLG. 14: TIYAKIN NATIN**
Batay sa tatlong tulang natalakay, balikan mo muli ito upang matiyak natin ang iyong lubusang pag-unawa sa mga nilalaman at elemento nito.

| ***TULA*** | ***Uri ng Tula*** | ***Anyo ng Tula*** | ***Mensahe/Aral*** |
|---|---|---|---|
| Desiderata | | | |
| Kahapon, Ngayon at Bukas | | | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| Isang Milyang Pangarap | | | |

**Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong**

Sa anong aspekto magkakaprareho ang tatlong akda? Patunayan.

Ang mga tulang ating natalakay ay nagmula sa kanluran at isinalin lamang sa Filipino, may napapansin ka ba sa paraan ng pagkabuo ng mga ito? ano-ano ang mga ito?

Ano-anong kasanayan at kakayahan ang dapat gamitin upang higit na maging mabisa ang pagsulat ng tula? Patunayan

Paano magiging makabuluhan ang pag-aaral sa mga akdang nagmula sa iba't ibang bansa katulad ng mga tulang ito?

Mula sa kritikal na pagsusuri na ginawa mo sa naunang gawain, ngayon ay ibubuod mo ang iyong napagtanto mula sa tatlong tulang iyong natalakay. Tunghayan ang kasunod na gawain.

**GAWAIN BLG. 15: ISANG TULA, ISANG TALATA**

Ilahad ang iyong saloobin at damdamin sa sumsusunod na tula sa loob ng isang talata.

| |
|---|
| **Desiderata** |
| **Kahapon, Ngayon at Bukas** |
| **Isang Milyang Pangarap** |

**GAWAIN BLG. 16: BALIKAN MULI ANG IRF**

Sa pagkakataong ito muli mong balikan ang IRF Worksheet sa bahagi ng Final answer upang mailahad mong maigi kung ano ang dapat na gagawing panununtunan ng bawat isa upang makamit ang mga ninanais o minimithi sa buhay. Maaaring magbago ng iyong sagot at ipaliwang ang nabuong kasagutan.

# IRF WORKSHEET

**Sa papaanong paraan mapapalawak ang pakikipag-ugnayang pandaigdig ng mga Pilipino?**

Unang Tugon **(INITIAL ANSWER)**

Pagbabago sa Unang Tugon (**REVISED ANSWER)**

Huling Tugon hango sa Natutunan **(FINAL ANSWER)**

**WAKAS NG PAGPAPALALIM**



Napagtanto mo at sadyang napatunayan na mahalaga na matutunang pahalagahan ang mga tulang kanluranin na patuloy na humuhubog sa kamalayan ng mga mambabasa sa halos lahat ng panig ng mundo katulad ng Pilipinas ganoon pa man naging epektibo ang pagsasabuhay mo sa ilang pag-unawa at kasanayang iyong natamo mula sa mga aralin upang mabisa mo itong magagamit sa paglikha at paglalahad ng sarili mong tula. Dahil dito, maaari ka ng dumako sa huling bahagi ng modyul ito- ang Paglilipat.



## PAGLILIPAT



Matapos mong mapatunayan na kahit saang dako pa man ng mundo magmumula ang tula, magkaiba man ang paniniwala, kultura at tradisyon ay pareho parin ang mga kayarian at elementong bumubuo nito. Maaari mo ng ilipat ang iyong kasanayan sa pagkatutuo sa pamamagitan ng pagpapatunay.

**GAWAIN BLG. 17: THE ARTIST IN ME**



Isa kang makata. Kasabay ng pagdiriwang ng kapanganakan ni Balagtas, muli ngayong binuksan ng Komisyon ng Wikang Filipino ang timpalak sa pagsulat ng tula na maggagawad sa magkakamit ng unang puwesto ng titulong "Makata ng Taon". Gagamitin mo ang iyong lahat ng natutunan sa aralin at paksa sa mga tulang nabasa upang makabuo ng isang magandang tula. I-upload sa group facebook upang maibahagi sa iyong mga kaklase. Siguraduhing mayaman sa elemento ng tula ang iyong bubuuhing akda. Ang tulang iyong bubuuhin ay tatasahin ayon sa sumusunod na pamatayan: Dapat orihinal, hindi bababa sa limang saknong, nagtataglay ng mga elemento at wasto ang paggamit ng gramatika/retorika.

**Pamantayan sa Paghatol**

| **Mga Pamantayan** | **Laang Puntos** | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **4** | **3** | **2** | **1** |
| Orihinal at akma ang paksa | | | | |
| Hindi bababa sa limang saknong ang tula | | | | |
| Nagtataglay ng mga elemento | | | | |
| Mabisa ang paggamit ng gramatika | | | | |
| *KABUUANG PUNTOS* | | | | |

**GAWAIN BLG. 18: TUMUTULA AKO**



Maliban sa pagsulat ng tula ay kailangang bigkasin mo rin ang tulang iyong nabuo upang higit mong maipadama sa kapwa mag-aaral at lupon ng inampalan kung gaano kabisa at kaganda ang iyong nilikhang tula. Ito ay bahagi pa rin ng pagpili sa mananalong tula para sa paligsahang nabanggit sa naunang gawain. Ito ang pinakamahalaga at importanteng bahagi na gagawin ng hurado sa iyo kaya't paghusayan mong maigi ang pagbigkas.I-upload mo ang iyong pagbigkas ng tula gamit ang aplikasyong ***Present.me*** – www.present.me.com I-upload sa discussion board at padalhan din ng sipi ang iyong guro. Gagamitin ang rubric sa ibaba upang magabayan ka ng mga pamantayan sa iyong bubuuhin.

| Mga Pamantayan sa Pagbigkas ng Tula | Laang Puntos | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 4 | 3 | 2 | 1 |
| Malinaw na nabigkas at naangkupan ng wastong himig ang tula | | | | |
| Angkop ang bawat kilos o galaw, ekspresyon ng mukha, kumpas ng kamay, galaw ng mata, labi at iba pa. | | | | |
| Nabibigya ng buhay ang nilalaman ng tula | | | | |
| Nakakapukaw ng interes at nakahihikayat sa lahat na makinig | | | | |
| Dating sa madla | | | | |
| *KABUUANG PUNTOS* | | | | |

**WAKAS NG PAGLILIPAT**



Binabati kita dahil naisakatuparan mo ang inaasahang pagganap sa araling ito. Mabisa mong napatunayan ang kahalagahan ng pagbuo ng tula na epektibong nakasandal sa mga elemento ng tula. Buong gilas mo ring nailahad ang iyong nilikhang tula na mabisang nakasunod sa mga patnubay na inilahad. Higit sa lahat ang iyong nilikhang tula ay nakatutulong nang malaki sa mga kabataang tulad mo na maging masaya at matagumpay sa pinili nitong landas.

# ARALIN 2.2: PANITIKAN NG MGA BANSA SA KANLURAN: MAIKLING KUWENTO SA WESTERN AMERIKA

**ARALIN 2.2: Maikling Kuwento sa Western America**

Panitikan : Maikling Kuwento : Ang Buenas sa Kampo Madagundong (Hango sa "The Luck of the Roaring Camp" ni Bret Harte, salin ni Erlinda R. Berdin)

Wika: Pokus ng Pandiwa: Tagaganap at Layon

Sa araling ito, matutuhan mo ang mga sumusunod na kompetensi:

| MAIKLING KUWENTO |
|---|
| **Pag-unawa sa Napakinggan (PN)**<br>**F10PN-IIe-73** Nasusuri sa diyalogo ng mga tauhan ang kasiningan ng akda<br>**Pag-unawa sa Binasa (PB)**<br>**F10PB-IIe-76** Nabibigyang-reaksiyon ang pagiging makatotohanan/ di-makatotohanan ng mga pangyayari sa maikling kuwento<br>**Paglinang ng Talasalitaan (PT)**<br>**F10PT-IIe-73** Naitatala ang mga salitang magkakatulad at magkakaugnay sa kahulugan<br>**Pagsasalita (PS)**<br>**F10PD-IIe-71** Nahihinuha sa mga bahaging pinanood ang pakikipag-ugnayang pandaigdig<br>**Pagsasalita (PS)**<br>**F10PS-IIe-75** Naisasalaysay nang masining at may damdamin ang isinulat na maikling kuwento<br>**Pagsulat (PU)**<br>**F10PU-IIe-75** Naisusulat ang sariling maikling kuwento tungkol sa nangyayari sa kasalukuyang may kaugnayan sa mga kaganapan sa binasang kuwento<br>**Wika at Gramatika (WG)**<br>**F10WG-IIc-d-68** Nagagamit ang pokus ng pandiwa: tagaganap at layon sa isinulat na sariling kuwento |

## PAGTUKLAS

Maikling Kuwento sa Western America
**Ang Buenas sa Kampo Madagundong**
(Hango sa “The Luck of the Roaring Camp” ni Bret Harte,
salin ni Erlinda R. Berdin)
Wika: Pokus ng Pandiwa: Tagaganap at Layon

Mahilig ka ba sa mga kuwentong kanluranin? Kung ganoon, hindi maipagkakaila na ang edukasyong pampanitikan ng mga Pilipino samakatwid ay nagdaan sa yugto na hinubog ito ng kolonisasyon ng mga taga-kanluran. Sa pagkakataong ito, mayroon kang panonooring video clip na magpapakita kung anong klaseng lipunan mayroon ang kanlurang bansa tulad ng Amerika. Inaasahan din sa iyo na masasagot mo ang mga katanungang ito: Kung paano ang isang akda ay umaakit sa mga magbabasa na umugnay sa tunay na buhay sa lipunan? Paano natin mauunawaan ang pamumuhay ng iba’t ibang tao sa mundo? Paano magiging makabuluhan ang mga bagong kaalaman at nakukuhang aral sa mga akdang nagmula sa iba’t ibang bansa? Anong kabutihan ang naidudulot ng pag-aaral ng panitikang pandaigdig?

**GAWAIN BLG. 1: PANOORIN MO ITO**

Pagtuunan ng pansin ang video clip na ito :
**https://www.youtube.com/watch?v=4YVhDQpHefU**
Fatherless Families Creating Chaos in Black America



**Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong:**

1. Ano ang sinasabi ni Bill O’Reilly hinggil sa uri ng lipunang ginagawalan ng mga black Americans sa Chicago?

2. Naniniwala ka ba sa sinasabi niya na ang lipunan ay higit na magiging masama kung ito ay maunlad? Bakit?

3. Bakit may maraming anak sa mga black Americans na walang ama? Ano kaya ang pinag-ugatan ng problemang ito ayon kay Bernie Goldberg? Naniniwala ka ba sa sinasabi niya? Bakit?

4. Sumasang-ayon ka ba na namayani sa mga anak ng Black American lang ang mga walang ama? Ano naman iyong White Americans or Hispanic-Americans, wala rin ba silang pinagkaiba sa mga itim? Ipaliwanag.

5. Gaano kahalaga ang papel ng ama sa isang tahanan/lipunan?

6. Kung lumalaki ba ang bata na walang ama ay nangangahulugan bang magiging masama siyang anak at salot na siya ng lipunan?

7. Maliban sa mga magulang na tahasang humuhubog sa pag-uugali ng bata, sino pa ang gumagawa rito? Patunayan.

8. Ano ang natatanging solusyon sa problemang kinakaharap na ito ng Amerika? Bakit?

| |
|---|
| |

9. Sa pag-susuri ng mga akdang tulad nito, ano ang naidudulot nito sa mga kabataan ang pag-aaral ng mga panitikang pandaigdig?

| |
|---|
| |

Tunay at natatangi sa isang bansa ang kagandahan at kahinaan ng kanyang kultura ay sumasalamin sa mga akdang pampanitikan. Ang inyong natunghayan ay isang patunay sa kulturang kinabibilangan ng mga Amerikano. Tantyahin natin ang inyong impresyon sa mga bansang kanluranin, tunghayan ang kasunod na gawain.


**GAWAIN BLG. 2: ANTICIPATION-REACTION GUIDE**

Basahin at unawaing mabuti ang mga pahayag na makikita sa gitna ng ANTICIPATION REACTION GUIDE tungkol sa maikling kuwento ng bansang kanluran. Lagyan ng tsek ( ✔ ) sa bahagi ng kolum ng **BAGO ANG TALAKAYAN** kung sumasang-ayon ka sa pahayag kaugnay ng paksa at ekis (✕) naman kung hindi ka sang-ayon. Huwag munang sagutan ang huling kolum, babalikan natin ito sa susunod na pagkakataon.

| ***BAGO ANG TALAKAYAN*** | **PAHAYAG** | ***PAGKATAPOS NG TALAKAYAN*** |
|---|---|---|
| | 1. Mararahas ang mga tao sa panitikan ng mga bansa sa Kanluran. | |
| | 2. Ang pagbasa ng panitikan ay isang pag-uugnay ng magbabasa sa buhay sa kanyang kapaligiran, sa buhay ng lipunang kanyang sinilangan, sa buhay na kanyang kinabibilangan. | |

| | | |
|---|---|---|
| | 3. Pinagtutuunan ng pansin ng ma may-akda kung papaano ang likha ay hindi para lamang makabuo ng isang nilikhang sining kundi upang ang isang akda ay makaabot, magkabisa sa kamalayan ng mga mambabasa. | |
| | 4. Sa pamamagitan ng pagbabasa ng mga panitikan ng mga bansa sa kanluran ay lalong uunlad ang buhay ng mga Pilipino. | |
| | 5. Pawang karahasan ang itinatampok na pangyayari sa panitikan ng bansang kanluran. | |

**WAKAS NG PAGTUKLAS**



Matapos mong masuri ang naunang gawain hinggil sa kung ano ang konsepto hinggil sa isyung panlipunan ng bansang kaluran tulad ng Amerika ay maaari ka ng dumako sa iba pang gawain sa modyul na ito upang higit mo pang mapaunlad ang iyong kaalaman at kasanayan sa pagkilala sa tema ng kanilang maikling kuwento.

## PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY



Sa yugtong ito, hahanapan mo ng kasagutan ang mga sumusunod na katanungan na tiyak magdudulot sa iyo ng kasabikag basahin ang akdang mula sa bansang Kanluranin. Anong kabutihan ang naidudulot ng pag-aaral ng panitikang pandaigdig? Sa papaanong paraan mapalalawak ang pakikipag-ugnayag pandaigdig ng mga Pilipino? Paano nakatutulong ang mga kaalaman sa paggamit ng wika sa pagpapalutang ng kagandahan ng akdang pampanitkan? Ngayon, maaari ka ng dumako sa susunod na gawain.

**GAWAIN BLG. 3: PICTURE PERFECT**

Batay sa mga sumusunod na larawan, bumuo ka ng hinuha kung ano ang nais ipahiwatig ng mga ito. Isulat sa dakong kanan ng larawan ang kaisipang iyong nabuo.



Larawan # 1

paliwanag



Larawan # 2

paliwanag




Larawan # 3

paliwanag



Larawan # 4

paliwanag



Larawan # 5

paliwanag



**Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanaong:**

1. Ano ang iyong pangkalahatang impresyon sa larawan? Bakit?

2. Anong klasing komunidad mayroon kaya ang bayang ito? Bakit?

3. Sa tingin mo, saan mag-uugat ang karahasan, sa tahanan o sa lipunan?

4. Paano masasalamin sa mga akdang pampanitikan ang kanyang lipunan?

5. Paano palalabasing masining ang isang akda kung ang itatampok ay ganitong klasing pamayanan?

**GAWAIN BLG. 4: LARAWANG ITO, IKUWENTO MO!**
Balikan muli ang 5 larawang matatagpuan sa Gawain #4. Bumuo ka ng kuwento mula rito. Isaalang-alang ang banghay. Punan ang kahon upang maipamalas kung paano mo nilinang ang iyong kuwento.

| Story<br>**Tauhan:** | **Tagpuan:** | **Suliranin:** |
| --- | --- | --- |
| | | |

| Paano nilutas ng mga tauhan ang problema: | Solusyon: |
|---|---|
| | |

**GAWAIN BLG. 5: I-ZOOBURST MO!**

Matapos mabuo ang banghay ng kuwentong iyong nilikha, ngayon naman ay subukin mong gawan ng pop-up ang kuwento mo. Pasukin at galugarin ang http://www.zooburst.com . ipadala sa e-mail address ng iyong guro ang link ng ginawang presentasyon.

Sundin ang hakbang sa paggamit ng Zooburst:

1. Ituon ang iyong web brouser at pasukin ang http://www.zooburst.com.
2. I-klik ang "Register" button at mag-sign up.
3. Ang iyong password ay ipapadala lamang sa iyong e-mail address.
4. Kung hindi mo matatanggap ang iyong password mga ilang minuto na ang nakalipas, galugarin lamang ang SPAM folder para makapanigurado na hindi ito naikonsidera na junk mail.
5. Matapos maverify ang iyong account dadalhin ka na sa portal ng Zooburst. Piliin mo ang "Personal Account" at maglog-in at ikaw ay i-direct sa isang "Welcome screen".
6. May mga butoons kang makikita (My Books, My Profile, My Classes, Sign Out) na magagamit mo ang navigation link na ito sa pag-access mo sa iyong account. Pillin mo ang Basic Account
7. Sa iyong account, napakadaling bumuo, mag-manage at mag-update ng iyong rich-media 3D pop-up books. I-klik lamang ang "My Books" button sa itaas na bahagi ng screen. I-klik ang button na "Create a New Book". Sundin lamang ang mga hakbang para mailipat mo na roon ang iyong mga text.



**Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanaong:**

1. A 1. Ano ang tema ng binuo mong kuwento? Bakit iyon ang napili mo?

2. 2. Sa tingin mo, nabigyan mo ba ng hustisya ang pagkakalarawan ng buong sitwasyon ayon sa isinasaad ng larawan?

3.Ano ang iyong masasabi kung ang isang kuwento ay walang suliranin, magiging kapana-panabik kaya ito? Bakit?

4. Naging madali ba sa iyo ang pagbuo ng kuwento? Bakit?

| 5. Ano-ano ang mga bagay na dapat isa-alang-alang sa paglikha ng kuwento? | |
|---|---|

Naipamalas mo ang pagkamahiligin sa isa sa mga anyo ng panitikang pinakapopular ang maikling kuwento. Madali lang kasi itong buuhin lalo na sa mga baguhang manunulat na katulad mo, higit pa itong napapaigting sa tulong ng Zooburts upang higit na maging animated ang dating ng iyong kuwento. Ang una mong tangka sa pagsusulat ay maipag-iibayo pa natin. Naririto ang mga bagay na dapat mong isa-alang-alang sa paglikha ng isang maikling kuwento.



## ALAMIN MO ITO!

Isang uri ng masining na pagsasalaysay ang maikling kuwento na maikli ang kaanyuan at ang diwa ay nakatuon sa isang tao, mahigpit at makapangyarihang balangkas na inilalahad sa isang paraang mabilis ang galaw. Ayon kay Genoveva Edroza-Matute, ito ay isang maikling kathang pampanitikan na nagsasalaysay ng pang-araw-araw na buhay na may isa o ilang tauhan,may isang pangyayari at may kakintalan.

Narito ang mga elemento ng maikling kuwento:

1. ***Paksang Diwa (Theme)***
   Ito ang pinakadiwa ng katha.
   Ito ang pang- isipang iniikiran ng maliliit na himaymay ng katha at nabubuo ng manunulat ang kasiyahang pandamdamin at pangkaasalan sa mambabasa. Noong una, ang diwa ay nangangahulugan ng *moral lesson* subalit ngayon ay walang ibig sabihin kundi ang mahalagang kaisipan ng akda (*significant idea).*

2. ***Himig(Mood)***
   Ito ang maglalantad sa kulay ng kalikasang pandamdamin ng kuwento. Maaring masaya ang kuwento o kaya'y malungkot, mapanudyo, mapagpatawa at maromansa.

3. ***Paningin***
   Ito ang pananaw na pinagdaraanan ng mga pangyayari. Matutukoy ng isang mambabasa ang iba't ibang sangkap ng akda sa pamamagitan ng paningin.
   Sa pamamagitan ng paningin, makikilala ng mambabasa ang inilalahad na lugar, panahon at ang relasyon ngn mga tauhan.

4. ***Banghay (Plot)*** – Ang maayos at wastong pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari.

5. ***Suliranin (Problem)*** – ang problemang kinkaharap ng pangunahing tauhan at ang kalutasan nito sa katapusan ng akda.

6. ***Salitaan (Dialogue)*** - Ang usapan ng mga tauhan. Kailangang ang diyalogo ay nmagawang natural at hindi artipisyal.

7. ***Kapanabikan (Climax)*** – nakalilikha ito ng paglalaban ng mga tauhan o ng bidang tauhan laban sa mga kasalungat niya. Ito ang pinakakapanabik na bahagi na nararamdaman ng mga mambabasa bunga ng hindi matiyak na magiging kalagayan ng pangunahing tauhan sa kanyang pakikipagtunggali.

8. ***Pagtutunggali (Conflict)***- Ito ang paglalaban ng pangunahing tauhan at ang kanyang mga kasalungat na maaaring kapwa tauhan, o ng kalikasan o ng damdamin na rin niya.

9. ***Kakalasan (Distangle)***- Ito ag kinalabasan ng paglalaban ng mga tauhan sa akda.

10. ***Kasukdulan (Climax) –*** Ito ang pinakamataas na uri ng pananabik. Dito malalaman king nagtatagumpay ba o nabigo ang pangunahing tauhan sa paglutas niya sa kayang suliranin**.**

11. ***Galaw (Action)***- Tumutukoy ito sa paglakad o pag-unlad ng kuwento mula sa paglalahad ng suliranin hanggang sa maluas ang suliraning ito sa wakas ng katha.



**Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong:**

| | |
|---|---|
| 1. Sa iyong pananaw, magiging masining kaya ang isang kuwento kung hindi buo ang sangkap nito? Bakit? | |
| 2. Sa iyong binuong kuwento mula sa gawain blg. 4, ano ang himig o mood na pinalulutang mo? Paano kaya ito nakaaapekto sa damdamin ng mambabasa? | |
| **3.** Bakit kailagang pag-aralan ang maikling kuwento**?** | |
| 4. Paano nakatutulong ang mga aral na taglay ng maikling kuwento sa araw-araw na pagsalunga sa hamon ng buhay? | |

Harinawa'y sa pagdanas mo ng mga gawaing nasa unahan ay nalasap mo ang mga kaukulang kasanayan na dapat mong taglayin na makatutulong sa iyo sa pagbuo ng sariling mong akda sa katapusan ng araling ito. Ngayon naman ay matitikman mo ang kagandahan ng akda na nagmula sa bansang kanluranin. Subuking sagutin ang kasunod na gawain .

**GAWAIN BLG. 5: PAYABUNGIN ANG TALASALITAAN**

A. Ipaliwanag ang kahulugan ng mga salitang nakalimbag nang mariin batay sa pagkakagamit nito sa loob ng pangungusap. Isulat ang sagot sa nakalaang kahon.

| | |
|---|---|
| | **1.** Ang batang kanilang kinopkop ay nagdadala ng **buwenas sa pamilya.** |
| | 2. Puno ng **ligalig** ang buong mag-anak nang hindi pa matagpuan ang nawawalang anak. |
| | 3. Maraming **anas-anasan** sa baranggay na natagpuang patay raw ang nawawalang bata. |
| | 4. **Pagal** ang isip at buong katawan sa kakatunghay ng samu't saring trahedya sa bayan. |
| | 5. Maraming **mukhang tigasin** ang nakapalibot sa buong kampo na siyang ikinatatakot ng kasama. |

B. Salungguhitan ang mga salitang magkakapareho ang kahulugan na matatagpuan sa loob ng pangungusap.
1. Iniiwasan niyang may mga taong nasusuklam sa kanya sapagkat hindi siya makapagtrabaho nang maayos kung ang lahat ng masasalubong niya sa daan ay mukhang nagagalit.
2. Siya'y ginagawang pambala ng area dahil sa kanyang angking kasanayan sa panggagaya, kung wala pa siya ng ganoon, ibang pambato ang kukunin nila.
3. Napakatahimik ng paligid ngunit may biglang pumunit nito. Isa palang lasing ang bumasag sa pagmumunu-muni ng lahat.
4. Dahil sa lakas ng rumaragasang baha, nawasak ang bahay ng kulang palad,namatay ang kanyang tatlong anak. Ang kaawa-awang ina ay malungkot na namuhay mag-isa sa tent city.
5. Mag-iwas sa mga santo ang mukha dahil madalas nasa loob ang kulo ng mga iyan, mabait kung maturingan, halimaw naman.

Matapos mong mahawan ang mga sagabal na salita na iyong masasalubong sa tekstong babasahin ay handa ka na upang isagawa ang pagbabasa ng maikling kuwentong Kanluranin na makatutulong sa paghubog ng inyong kamalayang panlipunan. Tunghayan ang kasunod na gawain.



**BASAHIN MO ITO**

Basahin at unawain ang tekstong ito.

**ANG BWENAS SA KAMPO MADAGUNDONG**

(Hango sa The Luck of the Roaring Camp ni Francis Bret Harte)

Salin ni Erlinda R. Berdin

Ligalig ang Kampo Madagundong. Hindi naman maaaring away ang dahilan sapagkat ito'y karaniwang na sa kanila. Wala nga ni isa mang nagtatrabaho sa mga kanal at sangka. Di ba't kamakailan lamang nagbarilan sina Frence Pete at Kanaka Joe. Kapwa patay na bumulagta ang dalawa ngunit di man lamang natigatig sa pagsusugal ang ilang kalalakihan sa di kalayuan. At ngayon ang buong kampo ay nasa may labasan ng kaingin … nag-aanasan. Isang pangalang kilala ng lahat ang binabanggit … "Cherokee Sal."

Sa bagay, mabuti ngang hindi na siya pag-usapan pa nang lantaran. Kilala na siya ng lahat… lalo na sa kagaspangan ng pag-uugali at kalaswaan ng pananalita at maging ng pananamit. Dangan nga lamang at panahong iyon, siya lamang ang babae sa Kampo Madagundong. Alangan naming sabihing siya'y martir sa kanyang pagiging kaisa-isang babae sa pook na iyon. Katunayan nga'y hindi niya hinahadlangan ang kaaway ng kalikasan sapagkat ng mga sandaling iyon ay kanyang pinatutunayan na hindi siya natitiis st hindi niya tiniis ang mga nagtitiis. Sa kabilang dako, hindi naman lahat ay kumukutya at nasusuklam sa naging takbo ng kanyang buhay. May ilang nakaunawa sa kanyang kalagayan … may naaawa pa nga at itinuturing na siya ay biktima ng tadhana.

Sa malas, kakaiba ngayon ang takbo ng pangyayari. Naging pang-araw-araw na haplos ang sakitan at pagkamatay o patayan sa kampo … ngunit hindi ang pagsilang. Pinaaalis o umaalis ang mga tao roon nang walang balikan pero ang pagdating ng magiging isa pang kasapi sa pamayanan ay kataka-taka … kaya't hayun, pagal ang isip at katawan sa pagkabigla at kaguluhan … sa pananabik sa inaasahang darating sa kapaligiran.

May mga sandaang katao ang nagkakatipun-tipon. Sa mga ito ay may mga pusakal na kriminal, takas na pinaghahanap sa iba't ibang kasalanan, mga patapon at iba pang walang kapararakan na halos ang buhay. Sa biglang tingin, mahirap mahalata ang tunay nilang pamumuhay, pagkatao, at pinagdaaan. Iyong sa nga'y parang santo ang mukha nang walang pakundangan. Si Oakhurst, ang sugarol, at tila laging namatayan bagamat maaaninag na may itinataging talino. Pero ang karamihan ay talagang mga mukhang "tigasin" … "pambala sa kanyon" at "di pahuhuli nang buhay," wika nga. Natutuwa nga kasi iyon namang kilabot sa pagtudla ay pisak ang isang mata.

Iyan ang mga lalaking nakapaligid sa kubo. Ang kampo ay nasa isang patatsulok na lambak sa pakitang nga dalawang burol at ilog. Isang matarik na bulaos ang tanging labasan. Paharap ang kubo ng babaeng "isinumpa" sa labasang ito na ngayon ay natataglawan ng liwanang ng pasikat papag…na unti-unting nagiging tila sinulid na pilak habang lumalalim ang gabi at tumitindi ang kanyang paghihirap.

Isang siga ang nagbibigay-buhay sa kapaligiran. Tahimik na nagpupustahan ang karamihan. Nagpupustahan sila sa kasasapitan ng magiging ina … kung magiging lalaki o babae ang isisilang nito … kung ano ang kulay ng bata. Nang magbalik sa ganap na katahimikan ang lahat, dinig maging ang agay-ay ng mga sanga, lagundong ng agos ng ilog at lagitikan ng nagliliyab na kahoy. Sa gitna ng gayong nakabibinging katahimikan,

umalingawngaw ang kakaibang iyak na hindi pa naririnig kailanman sa kampo sapul ng ito'y maitatag. Maging ang kalikasan ay tila nanahimik nang husto kaya't lalaong naririnig ang kaaantig na tinig.

Parang iisang tao ang tumatayo sa lahat. May nagmungkahing magpasabog sila ng isang bariles sa pulbura ngunit madali nilang isinaalang-alang ang kalagayan ng ina. Higit silang interesado sa magiging kapalaran ng anak. "Mabubuhay ba ang bata?" … ang tanong nila kay Stumpy. Walang katiyakan ang naging sagot nito. At sa wakas …dumating ang pinaka hihintay ng lahat. Binuksan ang pintuan ng kubo, parang sinadya, humanay ang lahat. Isa-isang pumasok ang mga naroroon na halos hindi matimpi ang mga sarila sa pananabik. Nabungaran nila ang inang latag na latag ang katawan sa papag na kinalalagyan. At natatakpan ito ng kumot. Nasa gilid nga papag ang isang maliit na mesang kinaroroonan ng isang kahon … nasa loob nito ang pinakabago at pinakabatang mamamayan ng kampo Madagundong. Nababalot ng isang pulang pranela. May isang nakatihayang sombrero sa tabi nito.

"Mga Ginoo …"ang mahina ngunit magiting na sabi ni Stumpy … "Papasok kayo sa pambungad na pinto .. paikot sa lamesita … palabas sa likuran. Sinuman ang may gustong mag-abuloy sa naulila … may lalagyan para rito."

Nakasombrero pa ang unang pumasok subalit dagli niya itong inaalis. Halatang malaki ang kanila pagsasaalang-alangn sa mag-ina, lalo na sa ulila. Nag-anasan sila tungkol sa lako, kulay, at kaanyuan ng sanggol. Pagkatapos, umapaw sa mga handog ang sombrerong nakatiya. May mga nakapaligid pa sa lalagyan nga hindi na nagkasya rito. May pipa, burdadong panyo na galing pa kung saan, mga butyl ng ginto, kasangkapang pilak, perang papel, Bibliya at kung anu-ano pang hindi mo aakalaing mayroon ang mga kalalakihan doon. Tahimik na nakamasid si Stumpy … kasintahimik ng bangkay sa kanyang tabi.

Si Kentuck ang pumunit sa katahimikang ito. Nang siya'y yumuko upang hawiin ang tumatakip na balot sa mukha ng sanggol, di inaaasahan tumagilid ito bigla at nahawakan ang daliri niya. Sa pagkabigla, impit siyang napasigaw kasabay ng pamumula nng dati nang mapulang mukha. Buong ingat at pagmamahal na hinugot niya ang darili sa pagkakahawak ng sanggol. Buong gilalas na nilingon ang kasunod kasabay ang wikang … "Hinawakan ako … hinawakan ako!"

Alas kwatro na ng madaling-araw nang mamahinga ang buong kampo. Magdamag na may ilaw ang kubo. Naglamay sa pagbabantay sa Stumpy. Maging si Kentruck ay di makatulog. Paulit-ulit na isinasalaysay sa mga umuunting kaharap ang ginawi ng sanggol. Nang ganap na mapag-isa, pahuni-huni pang naglakad sa paligid ng kubo. Tuwing matatapat sa kubo, sumisilip sa pinto at kinukumusta ang bata. Nang tiyakin ng Stumpy na mabuti na ang lagay ng sanggol, saka pa lamang ito humakbang patungo sa kanyang tirahan upang magpahinga na marahil.

Kinabukasan, inilibing nang maayos ang kapus-palad na ina. Nang matapos na ang lahat ng inaakala nilang seremonya sa patay, pinagkaisahang pag-usapan ag tungkol naman sa naulila. Mainit ang talakayan. Nang malaunan, humantong din sila sa pasyang ampunin ng buong kampo ang sanggol. May nagmungkahi ring ipadala ang bata sa Red Day, may 40 milya ang layo sa Madagundong at doon ipaasikaso ang sanggol. Mahigpit itong tinutulan ng nakararami. Maliwanag na ayaw nilang mawalay sa kanilang anak ni Cherokee Sal. Nangangamba silang ito raw ay mapalitan.

May nagsabi pa ngang kumuha sila ng isang bayarang narses sa pinakamalapit na bayan. Buong giting din itong tinutulan ng higit na nakararami. Sa bandang huli, napagkaisahan nilang si Stumpy ang mag-aalaga sa bata sa tulong ni "Jinny," ang alaga nilang baka.

Nakapagtataka … subalit sa pagdaraan ng mga araw, lalong lumulusog ang sanggol. Para bang hiyang ito sa klima. Ginamit nang husto ni Stumpy ang kanyang nalalaman sa pag-aalaga ng bata. Madalas nitong sabihin na sila ni "Jinny" ang ina't ama ng bata.

Makaraan ang isang buwan, sinimulan nilang tawagin ng kung ano-ano ang bata. May tumatawag dito ng Coyote Kid, Stumpy's Boy, The Kid, at iba pa. Walang masiyahan nanghustoo sa mga tawag na ito. Isang araw tuloy, nagpahayag na si Oakhurst na sugarol, na yamansin lamang daw sila'y sinwerte lalo sapul nang dumating sa buhay nila ang bata, iminungkahi niyang tawagin itong Bwenas o Luck na ang ipapangalan ay Tommy o Thomas. Walang tumutol kaya itinakda ang araw ng pagbibinyag sa kinilang ampon. Naghanda sila ng isang uri ng seremonya na sila lamang ang makakaisip. Dalawang araw silang nagsanay ng mga awit at iba pang bahagi ng palatuntunan. Noong una'y si Sandy Tipton ang gusto nilang maging ninong ng bata ngunit nagsalita si Stumpy na isa lamang ang kahulugan … higit kaninuman, siya ang may karapatang mag-anak dito sa binyag na walang nagkalakas-loob na tumutol.

Itinuloy ang binyagan. Sa isang mataginting na tinig … gumawa si Stumpy ng ganitong pahayag … "Binibinyagan kita, Thomas Luck ang naaayon sa mga batas ng California at nakakaisang Estado ng Amerika … Kasihan nawa ako ng Diyos." Sa unang pagkakataon, noong lamang nasambit nang buong kabanalan ang salitang Diyos sa pook na iyon. Naging maayos ang seremonya … masasabi ng ngang daig pa ang bininyagan si Tommy sa isangsimbahang Kristyano. Nang ito'y umiyak, buong pagmamahal na pinatahan ito ng mga kasali sa seremonya.

At nagsimulang magpanibagong-anyo ang buong kampo. Ang kubong kinaroroonan ni Tommy o ng Bwenas tulad ng tawag sa kanya ng higit na nakararami ang unang kinakitaan ng kasiya-siyang pagbabago. Nililinis na ito araw-araw, maging ang kapaligiran … pininturahan at dinikitan pa ng wall cover ang palibot ng bahay. Ang kamang yari sa Redwood ay ibiniyahe nang maraming buwan upang maayos nang husto ang kabahayan.

Pati nga ang Tuttle's Grocery, pinakamalaking tindahan doon, ay umangkat ng mga karpet at iba pang maaayos at magagandang kasangkapan. Sumusunod ang lahat sa pagpapanibagong –buhay na ito. Palibhasa'y napakahigpit ni Stumpy, kailangang malinis at maayos ang mga aalaga o lalapit kay Tommy. Maging si Kentuck na parang ahas na naliligo lamang kapag wika nga'y hindi na tatablan ng apoy suot ay madalas na ngayon maligo. Hindi lamang panlabas na kaanyuan ang sinikap nilang magbago. Higit sa lahat ang kanilang pananalita at mga kilos. Nawala na ang sigawan, lalo ang ilan. Naging mahinahon ang lahat, sila'y labis na nasisiyahan sa buhay, lalo na habang nilalaro nila si Tommy. Araw-araw, lalong tumitiim na isip nila na sila ay pinapalad dahil kay Tommy kaya't lalo naman itong napapamahal sa kanila.

Dumating ang tag-init. Madalas na ang Bwenas o si Tommy ay dala-dala nila sa kanilang pinagtatrabahuhan. Ilalagay lamang nila ito sa isang nakalatag na kumot … palilibutan ito ng mga laruan, maging ang bulaklak at mga dahong mabango habang sila ay puspusang humahanap ng lalo pang magpapaunlad ng kanilang pamumuhay. Noon

lamang nakita at nadama ng mga tagroon ang ganda ng kapaligiran at ang buti ng maayos na pagsasamahan. Nakatutuwa ngang isipin na maging sa kanilang pamamasyal o paglalakad at may nakita silang bagay kay Tommy o mabuti kay Tommy o kailangan ni Tommy, ito ay kanilang kukunin ay ibibigay sa bata bago pa sila umuwi sa kinalng tirihan. Si Tommy naman sa kanyang sarili ay siyang-siya sa malas. Gayunpaman, marami rin naman ang nakaino sa madalas na parang panlalamlam ng kanyang mga mata at madalas pa ring pagtahimik na parang di karaniwan sa edad niya.

Nakarating na sa labas ang mga pangyayari sa kampo. Tulad halimbawa nga kagila-gilalas na pag-unlad ng pamumuhay ng mga tagaroon …, nang madalas nilang paliligo …, ng kanilang masusing pag-aayos ng paligid. Sa kabila ng lahat ng ito, wala ni sinumang makapangahas na pumaparoon sa takot. Walang nag-aanyaya sa kanila at balita ang mga taga-kampo sa kahusayang humawak ng baril … ng kagalingan sinasambang isang batang Indian.

Kaalinsabay sa karinwasaang tinatamsan ng lahat, nagbalak silang magtayo ng isang otel pagdating ng tagsibol, mag-anyaya pa raw ng mga disenteng pamilya sa kapakanan ng bata … nang sa ngayon, magkaroon ito ng pagkakataong makasalamuha ng mga taong kapupulutanniya ng mga bagay na kakailanganin sa kanyang wastong paglaki. Tutol man ang ilan na pasukin sila ng tagalabas, lalo ng mga babaeng kanilang hindi gusto, nagpatianod na lamang alang-alang sa Bwenas … ng Kampo Madagundong.

Matagal na mananatili sa mga tagapaanan ng burol ang taglamig noong 1851. Kumapal nang husto ang yelo sa Serras … ang mga sapa sa bundok ay naging ilog at ang mga ilog ay naging lawa. Mabangis ang hugos ng tubig sa mga bangin na pababa sa palibot ng mga burol. Nakabuwal ang mga punong naging kalat sa kapatagan. Makalawa nang lumubog ang pamayanan ng Red Dog kaya't humigit-kumulang, inaasahan na rin ito ng mga taga-kampo Madagundong. Sa kabila ng lahat, paguho pa rin ng ginto sa mga kanal-kanalan ang inaasahan nila. At nang gabing iyon, dinadaanan ng delubyo ang patatsulok na lambak ng kampo Madagundong.

Madamag na rumagasa ang tubig-baha na bumali sa mga puno. Magdamagan din binalot ang dilim ang buong pamayanan. Kinaumagahan, parang pinalis ang buko si Stumpy sa may pampang ng ilog. Sa hindi kalayuan, nakita ang bangkay ng kulangpalad na may-ari. Subalit ang ipinagkakapuri, ang sinasamba ang pinakamahal, at pag-asa, at kaligayahan … ang Bwenas ng kampo Madagundong ay naglahong parang bula.

Pabalik na sila mula sa isang puspusang paghahanap … mabibigat ang mga paa at damdamin nang umalingawngaw ang isang sigaw mula sa kabilang ibayo ng pampang. Isang bangkang panaklolo ang dumarating na sa malas ay may dalang balita. Katulad nila, ang mga ito ay halatang patang-pata. Isang lalaking may edad na at isang bata ang kanilang sinaklolohan sa ibaba … mga dalawa raw milya mula sa kanilang kinaroroonan.

Isang sulyap lamang, kilala na agad nila ito … si Kentuck na sugatan at halos balot ng gasgas ang buong katawan. Sa kabila nito, mahigpit na yakap ang Bwenas ng kampo Madagundong. Yumuko ang isa at kapwa pinulsuhan ang mga naging biktima ng malupit na panahon. May pintig pa ang isa subalit ang sanggol ay malamig na … malaon nang walang buhay. "Patay na siya …" ang malungkot na nasambit ng isa. "Patay . . . ?" ang mahinang tanong ni Kentuck. "Oo . . . at ikaw man ay malapit na . . ." Ngumiti ang naghihingalo.

"Mamamatay . . . Oo… isinama niya ako. Sabihin ninyo ang lahat . . . kapiling ko ang Bwenas ng kampo Madagundong . . ." Ang pinakamalakas sa pamayanang iyon ay

parang nalulunod na kumapit sa kamay ng walang buhay na sanggol . . . habang unti-unting nagdidilim ang mga paningin . . . ang buong pagkatao niya ay parang hinihigop ng ipu-ipo sa dako pa roon . . . ng kawalan.



**Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong:**

1. Anong klaseng mga tao ang nakatira rito? Patunayan.

2. Paano nabago ang mga ugali at uri ng pamumuhay ng mga tao sa pagdating ng inosenting bata sa kanilang baryo?

3. Sadya nga bang mayroong mga tao na buwenas o masuwerte? Patunayan.

4. Angkop ba ang pangalan na "Thomas Luck" sa batang isinilang? Pangatwiranan

5. Tunghayan ang pamagat, angkop ba ang pamagat sa mga pangyayari sa akda? Pangatwiranan.

6. Aling bahagi ng akda ang nakaaantig sa iyo? Bakit?


7.Ano-ano ang nararapat mong gawin kung ang iyong kapaligiran ay magulo at walang kaayusan?

8. Paano magiging makabuluhan ang pag- aral sa mga akdang nagmula sa iba't ibang bansa tulad ng maikling kuwentong ito?

Magiliw mong nasagot ang mga naihaing katanungan hinggil sa maikling kuwentong kanluranin "ANG BWENAS SA KAMPO MADAGUNDONG". Kasabay nito, nabibigyang diin mo rin ang kabuluhan ng pag-aaral ng akdang pampanitikan na nagmula sa iba't ibang bansa upang magpatuloy na humuhubog sa kamalayang panlipunan ng mga kabataang Pilipino bukod pa sa mga mahahalagang aral na mapupulot sa akdang binasa. Ngayon ay maari ka ng magpatuloy sa kasunod na gawain.

**GAWAIN BLG. 7: ISULAT MO**


Ibuod ang binasang akda sa tulong ng grahic organizer sa ilalim.





Matagumpay mong naisakatuparan ang gawaing nasa unahan kaya bibabati kita. Ngayon naman ay pakatutukan mo ang kaugnayan ng akdang ito sa kasalukuyan kahit ang akda ay sinulat pa na mahigit isandaang taon na ang nakaraan tila baga hindi parin kumukupas ang mga isyung panlipunan na namayani rito. Tunghayan natin ang kasunod na gawain.

**GAWAIN BLG. 8 : ISYU NOON, ISYU PARIN NGAYON**

Suriin muli ang binasang teksto batay sa mga nakapaloob na isyung panlipunan dito. Magbigay ng reaksyon o ipaliwanag ang iyong sagot hinggil dito kung makatotohan o hindi ang mga pangayayari sa akda. .



| Makatotohanan | | Hindi makatotohanan dahil |
|---|---|---|
| | Ang isang babaeng buntis na hindi pinakasalan ay tampulan ng tsismisan. | |

| Makatotohanan | | Hindi makatotohanan dahil |
|---|---|---|
| | Isang pang-araw-aaraw na halos ang balita ukol sa patayan o pagkamatay at sakitan ay… | |

| Makatotohanan | | Hindi makatotohanan dahil |
|---|---|---|
| | Isang babaeng matapos nagluwal ng sanggol ay nabawian ng buhay ay… | |

Magaling! Naipaliwanang mo nang buong husay ang iyong sariling paninindigan ukol sa isyung bumabalot sa akdang tinalakay. Magagamit mo ang bukal ng impormasyong ito para sa palalimin pa ang kasanayang iyong natamo. Tulad ng kasunod na gawain.

**GAWAIN BLG. 9: WAKASAN MO**

Kung pagbibigyan ka ng pagkakataong baguhin ang wakas ng kuwentong iyong binasa bagama't ito ay mayroong wakas na, papaano mo ito wawakasan? Gamitin mo ang mga bagay na naoobserbahan mo sa totoong buhay o iyong napanood na halos may katulad na sitwasyon upang magawan mo ito ng magandang wakas. Isulat mo ito sa  sa kahong nasa ilalim.

**GAWAIN BLG.10 : READ, RE-ENACT, REACT**

1. Pumili ng mga pahayag mula sa akdang iyong binasa at basahin ito nang may damdamin. (READ)
2. Isipin mong ikaw ang may-akda ng iyong binasang kuwento at muli ay basahin mo ang pahayag na iyong napili. (RE-ENACT)
3. Ano sa iyong palagay ang saloobin ng nagsasalita sa ibinigay niyang pahayag? Patunayan ang iyong sagot. (REACT)

**GAWAIN BLG. 11: SURIIN ANG MGA PAHAYAG**

Pumili ng mga pahayag sa akdang binasa. Suriin kung anong damdamin at ideya ang namayani sa usapan ng mga tauhan. Isulat sa nakalaang kahon ang iyong sagot.

Pahayag:

Damdamin/ideya ng tauhan:

Pruweba:

Pahayag:

Damdamin/ideya ng tauhan:

Pruweba:

Pahayag:

Damdamin/ideya ng tauhan:



## ALAMIN MO ITO!

Napapansin mo ba kung papaano mo mabibigyang diin sa iyong mga pahayag? Ito ay **sa pamamagitan ng paggamit ng pokus ng pandiwa**. Sa pagkakataong ito, ating pagtutuunan ng pansin ang kabuluhan ng gramatika sa pagpapalutang ng iyong mga kaisipan sa tulong ng mga **Pokus ng Pandiwa**. Isa-sahin ang mga uri ng pokus at ang tungkulin nito at tunghayan ang kasunod na gawain.

**POKUS NG PANDIWA**

Pokus ang tawag sa relasyong pansemantika ng pandiwa sa simuno o paksa ng pangungusap. Naipapakita ito sa pamamagitan ng *taglay na panlapi ng pandiwa*.

1. **Aktor-Pokus o Pokus sa Tagaganap**
Ang paksa ang tagaganap ng kilos na isinasaad ng pandiwa sa pangungusap; sumasagot sa tanong na "sino?".
Mga panlaping kadalasang ginagamit:
*(mag- , um- , mang- , ma- , maka- , makapag- , maki- , magpa-)*
Halimbawa:
Naglunsad ng proyekto ang sangguniang kabataan.
Naghada ng surpresang bilang ang mga estudyante para sa kanilang guro.
Bumili si Richie ng condominium sa Ayala.
Si Ian ay humingi ng payo kay Papa Joe tungkol sa kanyang suliranin.

2. **Pokus sa Layon o Gol Pokus**
Ang paksa ang layon ng pandiwa sa pangungusap; sumasagot sa tanong na "ano?".
Mga panlaping ginagamit:
*(-in- , -i- , -ipa- , ma- , -an)*
Sa Ingles, ito ay ang direct object.
Halimbawa:
Nasira mo ang mga props para sa play.
Ang sorpresang bilang ay inihanda ng mga estudyante para sa kanilang guro.
Binili ni Richie ang condominium sa Ayala

**Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong:**

| | |
|---|---|
| 1. Ano ang pinagtutununan ng pansin sa pokus ng pandiwa? | |
| 2. Kalian magiging pokus sa tagaganap ang pandiwa? | |
| 3. Paano ito naiiba sa pokus sa layon? Ipaliwanag. | |
| 4. Ano ang naiaambag sa kaalamang ito sa iyong kasanayan sa pagsusulat ng maikling kuwento? | |

**GAWAIN BLG. 12: SANAYIN MO ANG SARILI**

A. Suriin ang mga sumusunod na pangungusap. Tukuyin ang uri ng pokus ng pandiwa at isulat sa kahon ang sagot.

1. Bumisita ang Sto.Papa sa lugar na matinding sinalanta ng bagyong Yolanda.
2. Bago nagwakas ang taon, winasak ng bagyong Seniang ang tulay sa Simala, Cebu.
3. Ang mga estudyante ay gumagawa ng kanilang proyekto nang puyatan.
4. Naglunsad ng man hunt operation ang mga pulis dahil marami ang tumakas na preso.
5. Ginawa na nila ang sasakyan na maghahatid -sundo sa Sto. Papa sa kanyang paroroonan.

B. Kahunan ang pandiwa at bilugan ang paksa. Isulat sa nakalaang patlang ang uri ng pokus ng pandiwa.

______________1. Ang mga political detainies na nakakulong ay humingi ng kalayaan sa pangulo ng bansa.

______________2. Bumaba ang presyo ang petrolyo sa pagpasok ng taong 2016.

______________3. Nakakaaliw ang programang Wow Mali.
______________4. Nagbabalita at naglilingkod sa sambayanang Pilipino ang TV Patrol.
______________5. Ang mga selfie patrollers ay aktibo 24 oras.

**WAKAS NG PAGLINANG**



Napaunlad mo ang iyong kasanayan sa pag-alam ng mga impormasyon hinggil sa kasiningan ng maikling kuwento at naragdagan din ang iyong kaalaman sa mga pokus ng pandiwa na magagamit mo sa susunod na mga gawaing iyong tatahakin.

## PAGPAPALALIM



Nataya mo ang ang iyong sariling kasanayan sa pagsusuri ng akdang pampanitikan sa Kanluran. Nakita mo kaya ang kaugnayan ng mga pangyayari sa paligid sa akdang sinuri? Paano pinukaw ng mga salita ang iyong damdamin sa mga pangyayaring inilahad? Ngayon, patitindihin pa natin ang iyong kaalaman upang mapahalagahan ang kagadahan ng akda gayon pa man maihanda ang iyong sarili sa pagbuo ng sarili mong kuwento. Tunghayan ang iba pang gawain.

**GAWAIN BLG. 13. PANOORIN MO**

Tunghayan ang isang animated short film. Pagkatapos nito ay sagutin ang mga sumusunod na tanong.

https://www.youtube.com/watch?v=ZIn3GA3jeqE

Swing of Change (2011) - Amazing Animated Short Film





**Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong:**

1. Ano ang napupuna mo sa ugali ng barberong ito?

2. Sa tingin mo kung magpapatuloy siya sa  pag-uugaling ito kahit gaano pa siya kahusay na barbero ay tatangkilikin pa rin ba siya ng mga costumer? Bakit?

3. Paano mo pakikitunguhan ang taong katulad niya?

4. Paano siya nagkaroon ng trumpo sa barber shop?

5. Anong sinasagisag ng trumpong ito sa buhay niya?

6. Anong mensahe ang makukuha mo sa panonood ng short film na ito?

7. Kailangan bang may mawala o dumating sa buhay mo upang magbago ang iyong pag-uugali?


8. Matapos mong mapanood ang short film na ito, ano ang iyong naging damdamin?

9. Paano magiging makabuluhan ang mga bagong kaalaman at nakukuhang aral sa mga akdang nagmula sa iba't ibang bansa?

Tunay ngang nagustuhan mong lubos ang iyong napanood, maluwalhati mo kasing naipahayag ang iyong mga saloobin gamit ang wastong gramatika, gayon pa man naibahagi mo ang mga aral na napulot.Higit na matataya natin ang pag-unawa mo sa mga akdang nasuri kung maisasagawa mo nang maayos ang kasunod na gawain.

**GAWAIN BLG. 14. PAGHAMBINGIN MO**

Sa tulong ng isang graphic organizer ihambing ang nabasang akda at napanood na short film. Gamitin ang venn diagram.






**Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong:**

1. Sa paanong paaraan magkaiba ang dalawang akda? Ipaliwanag.

2. Sa anong bahagi sila nagkakapareho?

3. Papaano ang isang akda na umaakit sa mga magbabasa na umugnay sa tunay na buhay sa lipunan?

4. Paaano ang isang likhang sining ay nakakaambang sa magandang relasyon sa kapwa at sa mga bansa sa daigidig?

5. Paano natin mauunawaan ang pamumuhay ng iba't ibang tao sa mundo?

6. Paano magiging makabuluhan ang mga bagong kaalaman at nakukuhang aral sa mga akdang nagmula sa iba't ibang bansa?

7. Anong kabutihan ang naidudulot ng pag-aaral ng panitikang pandaigdig?

Tanggapin mo ang mainit kong papuri! Tunay ngang malalim ang iyong paghugot sa akdang sinuri.Sa pagkakataong ito, ating palalimin pa ang iyong pagpapahalaga sa mga kaisipan na iyong nakuha sa akdang sinuri. Subikin mo namang humugot sa tunay na hibla ng iyong buhay sa pamamagitan ng kasunod na gawain.

**GAWAIN BLG. 15: JOURNAL WRITING**

Sa pamamagitan ng iyong online journal sa http://www.my-diary.org/ sumulat ng isang sanaysay na naglalahad ng ilang pangyayaring naganap sa iyong bansa at ilahad ang iyong saloobin ukol dito. Magmungkahi ka rin ng solusyon upang matugunan ang naturang problema.Gumamit ka nang hindi bababa sa 10 pangungusap na ginagamitan mo ng mga pandiwang nasa iba't ibang pokus ng pandiwa. Ang bubuohin mong sanaysay ay pagbabatayan mo sa iyong kuwentong lilikhain sa susunod na gawain.

**GAWAIN BLG. 16: PAGNINILAY SA MGA ISYUNG PANDAIGDIG**

Bisitahin at galugarin mo ang mga sites na nakalahad sa ibaba. Inilalarawan dito ang mga nag-iinit na isyung panlipunan na namayani sa buong daigdig. Kadalasan mga babae o mga bata ang malubhang biktima rito katulad ng sa ating kuwento. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga videong ito ay lalo mo pang mapapahalagan ang mga akdang kanluran. Isulat sa loob ng kahon ang namayaning isyung pandaigdig at ibigay ang iyong opinyon kung papaano masolusyunan ang problemang ito.

**video 1** https://www.youtube.com/watch?v=Zt35S9NICDs&spfreload=10

- isyung pandaigdig

solusyon sa paroblemang ito

**video 2** https://www.youtube.com/watch?v=pLaHfZgSOYY&spfreload=10

- isyung pandaigdig

solusyon sa paroblemang ito

**video 3** https://www.youtube.com/watch?v=zRvnA0CVCXQ

- isyung pandaigdig

solusyon sa paroblemang ito

**PAGLALAHAT AT PAGNINILAYNILAY**

Ang tatlong video ay nagkakapareho sa puntong ________________________
________________________________________________________________
____________________________. Nagsisilbi itong tanglaw ng lahat ng mamamayan dito sa mundo na ________________________________
____________________________ nang dahil dito, nabuksan ang isipan ko na
_________________________________________________________________
________________________________________________________________.

Sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga akdang kanluran ay
_________________
_________________________________________________________________
________________________________________________________________.

Saludo ako sa galing mo! Mainam mong naisagwa ang sinundang gawain. Sadayang napalalim mo ang pagpapahalaga sa mga akdang Kanluraning iyong sinuri. Isa itong manipistasyon na sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga akdang Kanluranin ay lalo pa nitong napalalawak ang impluwensya nito sa buong mundo bukod sa hatid nitong kamalayang panlipunan na makatutulong sa ating mga Pilipino na mapalakas ang pakikipag-ugnayang pandaigdig.
Sa yugtong ito, muli mong balikan ang ARG guide upang tunghayan ang pagsulong ng iyong natutunan.

**GAWAIN BLG. 17. ANTICIPATION-REACTION GUIDE**

Balikan natin muli ang ARG. Basahin at unawaing mabuti ang mga pahayag na makikita sa gitna ng ANTICIPATION REACTION GUIDE tungkol sa maikling kuwento ng bansang kanluran. Lagyan ng tsek (✔) sa bahagi ng kolum ng **PAGKATAPOS NG TALAKAYAN** kung sumasang-ayon ka sa pahayag kaugnay ng paksa at ekis (✕) naman kung hindi ka sang-ayon. Huwag munang sagutan ang huling kolum, babalikan natin ito sa susunod na pagkakataon.

| ***BAGO ANG TALAKAYAN*** | **PAHAYAG** | ***PAGKATAPOS NG TALAKAYAN*** |
|---|---|---|
| | 1. Mararahas ang mga tao sa panitikan ng mga bansa sa Kanluran. | |
| | 2. Ang pagbasa ng panitikan ay isang pag-uugnay ng magbabasa sa buhay sa kanyang kapaligiran, sa buhay ng lipunang kanyang sinilangan, sa buhay na kanyang kinabibilangan. | |
| | 3. Pinagtutuunan ng pansin ng ma may-akda kung papaano ang likha ay hindi para lamang makabuo ng isang nilikhang sining kundi upang ang isang akda ay makaabot, magkabisa sa kamalayan ng mga mambabasa. | |
| | 4. Sa pamamagitan ng pagbabasa ng mga panitikan ng mga bansa sa kanluran ay lalong uunlad ang buhay ng mga Pilipino. | |
| | 5. Karahasan ang itinatampok na pangyayari sa panitikan ng bansang kanluran. | |

**WAKAS NG PAGPAPALALIM**



Matapos mong malasap at masuri ang kakanyahan ng panitikan ng kanluraning bansa at malinang ang mga kasanayan upang makapagpapahalaga sa mga ito maaari ka ng dumako sa huling bahagi ng modyul ito- ang Paglilipat.

## PAGLILIPAT



Nakilatis mo ang kagandahan ng sining ng mga akdang pampanitikan ng kanlurang bansa, Maaari mo ng ilipat ang iyong kasanayan sa pagkatutuo sa pamamagitan ng pagpapatunay.

**GAWAIN BLG. 18. PINASUSULAT AKO**

Tinangka mong sumulat ng isang kuwento ngunit hindi ka pa sigurado sa papasukin mo, marami kang magagandang ideya ngunit hindi ka pa hinog sa panahon na sumulat nito. Nais mong itampok ang iyong kuwento sa original stories (na may kinalaman sa mga isyung panlipunan) ng inyong school magazine, dahil gusto mong mag-iwan ng magandang ala-ala bago ka lumisan sa Junior High School, kaya pinasok mo ang mga blog site na ito:

---

http://ranieili2028.blogspot.com/2012/07/mga-tip-sa-pagsulat-ng-maikling-kwento-1_27.html
TIPS PARA SA PAGSULAT NG KUWENTO

---

http://gladyegimena.blogspot.com/2008/02/malikhaing-pagsulat-ang-sampung.html -
TIPS SA MALIKHAING PAGSULAT

Matapos mong magalugad ang mga site na ito, sinimulan mong sumulat ng burador at nakita ito ng iyong guro, pinuri ka niya at nagmungkahi pa na paunlarin mo pa ito upang makapasa sa pamantayan ng school magazine na siya ang adviser. Ang mga pamantayan sa pagsusulat ng maikling kuwento na hinahanap ng school magazine ay:

Malinaw na inilalahad ang mga pangyayari sa kuwento na napapanahon na nagbibigay-tuon sa bagong isyung panlipunan, epektibo ang paggamit ng mga elementong pampanitikan, malinaw na inilahad ang mga aral, at wasto ang

pagkakagamit ng balarila. Matapos mong sulatin ay I-upload ito sa discussion board.

Narito ang Rubric sa Pagsulat ng Kuwento.

| **Kategorya** | **Napakahusay 4** | **Mahusay 3** | **Katamtaman 2** | **Nagsisimula pa 1** | **Marka** |
|---|---|---|---|---|---|
| Nilalaman | Napakamakabuluhan ng kuwento, nagbibigay tuon sa bagong isyung panlipunan, napapanahon at puno ng aral o pagpapahalaga. | Napapanahon ang kuwento bagaman hindi na bago ang isyung panlipunan na itinatampok, ito rin ay napapanahon at puno ng aral o pagpapahalaga. | Napapanahon ang kuwento ngunit palasak na ang isyung panlipunan na itinatampok, ito rin ay napapanahon, may mga aral o pagpapahalaga. | Hindi gaanong napapanahon ang kuwento bukod sa palasak na ang isyung panlipunan na itinatampok, hindi ito napapanahon at kulang sa mga aral o pagpapahalaga. | |
| Paggamit ng mga Elementong Pampanitikan | Naipakita sa isang malikhaing paraan ang lahat ng elementong pampanitikang tinalakay at matibay ang naging pagkakaugnay ng mga ito. | Naipakita lahat ng elementong pampanitikang tinalakay at matibay ang naging pagkakaugnay ng mga ito. | May ilan na ngang kulang sa mga elementong pampanitikang tinalakay, hindi pa gaanong matibay ang pagkakaugnay ng mga ito. | Salat na salat sa mga elementong pampanitikang tinalakay. | |
| Kayariang Pangwika | Nagamit ng kakaiba at nang husto at wasto ang mga kayariang pangwikang tinalakay. | Nagamit nang husto at wasto ang mga kayariang pangwikang tinalakay ~~bagaman may ilang mali.~~ | Nakagamit nang halos kalahati sa mga kayariang pangwikang tinalakay bagaman maraming mali. | Salat na salat sa mga kayariang pangwikang tinalakay. | |
| Dating sa mga Mambabasa | May ganap na kakayahang mapanghawakan ng maikling kuwento ang kawilihan ng mga mambabasa at mag-iwan sa kanila ng bisang magtatagal. | May kakayahang mapanghawakan ng maikling kuweno ang kawilihan ng mga mambabasa. | Walang gaanong kakayahang mapanghawakan ng maikling kuwento ang kawilihan ng mga mambabasa bukod sa hindi nag-iwan ng bisang nagtatagal. | Hindi kawili-wiling basahin ang maikling kuwento at hindi rin nag-iwan ng anumang bisa. | |
| | | | | **Kabuuan** | |

**GAWAIN BLG. 19: PINALALAHAD AKO**

Isa sa naibigan nang lubos ng iyong guro ang iyong nilikhang kuwento, kaya bilang panapos na gawain ng inyong klase, nagkaroon kayo ng isang patimpalak sa pagkukuwento. Upang ikaw ay mahirang na kuwentista, kailangan mong sundin ang mga pamantayang ito: Naisalaysay ang kabuoan ng kuwento ayon sa isinulat na sipi nito. Nailalahad ang mga aral, Malikhain at kawili-wili ang pagkukuwento na nakakuha sa atensyon ng mga tagapakinig o tagapanood. Nakagagamit ng mga angkop na kagamitan, kasuotan, kumpas ng kamay at paggalaw sa intablado. Maliwanag, malakas ang tinig, at angkop ang paggamit ng tinig at damdamin sa kuwento. I-upload mo ang iyong pagbigkas ng tula gamit ang aplikasyong ***Present.me*** – www.present.me.com I-upload sa discussion board at padalhan din ng sipi ang iyong guro.

Narito ang rubric sa Pagkukuwento:

| **PAMANTAYAN** | **4** | **3** | **2** | **1** |
|---|---|---|---|---|
| Naisalaysay ang kabuoan ng kuwento ayon sa isinulat na sipi nito | | | | |
| Nailalahad ang lahat ng aral na makikita sa kuwento. | | | | |
| Malikhain at kawili-wili ang pagkukuwento na nakakuha sa atensyon ng mga tagapakinig o tagapanood | | | | |
| Nakagagamit ng mga angkop na kagamitan, kasuotan, kumpas ng kamay at paggalaw sa intablado. | | | | |
| Maliwanag, malakas ang tinig, at angkop ang paggamit ng tinig at damdamin sa kuwento. | | | | |
| KABUUANG PUNTOS | | | | |
| *Iskala ng Pagmamarka:*<br><br>4- Natatangi 3- Mahusay 2- Nalilinang 1- Nagsisimula | | | | |

**Gawain 20: 3-2-1 TSART**

Sa pagtatapos ng gawain,mahalagang mataya mo ang sarili upang subukin ang lawak ng iyong natutunan sa araling natalakay. Sundin ang mga hinihingi sa loob ng tasrt.

| | |
|---|---|
| **3** Magbigay ng 3 mahahalagang impormasyog natutunan sa maikling kuwentong kanluranin | |
| **2** Maglahad ng 2 kawili-wiling kaisipang napulot sa akda | |
| **1** Isang pangungusap na maglalarawan sa kagandahan ng panitikang kanluran. | |

**WAKAS NG PAGLILIPAT**



Maluwalhati mong naisakatuparan ang mga tunguhin na lumikha at maglahad ng kuwento na naglalahad ng isyung panlipunan. Nakita mo rin ang koneksyon ng nilikha mong kuwento upang mapahalagahan ang kakanyahan ng isang bansa at higit sa lahat napaunlad ang iyong kasanayan na pahalagahan ang isang akdang pampanitikan ng iba at ng sariling bayan.

## PANGHULING PAGTATAYA (POST- TEST)

Ito na ang natatanging panahon upang mabatid mo kung naglevel-up ka sa iyong kasanayan sa modyul na ito. Basahing maigi ang mga katanungan at i-klik lamang ang letra na tumutugon sa tamang sagot. Makikita mo ang iyong iskor matapos mong masagot lahat ng aytem. Kung ikaw ay pumasa, maaari ka nang dumako sa kasunod na modyul at kung hindi naman ay kailangan mo uli balikan ang modyul na ito.
Simulan mo na...

1. Humayo ka at dalhin ang magagandang balita mula sa Dios at sa iyong pag-alis ay laging pakatandaan na isapuso ang lahat ng iyong natutunan nang sa gayon man ikaw ay uunlad sa iyong tatahaking larang.
   Ano-anong mga salita sa loob ng pangungusap ang magkakaugnay ang kahulugan?
   A. humayo at dalhin
   B. humayo at pag-alis
   C. pakatandaan at isapuso
   D. magagandang balita at natutunan

2. Ano ang kahulugan ng payo ng taon sa taludtod ng *"Tanggapin nang mahinahon ang payo ng taon"?*
   A. karanasan sa buhay
   B. ginintuang aral
   C. pangyayari sa buong taon
   D. paalala ng mga nakatatanda

3. **Pagal** ang isip at buong katawan sa kakatunghay ng samu't saring trahedya sa bayan. Ano ang ibig sabihin ng pagal?
   A. inaantok
   B. hapong-hapo
   C. sawang-sawa
   D. pigang-piga

4. Magpakatotoo sa sarili. Higit sa lahat, huwag magpanggap sa pagmamahal. Subalit huwag ding kutyain ang pag-ibig pagkat sa harap ng lahat ng kawalan ng sigla at pag-asa *lagi itong tumutubong muli tulad ng damo.*

   Anong elemento ng tula ang nakasaad sa nakalimbag nang pahilig?
   A. larawang-diwa
   B. talinghaga
   C. tugma
   D. sukat

5. Humayong payapa
   sa gitna ng ingay at kaabalahan
   At alalahanin
   ang kapayapaan sa katahimikan
   Hangga't maaari
   ay maging mabuti sa kahit sino man
   Bigkasing banayad
   at nang buong linaw ang katotohanan
   At ang sinasabi
   ng iba ay iyong dinggin at pakinggan
   Sila man na walang
   lubhang nalalaman ay may kasaysayan.

   Anong elemento ng tula ang binibigyang diin sa saknong sa itaas?
   A. sukat
   B. tugma
   C. talinghaga
   D. larawang diwa

6. Lutang na lutang sa akda ang kasiningan nito sa pamamagitan ng paggamit ng mga tayutay kung kaya madarama rito ang katangiang bumibihag sa ating mga puso. Alin sa mga sumusunod ang kahulugan ng bahagi ng linyang ito. “habang unti-unting nagdidilim ang mga paningin . . . ang buong pagkatao niya ay parang hinihigop ng ipu-ipo sa dako pa roon . . . ng kawalan
   A. binagyo ang kanyang isipan kaya nahimatay
   B. dahan-dahang binawian ng buhay
   C. hinihimatay ito
   D. umalis ito at naglaho na parang bula

7. Saka hindi na rin kaya pang burahin
   Ang isang salitang nasambit na natin
   Pagkat ang kahapon, katulad ng hangin,
   Ay naglaho na nga sa ating paningin.
   Anong uri ng tugmaan ang ginamit ng tulang ito?
   A. tugmaang katinig
   B. tugmaang patinig
   C. tugmaang malakas
   D. tugmaang mahina

8. Sa kuwentong Ang Bwenas sa Kampo Madagundong, alin sa sumusunod ang nagpapakita ng pangyayaring maiuugnay sa kasalukuyan?
   A. Kaangkupan ng pangalang “Luck” sa batang isinilang na nagdadala ng suwerte sa lugar.
   B. Araw- araw na patayan sa lugar

C. Ang bata ang nagmulat sa lahat sa ganda ng buhay
D. Pag-aagaawan ng mga taong gustong kumupkop sa batang naulila*

9. "Mabuti na 'yong **makatindig ka sa sarili mong paa**."
Ano ang nais ipahiwatig sa nakasulat nang madiin?
A. Matutong magsarili sa buhay*
B. Maging matatag sa buhay
C. Umalis at lumakad nang mag-isa
D. Magsosolo sa buhay

10. Ah, ikaw ay supling
nitong sansinukob na hindi hihigit
Sa puno at bit'win...

Ano ang nais ipakahulugan ng pahayag sa itaas?
A. Itinuring kang anak ng Dios
B. Wala kang kapantay sa anumang nilikha ng Dios*
C. Inaangkin kang anak ng sanlibutan
D. Walang makahihigit sa iyo kahit ano pa man

11. Tanggaping magalang ang payo ng mga taon, na kalakip
Ang may kasiyahang pagsuko ng mga bagay na pampaslit.

Ano ang ibig ipakahulugan ng naturang taludtod?
A. Maging magalang sa mga nakatatanda sapagkat ikaw ay bata.
B. Pakinggan ang mga payo ng mga nakatatanda sa iyo.
C. Tumanda ng may pinagkatandaan, huwag manatiling batang isip
D. Habang lumalaki, ang pananaw mo sa mundo ay nagbabago*

12. "Mabuti na 'yong **makatindig ka sa sarili mong paa**."
Ano ang nais ipahiwatig sa nakasulat nang madiin?
A. Matutong magsarili sa buhay*
B. Maging matatag sa buhay
C. Umalis at lumakad nang mag-isa
D. Magsosolo sa buhay

13. Pinagtutuunan ng pansin ng pamahalaan *ang kapakanan ng buong sambayanan* sa gitna ng anumang sakuna.
Nasa anong pokus ng pandiwa ang nakalimbag nang pahilig?
A. Pokus sa layon
B. Pokus sa tagaganap
C. Pokus sa direksyon
D. Pokus sa sanhi

14. Nakiusap *ang kahahalal na pangulo* ng samahan na ipagpatuloy ang nasimulang adhikain ng nagdaang administrasyon.
Nasa anong anong uri ng pokus ng pandiwa ang nakalimbag nang pahilig?

A. Pokus sa layon
B. Pokus sa kalaanan
C. Pokus sa tagaganap
D. Pokus sa direksyon

15. Ipinatupad ng bagong pamahalaan ang curfew sa bawat lunsod. Anong uri ng pokus mayroon ang pandiwa?
A. Pokus sa Tagaganap
B. Pokus sa Tagatanggap
C. Pokus sa Direksyon
D. Pokus sa Layon

16. Ang mga Drug Lord at pusher ngayon ay nangangambang ipaliligpit ng bagong PNP Chief kung hindi susuko sa opisina niya.
Nasa anong anong uri ng pokus ng pandiwa ang nakalimbag nang pahilig?
A. Pokus sa layon
B. Pokus sa tagaganap
C. Pokus sa kalaanan
D. Pokus sa direksyon

17. Papaano magiging makabuluhan sa kabataang Pilipino na pag-aralan ang mga panitikang mula sa mga bansa sa kanluran?
A. Upang matanto na bilang mga Pilipinong nagmamahal sa sariling kultura ay kailangang maipamalas ang pagmamalasakit sa ating sariling panitikan.
B. Upang ma ang laman ating mga kakulangan sa pagsulat ng panitikan at makapagsanay na ito'y matuwid at maayos.
C. Upang mabatid na sila'y may dakila at marangal na tradisyong siya nating ginawang sandigan ng pagkabuo ng ibang kulturang nakarating sa ating bansa.
D. Upang makilala ang sarili bilang Pilipino, at matalos ang ating pinagyaman ng isip at ang angking talino ng ating pinanggalingang lahi.

18. Paano inilarawan ang mga akdang kanluran?
A. Mayaman ito sa magagandang tanawin at ideyal na pasyalan
B. May iba't ibang lahi at kultura ang mga mamamayan dito.
C. Nagmistulang pinakamagandang akdang pampanitikang nalikha sa mundo
D. Nagsisilbing haligi sa iba pang akdang pampanitikan sa daigdig.

19. Isa kang aktibong manunulat sa inyong school organ, inatasan ka ng inyong punong patnugot na suriin ang mga orihinal na akdang sumasalamin sa kulturang Pilipino na makatutulong sa pagkakaroon ng bansa natin ng magandang ugnayang pandaigdig na isinusubmiti ng mga mag-aaral para itampok sa inyong school magasin.

    Alin sa mga sumusunod ang unang isaalang-alang sa iyong gagawing pagsusuri?

    A. Ang pagbibigay ng kongklusyon kung bakit dapat magbasa o dapat tangkilikin ang mga akdang Pilipino.
    B. Ang magandang kulturang Pilipino ang masasalamin sa akda.
    C. Ang maitutulong nga nasabing akda sa mga kabataan upang mapahalagahan ang kulturang Pilipino
    D. Ang uri ng akda at ang istilo ng pagkakasulat nito.

20. Isa kang balik-bayan na 10 taon ng nanunungkulan sa Amerika, nasaksihan mo ang malaking pagbabago ng iyong pamayanan na dati-rati'y ipinagmamayabang mong magandang ehemplo ng kalinisan, kaayusan at kapayapaan subalit ngayon ay kabaligtaran na. Bilang isang mabuting mamamayan na may malaking malasakit sa sariling bayan. Ano ang pinakamabuting paraan na iyong magagawa upang maibalik sa dati ang imahe ng iyong bayan?

    A. Bumuo ng isang organisasyong pansibiko na makatutulong na makapagbabago sa mga pananaw,ugali at saloobin ng mga tao.
    B. Bumuo ng mga poster at islogan na ikakabit sa mga eskinita ng iyong bayan na makapagpaalala sa dating kalidad ng inyong lugar.
    C. Hikayatin ang lokal na pamahalaan na paigtingin ang batas upang mapairal ang disiplina sa mga tao.
    D. Gumawa ng awareness campaign na magpapaalala sa dating imahe ng bayan sa tulong ng social media.

**GLOSARYO NG MGA TERMINONG GINAMIT SA MODYUL NA ITO**

Anas-anasan - bulung-bulungan
Bagabagin – guluhin
Busabos- alipin
Buwenas – suwerte
Humayo – lumakad
Kulang palad- kaawa-awa
Ligalig – gulo
Maisanggalang – maipagtanggol
Mapusok – matinding damdamin
Mukhang tigasin – matatapang
Nangakayamot- naiinis
Nasusuklam – nagagalit
Pagal – pagod
Pagsusupil – pagpuputol, pagpipigil
Palalo- hambog. Taksil
Pambato – pambala
Panibugho – pagseselos

**MGA SANGGUNIANG AKLAT A GINAMIT SA MODYUL NA ITO:**
Alfonso, Santiago S at Tiangco, Norma G. **Makabagong balarilang Filipino**. Rex Book Store, Inc. Lungsod ng Quezon. 2003
Glinofria, Maurita L. **Yaman ng Wika at Panitikan IV**. Diwa Scholasctic Press Inc. Makati City. 2000.

**MGA SANGGUNIANG ELEKTRONIKO**
**Online Resources:**
Desiderata Salin ni Rafael Pulmano http://ofw-bagongbayani.com/s-desiderata.html, Retreived 28 December 2015, Ang site na ito ay naglalaman ng tula ni Max Ehrmann na isinalin sa wikang Filipino

Desiderata https://en.wikipedia.org/wiki/Desiderata Retreived 4 November 2015, Ang site na ito ay patungkol sa kasaysayan ng pagkalikha ni Max Ehrmann ng kanyang tula

Max Ehrmann https://en.wikipedia.org/wiki/Max_Ehrmann Retreived 4 November 2015, Ang site na ito ay nagsasaad ng talambuhay ni Max Ehrmann

Kahapon, Ngayon at Bukas http://ofw-bagongbayani.com/s-kahapon.html Retreived 4 November 2015. Ang blog site na ito ay naglalaman ng tulang Yesterday, Today and Tomorrow na isinalin sa Tagalog
UP Sentro ng WikangFilipino http://sentrofilipino.upd.edu.ph/programa_at_proyekto/download/salinan_imbentaryo.pdf Retreived 4 November 2015. Ang site na ito ay kakikitaan ng ibang bersyon sa salin ng tulang Desiderata
Ang Panitikan sa Panahon ng Kasalukuyan http://www.academia.edu/4688738/Ang_Panitikan_Sa_Panahong_Kasalukuyan Retreived 5 January 2016. Ang site na ito ay naglalaman ng mga tala ukol kasaysayan ng Panitikan ay ang mga uri ng panitikan
Tulang Tagalog sa Mindanao http:// www. tulangtagalogsamindanao.blogspot.com/2011/09/isang-milyang-pangarap-ni-marvin-ric.html Retreived 5 January 2016. Ang blogspot na ito ay kakikitaan ng tula ni Marvin Ric Mendoza
Isang Milyang Pangarap (Marvin Ric Mendoza) http://tagapagmananihusengbatute.blogspot.com/2012/01/tulang-may-sukat-at-tugma-at-malayang.html Retreived 5 January 2016. Ang blogspot na ito ay kakikitaan ng mga halimbawa ng tulang may sukat at tugma at malayang taludturan, tula ni Marvin Ric Mendoza na Isang Milyang Pangarap
Mga Tip sa Pagsulat ng Maikling Kuwento http://ranieili2028.blogspot.com/2012/07/mga-tip-sa-pagsulat-ng-maikling-kwento-1_27.html Retreived 5 January 2016. Ang blogspot na ito ay kapupulutan ng mga tip sa wastong pagsulat ng maikling kuwento
Ang Masining na Pagsulat ng Maikling Kuwento http://makatanista.blogspot.com/2009/12/ang-masining-na-pagsulat-ng-maikling.html Retreived 8 January 2016. Ang blogsite na ito ay kakukuhaan ng

mga mahahalagang impormasyon kung paamo magiging masining ang pagsulat ng maikling kuwento.

**Video Links:**

What is Happiness? Learn to Be Happy in Life
https://www.youtube.com/watch?v=lIWQeMFncm8 Retreived 8 January 2016. Ang video clip na ito ay nagpapamalas ng mga tip kung papaano maging masaya sa buhay.

Fatherless Family Creating Chaos in Black America
https://www.youtube.com/watch?v=4YVhDQpHefU Retreived 8 January 2016. Ang video clip na ito ay nagpapaliwanag kung papaano nakapaglilikha ng kaguluhan sa bansang Amerika ang mga anak na walang kinalakhang ama.

Swing of Change (2011) - Amazing Animated Short Film
https://www.youtube.com/watch?v=Zln3GA3jeqE Retreived 8 January 2016. Ang animated video clip na ito nagpapalamas ng pagbabago sa pananaw ng isang barbero sa kanyang buhay nang dumating ang isang mahikang trumpeta.

Children Denied Education https://www.youtube.com/watch?v=zRvnA0CVCXQ Retreived 9 January 2016. Ang videong ito ay patungkol sa mga kabataang pinagkaitang makapag-aral.

**Pictures:**

https://www.google.com.ph/search?q=baby+pictures+boy&biw=1024&bih=463&source=lnms&tbm=isch&sa=X&ved=0ahUKEwi50Mm6_anOAhVFF5QKHYP9Ac4Q_AUIBigB#imgrc=uto1QztX1sJjDM%3A. Larawan ito ng inosenting sanggol

https://www.google.com.ph/search?q=baby+pictures+boy&biw=1024&bih=463&source=lnms&tbm=isch&sa=X&ved=0ahUKEwi50Mm6_anOAhVFF5QKHYP9Ac4Q_AUIBigB#tbm=isch&q=guns+in+america&imgrc=inpkdZVzutrApM%3A Retrieved March 2016, Ang mga larawang ito ay nagpapakita ng iba't ibang mukha ng pang-araw-araw na karahasan.

**Online Tools: Graphic Organizer/Web 2.0**

- Facebook- www.facebook.com
- Present.me – www.present.me.com
- My diary – http://www.my-diary.org/
- Zooburst - http://www.zooburst.com.

# Aralin 3: PANITIKAN NG MGA BANSA SA KANLURAN

## (SANAYSAY AT NOBELA)

**PANIMULA AT MGA POKUS NA TANONG**

Kanluran. Ano-ano ang pumapasok sa iyong isipan sa tuwing naririnig ang salitang kanluran, kanluranin o western? Sumagi siguro sa iyong isipan ang Statue of Liberty, Eiffel Tower, London Bridge, mga kastilyo sa mga monarkang bansa o kaya'y mga casino sa Las Vegas. Ilan lamang ito sa mga kilala sa kanluran.

Subalit higit pa sa mga pagkakalilanlang ito ang kanluran. Maraming bagay ang dapat mabatid ng mga dayuhan sa kultura at karanasang Kanluranin.

Sa modyul na ito, kikilalanin mo ang ilan sa mga saling akdang Kanluranin na magbubukas sa iyong kamalayan ukol sa maraming mukha ng buhay ng mga mamamayang taga-Kanluran kaugnay ng sarili mong karanasan at kultura.

Sa tatahakin mong mga aralin at gawain sa modyul na ito, dapat na masagot ang tanong na ito:

1. ***Paano nakaaambag sa relasyong internasyunal ang pag-aaral sa mga panitikan mula sa iba't ibang bansa?***
2. ***Anong kabutihan ang naidudulot ng pag-aaral ng panitikang pandaigdig?***

**<u>Saklaw ng Modyul</u>**

Sa modyul na ito, mabibigyang-tugon ang mga tanong na nabanggit kapag pinag-aralan mo ang sumusunod na mga aralin:


| Aralin Blg. | Pamagat | Matutuhan mo ang… | Bilang ng Oras/ Sesyon |
|---|---|---|---|
| Aralin 3.1 | **Panitikan**: Ang Lamesa ng Mayaman (Sanaysay)<br>**Wika**: Pagpapalawak ng Pangungusap | • Naiuugnay nang may panunuri sa sariling saloobin at damdamin ang naririnig na balita, komentaryo, talumpati, at iba pa **P** (F10PN-IIg-h-69)<br>• Nasusuri ang napanood na pagbabalita batay sa paksa, paraan ng pagbabalita at iba pa **P** (F10PD-IIg-h-68)<br>• Nabibigyang-kahulugan ang mga salitang di lantad | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | ang kahulugan sa tulong ng word association **K/P** (F10PT-IIg-h-69)<br>• Naibibigay ang sariling pananaw o opinyon batay sa binasang anyo ng sanaysay (talumpati o editoryal) **K/P** (F10PB-IIi-j-71)<br>• Nasusuri ang kasanayan at kaisahan sa pagpapalawak ng pangungusap **K/P** (F10WG-IIg-h-64)<br>• Naiuugnay ang mga argumentong nakuha sa mga artikulo sa pahayagan, magasin, at iba pa sa nakasulat na akda **P** (F10PB-IIg-h-70)<br>• Naipahahayag nang may katalinuhan ang sariling kaalaman at opinyon tungkol sa isang paksa sa isang talumpati **P** (F10PS-IIg-h-71)<br>• Naisusulat ang isang talumpati tungkol sa isang kontrobersyal na isyu **P** (F10PU-IIg-h-71) | |
| Aralin 3.2 | **Panitikan**: Ang Matanda at ang Dagat (Nobela)<br>**Wika**: Mabisang Pahayag sa Panunuring Pampanitikan | • Nabibigyang-kahulugan ang mahihirap na salita, kabilang ang mga terminong ginagamit sa panunuring pampanitikan **K/P** (F10PT-IIf-74)<br>• Naisasalaysay ang mga tunggalian sa pagitan ng mga tauhan batay sa kanilang mga pananalita **K/P** (F10PN-IIf-74)<br>• Naihahambing ang akda sa iba pang katulad na genre batay sa tiyak na mga elemento nito **K/P** (F10PB-IIf-78) | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | • Nabubuo ang sariling wakas ng napanood na bahagi ng teleserye na may paksang kaugnay ng binasa **P** (F10PD-IIf-72)<br>• Nagagamit ang iba't ibang batis ng impormasyon sa pananaliksik tungkol sa mga teoryang pampanitikan **K/P** (F10EP-IIf-31)<br>• Nasusuri ang nobela bilang akdang pampanitikan sa pananaw realismo o alinmang angkop na pananaw/teoryang pampanitikan **K/P** (F10PB-IIf-77)<br>• Naisusulat ang suring-basa ng nobelang nabasa o napanood **P** (F10PS-IIf-76)<br>• Nagagamit ang angkop at mabisang mga pahayag sa pagsasagawa ng suring-basa o panunuring pampanitikan **P** (F10WG-IIf-69) | |

**Concept Map ng Modyul**

Kapaki-pakinabang ang pagbibigay-pansin mo sa binuong mapa ng mga aralin na pag-aaralan mo sa modyul na ito.




**Inaasahang mga Kasanayan**

Upang mapagtagumpayang masagutan ang aralin at malinang nang lubos ang iyong pag-unawa, kinakailangang tandaan at gawin mo ang mga sumusunod:

1. Naipaliliwanag ang mahahalagang kaisipan sa binasa/napakinggan/napanood na akda.
2. Nailalarawan ang mga tauhan o persona sa napanood na *video* o napakinggan.
3. Nailalahad ang sariling pananaw at saloobin hinggil sa mga kaisipan at pamamaraan ng may-akda sa teksto.
4. Naipahahayag ang damdamin at saloobin sa pamamagitan ng pagsulat kaugnay ng mga sinuring akda.
5. Nagagamit ang mga aralin sa gramatika sa mga pangkomunikatibong gawain.
6. Nakapananaliksik tungkol sa mga tuntuning panggramatika sa pagsulat at pag-unawa sa akda.
7. Naihahambing ang iba't ibang kaisipan at pananaw tungkol sa iisa o magkaugnay na paksa.
8. Naipaliliwanag ang kaligirang panlipunan ng mga naisulat na akda at mga epekto nito sa kasalukuyang panahon.
9. Nakapagsasagawa ng pananaliksik ukol sa impluwensya ng mga bansang Kanluranin sa lipunang Pilipino.

## PANIMULANG PAGTATAYA

Panahon na upang tuklasin natin kung gaano kalawak ang iyong kaalaman at pag-unawa sa modyul na ito sa pamamagitan ng pagsagot mga sa sumusunod na mga tanong. Sagutin ang lahat ng aytem. Pagkatapos masagot ang panimulang pagtatayang ito, malalaman mo ang iyong iskor. Pagkatapos masagutan at maiwasto ang mga ito, isaalang-alang ang mga naging kamalian at tuklasin ang tamang sagot sa mga ito habang pinag-aaralan ang modyul.

Kung handa ka na upang sagutin ang panimulang pagtataya ng araling ito, i-klik ang SIMULA.

1. Ano ang paksa o konseptong tampok sa talata?

   Lubhang masalimuot at teknikal ang tunay na kahulugan ng terminong globalisasyon. Ang globalisasyon ay isang proseso ng pag-uugnay-ugnay ng iba't ibang karanasan ng mga indibidwal mula sa iba't ibang panig ng mundo. Ang karanasan na tinutukoy rito ay tungkol sa iba't ibang sektor na nakaaapekto sa araw-araw na pamumuhay ng mga indibidwal. Ang pangunahing sektor na nakikipag-ugnayan sa ibang sektor ng ibang bansa ay ang ekonomiya.

   A. ekonomiya
   B. globalisasyon
   C. kahulugan
   D. magkakaugnay na karanasan

2. Ano ang kahulugan ng payo ng taon sa taludtod ng "Tanggapin nang mahinahon ang payo ng taon"?

   A. karanasan sa buhay
   B. ginintuang aral
   C. pangyayari sa buong taon
   D. paalala ng mga nakatatanda

   A. Alin sa mga sumusunod na katangian o elemento ang parehong taglay ng maikling kwento at nobela?epilogo
   B. himig
   C. sukat at tugma

tunggalian

3. Alin ang angkop na ayos ng mga parirala sa ibaba upang makabuo ng isang makabuluhang pangungusap nang hindi nagdadagdag o nag-aalis ng salita, o gumagamit ng bantas maliban sa tuldok sa wakas ng pangungusap?
   I. ang mga halaman sa hardin
   II. ng hardinero
   III. pansamantalang hindi dinidiligan
   IV. dahil sa walang tigil na pag-ulan

   A. II, III, I, IV
   B. II, III, I, IV
   C. II, III, I, IV
   D. II, III, IV, I

4. (Halaw sa maikling kwentong "Sa Bagong Paraiso" ni Efren R. Abueg)

   *"Bakit?" usisa niya.*
   *"Wa – wala … wala!"*
   *Nag-isip ang batang lalaki. Naisaloob niyang baka ang kawalang sigla niya sa pakikipaglaro rito ang dahilan.*
   *"Bakit?"*
   *"Hindi na pala tayo maaaring maglaro… ng tulad ng dati," sabi ng batang babae sa basag na tinig.*
   *"Hindi na?" Parang sasabog sa kawalang-malay ang katauhan ng batang lalaki.*
   *"Malalaki na raw tayo … malalaki nang tao. Hindi raw maglalaon, tayo'y magiging dalaga … at binata."*
   *"Sinabi 'yan ng Nanay mo?" usisa muli ng batang lalaki.*

   Tanong: Anong suliranin ang namamagitan sa kasalukuyang ugnayan ng mga tauhan?
   A. epekto sa kanila ng pagbabago sa kanilang pagkatao
   B. kakulangan ng pag-unawa sa pagbabago
   C. pagsuway nila sa mga pangaral ng kanilang magulang
   D. pagtutol ng magulang sa kanilang relasyon

5. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang kakikitaan ng Pokus sa Benepaktibo?
   A. Ang sinigang ay niluto ni nanay para sa mga panauhing galing Maynila.
   B. Ang nilutong sinigang ni nanay ay para sa mga panauhing galing Maynila.
   C. Ang nanay ay nagluto ng sinigang para sa mga panauhing galing Maynila.
   D. Ipinagluto ni nanay ng sinigang ang mga panauhing galing Maynila.

6. Alin sa mga sumusunod ang angkop na paglalarawan sa nobelang Noli Me Tangere ni Jose P. Rizal?
   A. Isa itong nobelang bayograpikal dahil nilayon nitong ilahad nang ganap ang naging buhay ng may-akda sa ilalim ng pamamalakad ng mga Kastila.
   B. Isa itong nobelang historikal dahil inilarawan nito ang kalagayan ng mga sinaunang mamamayan sa Pilipinas bago pa man sakupin ng mga Kastila ang mga isla.
   C. Isa itong romantikong nobela sapagkat ipinakita dito ang iba't ibang uri o mukha ng pag-ibig at kung paano nito nahatak ang karanasan at ugnayan ng mga tauhan.
   D. Ito ay nobelang pampolitika sapagkat ipinakita nito ang pagmamalabis ng mga Indio sa kapwa Indio sa hangaring mabilang sa mga nakatataas sa lipunan.

7. Mula sa dulang "Kaaway ng Bayan", alin sa mga sumusunod ang *pinakaangkop* na tono ng pahayag ni Dr. Tomas Stockmann na *"Sa akala mo ba'y ipag-iingay ko sa buong bayan nang wala pa akong nahahawakang katibayan? Naku hindi, salamat. Hindi ako luko-luko"?*
   A. nag-aalinlangan
   B. nagbabakasakali
   C. nagagalit
   D. naniniguro

8. Sa papaanong paraan mapapalawak ang pakikipag-ugnayang pandaigdig ng mga Pilipino?
   A. Sa pamamagitan ng pakikisalamuha sa kanila sa mga gawaing pandaigdigan.
   B. Sa pamamagitan ng pagsuporta ng mga gawaing nakabubuti sa kagalingan ng hindi lang sa isang bansa kundi pati na rin sa pangkalahatang bansa sa daigdig.
   C. Sa pamamagitan ng pagpapaigting ng relasyong internasyunal.
   D. Sa pamamagitan ng pagsusuri at pag-aaral ng mga akdang pampanitikan at kaisipan sa iba't ibang bansa.

9. Alin sa mga sumusunod ang pinakamalapit na dahilan kung anong kabutihang naidudulot ng pag-aaral ng panitikang pandaigdig?
   A. Napalalawak ang koneksyon ng mga mambabasa sa mga taong nasa Kanluran.
   B. Napupulutan ito ng maraming aral kaya nakatutulong ito sa paghubog ng mabuting asal sa mga kabataang Pilipino.
   C. Humuhubog ito sa kamalayan ng mga mambabasa sa halos lahat ng panig ng mundo at nakapagpalalawak ng pakikipag-ugnayang pandaigdig ng mga Pilipino.
   D. Patuloy na kinikilala at niyayakap ang kultura at uri ng pamumuhay ng mga bansang Kanluranin.

10. Alin sa mga sumusunod ang *pinakaangkop* na dahilan kung bakit dapat pag-aralan ang mga panitikan ng mga bansa sa kanluran?
    A. Sapagkat sa paraang ito mapaiigting ang ugnayan ng ating bansa sa mga bansa sa daigdig
    B. Sapagkat maraming aral na matututuhan na nakatutulong upang magtagumpay sa buhay
    C. Dahil sa paraang ito mababawasan ang lungkot na nararanasan ng bawat mamamayan
    D. Dahil tulong ito upang di tayo maging ignorante sa mga nangyayari sa mga bansa sa Kanluran

11. Alin sa mga sumusunod ang *pinakamalapit* na kahulugan ng pahayag na hinalaw sa dulang "Kaaway ng Bayan" na "*Napakasarap ang pakiramdam ng isang taong nakatatalos na nakagawa siya ng kabutihan sa kaniyang bayang sinilangan at sa kaniyang mga kapuwa mamamayan"?*
    A. Nagdudulot ng panloob na kasiyahan ang pagtulong sa kapwa at sa sariling bansa.
    B. Nakadaragdag ng salapi ang pagtulong sa iba yamang maaari ka nilang bigyan ng gantimpala.
    C. Napananatili ang magandang reputasyon sa oras na tumulong sa mga nangangailangan.
    D. Nadaragdagan ang bilang ng mga kaibigan sa tuwing nagkakaloob ng tulong sa kapwa.

12. Magpapakaibayo pa ako at magsasabi: kung sa tula ang kaisipan at ang pagkakapahayag ay matalik na nagkakaugnay, tiyakang dapat akong sumulat sa wikang yaon na maaari kong magamit upang makahatol nang higit na may kakayahan sa mga salita at siyang kinahahanguan ko ng pinakamalakas na kapangyarihan sa mga salitang iyon, ng pinakaganap na kaalaman sa mga iyon, o kaya'y siyang magpapadama man lamang sa akin na ang aking katapangan ay hindi magbubunga ng pagiging di-makatwiran; at walang alinlangang ito ang aking inang wika. Sa kanyang inang wika, samakatuwid, magagawa niyang mailarawan at maipahayag nang buong kadalian ang yaman ng mga larawan at kulay ng totoong kailangan ng makata; dito niya dapat matagpuan ang kulog at kidlat na inihahagis niya bilang sugo ng Diyos. Ang paraan ng pag-iisip, gaya nga ng katunayan, ay nakatanim doon: at ang ating kaluluwa at tainga at sangkap sa pagsasalita ay hinubog doon. Sa ano pang salita higit kong maipahahayag ang aking sarili kaysa aking inang wika? (Halaw sa "Dapat Sumusulat sa Sarili Niyang Wika ang Tunay na Makata" ni Johann Gottfried von Herder, Germany)

Ano ang mahalagang pag-unawa na dapat matutunan ng mambabasa ng alinmang lahi sa sanaysay ni Gottfried na isang Aleman?

A. Gamitin ang inang wika sa lahat ng pagkakataon at huwag tanggapin ang paanyaya ng dayuhang wika dahil sabagal ito sa tunay na pagpapahayag mo ng iyong sarili sa lahat ng pagkakataon.
B. Gawing gabay ang kadakilaan ng pag-uugaling taglay ng inang wika dahil ito lamang ang alam natng wika at wala nang ibang wika na papalit sa kakayahan nito.
C. Kailangang pahalagahan mo ang iyong inang wika sapagkat taglay nito ang iyong totoong mga kaisipan at prinsipyo na magiging batayan ng iyong desisyon at kilos sa alinmang sitwasyon.
D. Pag-aralang mabuti ang iyong inang wika dahil dito itinuro ng iyong mga magulang at ng iyong mga ninuno ang kaalaman at pagpapahalagang ipapasa mo rin sa sunod na salinlahi.

13. Alin sa sumusunod na kaisipan ang hindi totoo sa panitikan ng mga bansang kanluran?
    A. Inilalahad dito ang katotohanan sa likod ng mga mito.
    B. May iba't ibang kultura ang mga mamamayan dito.
    C. Mas magaling sumulat ang mga matatandang awtor kaysa baguhan.
    D. Inilalarawan ang mga kaganapan ng kani-kanilang bansa

14. Ikaw ay lalahok sa isang patimpalak online na pinamumunuan ng Filipinowriters.com. Alin sa sumusunod ang iyong dapat na uunahin upang makamit mo ang iyong minimithi?
    A. Magsaliksik at magbasa ng mga modelong akdang pampanitikan para mapagkunan ng ideya.
    B. Isaalang-alang ang mga pamantayan at kriterya sa pagsusulat ng akda.
    C. Maging malikhain sa pagsusulat.
    D. Maging bukas ang isipan sa lahat ng pagkakataon.

15. Naparakami mong gawain sa bahay, at sa eskwelahan, minsan nalilito ka na kung ano ang iyong uunahin, kaliwa't kanan ang mga proyekto at research sa paaralan, napipressure ka na ng iyong mga guro. Gulong-gulo na ang isipan mo at hindi mo na alam kung ano ang gagawin. Ano ang pinakamainam mong hakbang na gagawin sa sitwasyong ganito?
    A. Di magpapatangay sa silakbo ng damdamin, maging mahinahon sa pagsasakatuparan ng bawat gawain.
    B. Isipin kung ano ang priority mo sa buhay doon ka magsimulang ayusin ang mga bagay-bagay.
    C. Huwag sayangin ang oras, solusyunan agad ang problema.
    D. Humingi ng tulong sa mga kaibigan o pamilya para maagapa

16. Sa tuwing dumaraan ka sa isa pang daanan palabas sa inyong lugar, nakikita mong naghihirap sa buhay ang isang mag-asawa na malapit sa inyong tirahan. Wala kasi silang anak. Ramdam mong kailangang-kailangan nila ng tulong ngunit tila mailap ang tulong sa kanila. Batid mong may kakayahan kang tumulong sa kanila sapagkat nakaririwasa ang inyong pamilya. Isa pa, kilala ka sa pagiging matulungin sa kapwa. Gayunpaman, may pangamba kang tumulong sapagkat narinig mo minsan na may pagkamasungit sila. Ano ang *pinakamainam* mong gawin.
    a. Sabihin sa mga magulang ang hangaring tumulong upang ika'y kanilang masuportahan sa maganda mong binabalak.
    b. Huwag na silang pansinin pa at huwag na rin silang pag-aksayahan ng panahon dahil matanda na rin lamang sila.
    c. Itanim sa isipan ang narinig hinggil sa kasungitan ng mag-asawang matanda upang gamitin itong dahilan nang di sila tulungan.
    d. Dumaan lagi sa ibang daanan upang di na makita pa ang mag-asawang matanda at di ka na maapektuhan sa kanilang kalagayan.

17. Abot-langit ang iyong pasasalamat sa pagkakaroon ng mabait, maunawain, at mapag-arugang ama't ina. Walang araw na di mo nadama ang kanilang wagas na pagmamahal. Kaya, lagi mo naman silang ibinibida sa'yong mga kaibigan. Gayunpaman, sa di sinasadyang pagkakataon habang ikaw ay tumutulong sa *general cleanin*g sa bahay, isang kasulatan mula sa kabinet ng iyong ama ang iyong nakita't nabasa na labis mong ikinagulat. Oo, natuklasan mong ika'y di nila tunay na anak. Isa ka lamang na ampon! Ano ang *pinakamabuti* mong gawin sa mga sandaling iyon?
    A. Punit-punitin at itapon ang dokumentong nakita at magkunwaring walang nakitang gayong uri ng dokumento.
    B. Buong suyo at kapakumbabahang kausapin ang ama't ina at kalmadong pag-usapan ang tungkol sa'yong natuklasan.
    C. Agad na susugurin ang ama't ina at isusumbat sa kanila ang ginawang paglilihim ng katotohanan tungkol sa kaniyang pagkatao.
    D. Kukunin ang dokumento, kukunin ang lahat ng gamit at agad na aalis ng bahay upang hanapin ang totoong mga magulang.

18. Ipagpalagay na ikaw ang alkalde sa inyong lugar. Higit na umunlad ang lungsod na iyong nasasakupan mula nang ika'y maluklok sa puwesto. Ngunit alam mong ang pag-unlad na ito ay dahil sa mahuhusay na ideya mula sa iyong nakababatang kapatid na isang doktor. Hanggang sa isang araw, sa'yong pagdalaw sa bahay ng iyong kapatid, nabanggit niyang may natuklasan siyang tiyak na ikagugulat ng inyong mga kababayan. Ibig mo itong malaman agad ngunit tumanggi siyang ipaalam ito sa'yo. Ano ang *pinakamabuti* mong gawin?

a. Ipagpilitan sa kapatid na sabihin sa'yo ang natuklasan kahit maging sanhi pa ito ng inyong alitang magkapatid yamang karapatan mo ito bilang alkalde ng bayan.
b. Igalang ang pasya kung ayaw muna niya itong sabihin sa'yo sapagkat siya ang higit na nakaaalam kung kailan ang tamang panahon ng paglalantad sa natuklasan.
c. Magpasyang di aalis sa bahay ng kapatid hanggat di sinasabi ang natuklasan kahit nangangahulugan ito ng pagkainis at pagkayamot ng kapatid, asawa't mga anak.
d. Tawagin ang iba pang mga opisyal ng bayan upang samahan kang hikayatin ang iyong kapatid na sabihin ang bagay na inaasam-asam mong malaman.

19. Sa papaanong paraan mapapalawak ang pakikipag-ugnayang pandaigdig ng mga Pilipino?
    A. Sa pamamagitan ng pakikisalamuha sa kanila sa mga gawaing pandaigdigan.
    B. Sa pamamagitan ng pagsuporta ng mga gawaing nakabubuti sa kagalingan ng hindi lang sa isang bansa kundi pati na rin sa pangkalahatang bansa sa daigdig.
    C. Sa pamamagitan ng pagpapaigting ng relasyong internasyunal.
    D. Sa pamamagitan ng pagsusuri at pag-aaral ng mga akdang pampanitikan at kaisipan sa iba't ibang bansa.

# ARALIN 3.1: *Ang Lamesa ng Mayaman* (Sanaysay)
# Pagpapalawak ng Pangungusap (Wika)

## PAGTUKLAS

Isang masayang pagbati. Ito ang ikalimang aralin para sa ikalawang modyul sa ikasampung baitang sa Filipino. Sisimulan mo ang modyul na ito sa pamamagitan ng pagsuri sa sariling pananaw at kaalaman kaugnay ng paksa ng pag-aaraln mong sanaysay. Mahalagang isaalang-alang sa bahaging ito ang mga sumusunod na tanong bilang paghahanda sa iyong sarili sa mga kasunod na gawain: *Ano-anong sanaysay na ang nabasa at napag-aralan mo? Ano-ano na ang alam mo tungkol sa sanaysay? Ano-ano na ang alam mo tungkol sa paksa ng sanaysay batay sa pamagat nito? Paano mo magagamit ang iyong mga dati nang kaalaman sa panibagong hamon ng pagkatutong ito? Paano naman makatutulong sa sarili mong pag-unlad ang pag-aaral ng mga sanaysay ng ibang lahi? Bakit mahalagang pag-aralan ang panitikan ng iba't ibang lahi sa daigdig?*

**GAWAIN BLG. 1: GAGANAHAN KA BA?**

Masdan ang mga pinagsamang larawan ng mga hayop na naging biktima ng deforestation sa Indonesia dahil sa industriya ng palm oil. Kasunod nito ipahayag ng iyong reaksyon tungkol sa mga nabatid larawan.



This huge scale of deforestation is driving out the animals, many of which are endangered.
https://fightforrhinos.files.wordpress.com/2013/02/dont-palm-us.jpg



https://www.rainforest-rescue.org/uploads/photos/borneo-orang-utan-artz.jpg



http://theunboundedspirit.com/wp-content/uploads/2014/02/Palm-oil_Orangutans.jpg

**ANG IYONG REAKSYON:**

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
_______________________________________

Sa pagpapahayag ng iyong reaksyon ay bumuo ka ng isang talata. Ang talataan ay isang sistematikong pangangailangan sa pagsulat ng sanaysay. Biglang pagtaya sa iyong taglay na kaalaman hinggil sa sanaysay, tugunan mo ang kasunod na gawain.

**GAWAIN BLG. 2 ALAM KO ANG SANAYSAY (FRAYER'S MODEL)**

Napag-aralan mo na ang sanaysay sa iba't ibang modyul sa asignaturang Filipino. Pinag-aralan mo ang sanaysay sa ikapitong baitang nang sinuri mo ang mga akda mula sa Luzon, sa ikawalong baitang nang pinahalagahan mo ang mga akdang Pilipino noong panahon ng Amerikano at Komonwelt, at noong ikasiyam na baitang nang pinag-aralan mo ang mga akdang Asyano. Sa pagkakataong ito, pupunan mo ng mga impormasyon, pag-unawa at pagpapahalaga ang Frayer's Model sa ibaba upang masariwa sa iyong isipan ang mga napag-aralan mo kaugnay ng sanaysay. Sagutin ang mga pamprosesong tanong pagkatapos.

| Mahahalagang Katangian ng Sanaysay | Pamagat ng mga Sanaysay na Iyong Nabasa |
|---|---|
| **SANAYSAY** | |
| Mahahalagang Pag-unawa at Pagpapahalaga na Natutuhan sa iba't ibang Sanaysay | Kahulugan at Kahalagahan ng Sanaysay |

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Paano mo pinag-aralan ang iba't ibang sanaysay sa mga naunang modyul?
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
____________________

2. Ano-anong estratehiya ang iyong natutuhan sa pagbabasa at pagsusuri ng sanaysay at iba pang panitikan?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
________________________________

3. Paano mo nakikilala na isang mabisang sanaysay ang iyong sinuri?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
________________________________

4. Papaano matitiyak na magiging mabisa ang sanaysay?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
________________________________

5. Bakit mahalaga ang mabuting kaalaman sa wika sa pagsulat at pagsuri ng sanaysay?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
________________________________

Narepaso mo na ang mga impormasyon at pag-unawa hinggil sa sanaysay. Ngayon tugunan mo ang kasunod na gawain na naglalayong malagom ang iyong pag-unawa sa mga naunang aralin sa modyul na ito na inaasahang malilinang din sa araling ito.

**GAWAIN BLG. 3 INITIAL NG IRF WORKSHEET**
Nahahati sa tatlong sasagutang bahagi ang IRF Worksheet sa ibaba. Sa gawaing ito, ang sasagutan mo lamang ay bahaging Initial Answer. Basahing mabuti ang tanong sa worksheet saka sagutan ang bahahing Initial Answer.

| **IRF Worksheet** |
|---|
| **Paano nakatutulong ang panitikan sa pag-unawa sa pamumuhay ng iba't ibang tao sa mundo?** |
| **I**NITIAL ANSWER<br><br><br><br> |
| **R**EVISED ANSWER |
| **F**INAL ANSWER |

**Katapusang Bahagi ng Pagtuklas**


Nasukat mo ang iyong kaalaman at pagpapahalaga ukol sa sanaysay at paksa ng sanaysay na iyong pag-aaral. Mahalagang maisaalang-alang mo na sa iyong pag-aaral ng panibagong sanaysay, kailangan mong balikan ang mga dati nang natutuhan upang higit na maging makabuluhan ang pag-aaral na ito. Isaisip din ang mga kaisipang inimumungkahi ng mga tanong na ito: Bakit mahalagang pag-aralan ang sanaysay? Paano higit na magiging mabisa ang pagsulat at pagbasa ng sanaysay?

## PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Marahil may ilang bagay nang sumagi sa iyong isipan habang kinokondisyon mo ang iyong sarili sa pag-aaral ng sanaysay mula sa Kanluranin. Mahalagang natutukan mo ang unang tatlong gawain sa pagtuklas dahil sa bahaging ito, layunin mong unawain ang nilalaman at estruktura ng isang sanaysay mula sa Estados Unidos. Mahaharap ka sa serye ng mga gawaing gagabay, magpapayaman at susubok sa iyong pag-unawa at pagpapahalaga ukol sa kahalagahan ng pag-aaral ng sanaysay ng ibang lahi.

**GAWAIN BLG. 4: TED Talk**

Panoorin ang TED Talk video ni **Bernie Krause** na pinamagatang **The voice of the natural world** sa link na ito: https://www.youtube.com/watch?v=uTbA-mxo858. Habang pinanonood ang video na isang panayam at pag-uulat sa parehong pagkakataon, itala FACT AND OPINION CHART ang mahahalagang impormasyon na ibinabahagi ng tagapagsalita. Kilalanin kung aling impormasyon ang tuwirang katunayan (fact) at alin naman ang opinyon. Pagkatapos ng panonood at pagtatala, ipaliwanag kung bakit mo nasabing tuwiran o opinyon ang bawat impormasyon na iyong natala.




https://www.youtube.com/watch?v=uTbA-mxo858

**Bernie Krause: The voice of the natural world**
***Published on Jul 15, 2013***
Bernie Krause has been recording wild soundscapes -- the wind in the trees, the chirping of birds, the subtle sounds of insect larvae -- for 45 years. In that time,

he has seen many environments radically altered by humans, sometimes even by practices thought to be environmentally safe. A surprising look at what we can learn through nature's symphonies, from the grunting of a sea anemone to the sad calls of a beaver in mourning.

**FACT AND OPINION CHART**

| FACTS (Tuwirang Katunayan) | How I Know (Paano ko nalaman) |
|---|---|
| | |
| **OPINION** | **How I Know (Paano ko nalaman)** |
| | |

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Ano-ano ang pangkalahatang batayan mo sa pagkilala sa impormasyon bilang tuwirang katunayan o opinyon? Bakit?

____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

_______________________________________________
____________________

2. Bakit mahalagang nakikilala natin kung aling impormasyon ang tuwirang katunayan at alin naman ang opinyon?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
____________________

3. Paano nakaapekto ang kredibilidad ng tagapanayam o tagapagsalita sa kalidad ng mga impormasyon na iyong naitala mula sa video?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
____________________

4. Paano inilahad ng tagapanayam o tagapagsalita ang iba't ibang impormasyon na kanyang ibinahagi?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
____________________

5. Paano nakatulong ang pamamaraan o estratehiya ng tagapanayam sa paglalahad ng mga impormasyon sa iyong pag-unawa at pagkatuto?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
____________________

6. Anong kabutihan ang naidudulot ng pakikinig sa mga talumpati ng mga tao mula sa ibang panig ng mundo?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

______________________________________________________________
______________________________________________________________
__________________________

Sinuri mo sa nakaraang gawain ang napakinggan mong talumpati. Sa kasunod na gawain, kakailanganin mong pagtuonan ng pansin ang iyong sariling damdamin kaugnay ng napakinggan mong talumpati.

**GAWAIN BLG. 5: MGA UMUSBONG NA EMOSYON**

Balikan ang iyong karanasan sa panonood sa talumpati ni Bernie Krause. Sa puntong ito, suriin mo ang iba't ibang damdamin na nanaig sa iyo habang at pagkatapos pakinggan ang kanyang talumpati. Tingan ang List of Feeling from A to Z at kilalanin ang mga damdamin na ito. Pagkatapos tuparin ang mga hakbang sa itinakda para sa pagbabahaginan hinggil sa damdamin tungo sa talumpati.

1. Maghanap ng sampung kamag-aaral na nakapanood ng naturang talumpati ni Krause.
2. Alamin kung anong damdamin ang nangibabaw sa bawat isa kaugnay ng pinanood na video.
3. Hilingin sa kanila na ipaliwanag kung bakit ang naturang damdamin ang nangibabaw.
4. Kung naramdaman mo rin ang natukoy na damdamin ng iyong kausap, ibahagi ito sa kanya at magpaliwanag.
5. Kung hindi nanaig ang damdamin na natukoy ng iyong kausap, ibahagi sa kanya ang damdaming higit na nanaig sa iyo kaugnay ng napanood na talumpati.




http://csefel.vanderbilt.edu/modules/2006/feelingchart.pdf

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Kailan mo napapansin ang mga damdaming umuusbong sa iyo sa iba't ibang okasyon?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

2. Bakit mahalagang napapansin mo ang mga damdaming umuusbong sa iyo kapag nakikinig ng talumpati?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

3. Paano makatutulong o makakaimpluwensya sa iyo kung nababatid mo ang damdamin ng ibang tao kaugnay ng parenong materyal na pinakikinggan?

____________________________________________________________________
____________________________________________________________________
____________________________________________________________________
____________________________________________________________________

4. Paano nakaaambag sa relasyong internasyunal ang pag-aaral sa mga panitikan mula sa iba't ibang bansa?

____________________________________________________________________
____________________________________________________________________
____________________________________________________________________
____________________________________________________________________

Nakipagbahaginan ka ng iba't ibang damdamin na umusbong sa iyo kaugnay ng napakinggang talumpati. Ngayon susuriin mo naman ang nilalaman nito. Gagamitin mo ang isang grapikong pantulong na ginagamit sa akademikong pagsusuri ng balita.

**BLG. 6: PAKAY NG MENSAHE**
Pagkatapos suriin ang panayam-balita ni Bernie Krause, magtala ng mga mensahe na higit na tumawag ng iyong pansin sa bawat kategorya ayon sa pakay. Tukuyin sino ang bumuo sa naturang mensahe.

| PAKAY | MENSAHE | SINO ANG BUMUO NITO? |
|---|---|---|
| Upang magpahayag ng opinyon o punto ng paningin | | |
| Upang magturo gamit ang impormasyon na tuwirang katunayan at nilalaman | | |
| Upang manghikayat na bumili o mag-isip sa isang tiyak na paraan | | |
| Upang maglibang | | |

Nasuri mo na ang iyong damdamin kaugnay ng napakinggang talumpati at ang nilalaman nito. Ngayon, kailangan mong makipag-ugnayan sa iba mong kamag-aaral para sa pagtupad ng kasunod na gawain.

**GAWAIN BLG. 7: PAGPAPAHAYAG NG KAALAMAN AT OPINYON**

Maghanap ng kapares mula sa iyong mga kamag-aaral. Bilang pares, magsaliksik ng mga impormasyon tungkol sa kalagayan ng kalikasan na siyang pinag-usapan ni Bernie Krause sa kanyang talumpati sa TED Talk. Batay sa mga nakalap na impormasyon, bumuo ng sariling sanaysay na naglalaman ng iyong opinyon at kaalaman sa parehong paksa. Bigkasin sa isang talumpati ang iyong nabuong sanaysay. Hingiin ang tulong ng iyong kapares upang kunan ka ng video samantalang kukunan mo naman ng video ang iyong kapares. I-upload ang inyong video sa https://vimeo.com/ at ipadala ang link sa iyong guro.

✉ email sa guro


Ang talumpati at sanaysay ay magkaugnay, magkaiba lamang sila sa moda ng pagpapadala. Sa kasunod na gawain, kakailanganin mong magsaliksik tungkol sa iba't ibang tiyak na uri ng sanaysay.

**GAWAIN BLG. 8: MGA URI NG SANAYSAY**

Alamin ang iba't ibang uri ng sanaysay ayon sa anyo at layunin gamit ang mga link sa ibaba. Magsaliksik pa ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga tiyak na uri ng sanaysay. Pagkatapos mapag-aralan ang iba't ibang uri ng sanaysay ayon sa layunin, lumikha ng isang pahayag na magpapaalaala sa iyo ng sampung (10) uri ng sanaysay. Gamitin ang tul sa http://www.mnemonicgenerator.com/ na magmumungkahi ng isang MNEMONICS para madali mong maalaala ang mga tiyak na uri ng sanaysay.

| MNEMONICS |
|---|
| |

Sanaysay-Wordpress
https://rapsfilipinos.files.wordpress.com/2012/10/publication1.pdf



**LAYUNIN:**

A. Natutukoy ang sangkap ng sanaysay.
B. Nabibigyang-halaga ang mga istratehiya at teknik sa pagtuturo ng sanaysay.
C. Nakikilala ang iba't ibang uri ng sanaysay.

**SANAYSAY**

-paglalahad ng damdamin ng tao tungkol sa isang paksa.

**PANGKALAHATANG URI NG SANAYSAY**

1. PORMAL O MAANYONG SANAYSAY
- Ito ay impersonal na sanaysay.
- Tumatalakay sa mga sery-osong paksa tulad ng agham, pag-unlad, kabihasnan at iba pang maanyong katha.

2. DI PORMAL NA SANAYSAY
- Ito ay may anyong pagsasalaysay at paglalarawan.
- Ito ay personal at may magaang paksa na tumatalakay sa mga ordinaryong karanasan ng manunulat, ang kanyang opinyon at obserbasyon sa kanyang paligid.

**MGA TIYAK NA URI NG SANAYSAY**

1. Sanaysay na Nagsasalaysay
   A. Patalambuhay
   B. Pangkasaysayan
   C. Pangyayari
   D. Paglalakbay
2. Sanaysay na Naglalarawan
   A. Paggamit ng pandama
   B. Paggamit ng paghahambing
   C. Paggamit ng tayutay
   D. Paggamit ng angkop na salita
3. Sanaysay na Nangangatwiran
   A. Pabuod
   B. Pasaklaw
4. Sanaysay na Nanunuri
5. Pangulong Tudling o Editoryal
6. Sanaysay na Maka-agham
7. Sanaysay na Sosyo-Politikal
8. Sananysay na Pangkalikasan
9. Pansariling Reaksiyon
10. Ang Sinopsis

**MGA SANGKAP NG SANAYSAY**

1. Nilalaman at Tema
2. Anyo at Istruktura
3. Wika at Istilo

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Ano ang pinagkaiba ng sanaysay na nangangatwiran na pabuod sa pasaklaw?

___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________


2. Paano nagkakaiba ang sanaysay na nanunuri sa sanaysay na pansariling reaksyon?

___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________

3. Batay sa iyong pagkilatis sa talumpati ni Krause, kung nakasulat ito anong uri kaya ito ng sanaysay? Samakatuwid, ano ang tiyak na uri ito ng talumpati?

___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________

Sisimulan mo na ang pagbasa ng tampok na sanaysay para sa araling ito. Tulad ng pagsusuri na ginawa mo sa mga naunang gawain, isaalang-alang ang iyong damdamin, mga mensahe at layunin ng may-akda.



**Pagbasa**

**Ang Lamesa Ng Mayaman**
Salin ni Abigail Faith Cawili
Hango sa "The Table Where Rich People Sit" ni Byrd Baylor

IKLIK ang LINK sa ibaba para mabasa ang teksto:
http://afaithlcawili.blogspot.com/2009/09/kung-nakikita-ninyo-lang-na-nakaupo-kami.html

May mga salita sa teksto na kailangang bigyang-kahulugan nang isinasaalang-alang ang sitwasyong kinapapalooban nito. Sa susunod na gawain, susuriin mo ang ilang salita at ipaliliwanag ang kahulugan nito.

**GAWAIN BLG. 9: WORD ASSOCIATION**
Suriin ang ilang hinalaw na pahayag mula sa sanaysay na "Ang Lamesa ng Mayaman". Ipaliwanag kahulugan ng mga salitang nakasalungguhit. Masasalamin sa pagpapakahulugan mo ng salita ang iyong pag-unawa sa akda.

Minsan inisip ko na ako na lang ang bukod tangi sa pamilya na may '***sense'*** ang sinasabi.

- HALIMBAWA: *Ang ibig sabihin ng sense ay tamang pananaw. Nangangahulugang siya lamang ang may tamang pananaw sa pinag-usapan kumpara ibang kasama.*

"Ayoko ng ganoon," ang sabi ko, "pero makakatulong kung magkakaroon po kayong pareho ng konti pang **ambisyon**."

- ______________________________________________________________
______________________________________________________________
__________

| |
|---|
| Nagulat sila. Makikita mong hindi nila iniisip ang mga **bagay** na kailangan namin. |

- ______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
___________

| |
|---|
| Sa nakikita ko, isa na naman nila itong **palusot** para makapagkampo sa isang maganda't malawak na lugar sa kagubatan. |

- ______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
___________

| |
|---|
| Sa nakikita ko, isa na naman nila itong palusot para **makapagkampo** sa isang maganda't malawak na lugar sa kagubatan. |

- ______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
___________

| |
|---|
| Ako ang nagpatawag ng **pagpupulong** at ang pag-uusapan namin ay tungkol sa pera sapagkat hindi na ito sapat sa amin. |

- ______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
___________

| |
|---|
| Ganyan ang **presyo** na sinabi ni tatay sa pagtratrabaho niya sa labas, kung saan nakikita niya ang kalangitan maghapon at nararamdaman ang hangin at naaamoy ang ulan isang oras bago pa tumulo ang mga patak nito. |

- ______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
___________

| |
|---|
| Nag-isip pa si tatay ng iba. "Kapag **namukadkad** ang *cactus*, dapat nandoon ka at pinapanood mo sapagkat maaaring iyon ang kulay na hindi mo na makikita muli sa mga susunod na araw ng iyong buhay. Magkano sa tingin mo ang halaga ng kulay na iyon?" |

- ______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
___________

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Paano nakakaimpluwensya sa iyong pag-unawa sa akda ang kaalaman mo sa kahulugan ng mga salita na makikita dito?

2. Paano mo naman naipagpapatuloy ang pagbabasa at pag-unawa sa teksto kahit na may mga salitang hindi pamilyar sa iyo?

3. Paano mo inuunawa o iniaayon ang kahulugan ng salita kapag kontekstwal ang kabuluhan niya sa akda?

4. Bakit mahalagang angkop ang pagpapakahulugan sa mga salitang nababasa sa akda?

Sa puntong ito, hihimayin mo naman ang nilalaman at estruktura ng sanaysay na iyong nabasa.

**GAWAIN BLG. 10: SOAPSTone**

Suriin ang sanaysay na "Ang Lamesa ng Mayaman" gamit ang grapikong pantulong. Sagutin ang mga tanong sa bawat bahagi upang magabayan ka sa **retorikal na pagsusuri** sa akda.

| CLOSE READING | | | Paano mo nalaman? Magbigay ng tiyak na patunay mula sa teksto? |
|---|---|---|---|
| S | **Speaker**<br>Sino ang nagsasalita sa teksto? | • Sino ang nagsasalita?<br>• Tukuyin ang edad, kasarian, estado sa buhay ng nagsasalita.<br>• Kaninong boses ang maririnig sa loob ng teksto?<br>• Ano ang masasabi o alam mo tungkol sa nagsasalita na nakatutulong sa iyo upang maunawaan mo ang pananaw na kanyang ipinahahayag? | |
| O | **Occasion**<br>Ano ang okasyon? | • Ano ang tagpuan at panahon kinapapalooban ng teksto?<br>• Ano ang kasalukuyang sitwasyon sa teksto?<br>• Ano ang konteksto sa akda? | |
| A | **Audience**<br>Sino ang tumatanggap (nagbabasa)? | • Kanino inihahain ng may-akda ang teskto?<br>• May itinakda bang mambabasa ang nagsasalita sa teksto?<br>• Anong mga impormasyon sa teksto na nagpapahiwatig kung sino ang nilalayong mambabasa ng teksto? | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| **P** | **Purpose**<br>Ano ang pakay o layunin? | • Ano ang layunin o pakay sa likod ng teksto?<br>• Bakit isinulat to ng may-akda?<br>• Ano ang gusto ng may-akda na gawin o isipin ng mga mambabasa bilang bunga ng pag-unawa sa teksto?<br>• Ano ang mensahe ng teksto?<br>• Paano inihatid ng nagsasalita ang mensahe niya sa teksto? | |
| **S** | **Subject**<br>Ano ang paksa? | • Ano ang paksa, nilalaman at mga ideya na nakapaloob sa teksto?<br>• Ilahad ang paksa sa ilang salita o maikling parirala.<br>• Higit ba sa isa ang paksa sa teksto?<br>• Paano ipinakilala ng may-akda ang paksa?<br>• Agad ba niya itong ipinakilala o kinailangan mo pang suriing mabuti para matukoy mo ito? | |
| **Tone** | **Tone**<br>Ano ang tono ng nagsasalita? | • Anong pag-uugali ang mababatid sa may-akda batay sa teksto?<br>• Ano ang dating sa iyo ng may-akda pagdating sa paksa: emosyonal, obhetibo (objective), walang panig, o may panipanigan?<br>• Anong klaseng mga impormasyon o detalye ang nagpapahiwatig sa damdamin ng may-akda tungo sa paksa?<br>• Anong uri ng mga salita, estruktura ng pangungusap, paraan ng pagpapahayag ang nakatutulong upang mahulaan ang tono ng nagsasalita sa teksto?<br>• Paano mo babasahin nang malakas ng teksto kung ikaw ang may-akda? | |

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Anong uri ng sanaysay ang "Ang Lamesa ng Mayaman"? Ipaliwanag.

2. Ano-anong mensahe ang nabatid sa sanaysay na ito? Sino-sino ang bumuo ng mga mensaheng ito sa sanaysay? Patunayan.

3. Paano nakaaambag sa relasyong internasyunal ang pag-aaral sa mga panitikan mula sa mga bansang Kanluranin?

4. Anong kabutihan ang naidudulot ng pag-aaral ng panitikang pandaigdig?

Pagkatapos suriin ang nilalaman at estruktura ng sanaysay, ipahahayag mo naman ang iyong pananaw ukol dito.

**GAWAIN BLG. 11: PAGPAPAHAYAG NG OPINYON/PANANAW**

Batay sa iyong pag-unawa at pagkilatis sa sanaysay na "Ang Lamesa ng Mayaman", ipahayag ang iyong sariling opinyon/pananaw hinggil sa itinakdang aspekto ng sanaysay. Suportahan ng mga impormasyon mula sa teskto at kasalukuyan ang iyong opinyon/pananaw. Gawing batayan ang rubrik sa ibaba sa pagbuo ng iyong tugon.

Rubrik sa pagmamarka sa pagpapahayag ng opinyon/pananaw

| | |
|---|---|
| **3** | Naipaliwanag nang mabuti ang isang makabuluhang opinyon tungkol ng paksa at matibay ang lahat ng naibigay na patunay mula sa teksto at kasalukuyan. |
| **2** | Naipaliwanag ang isang makabuluhang opinyon tungkol sa paksa at nakapagbigay ng ilang matibay na patunay mula sa teksto at kasalukuyan. |
| **1** | Naipaliwanag ang isang makabuluhang opinyon tungkol sa paksa subalit hindi ito napatunayan. |
| **0** | Hindi naaayon sa paksa ang ginawang pagpapaliwanag. |

**Pananaw hinggil sa pag-unawa ng tagapagsalaysay sa kayamanan**

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
________________________________

**Pananaw hinggil sa pag-unawa ng mga magulang sa kayamanan**

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
________________________________

**Opinyon hinggil sa paraan ng may-akda sa sanaysay**

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

Nasuri mo na ang sanaysay sa iba't ibang aspekto. Sa susunod na gawain, hahamunin ang iyong kakayahan sa pagbubuod nang tinitiyak ang katumpakan ng mga impormasyon at kaisipan.

**GAWAIN BLG. 7 SUM IT UP (PAGBUBUOD)**

Ibuod sa pamamagitan ng pamamaraang Sum It Up ang sanaysay na iyong sinuri sa mga naunang gawain. Gamitin ang mga impormasyong naitala mo sa gawain 5 at mga sagot sa gawain 6 upang makabuo ka ng isang makabuluhang buod ng sanaysay. Ngunit kailangang maging mapili ka sa mga salita at kaisipan na iyong ilalagay sa buod dahil mayroon ka lamang na dalawang piso (P2.00) upang mabuo ang buod kung saan 10 senteno para sa bawat salitang gagamitin. Nangangahulugang maaari ka lamang gumamit ng 20 salita sa iyong buod nang tinitiyak na saklaw nito ang buong kaisipan ng sanaysay.

PAMAGAT NG TESKTO:

MAHAHALAGANG KAISIPAN:

BUOD NG TEKSTO SA LOOB NG 20 SALITA

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| ____________ | ____________ | ____________ | ____________ | ____________ |
| ____________ | ____________ | ____________ | ____________ | ____________ |
| ____________ | ____________ | ____________ | ____________ | ____________ |
| ____________ | ____________ | ____________ | ____________ | ____________ |

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Ano-anong kaisipan ang tiniyak mo sa iyong buod? Bakit?
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________

2. Paano mo nakikitang makabuluhang pag-aralan ng mga Pilipino ang sanaysay na tulad ng ibinuod mo?
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________

3. Paano nabago ng sanaysay ang iyong pananaw sa mga taga-Kanluran? Bakit?
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________

Sa kasunod na gawain, pagtutuonan ng pansin ang kasanayang pangwika na may mahalaga sa pagsuri at pagsulat ng sanaysay.

**GAWAIN BLG. 12: PAGSURI NG PINALAWAK NA PANGUNGUSAP**

Magbalik-aral hinggil sa pagpapalawak ng pangungusap at mga kayarian ng pangungusap. Kung kailangan mong manaliksik ukol dito, inimumungkahing gawin muna ang proseso. Kaugnay nito, mababasa mo sa mga kahon ang ilang mga pahayag o talata na hinalaw buhat sa sanaysay na "Ang Lamesa ng Mayaman". Sa tulong ng iyong pag-unawa sa akda, suriin mo ang mga hinalaw sa pahayag na makikita sa kahon sa ibaba. Bigyang-pansin ang paraan at dahilan ng pagkakabuo ng isang mahabang pangungusap. Pagkatapos suriin ang pahayag, tukuyin ang iba't ibang ideya/kaisipan na nakapaloob dito saka ipaliwanag kung paano nagtulungan ang mga ito sa pagpapalitaw ng isang makabuluhang pag-unawa.

Halimbawa

Ganyan ang presyo na sinabi ni tatay sa pagtratrabaho niya sa labas kung saan nakikita niya ang kalangitan maghapon at nararamdaman ang hangin at naaamoy ang ulan isang oras bago pa tumulo ang mga patak nito.

Bilugan o salungguhitan ang iba't ibang ideya/kaisipan na nakapaloob sa mahahabang pangungusap na ito.

| |
|---|
| Meron tayong espesyal na plano kung kaya't nakakabayad din tayo sa paglubog ng araw at sa oras ng paglalakbay sa mga bundok at paghahanap ng mga pugad ng ibon. |
| Kapag namukadkad ang *cactus*, dapat nandoon ka at pinapanood mo sapagkat maaaring iyon ang kulay na hindi mo na makikita muli sa mga susunod na araw ng iyong buhay. |
| Kaya niyang gayahin kahit anong uri ng ibon, pero ang pinakamaganda ay paggaya niya sa mga puting kalapati, *raven*, sa mga pulang buntot ng *hawks* at *quails*. |

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Bakit pinahahaba o pinalalawak ang pangungusap?

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

2. Paano nakakaimpluwensya sa kabuluhan ng isang kaisipan/ideya kapag naisasama sa iba pa?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

3. Bakit mahalagang nasusuri nang mabuti ang bawat detalye ng pahayag upang matamo ang kabuuang mensahe ng akdang kinapapalooban nito?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

4. Bakit kailangang maingat sa pagsusuri sa mga kaisipang mababatid sa saling-akda lalo na ang mahahaba o malalawak na pangungusap?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

**TANDAAN**



| |
|---|
| Kapag sumusuri ng mahahabang pangungusap, unang dapat isaalang-alang kung ano ang paksa o pinag-uusapan (pamaksang pangungusap) nang sa gayon ay mabatid mo ang ugnayan na mayroon ito sa ibang parirala o kaisipan sa pangungusap. Maliban sa iba't ibang paraan ng pagpapalawak ng pangungusap bilang batayan sa pagsusuri nito, isaalang-alang din ang kayarian ng pangungusap na maaaring dahilan kung bakit nagiging mahaba ng isang pangungusap. Ngunit higit pa sa pagpapalawak ng pangungusap, pinakapunto ng mahahabang pangungusap ang maraming kaisipan na nais ipagsama upang maingat ang iisang diwa sa pahayag. |

Bahagi ng pagkatuto ang pagsubaysay sa sariling pag-unlad. May ilang mga gawain na inuulit o binabalikan upang mapagnilayan ang pag-unlad mo bilang mag-aaral at tao.

**GAWAIN BLG. 13: INITIAL NG IRF WORKSHEET**

Nahahati sa tatlong sasagutang bahagi ang IRF Worksheet sa ibaba. Sa gawaing ito, ang sasagutan mo lamang ay bahaging Revised Answer. Balikan ang iyong sagot sa bahaging Initial at suriin kung paano sila nagkakaiba sa kasalukuyan. Pagnilayan ang iba't ibang dahilan kung bakit may magkaparehong kaisipan at/o pagbabasa sa iyong sagot.

| IRF Worksheet |
| --- |
| **Paano nakatutulong ang panitikan sa pag-unawa sa pamumuhay ng iba't ibang tao sa mundo?** |
| INITIAL ANSWER |
| REVISED ANSWER |
| FINAL ANSWER |

**Katapusang Bahagi ng Paglinang**

Natamo mo na sa paglinang ang sapat na impormasyon upang maunawaan mo ang kabuluhan ng sanaysay na pagpapalaganap ng kaalaman at pagpapahalaga ukol kultura ng isang lahi. Ngayon naman, paigtingin ang hawak mo nang kaalaman at pag-unawa ukol sa paksa sa pamamagitan ng pagtupad sa mga gawaing magpapatunay sa iyong kaalaman at pag-unawa.

## PAGPAPALALIM

Natamo mo na sa paglinang ang sapat na impormasyon upang maunawaan mo ang kabuluhan ng sanaysay na pagpapalaganap ng kaalaman at pagpapahalaga ukol kultura ng isang lahi. Ngayon naman, paigtingin ang hawak mo nang kaalaman at pag-unawa ukol sa paksa sa pamamagitan ng pagtupad sa mga gawaing magpapatunay sa iyong kaalaman at pag-unawa.

**GAWAIN BLG. 14: PAGSUSURI NG SANAYSAY**
Suriin ang sanaysay sa link sa ibaba saka tugunan ang mga tanong kaugnay nito.



**Pagbasa**

**ANO ANG MGA KADAHILANAN NG KAHIRAPAN SA MUNDO?**
World Socialist Party U.S.
POB 440247 Boston, MA02144
www.worldsocialism.org/usa

LINK:
**http://www.worldsocialism.org/filipino/ano-ang-mga-kadahilanan-ng-kahirapan-sa-mundo**

1. Ano ang paksa ng sanaysay? Ano ang pananaw ng may-akda hinggil sa paksang ito?

2. Ano ang layunin ng may-akda sa pagsulat ng sanaysay? Patunayan gamit ang mga impormasyon sa akda?

3. Ano-anong ng mensahe ang nais ipabatid ng sanaysay? Ipaliwanag sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga patunay mula sa akda?

4. Sa iyong pagkilatis, ano ang tiyak na uri ng sanaysay ito? Suportahan ang sagot.

Simula sa kasunod na gawain, susubukin na ang iyong natamong kaalaman, kasanayan at pag-unawa na inaasahang nalinang sa mga naunang gawain. Isaalang-alang ang iyong karanasan at pamumuna na natanggap mula sa iyong guro at kapwa mag-aaral kapag tinutugunan ang iba't ibang pagtataya.

**GAWAIN BLG. 15: OPINYON/PANANAW SA SANAYSAY**

Kilatisin ang nilalaman at pamamaraan ng may-akda sa sanaysay na "Ano ang mga kadahilanan ng kahirapan sa mundo?" Ipahayag ang iyong opinyon/pananaw hinggil sa naturang sanaysay. Gawing batayan ang rubrik sa pagbuo ng iyong sagot.

Rubrik sa pagmamarka sa pagpapahayag ng opinyon/pananaw

| | |
|---|---|
| 3 | Naipaliwanag nang mabuti ang isang makabuluhang opinyon tungkol ng paksa at matibay ang lahat ng naibigay na patunay mula sa teksto at kasalukuyan. |
| 2 | Naipaliwanag ang isang makabuluhang opinyon tungkol sa paksa at nakapagbigay ng ilang matibay na patunay mula sa teksto at kasalukuyan. |
| 1 | Naipaliwanag ang isang makabuluhang opinyon tungkol sa paksa subalit hindi ito napatunayan. |
| 0 | Hindi naaayon sa paksa ang ginawang pagpapaliwanag. |

1. Ano ang iyong opinyon/pananaw sa mga ibinahaging kaisipan/ideya ng may-akda hinggil sa paksa nito? Patunayan.

2. Ano ang husga ang maibibigay mo sa pamamaraan o pagpapadaloy ng mga ideya at kaisipan sa sanaysay na ito? Patunayan.

**GAWAIN BLG. 16: PAGSURI SA PAGPAPALAWAK SA PANGUNGUSAP**
Sa tulong ng iyong pag-unawa sa akda, suriin mo ang mga hinalaw sa pahayag mula sa sanaysay na "Ano ang mga kadahilanan ng kahirapan sa mundo?". Pagkatapos suriin ang pahayag, tukuyin ang iba't ibang ideya/kaisipan na nakapaloob dito saka ipaliwanag kung paano nagtulungan ang mga ito sa pagpapalitaw ng isang makabuluhang pag-unawa. Bilugan o salungguhitan ang iba't ibang ideya/kaisipan na nakapaloob sa mahahabang pangungusap na ito. Bigyang-pansin ang paraan at dahilan ng pagkakabuo ng isang mahabang pangungusap.

| |
|---|
| Ang mga gobyerno ay nagpapalakad sa loob ng balangkas ng isang sistemang pang-ekonomiya – at ang kasalukuyang sistemang pangkabuhayang ito – ang kapitalismo, kung tatawagin natin – ay nakabase ayon sa kayamanan na nilikha para ipagbili sa palengke na ang pananaw ay magkaroon ng tubo, at ayon din sa diin ng tunggalian sa pamilihan na nagdidikta na maipon ang mga tubo at pakinabang sa anyo ng parami nang paraming kapital na inilagak upang lalong lumago at magkaroon pa ng maraming tubo. |

| |
|---|
| Ang WDM at iba pang mga nanghihikayat na pangkawanggawa ay gumaganap sa pandaigdig na pamantayan ng parehong pangunahing kamalian ng pagpapanibago na dati ay nagagawa lamang sa pamantay ang pambansa: na sinisisi ang mga patakarang isinusulong ng mga gobyerno sa halip na sisihin ang mga sistemang pang-ekonomiya, at sa paghahanap ng solusyon na palitan ang gobyerno o kaya ay mga patakaran na lamang nito, sa halip na palitan ang sistemang pangkabuhayan. |

Paano nakatulong sa pagpapalitaw sa iba't ibang kaisipan at mensahe sa sanaysay ang malalawak o mahahabang pangungusap. Ipaliwanag ang sagot sa pamamagitan ng pag-uugnay ng mga diwa ng mahabang pangungusap sa kaipan o mensahe sa sanaysay.

**GAWAIN BLG. 17: PAG-UUGNAY-UGNAY NG MGA ARGUMENTO**

Sa grapikong pantulong sa ibaba, isulat ang iyong mga makukuhang impormasyon sa bawat teksto kasunod nito. Gamitin ang mga tanong sa ibaba upang matulungan kang suriin ang ugnayan na mayroon ang mga teksto.

| Teksto 1: Death penalty dapat nang maibalik | Teksto 2: Buhay! |
|---|---|
| | |



**Pagbasa**

**Teksto 1**

## Death penalty dapat nang maibalik

Bernard Taguinod
(dpa_btagui-nod@yahoo.com)

Kailangan na talagang maibalik ang parusang kamatayan sa Pilipinas dahil habang tumatagal ay nagiging mas karumal-dumal ang krimeng nagagawa ng mga kriminal sa ating lipunan.

Tulad na lamang itong ama na pinatay ang kanyang pitong taong gulang na anak at inilagay pa sa kanyang Facebook ang larawan ng pinatay nitong bata dahil tumanggi ang asawa nito na nasa Canada na umuwi ng Pilipinas.

Ang problema, mas malakas ang tawag ng pulitika sa pagdedesisyon sa isang bagay sa gobyerno tulad ng panawagang ibalik ang parusang kamatayan.

May magagalit na grupo kapag ibinalik ang parusang kamatayan at aminin man ng gobyerno o hindi, ang grupong tutol sa pagbabalik ng parusang kamatayan ang kanilang ikinokonsidera.

Hindi ba noong 2006, sinuspinde ni dating Pa-ngulong Gloria Macapagal-Arroyo ang parusang kamatayan dahil nakatakda siyang makipagkita noon sa Santo Papa at hindi nga naman magandang tingnan na makipagkita ka sa Santo Papa na mayroong batas sa iyong bansa na tinututulan ng Simbahan?

Hindi raw patas ang batas at natatakot ang gobyerno na madedehado ang mga mahihirap na akusado na gumawa ng karumal-dumal na krimen dahil wala silang kakayahang kumuha ng magagaling na abogado para sila ay maipagtanggol sa korte.

Dito pa lamang sa katuwirang ito, may mali na dahil ibig bang sabihin kapag may kakayahan ang isang nakagawa ng krimen ay makakalu-sot dahil makakakuha siya ng magaling na abogado?

Puwede palang makaligtas ang mayaman na na-kagawa ng karumal-du-mal na krimen dahil mayroon siyang perang pambayad ng magagaling na abogado para maabsuwelto sa nagawa niyang krimen, sa ganitong katuwiran?

Kung ibabalik ang parusang kamatayan, eh 'di tiyakin ng gobyerno na ipagtanggol ang mga mahihirap na akusado para masiguro na maging pantay ang katarungan at hindi masentensyahan ang isang kriminal dahil hindi magaling ang abogadong nagtatanggol sa kanya.

Saka, hindi dapat ga-wing katuwiran na dehado ang mga mahihirap. Mayroong Public Attorney's Office (PAO) na nagtatanggol sa mga walang kakayahang magbayad ng pribadong abogado.

Kaya nandyan ang PAO ay para sa mga mahihirap na akusado. Kung duda kayo sa kakayahan ng PAO at parang sinasabing hindi sila maga-ling sa pagtatanggol ng mga akusado na walang kakayahang magbayad ng pribadong abogado, eh di buwagin na lang iyan.

Pero sa totoo lang, walang kinatatakutan ang mga kriminal ngayon. Kaya nga 'yung dayuhang drug lord, ayon mismo kay Sen. Tito Sotto, ay ginagawang playground ang Pilipinas dahil walang parusang kamatayan dito sa Pilipinas.

***

Okey ang ginagawa ng Commission on Elections (Comelec) na gamitin ang pangil ng batas laban sa mga pulitikong bumabalewala sa election law.

Ang problema, may panahon ba ang Comelec na mapaalis ang lahat ng mga pulitikong nag-o-overspending sa paggastos sa eleksyon o kaya namimili ng boto para masiguro lang na sila ay manalo.

Kung gagawin ito ng Comelec, walang maiiwang pulitiko na nanalo noong nakaraang eleksyon dahil halos lahat ay sobra-sobra ang ginastos kesa sa itinakda ng batas na P3 kada botante sa local level.

Marami tayong naririnig na kuwentuhan ng mga mambabatas sa Kamara na etong si congressman ay gumastos ng P100 milyon noong nakaraang eleksyon, etong si senatorial candidate na ito ay daan-daang milyon.

Sasabihin sa atin ng Comelec na kailangang may magreklamo. Hindi…. dapat moto propio, sila ang magkusang mag-imbestiga para hindi pagdudahan na hindi matanggap ng isang natalong kandidato ang kanyang pagkatalo kaya nagreklamo o nagsampa ng kaso.

Hindi na kailangang magreklamo pa ang isang natalong kandidato para maglinis ang Comelec.

Magtrabaho sila nang kusa at kapag ginawa nila iyan, lahat ng mga magugulang na kandidato ay magdadalawang-isip na sa susunod.

http://www.abante-tonite.com/issue/may2514/edit_record.htm#.WK8TVRI7w_Y

**Teksto 2**

**Buhay!**

Ederic Eder

(Unang nalathala sa Pinoy Gazette)

Layunin ng sistema ng bilangguan ang pagwawasto sa buhay ng isang kriminal. Ngunit kung ang parusa ay kamatayan, paano sila maibabalik sa lipunan?

"The death penalty is the ultimate cruel, inhuman and degrading punishment. It violates the right to life. It is irrevocable and can be inflicted on the innocent. It has never been shown to deter crime more effectively than other punishments."

Ganyan ang pahayag ng Amnesty International — isang pandaigdigang samahan na nagsusulong ng karapatang pantao — hinggil sa parusang kamatayan. Tama ang AI. Sa mundong ito'y pinakamalupit na ang parusang kamatayan. Hindi ito makatao, at pinabababa nito hindi lamang ang pinarusahan, kundi pati ang nagpaparusa.

Sa panahong ito ng makabagong kabishasnan, nakapagtatakang habang patuloy na dumarami ang mga bansang tumatalikod sa parusang kamatayan ay patuloy itong niyayakap ng pamahalaan ng Pilipinas. Base sa datos ng AI, sa kasalukuyan ay 122 bansa na ang tumigil na sa pagpapatupad ng parusang kamatayan samantalang 83, kabilang ang Pilipinas, ang mga nagpapatuloy sa pambibitay. Hangad ng ating pamunuan na makilala bilang makabago at pasulong na bansa, pero sa usapin ng parusang kamatayan, para tayong mga barbarong naniniwala sa "an eye for an eye." Hindi makatao't marangal ang ganyang pag-iisip!

Dating kilala ang Pilipinas bilang pangunahing bansang Kristiyano sa Asya. (Ngayon, ang titulong iyan ay nakuha na ng East Timor, na hindi na rin

nagpapatupad ng bitay.) Bilang isang Kristyanong bansa, tila hindi angkop ang pagkakaroon ng batas na nagpapahintulot sa pagpatay sa mga bilanggo.

Hindi na mababawi o mababaligtad ang parusang kamatayan. Kapag naipatupad ito, wala na, tigok na ang bilanggo kahit sa bandang huli'y malamang inosente naman pala talaga siya. Layunin ng sistema ng bilangguan ang pagwawasto sa buhay ng isang kriminal. Ngunit kung ang parusa ay kamatayan, paano sila maibabalik sa lipunan? Sabi nga ni Atty. Rachel Ruelo, superintendent ng Women's Correctional Institute, sa isang artikulo ni Ron Gluckman sa AsiaWeek noong 1999, "We're supposed to be in the business of rehabilitation. We can't rehabilitate a dead person."

Ang mas masakit pa sa parusang kamatayan — na nakapagtatakang sinasang-ayunan ng mas nakararami nating mga kababayan — ang kadalasang nabibiktima nito ay ang mahihirap na kriminal. Mula kay Leo Echagaray na na binitay noong 1999 hanggang kina Roberto Lara at Roderick Licayan na maaaring mabitay ngayong Pebrero matapos bigyan ng Kataastaasang Hukuman ng isang buwang palugit, wala pa tayong nakikitang malaking isda na natetepok.

Ayon pa sa artikulo sa AsiaWeek, pinakaunang bansa sa Asya ang Pilipinas na nag-abolish sa parusang kamatayan, at isa sa iilang nagbalik nito. Ngunit isa raw katanungan kung mayroon na ba tayong sapat na "judicial maturity" upang mangasiwa sa mga pagpapasyang may kaugnayan sa buhay at kamatayan.

Wala pang pag-aaral na nakapagpapatunay na ang parusang kamatayan ay nakakapigil sa mga krimen. Sabi nga ng Gabriela Women's Party, noong 1994, isang taon matapos muling ibalik ang bitay, tinatayang anim na mga babae at bata ang ginagahasa sa bawat araw. Noong 1998, tumaas ito sa walo bawat araw, at muling tumaas sa 12 noong isang taon.

Sa kabila ng lahat ng ito, bakit hindi pa i-repeal ang batas na nagpapahintulot sa parusang bitay?

http://ederic.net/buhay/#more-227 Retrieved on 02 March 2017

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

**SA PAGKAKATULAD...**

| |
|---|
| Paano magkatulad o magkaugnay ang mga teksto? |
| Paano sila magkapareho sa aspekto ng nilalaman, tema, pakay, pamamaraan, tono at iba pa? |
| Anong mga pangungusap, detalye o linya ng pahayag ang nauulit na ideya o may parehong ideya? |

**SA PAGKAKAIBA...**

| |
|---|
| Paano sila magkaiba sa aspekto ng nilalaman, tema, pakay, pamamaraan, tono at iba pa? |
| Sa aling mga aspekto o kaisipan magkataliwas o hindi magkasundo ang mga teksto? |

**KAPAG PINAGSAMA ANG MGA TEKSTO...**

| |
|---|
| Paano nakatulong sa iyong pag-unawa tungkol sa paksa ang pagbasa sa parehong teksto sa halip na ang isa lamang? |
| Kung mag-uusap ang mga sumulat sa teksto, ano ang sasabihin nila sa isa't isa? Bakit? |

**MGA TANONG AT REAKSYON...**

| |
|---|
| Anong tanong ang pumasok sa iyong isipan matapos mabasa ang mga teksto? |
| Ano ang iyong reaksyon tungo sa mga teksto, magkahiwalay man o magkasama? Bakit? |

Bago ka tuluyang dumako sa Paglilipat, muling balikan ang gawaing naglalayong sumubaybay sa iyong pag-unawa.

**GAWAIN BLG. 18: INITIAL NG IRF WORKSHEET**

Nahahati sa tatlong sasagutang bahagi ang IRF Worksheet sa ibaba. Sa gawaing ito, ang sasagutan huling bahagi nito ang Final Answer. Balikan ang iyong sagot sa bahaging Revised at suriin kung paano sila nagkakaiba sa kasalukuyan. Pagnilayan ang iba't ibang dahilan kung bakit may magkaparehong kaisipan at/o pagbabasa sa iyong sagot.

| IRF Worksheet |
|---|
| **Paano nakatutulong ang panitikan sa pag-unawa sa pamumuhay ng iba't ibang tao sa mundo?** |
| **I**NITIAL ANSWER |
| **R**EVISED ANSWER |
| **F**INAL ANSWER |

**Pagtatapos ng Bahaging Pagpapalalim**

Napalawak mo na ang iyong kaalaman at pag-unawa ukol pagsusuri at pagbuo ng sanaysay at talumpati sa tulong ng mga akda mulsa sa Kanluran. Napag-alaman mong may iba't ibang mensahe sa isang sanaysay o talumpati na nakasalalay sa iba't ibang sangay ng impormasyon. Natutuhan mo rin kung paano nakaaapekto ang maraming salig sa pag-unawa ng sanaysay at talumpati.

## PAGLILIPAT

Natamo mo na sa paglinang ang sapat na kaalaman at kasanayan upang maunawaan mo ang kabuluhan ng pagsulat, pagbasa at pakikinig ng sanaysay at talumpati. Ngayon naman, paigtingin ang hawak mo nang kaalaman at pag-unawa ukol sa paksa sa pamamagitan ng pagtupad sa mga gawaing magpapatunay sa mga ito. Inaasahang masasagot mo ang tanong na ito: ***Paano nakaaambag sa relasyong internasyunal ang pag-aaral sa mga panitikan mula sa iba't ibang bansa?***

**GAWAIN BLG. 19: PAGTATAYA SA SARILI**

Tugunan ng hinihinging impormasyon ang 3-2-1 Chart sa ibaba. Sa pamamagitan nito, matataya mo ang sariling pagtamo at pag-unawa ukol sa napag-aralang paksa.

| | |
|---|---|
| **3** | Tatlong mahalagang pag-unawa na natutuhan mo ukol sa pagsulat, pagbasa at pakikinig ng sanaysay/talumpati.<br>• -<br>• -<br>• - |
| **2** | Dalawang kasanayan na sa palagay mo ay dapat malinang sa mga mambabasa o tagapakinig ukol sa nilalaman ng sanaysay o talumpati.<br>• -<br>• - |
| **1** | Isang pangungusap na naglalahat sa iyong pananaw ukol kahalagahan ng pagsulat ng sanaysay at talumpati.<br>• - |

Sana sa iyong pagtataya sa sarili, nagawa mong makita ang iyong pag-unlad at mga dapat pang malinang kung kinakailangan. Sa kasunod na gawain, inaasahang mailipat mo ang mga kaalaman, kasanayan at pag-unawa na iyong natamo at nalinang sa araling ito.

**GAWAIN BLG. 20: PAGSULAT AT PAGBIGKAS NG TALUMPATI**

TASK

Tumukoy ng isang napapanahong kontrobersyal na isyu at manaliksik tungkol dito. Batay sa mga impormasyon na nakalap, sumulat ng isang talumpati na naglalaman ng iyong pananaw at opinyon hinggil sa isyu nang sinusuportahan ng mga nakalap mong impormasyon mula sa ginawang pagsasaliksik. Kilalanin ang mga pinagkunan ng impormasyon upang matiyak ang kredibilidad ng mga ito. Kunan ng video ang sarili na binibigkas ng isang talumpati na batay sa isinulat mong sanaysay. I-upload ang video ng iyong talumpati sa https://vimeo.com/. I-post naman ang link ng iyong video sa dashboard upang mapanood ng iyong guro at ng iyong mga kamag-aaral.

Isang mahalagang salig sa pag-unlad ng tao ang positibong pagtanggap sa mga pamumuna na ibinibigay sa kanya. Laging isaalang-alang na sariling pag-unlad ang layunin ng pamumunang akademiko. Sa huling gawain na ito sa aralin, kailangan mong magbigay ng iyong puna sa talumpating ginawa ng iab mong kamag-aaral. Maging obhetibo sa pamumuna.

**GAWAIN BLG. 21: PAGTUGON SA TALUMPATI NG KAPWA**

Suriin ang mga talumpating binigkas ng ibang mag-aaral tungkol sa isang napapanahong isyu na naka-post sa dashboard. Bigyang-puna ang talumpati sa aspekto ng nilalaman at pamamaraan sa pagpapadaloy ng kaisipan/ideya. Isulat sa dashboard ang iyong puna sa iba't ibang talumpati.

Katapusang Bahagi ng Paglilipat

TAGUMPAY! Maari ka nang magpatuloy sa huling aralin sa markahan na ito. Tandaang ang mga natutuhan at karanasan sa unang limang aralin ay mga baitang para sa paglago ng iba pang kaalaman, kasanayan at pag-unawa na dapat mong matamo.

**ARALIN 3.2:** ***Ang Matanda at ang Dagat*** **(Nobela)**
***Mabisang Pahayag sa Panunuring Pampanitikan***
**(Wika)**

## PAGTUKLAS

! Nasa huling aralin ka na para sa modyul na ito. Sisimulan mo ang modyul na ito sa pamamagitan ng pagsuri sa sariling pananaw at kaalaman kaugnay ng paksa ng pag-aaralang nobela. Mahalagang isaalang-alang sa bahaging ito ang mga sumusunod na tanong bilang paghahanda sa iyong sarili sa mga kasunod na gawain: *Paano ka sumusubaybay ng nobela? Ano-ano ang dapat isaalang-alang sa pagbabasa ng nobelang fiction? Paano mo magagamit ang iyong mga dati nang kaalaman sa pagpapahala ng nobela? Paano naman makatutulong sa sarili mong pag-unlad ang pag-aaral ng mga nobela ng ibang lahi? Bakit mahalagang pag-aralan ang panitikan ng iba't ibang lahi sa daigdig?*

**GAWAIN BLG. 1: LIFE OF PI**
Isa sa ipinadiwang na pelikula noong 2012 ang "Life of Pi" na hinango sa nobelang may parehong pamagat. Panoorin ang isang bahagi ng pelikula sa pamamagitan ng pag-click sa URL sa ibaba ng pamagat ng video. Pagkatapos panoorin, sagutin ang mga tanaong at makipagbahaginan sa ilang kamag-aaral.



https://static01.nyt.com/images/2012/11/18/arts/18LIFE1_SPAN/18LIFE1-superJumbo.jpg

**Training the Tiger in Life of Pi**

**https://www.youtube.com/watch?v=UM8YH94X1rQ**

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Bakit sinasanay o tinuturuan ng lalake ang kasamang tigre sa bangka?


2. Paano sinasanay ng lalake ang tigre?

3. Bakit hinahayaan ng lalake na makasama niya ang tigre sa bangka?

Isang nobela na isinapelikula ang bahagi ng video clip na iyong sinuri sa unang gawain. Ngayon dahil nakatuon sa pagsusuri ng nobela ang araling ito, kailangan mong balikan ang iyong kaalaman sa katangian ng nobela kaugnay sa dalawa pang genre ng panitikan.

**GAWAIN BLG. 2: TRIPLE VENN DIAGRAM**

Makipagtulangan sa dalawa o tatlong kamag-aaral para sa gawaing ito. Gamit ang Triple Venn Diagram sa ibaba, paghambingin ang nobela, teleserye at epiko bilang magkakahawig na panitikan. Itala ang pagkakatulad ng isa't isa at kung ano naman ang mga natatanging katangian ng mga ito. Inaasahang maitala sa pagtukoy ang mga elemento ng naturang genre, paraang ng pagtanggap, kasanayang kailangan upang maunawaan ang bawat genre. Maaaring magsaliksik kung kinakailangan.


Nobela
Teleserye
Epiko

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Alin sa mga natukoy na katangian ng tatlong genre ng panitikan ang lantad na lantad na katangian ng iba pang genre ng panitikan? Patunayan.

2. Paano magkatulad ang nobela at teleserye?

3. Paano magkatulad ang nobela at epiko?

4. Anong katangian ang natatangi sa nobela?

5. Ano ang mga dapat isaalang-alang upang maging matagumpay sa pagbasa ng nobela? Bakit?

Sa kasunod na gawain, susubukin mo ang iyong sariling pag-unawa sa pagpapahalaga ng nobela.

**GAWAIN BLG. 3: ANTICIPATION-REACTION GUIDE**

Makikita mo sa ibaba ang Anticipation-Reaction Guide hinggil sa katangian ng nobela at ilang mahalagang kaisipan kaugnay nito. Tutugunan mo lang ang bahaging BAGO ANG TALAKAYAN para sa gawaing ito. Basahin ang bawat pahayag tungkol sa nobela. Kung sa palagay mo ay tama ito, lagyan ng tsek (✓)

ang kahon sa kanan ng pahayag samantalang ekis (✕) naman kung hindi ka naman sang-ayon dito.

| BAGO ANG TALAKAYAN | PAGLALARAWAN SA PAG-AARAL NG NOBELA | PAGKATAPOS NG TALAKAYAN |
|---|---|---|
| 1 | Ang nobela ay may iisang suliranin na tampok. | 1 |
| 2 | Tanging nobela lamang ang panitikan na may iba't ibang bahagi ng kwento. | 2 |
| 3 | Maiugnay sa kasalukuyan ang nobela nilalaman ng nobela kahit pa ito ay *fiction*. | 3 |
| 4 | May makikitang mga imahen at simbolismo sa nobela na kailangang unawain nang mabuti. | 4 |
| 5 | Dahil higit na detalyado ang pagsasalaysay sa nobela, mababatid sa tauhan ang kanyang pagdedesisyon, paraan ng pag-iisip, at kalakasan bilang tao. | 5 |
| 6 | Higit na nailalantad ang pag-unlad ng karakter ng tauhan sa nobela kaysa ibang uri ng kwentong tuluyan. | 6 |
| 7 | Malaki ang impluwensya ng estilo ng pagsulat ng may-akda sa pag-unawa ng mambabasa sa nobela. | 7 |
| 8 | Mahahamon ang kamalayan (awareness) ng mambabasa kapag sumusubaybay ng nobela. | 8 |
| 9 | Di tulad ng teleserye at epiko, maraming maliit na banghay sa nobela na nagtutulong-tulong upang mailantad ang mas malaking banghay. | 9 |
| 10 | Hindi maaaring ilagay ng mambabasa ang kanyang sarili sa posisyon ng tagapagsalaysay sa nobela. | 10 |

**Katapusang Bahagi ng Pagtuklas**

Nasukat mo ang iyong kaalaman at pagpapahalaga ukol sa nobela at paksa ng nobelang iyong pag-aaralan. Mahalagang maisaalang-alang mo na sa paglinang ng mga kasanayan sa pagpapahalaga sa nobela, kailangan mong balikan ang mga dati nang natutuhan upang higit na maging makabuluhan ang pag-aaral na ito. Isaisip din ang mga kaisipang inimumungkahi ng mga tanong na ito: *Bakit mahalagang pag-aralan ang nobela? Paano higit na magiging mabisa ang pagsubaybay at pagsuri sa nobela ng mga bansang Kanluranin?*

## PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Marahil may ilang bagay nang sumagi sa iyong isipan habang kinukundisyon mo ang iyong sarili sa pag-aaral ng sanaysay mula sa Kanluranin. Mahalagang natutukan mo ang unang tatlong gawain sa pagtuklas dahil sa bahaging ito, layunin mong unawain ang nilalaman at estruktura ng isang sanaysay mula sa Estados Unidos. Mahaharap ka sa serye ng mga gawaing gagabay, magpapayaman at susubok sa iyong pag-unawa at pagpapahalaga ukol sa kahalagahan ng pag-aaral ng sanaysay ng ibang lahi.

**GAWAIN BLG. 4: PAG-ALAM SA TEORYANG PAMPANITIKAN**

Isa sa mga inaasahang mapamalas mo sa markahan na ito ang pagsusuri sa akda sa iba't ibang pananaw o teoryang pampanitikan. Kaya bago mo pagtuunan ng pansin ang tampok na akda sa araling ito, kailangan mo munang maigtingin ang iyong kaalaman at pag-unawa sa pagsusuri gamit ng mga teoryang pampanitikan. Makikita mo sa ibaba ng Cornell Note-Taking ang iba't ibang reperensya na maaari mong pagkunan ng mga impormasyon tungkol sa teoryang pampanitikan. Pumili ng isa reperensya na higit na komportable para sa iyo. Itala sa unang kahon sa Cornell Note ang mahahalagang impormasyon, termino at kaisipan na iyong natutuhan. Pagkatapos ng pagbabasa at pagtatala, bumuo ng mga tanong na matutugunan ng mga impormasyong nakatala sa kanan ng Cornell Note mo saka ibuod ang mga ito.

## CORNELL NOTE-TAKING

| IMPORMASYON/KAISIPAN | Mga tanong na masasagot ng mga naitalang impormasyon o kaisipan |
|---|---|
| | |
| **Buod at Pagpapahalaga** | |
| | |

Mga sanggunian:

Teoryang pampanitikan
http://rosiefilipino10.weebly.com/teorya-ng-pampanitikan.html#/

Teoryang pampanitikan ni Merland Alvarez Mabait
https://www.slideshare.net/GinoongGood/teoryang-pampanitikan-36790003

Mga teoryang pampanitikan at mga uri nito
https://melodymular.wordpress.com/2011/06/12/mga-teoryang-pampanitikan-at-mga-uri-nito/

Mga teoryang pampanitikan ni Nonnatus F. Nieves
https://prezi.com/76d8pcqijr6i/mga-teoryang-pampanitikan/

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Paano nakakaimpluwensya sa pag-unawa sa akda ang iba't ibang teoryang pampanitikan? Patunayan.

2. Paano sinusuri sa pananaw realismo ang isang akda? Magbigay ng halimbawa.

3. Paano naman sinusuri sa pananaw sikolohikal at eksistensyalismo ang akda? Magbigay ng paliwanag.

4. Paano sinusuri sa pananaw eksistensyalismo ang akda? Magbigay ng paliwanag.

| |
|---|
| |

Mahalaga na nauunawaan ang mga salita sa anumang tekstong binabasa. Alamin ang kahulugan ng mga salita o konsepto na makakatagpo mo sa babasahing nobela.

**GAWAIN BLG. 5: PAGPAPAKAHULUGAN**

Alamin ang kahulugan o pagkakakilanlan ng mga sumusunod na salita. Pagkatapos, gamitin ang bawat salita sa isang angkop na pangungusap.

1. Dentuso Kahulugan: ____________________
   Pangungusap:
   ____________________________________________
2. DiMaggio Kahulugan: ____________________
   Pangungusap:
   ____________________________________________
3. Galanos Kahulugan: ____________________
   Pangungusap:
   ____________________________________________
4. Mako Kahulugan: ____________________
   Pangungusap:
   ____________________________________________
5. dinunggol Kahulugan: ____________________
   Pangungusap:
   ____________________________________________
6. dumukwang Kahulugan: ____________________
   Pangungusap:
   ____________________________________________

7. gulugod Kahulugan: ____________________
Pangungusap:
____________________________________________

8. ikid Kahulugan: ____________________
Pangungusap:
____________________________________________

9. kumikislot Kahulugan: ____________________
Pangungusap:
____________________________________________

10. labaha Kahulugan: ____________________
Pangungusap:
____________________________________________

11. lanseta Kahulugan: ____________________
Pangungusap:
____________________________________________

12. litid Kahulugan: ____________________
Pangungusap:
____________________________________________

13. magapi Kahulugan: ____________________
Pangungusap:
____________________________________________

14. mahilatsa Kahulugan: ____________________
Pangungusap:
____________________________________________

15. naiwawaglit Kahulugan: ____________________
Pangungusap:
____________________________________________

16. pahalihaw Kahulugan: ____________________
Pangungusap:
____________________________________________

17. popa Kahulugan: ____________________
Pangungusap:
____________________________________________

18. pumihit Kahulugan: ____________________

Pangungusap:
______________________________________

19. rabaw — Kahulugan: __________________
Pangungusap:
______________________________________

20. sagpangin — Kahulugan: __________________
Pangungusap:
______________________________________

21. salapang — Kahulugan: __________________
Pangungusap:
______________________________________

22. timon — Kahulugan: __________________
Pangungusap:
______________________________________

23. tumitining — Kahulugan: __________________
Pangungusap:
______________________________________

24. umuulos — Kahulugan: __________________
Pangungusap:
______________________________________

Ngayon sisimulan mo na ang pagbasa sa nobelang tampok sa araling ito. Isaalang-alang mo ang mga kasanayan na nalinang sa mga nakaraang baitang at markahan.



**Pagbasa**

**Ang Matanda at Ang Dagat**
Isinalin sa Filipino mula sa Ingles ni Jesus Manuel Santiago
"The Old Man and the Sea" ni Ernest Hemingway
(bahagi lamang)

Maayos silang naglayag at ibinaba ni Santiago ang kaniyang mga kamay sa tubig-alat at sinikap na linawin ang kaniyang isip. Mataas ang *cumulus clouds* at may sapat na *cirrus* sa ibabaw kaya alam ng matanda (Santiago) na tatagal ang simoy sa buong magdamag. Palaging tinitingnan ng matanda ang isda para makatiyak na totoo ito. Isang oras ito bago siya unang dinunggol ng pating.

Hindi aksidente ang pating. Pumaimbabaw siya mula sa kalaliman ng tubig habang tumitining at kumakalat ang maitim na ulap ng dugo sa dagat na isang milya ang lalim. Napakabilis niyang pumaimbabaw at walang kaingat-ingat na binasag ang rabaw ng asul na tubig at nasinagan siya ng araw. Pagkaraa'y bumalik siya sa tubig at sinundan ang amoy at nagsimulang lumangoy patungo sa direksiyon ng bangka at ng isda.

Kung minsan, naiwawaglit niya ang amoy. Pero malalanghap niya itong muli, o kahit bahagyang-bahagya lang ng amoy nito, at mabilis at masigla siyang lalangoy para sundan ito. Isa siyang napakalaking pating na Mako, ang katawan ay sadyang para lumangoy na kasimbilis ng pinakamabilis na isda sa dagat at napakaganda ng kaniyang kabuuan maliban sa kaniyang panga. Kasing-asul ng isdang-espada ang kaniyang likod, at pilak ang tiyan, at madulas at makisig ang kaniyang balat. Kahawig siya ng espada maliban sa kaniyang dambuhalang panga na nakatikom ngayon habang matulin siyang lumalangoy, halos nasa rabaw, parang kutsilyong humihiwa sa tubig ang mataas niyang palikpik sa likod. Sa loob ng sarado niyang panga, nakahilig paloob ang kaniyang walong hanay na ngipin. Hindi siya katulad ng karaniwang hugis-piramidong ngipin ng karamihang pating. Kahugis sila ng mga daliri ng tao kapag nakabaluktot na parang sipit. Kasinghaba sila halos ng mga daliri ng matanda at sintalas ng labaha ang talim sa magkabilang gilid. Ito ang isdang nilikha para manginain sa lahat ng isda ng dagat, napakabilis at napakalakas at armadong-armado kaya wala silang sinumang kaaway. Binilisan pa niya ngayon nang malanghap ang mas sariwang amoy at humiwa sa tubig ang kaniyang asul na palikpik sa likod.

Nang makita ng matanda na paparating ito, alam niyang isa itong pating na walang takot at gagawin ang lahat ng gusto nitong gawin. Inihanda niya ang salapang at hinigpitan ang lubid habang pinagmamasdan niya ang paglapit ng pating. Maigsi ang lubid dahil binawasan niya ito ng ipinangtali sa isda.

Malinaw at matino ang isip ng matanda ngayon at buong-buo ang pasiya pero halos walang pag-asa. Sa loob-loob niya, makatagal sana ang katinuang ito. Pinagmasdan niyang maigi ang malaking isda habang pinanonood ang paglapit nito. Mas mabuti pang naging isang panaginip lang ito, sa loob-loob niya. Hindi ko siya mapipigil sa pag-atake sa akin pero baka makuha ko siya. Dentuso, sa loob-loob niya. Malasin sana ang nanay mo.

Mabilis na nakalapit sa popa ang pating at nang sagpangin nito ang isda, nakita ng matanda ang pagbuka ng bunganga at ang kakatwa nitong mata at ang lumalagatok na pagtadtad ng mga ngipin habang nginangatngat ang karne sa may ibabaw ng buntot. Nakaangat sa tubig ang ulo ng pating at lumilitaw ang likod at naririnig ng matanda ang ingay ng balat at lamang nalalaslas sa malaking isda nang isalaksak niya ang salapang sa ulo ng pating sa dakong nagtatagpo ang guhit ng mga mata at ang guhit ng ilong. Walang gayong mga guhit. Ang naroon lamang ay mabigat at matulis na ulong asul at ang malalaking mata at ang lumalagutok, umuulos, nanlalamong mga panga. Pero ang kinalalagyan ng utak ang napuruhan ng matanda. Inulos niya ito ng mahusay na salapang na ubos-kayang ipinukol ng kaniyang kamay na nanlalagkit sa dugo. Inulos niya ito nang walang pag-asa pero may katatagan ng pasiya at lubos na hangaring maminsala.

Kumampay ang pating at nakita ng matanda na walang buhay ang mga mata nito at muli itong kumampay, at napuluputan siya ng dalawang ikid ng lubid. Alam ng matandang patay na pero hindi ito matanggap ng pating. Pagkatapos, nakatihaya, humahagupit ang buntot at lumalagutok ang mga panga, sinuyod ng pating ang tubig tulad sa paghaginit ng isang speed-boat. Puti ang tubig sa hambalos ng kaniyang buntot at tatlong sangkapat ng katawan ang nakaangat sa tubig nang mabanat ang lubid, kuminig at saka nalagot. Saglit na humigang tahimik sa ibabaw ng tubig ang pating at pinanood siya ng matanda. Pagkaraa’y dahan-dahan itong lumubog.

“Mga kuwarenta libras ang dala niya,” malakas na sabi ng matanda. Tinangay nito ang salapang ko at ang buong lubid, sa loob-loob niya, at nagdurugo ngayon ang isda ko at marami pang susunod.

Ayaw na niyang tingnan ang isda dahil nagkagutay-gutay na ito. Nang sagpangin ang isda, para siya rin ang nasagpang.

Pero napatay ko ang pating na sumagpang sa isda ko, naisip niya. At siya ang pinakamalaking dentuso na nakita ko. At alam ng Diyos na nakakita na ako ng malalaki.

Hindi kapani-paniwalang makatatagal siya, naisip niya. Sana’y isa lang itong panaginip ngayon at hindi ko sana nabingwit ang isda at nag-iisa akong nakahiga sa mga diyaryo.

“Pero hindi nilikha ang tao para magapi,” sabi niya. “Maaaring wasakin ang isang tao pero hindi siya magagapi.” Nagsisisi ako na napatay ko ang isda, sa loob-loob niya. Parating na ngayon ang masamang panahon at wala man lang akong salapang. Malupit ang dentuso, at may kakayahan at malakas at matalino. Pero mas matalino ako kaysa kaniya. Siguro’y hindi, sa loob-loob niya. Siguro’y mas armado lang ako.

“Huwag kang mag-isip, tanda,” malakas niyang sabi. “Magpatuloy ka sa paglalayag at harapin ang anumang dumating.”

Pero dapat akong mag-isip, naisip niya. Dahil iyon na lang ang natitira sa akin. Iyon at ang beisbol. Ewan ko kung magugustuhan ng dakilang DiMaggio ang pagkakaulos ko sa kaniya sa utak. Walang bagay ‘yon, sa loob-loob niya. Kayang gawin iyon ng kahit sino. Pero sa palagay mo ba’y malaking partida ang mga kamay ko kaysa mga taring buto? Hindi ko malalaman. Hindi ako nagkaroon kahit kailan ng sugat sa aking sakong maliban noong minsan na nakagat ito ng page nang matapakan ko siya nang lumalangoy at naparalisa ang ibabang binti at kumirot nang napakatindi.

“Mag-isip ka ng isang bagay na masaya, tanda,” sabi niya. “Bawat sandali’y papalapit ka na sa bahay. Mas magaan ngayon ang paglalayag mo dahil sa pagkawala ng kuwarenta libras.”

Alam na alam niya kung ano ang maaaring mangyari pagsapit niya sa panloob na bahagi ng agos. Pero wala nang magagawa ngayon.

“Oo, meron pa,” malakas niyang sabi. “Puwede kong itali ang aking lanseta sa puluhan ng isang sagwan.”

Kaya ginawa iyon habang kipkip ang timon at nakatapak sa tela ng layag.

“Ngayon,” sabi niya. “Isa pa rin akong matanda. Pero meron akong armas.”

Sariwa ngayon ang simoy at maayos siyang naglayag. Tiningnan niya ang bungad na bahagi ng isda at bumalik nang bahagya ang kaniyang pag-asa.

Kalokohan ang hindi umasa, sa loob-loob niya. Bukod pa’y naniniwala akong kasalanan ‘yon. Huwag kang mag-isip tungkol sa kasalanan, naisip niya. Marami nang problema ngayon kahit walang kasalanan. T’saka hindi ko ito naiintindihan.

Hindi ko iyon naiintindihan at hindi ko sigurado kung naniniwala ako roon. Kasalanan sigurong patayin ang isda. Iyon ang palagay ko kahit na ginawa ko iyon para ako mabuhay at mapakain ang maraming tao. Pero lahat naman ay kasalanan. Huwag kang mag-isip tungkol sa kasalanan. Masyado nang huli para diyan at may mga taong binabayaran para gawin iyon. Hayaan mong sila ang mag-isip tungkol doon. Isinilang ka para maging isang mangingisda tulad ng isda na ipinanganak para maging isang isda. Mangingisda si San Pedro at gayundin ang ama ng dakilang DiMaggio.

Pero gusto niyang pag-isipan ang lahat ng bagay na kinasasangkutan niya at nang husto at nag-isip siya nang nag-isip tungkol sa kasalanan. Hindi mo pinatay ang isda para lamang mabuhay ka o para ibenta bilang pagkain, sa loob-loob niya. Pinatay mo siya dahil sa iyong dangal at dahil isa kang mangingisda. Minahal mo siya noong siya’y buhay pa at minahal mo siya pagkatapos. Kung mahal mo siya, hindi kasalanang patayin mo siya. O mas malaking kasalanan ‘yon?

"Sobra kang mag-isip, tanda," malakas niyang sabi.

Pero tuwang-tuwa kang patayin ang dentuso, naisip niya. Nabubuhay siya sa buhay na isda, tulad mo. Hindi siya isang tagahalungkat ng basura o isa lamang gumagalang gutom tulad ng ilang pating. Maganda siya at marangal at walang kinakatakutan.

"Napatay ko siya sa pagtatanggol ko sa sarili," malakas na sabi ng matanda.

"At pinatay ko siyang mahusay."

Bukod pa, naisip niya, pinapatay naman ng lahat ang isa't isa, kahit paano. Kung paano ako pinapatay ng pangingisda, gayon din niya ako binubuhay. Binubuhay ako ng bata, sa loob-loob niya. Hindi ko dapat masyadong linlangin ang aking sarili.

Sumandig siya sa gilid at pumilas ng kapirasong karne ng isda sa pinagkagatan ng pating. Nginuya niya ito at napansin niya ang kalidad at sarap ng lasa nito. Matigas ito at makatas, parang karne, pero hindi ito pula. Hindi ito mahilatsa at alam niyang mataas ang magiging presyo nito sa palengke. Pero hindi matatanggal ang amoy nito sa tubig at alam ng matanda na may dumating na malaking kamalasan. Panatag ang simoy. Medyo umatras ito sa may hilagang-silangan at alam niya ang ibig sabihin niyon ay hindi ito huhupa. Tumanaw sa malayo ang matanda pero wala siyang makitang mga layag at wala na rin siyang makitang ni balangkas o usok ng anumang bangka. Ang naroon lamang ay ang isdang-lawin na patalon-talon sa magkabilang gilid ng kaniyang prowa at ang mga dilaw na kumpol ng damong gulpo.

Ni wala siyang makitang isa mang ibon. Dalawang oras na siyang naglalayag, nagpapahinga sa popa at paminsan-minsa'y ngumunguya ng kapirasong karne ng marlin, nagsisikap na magpahinga at magpalakas, nang makita niya ang una sa dalawang pating.

"Ay," malakas niyang sabi. Walang salin para sa katagang ito at marahil ay isa lamang itong ingay na magagawa ng gayong tao, hindi sinasadya, na nakararamdam sa pagbutas ng pako sa kaniyang kamay at pagtagos nito sa kahoy.

"Galanos," malakas niyang sabi. Nakita na niya ngayon ang pag-angat ng pangalawang palikpik sa likuran ng una at natukoy niya na ang mga ito ay pating na hugis-pala ang nguso batay sa kayumanggi, hugis-tatsulok na palikpik at sa pahalihaw na galaw ng buntot. Naamoy nila at tuwang-tuwa sila at sa kagunggongan ng kanilang matinding gutom, naiwawaglit nila at natatagpuan ang amoy sa kanilang katuwaan.

Pero palapit sila nang palapit. Mabilis na iniligpit ng matanda ang tela at isinisiksik ang timon. Pagkaraa'y kinuha niya ang sagwang tinalian niya ng lanseta. Maingat na maingat niyang binuhat ito dahil nagpupuyos sa sakit ang kaniyang mga kamay. Pagkaraa'y ibinukas-sara niya ang mga ito roon upang lumuwag sila. Isinara niya nang mahigpit para matiis ang sakit at huwag mamilipit at pinagmasdan niya ang pagdating ng mga pating.

Nakikita niya ngayon ang kanilang malapad, sapad, hugis-palang mga ulo at ang kanilang malalapad, puti ang dulong palikpik sa dibdib. Sila ay mga kamuhi-muhing pating, masama ang amoy, tagahalukay ng basura at mamamatay, at kapag sila'y gutom, kinakagat nila ang sagwan o katig ng isang bangka. Ang mga pating na ito ang pumuputol sa paa at kampay ng mga pagong kapag nakakatulog sa ibabaw ang mga pagong, at nanagpang sila ng taong nasa tubig, kung sila'y gutom, kahit hindi amoy dugo ng isda o malansan ang tao.

"Ay," sabi ng matanda. "Galanos. Sige, Galanos."

Dumating sila. Pero dumating silang di tulad ng Mako. Pumihit ang isa at naglaho sa paningin sa ilalim ng bangka at naramdaman ng matanda na naalog ang bangka habang kumikislot siya at hinihila ang isda. Pinanood ng isa ang matanda, naningkit ang dilaw na mga mata, at sinagpang ng kaniyang panga ang isda sa dakong nakagat na. Kitang-kita ang guhit sa ibabaw ng kaniyang kayumangging ulo at likod na hugpungan ng utak at gulugod at inulos ng matanda ang lanseta sa sagwan sa hugpungan, hinugot ito, at muling iniulos sa dilaw, tila sa pusang mata ng pating.

Binitiwan ng pating ang isda at dumausdos, lulon-lulon ang kaniyang nakagat habang siya'y namamatay.

Gumigiwang pa ang bangka dahil sa pamiminsala sa isda ng isa pang pating at binitiwan ng matanda ang layag para makabaling ang bangka at mapalitaw ang pating mula sa ilalim. Pagkakita niya sa pating, dumukwang siya sa gilid at hinambalos ito. Laman lamang ang tinamaan niya at matigas ang balat at hindi niya halos naibaon ang lanseta. Hindi lamang ang kaniyang mga kamay ang nasaktan sa kaniyang pag-ulos kundi pati ang kaniyang mga balikat. Pero mabilis na pumaimbabaw ang pating, una ang ulo, at tinamaan ito ng matanda sa gitnang-gitna ng sapad na ulo habang lumilitaw sa tubig ang nguso at inginasab sa isda. Hinugot ng matanda ang talim at muling inulos sa dating lugar ang isda. Nakakapit pa rin siya sa isda, sarado ang panga, at sinaksak ito ng matanda sa kaliwa nitong mata. Nakapangunyapit pa rin doon ang pating.

"Hindi pa rin?" sabi ng matanda at inulos niya ang patalim sa pagitan ng gulugod at utak. Madali na ngayon ang ulos na iyon at naramdaman niyang napatid ang litid. Binaligtad ng matanda ang sagwan at isiningit ang talim sa panga ng pating para buksan ito. Pinilipit niya ang talim sa panga ng pating para buksan ito. Pinilipit niya ang talim at habang dumadausdos ang pating, sabi niya, "Sige, galanos. Dumausdos ka nang isang milya ang lalim. Sumige ka at katagpuin ang iyong kaibigan, o baka iyon ang iyong ina."

Pinunasan ng matanda ang talim ng kaniyang lanseta at inilapag ang sagwan. Pagkaraa'y nakita niyang lumulobo ang tela at layag at ibinalik niya ang bangka sa dating paglalayag.

"May sangkapat niya siguro ang natangay nila at ang pinakamahusay na laman," malakas niyang sabi. "Sana'y panaginip lang ito at hindi ko sana siya nabingwit kailanman. Ikinalulungkot ko, isda. Dahil doo'y mali ang lahat.

Tumigil siya at ayaw na niyang tingnan ang isda ngayon. Said na ang dugo at lulutang-lutang, kakulay siya ng pilak na likod ng salamin at nakikita pa rin ang kaniyang mga paha.

"Hindi ako dapat nagpakalaot-laot, isda" sabi niya. "Hindi para sa iyo o para sa akin. Ikinalulungkot ko, isda.

"Ngayon, sabi niya sa sarili. Tingnan mo ang pagkakatali ng lanseta at tingnan mo kung nalagot. Pagkatapos ay ayusin mo ang iyong kamay dahil marami pang darating.

"Nakapagdala sana ako ng bato para sa lanseta," sabi ng matanda matapos tingnan ang tali sa puluhan ng sagwan. "Dapat akong nagdala ng bato." Marami kang dapat dinala, sa loob-loob niya. Pero hindi mo dinala, tanda. Hindi ngayon ang oras para isipin kung ano ang wala ka. Isipin mo kung ano ang magagawa sa kung ano ang nariryan.

"Sobra kang magpayo nang mabuti," sabi niyang malakas. "Sawa na ko r'on."

Kinipit niya ang timon at ibinabad ang dalawang kamay sa tubig habang umuusad ang bangka.

"Alam ng Diyos kung gaano ang nakuha ng huling iyon," sabi niya. "Pero hamak na mas magaan siya ngayon." Ayaw niyang isipin ang nagkagutay-gutay na tiyan ng isda. Alam niyang sa bawat pakislot na bunggo ng pating ay napipilas ang karne at ngayo'y sinlapad ng haywey sa dagat ang nalilikhang bakas ng isda na pagsusumundan ng lahat ng pating.

Mairaraos ng isang tao ang buong taglamig sa isdang iyon, sa loob-loob niya. Huwag mong isipin iyan. Magpahinga ka lang at ihanda ang mga kamay mo para sa ipagtanggol ang nalalabi sa kaniya. Balewala na ang amoy ng dugo sa mga kamay ko ngayong nangangamoy ang buong dagat. Bukod pa'y hindi na sila gaanong nagdurugo. Walang anumang sugat na dapat ikabahala. Baka makatulong pa ang pagdurugo para huwag pulikatin ang kaliwa.

Ano pa ba ang puwede kong isipin ngayon? Naisip niya. Wala. Wala akong dapat isipin at hintayin ang mga susunod pa. Sana nga'y panaginip lang iyon, sa loob-loob niya. Pero sino ang makapagsasabi? Baka naman mapaigi pa 'yon.

http://filipino10niwarville.blogspot.com/2015_07_01_archive.html Retrieved on 20 February 2017

Kumusta ka sa iyong pagbasa sa bahagi ng nobela. Nawa'y naging makabuluhan ang karanasan ng interaksyon sa teksto. Ngayon, pagkakataon mo nang subukin ang iyong pag-unawa sa teksto.

**GAWAIN BLG. 6: SIMPLE CLOSE READING**

Suriin ang binasang akda na "Ang Matanda at ang Dagat". Tugunan ang grapikong pantulong sa ibaba. Maging matapat sa pagtugon sa gawain upang mataya mo ang iyong sarili sa pagbasa nang sa gayon ay matulungan ka rin ng iyong guro.

| Parirala/Pahayag | Pangunahing Ideya | Paghahambing sa Teksto |
|---|---|---|
| May mga parirala o pahayag bang hindi mo naunawaan sa akda? | Ano ang mga pangunahing ideya? | Paano naiiba ang tekstong ito sa iba? |
| May mga salita ba o pahayag tumawag ng iyong pansin? | Anong mga patunay sa pangunahing ideya ang makikita sa akda? | Paano magkatulad sa ibang akda ang tekstong ito? |

May mga salita bang angat at higit na mahalaga sa kahulugan ng akda?

Sa usapan ng mga tao madalas nabubuo ng iba't ibang tunggalian. Ngunit sa pag-uusap din nasosolusyunan ang mga tunggalian. Kaya maging handa sa pakikipag-ugnayan sa ibang mag-aaral para sa kasunod na gawain.

**GAWAIN BLG. 7: POST IT AT PAG-USAPAN**

Sa akda na iyong binasa, mababatid mo na kinakausap ng matanda ang kanyang sarili. Tukuyin mo ang mga bahagi ng akda kung saan nagpapahayag at sinasagot ng tauhan ang kanyang sarili. Suriin ang tunggaliang nararanasan ng tauhan na nasasalamin sa kanyang mga pahayag. Isalaysay ang mga tunggaliang naranasan nang nailalahad ang sanhi, epekto at pagreresolba ng tauhan sa naturang tunggalian. Isulat nang magkahiwalay sa tatlong post it ang maikling-maikling mga salaysay ng naganap na tunggalian. Ipaskil sa pisara o dingding ng silid-aralan ang iyong mga post it subalit itabi mo ang iyong post it sa mga post it

ng iyong kamag-aaral na may parehong ideya o nilalaman. Talakayin ninyo sa isa't isa ang inyong mga pananaw hinggil sa mga tunggaliang naranasan ng tauhan.



http://cdn.arn.com.au/media/7279776/dc321-post-it-notes-and-pins-fd984.jpg

**Rubrik sa pagmamarka**

| | |
|---|---|
| **3** | Naisasalaysay ang naranasang tunggalian ng tauhan na mababatid sa naging usapan o pagpapahayag at napatutunayan ito sa pamamagitan ng paglalahad ng tiyak na mga diyalogo. |
| **2** | Naisasalaysay ang naranasang tunggalian ng tauhan na mababatid sa naging usapan o pagpapahayag subalit hindi tiyak ang inilahad na diyalogo na magpapatunay rito. |
| **1** | Naisasalaysay ang naranasang tunggalian ng tauhan na mababatid sa naging usapan o pagpapahayag ngunit walang ibinigay na patunay na diyalogo. |
| **0** | Hindi naisalaysay ang tunggalian ng tauhan na mababatid sa usapan o pagpapahayag. |

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Bakit naranasan ng pangunahing tauhan ang iba't ibang tunggalian?

_____________________________________________
_____________________________________________
_____________________________________________
_____________________________________________
_______________

2. Paano tinugunan ng pangunahing tauhan ang tunggaliang kinaharap niya?

_____________________________________________
_____________________________________________
_____________________________________________
_____________________________________________
_______________

3. Anong tunggalian ang puno't dulo ng suliranin ng tauhan? Bakit?

_____________________________________________
_____________________________________________
_____________________________________________
_____________________________________________
_______________

4. Paano hinarap ng tauhan ang tunggaliang humahamon sa kanya?

_____________________________________________
_____________________________________________
_____________________________________________
_____________________________________________
_______________

5. Anong katangian ng tauhan ang mahihinuha sa mga pahayag niya kaugnay ng tunggaliang kanyang kinasasangkutan?

_____________________________________________
_____________________________________________
_____________________________________________
_____________________________________________
_______________

6. Bakit mahalagang nasusuri ang tunggalian sa mga akdang pampanitikan Kanluranin?

_____________________________________________
_____________________________________________
_____________________________________________

Higit na madaling matukoy ang tunggalian sa pahayag kapag malinaw at mabisa ang pagkakabuo sa mga ito. Kaya bago ka tumuloy sa mga kasunod na gawain na maglilinang sa iba pang kasanayan, balikan mo mo ang kahalagahan ng mabisang pagpapahayag na kailangan sa inaasahang produkto para sa markahang ito.

**GAWAIN BLG. 8: PAANO MABISANG MAKAPAGPAHAYAG?**
Basahin ang dalawang talata sa ibaba. Suriin at ipaliwanag kung aling talata ang higit na mabisa kaysa isa. Bilugan ang talata na natukoy mong mahina. Ayusin sa pamamagitan ng pagrerebisa ang talatang nahigitan ng isang mabisang talata.

| **Talata 1** | **Talata 2** |
|---|---|
| Maraming tao ay nag-aakala na ang mga *videogames* ay biolente at ang paglalaro nito ay isang aaksaya lamang ng oras. Ilang porsyento ng tao ay nagsasabi na hindi nakakapag-turo ang mga *videogames*, lalo na sa mga bata. Sinasabi rin nila na ang paglalaro nito ay walang mabuting maidudulot at ito ay nagiging sanhi sa pagiging tamad sa paggawa ng takdang-aralin at mga gawaing pambahay. Masasabi kong, oo, ito ay may katotohanan subalit ang kaalaman ay makakamtan sa iba't ibang paraan at ang *videogames* ay kasali rito. | Hindi na kapani-panibago ang eksena ng maagang pagbubuntis sa mga dalagang kabataan ngayon. At sa taong 2010, tumaas sa 1,305 ang mga panibagong kaso ng HIV/AIDS sa bansa, kumpara sa taong 2009 na may bilang na 835. Ito ay marahil sa imfluwensya ng pag-usad ng teknolohiya, dahil namulat na ang kabataan sa mga di-kanais-nais na bagay sa mundo. Isa na rito ang pornograpiya, na madalas nakukuha mula sa Internet o sa mga panlalaking magasin tulad ng Playboy, FHM, at iba pa. Hindi na maiiwasan ang paglago ng teknolohiya, ngunit maaari pa nating makontrol ang nakasisirang bunga nito. |

| **Rebisyon** | **Rebisyon** |
|---|---|
| | |

Pagbabatayan: **Ang gramatika at retorika**
[https://prezi.com/fj2o4egjka3e/ang-gramatika-at-retorika/](https://prezi.com/fj2o4egjka3e/ang-gramatika-at-retorika/)

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Ano ang nabatid mong kalakasan ng isang mabisang pagpahayag? Ipaliwanag.

   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ____________________

2. Ano naman ang nabatid mong kahinaan at kakulangan ng isang pahayag na hindi mabisa. Ipaliwanag.

   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ____________________

3. Ano-ano ang dapat isaalang-alang sa mabisang pagpapahayag? Ipaliwanag.

   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ____________________

4. Paano naman magkaiba ang kabisaan ng pasulat na pagpapahayag sa pasalita?
_______________________________________________________________________
_______________________________________________________________________
_______________________________________________________________________
_______________________________________________________________________
________________________

5. Batay sa iyong pagtataya, may mga pahayag ba sa akdang "Ang Matanda at ang Dagat" ang dapat marebisa upang higit na maging mabisa? Ipaliwanag.
_______________________________________________________________________
_______________________________________________________________________
_______________________________________________________________________
_______________________________________________________________________
________________________

6. Paano naman nagpamalas ng mabisang pagpapahayag ang akdang "Ang Matanda at ang Dagat"?
_______________________________________________________________________
_______________________________________________________________________
_______________________________________________________________________
_______________________________________________________________________
________________________

7. Paano nakaimpluwensya sa iyong pag-unawa ang mabisang pagpapahayag?
_______________________________________________________________________
_______________________________________________________________________
_______________________________________________________________________
_______________________________________________________________________
________________________

8. Bakit mahalagang mabisa ang pagpapahayag sa mga akdang pampanitikan?
_______________________________________________________________________
_______________________________________________________________________
_______________________________________________________________________
_______________________________________________________________________
________________________

9. Bakit mahalagang nasusuri rin ang kabisaan ang pagpapahayag sa mga akdang pampanitikang Kanluranin?
_______________________________________________________________________
_______________________________________________________________________

Hindi sa dami ng impormasyon nakasalayay ang tagumpay at bisa ng anumang teksto kundi sa kakayahan ng may-akda na mapagsama-sama ang ito nang nagtutulungan at nagkakaisa sa paghahatid ng mensahe. Ngayon, buksan naman ang iyong isipan at kalooban sa pag-alam sa mga teoryang pampanitikan na kailangan sa pagsusuri ng panitikan.

**GAWAIN BLG. 9: PAGSUSURI GAMIT ANG TEORYA**

Suriin ang binasang bahagi ng akdang "Ang Matanda at ang Dagat" sa pananaw realismo, sikolohikal at eksistensyalismo. Sa itinakdang bahagi ng tatsulok, sumulat ng isang maikling talata na tumatalakay sa akda sa pananaw realismo, sikolohikal at eksistensyalismo. Lalamanin ng iyong talata ang pagpapakilala sa teorya, pagpapaliwanag kung paano ito mababatid sa akda, at pagbibigay ng patunay buhat sa teksto. Gawing gabay sa pagsusuri ang rubrik sa ibaba.

Rubrik sa pagmamarka

| | |
|---|---|
| **3** | Naipaliliwanag ang teksto sa isang tiyak na pananaw at nakapagbibigay ng tiyak na mga patunay mula sa teksto. |
| **2** | Naipaliliwanag ang teksto sa isang tiyak na pananaw subalit hindi tiyak ang inilahad na mga patunay mula sa teksto. |
| **1** | Naipaliliwanag ang teksto sa isang tiyak na pananaw ngunit walang ibinigay na patunay mula sa teksto. |
| **0** | Hindi naipaliwanag ang teksto sa tiyak na pananaw. |




Ngayon ipagsasanib mo ang iba't ibang kasanayang pampanitikan at pangwika sa mga kasunod na gawain. Balikan ang mga napag-aralan mong tuntunin sa paggawa ng *critique* sa unang markahan.

**GAWAIN BLG. 10: PAGSULAT NG SURING-BASA**

Basahin ang kompletong teksto ng nobelang "Ang Matanda at ang Dagat". Suriin ang kabuuan nito. Pagkatapos basahin, bumuo ng isang suring-basa na tumutugon sa inaasahang nilalaman nito na itinakda sa ibaba. Isulat ang suring-basa sa paraang talataan.

**The Old Man and the Sea** (Full Text in English)
https://la.utexas.edu/users/jmciver/Honors/Fiction%202013/Hemmingway_The%20Old%20Man%20and%20the%20Sea_1952.pdf

Bahagi ng Suring-Basa

- Pagpapakilala sa may-akda at kanyang dahilan sa pagsulat nito
- Anyo ng panitikan at genre
- Layunin ng akda
- Tema o paksa ng akda
- Mga tauhan sa akda
- Tagpuan/Panahon
- Nilalaman/Balangkas ng mga pangyayari
- Mga kaisipan/Ideyang taglay ng akda
- Estilo ng pagkakasulat ng akda
- Buod ng akda
- Pagsusuri sa akda sa pananaw realismo, sikolohikal at eksistensyalismo

| Pangalan: ________________________________ | Guro: ________________________ |
| --- | --- |
| | |

Nabasa at nasuri mo na ang nobelang “Ang Matanda at ang Dagat”. Sa susunod na gawain, iuugnay mo ang nobela sa ibang anyo ng panitikan.

**GAWAIN BLG. 11: SARILING WAKAS**

Panoorin ang isang maikling pelikula na pinamagatang “The Blue and the Beyond”. Ihambing ang pelikulang ito sa nobelang “Ang Matanda at ang Dagat”. Pagkatapos, balikan kung paano nagwakas ang pelikula. Bumuo ng pangkat na may limang miyembro. Pag-usapan ninyo kung paano ninyo gustong magwakas ang pelikula na naiiba ito sa orihinal na wakas. Ipaliwanag kung bakit ganitong uri ng wakas ang iyong gusto. Ang inaasahang produkto mula sa iyong pangkat ay isang set-up na serye ng mga larawan na nagpapakita ng inyong wakas na naisasalaysay sa tulong ng caption sa bawat larawan.




https://www.youtube.com/watch?v=fdu293uJoAo

The Blue and Beyond
**CGI Animated Short Film HD:**
**"The Blue & the Beyond Short Film"**
**by San Jose State University**

**STORYBOARD NG SARILING WAKAS**

| | | |
|---|---|---|
| Set-up photo 1 storyboard<br>Caption 1 | Set-up photo 2 storyboard<br>Caption 2 | Set-up photo 3 storyboard<br>Caption 3 |
| Set-up photo 4 storyboard<br>Caption 4 | Set-up photo 5 storyboard<br>Caption 5 | Set-up photo 5 storyboard<br>Caption 6 |
| Set-up photo 7 storyboard<br>Caption 7 | Set-up photo 8 storyboard<br>Caption 8 | Set-up photo 9 storyboard<br>Caption 9 |

**PALIWANAG**

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Bakit napagkasunduan ninyo na ganoon ang maging wakas ng short film?

2. Paano ninyo idinisenyo ang inyong daloy na maging angkop sa pagdudugtungang pelikula?
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________
   ________________

3. Bakit mahalagang nasusuri ang panitikan ng ibang mga bansa?
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________
   ________________

4. Paano nakaapekto ang inyong desisyon na wakas ang inyong mga perspektibo sa buhay?
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________
   ________________


**Katapusang Bahagi ng Paglinang**

Natamo mo na sa paglinang ang sapat na impormasyon upang maunawaan mo ang kabuluhan ng pagpapahalaga sa nobela na pagpapalaganap ng kaalaman at pagpapahalaga ukol kultura ng atin at ibang lahi. Ngayon naman, paigtingin ang hawak mo nang kaalaman at pag-unawa ukol sa paksa sa pamamagitan ng pagtupad sa mga gawaing magpapatunay sa mga ito.

## PAGPAPALALIM

Natamo mo na sa paglinang ang sapat na impormasyon upang maunawaan mo ang kabuluhan ng sanaysay na pagpapalaganap ng kaalaman at pagpapahalaga ukol kultura ng isang lahi. Ngayon naman, paigtingin ang hawak mo nang kaalaman at pag-unawa ukol sa paksa sa pamamagitan ng pagtupad sa mga gawaing magpapatunay sa iyong kaalaman at pag-unawa.

Ngayon magbabasa ka ng panibagong teksto upang subukin ang iyong kakayahan sa pagsuri sa tunggalian at paglapat ng iba't ibang pananaw sa pagsusuri ng akdang pampanitikan.



**Pagbasa**

Basahin ang bahagi ng nobelang “Ang Simura ng Paris” sa pamamagitan ng pagklik sa link sa ibaba.

**ANG SIKMURÀ NG PARÍS**

(Le Ventre de Paris)

nobela ni Émile Zola.

salin sa eleganteng Filipino ni Roberto T. Añonuevo.

LINK: https://dakilapinoy.wordpress.com/2016/04/27/ang-sikmura-ng-paris-ni-emile-zola/

Ang mga kasunod na gawain ay pagtataya sa iyong kakayahan sa pagsuri ng nobela. Siguruhing makapagpahayag ng malinaw upang matiyak na mabisang matatanggap ang iyong pananaw sa paksa.

**GAWAIN BLG. 12: PAGSASALAYSAY SA TUNGGALIAN**

Suriin ang mga diyalago sa pagitan nina Emil at ng kanyang ina sa unang dalawang kabanata sa nobelang “Si Emil at ang Detektib”. Isalaysay ang pangunahing tunggalian na mayroon ang dalawa. Limitahin ang iyong talata sa 6-8 pangungusap at hindi hihigit sa 120 ang bilang ng salita. Gawing gabay sa pagsusuri ang rubrik sa ibaba.

Rubrik sa pagmamarka

| | |
|---|---|
| **3** | Naisasalaysay ang naranasang tunggalian ng tauhan na mababatid sa naging usapan o pagpapahayag at napatutunayan ito sa pamamagitan ng paglalahad ng tiyak na mga diyalogo. |
| **2** | Naisasalaysay ang naranasang tunggalian ng tauhan na mababatid sa naging usapan o pagpapahayag subalit hindi tiyak ang inilahad na diyalogo na magpapatunay rito. |
| **1** | Naisasalaysay ang naranasang tunggalian ng tauhan na mababatid sa naging usapan o pagpapahayag ngunit walang ibinigay na patunay na diyalogo. |

**PAGSASALAYSAY SA TUNGGALIAN**

## GAWAIN BLG. 13: PAGSUSURI SA PANANAW REALISMO AT SIKOLOHIKAL

Suriin sa pananaw realismo at sikolohikal ang unang dalawang kabanata ng nobelang "Si Emil at ang Detektib". Limitahin ang iyong talata sa 6-8 pangungusap at hindi hihigit sa 120 ang bilang ng salita. Gawing gabay sa pagsusuri ang rubrik sa ibaba.

Rubrik sa pagmamarka

| | |
|---|---|
| **3** | Naipaliliwanag ang teksto sa isang tiyak na pananaw at nakapagbibigay ng tiyak na mga patunay mula sa teksto. |
| **2** | Naipaliliwanag ang teksto sa isang tiyak na pananaw subalit hindi tiyak ang inilahad na mga patunay mula sa teksto. |
| **1** | Naipaliliwanag ang teksto sa isang tiyak na pananaw ngunit walang ibinigay na patunay mula sa teksto. |
| **0** | Hindi naipaliwanag ang teksto sa tiyak na pananaw. |

**PAGSUSURI SA PANANAW REALISMO**

**PAGSUSURI SA PANANAW SIKOLOHIKAL**

Nasubok mo na ang iyong kaalaman at pag-unawa sa pinahalagahang nobela. Ngayon, subukin mo namang patunayan ang iyong natamong pag-unawa sa kabuluhan ng pag-aaral ng mga panitikan mula sa Kanluran.

**GAWAIN BLG. 14: GUIDED GENERALIZATION FOR ENDURING UNDERSTANDING**

**ANO ang pakay ng gawaing Guided Generalization for Understanding?**

✓ Ang gawaing Guided Generalization (GG) ay naglalayon na hamunin at subukin ang pag-unawa ng mag-aaral sa iba't ibang kaalaman, kasanayan at pagpapahalaga na natamo sa iba't ibang karanasang pampagkatuto sa isang buong markahan. Sa pamamagitan ng pagtupad sa iba't ibang bahagi ng GG, muling ipamamalas ng mag-aaral ang iba't ibang kasanayang natamo at natayo sa markahan upang ipahayag ang sariling pagpapahalaga sa iba't ibang kaalaman, kasanayan at pagpapahalaga na nalinang at napalalim sa isang tiyak na markahan.

**PAANO tutugunan ang gawaing Guided Generalization for Understanding?**

1. Unawain ang mahalagang tanong: **Paano nakatutulong ang panitikan sa pag-unawa sa pamumuhay ng iba't ibang tao sa mundo?**
2. Basahin at suriin ang unang teksto nang isinasaalang-alang ang mahalagang tanong.
3. Sa bahagi ng **Panukala**, isulat ang iyong ideya/sagot batay sa iyong naunawaan sa teksto sa unang teksto kaugnay ng mahalagang tanong.
4. Sa bahagi ng **Mga kondisyon mula sa teksto**, magtala ng mga impormasyon o tuwiring sumipi ng mga parirala/pahayag mula mismo sa unang teksto na susuporta sa iyong panukang sagot.
5. Ulitin ang mga hakbang 2, 3 at 5 para sa ikalawa at ikatlong teksto.
6. Sa bahagi ng **Pagsasanib**, suriin kung paano nagkakatulad o nagkakaugnay-ugnay ang mga *kondisyon* mula sa iba't ibang teksto.
7. Sa bahagi ng Mahalagang Pag-unawa, ipahayag at ipaliwanag kung ano ang sinasabi ng iba't ibang kondisyon mula sa teksto kaugnay ng **Mahalagang Tanong**? Magbanggit ng mga kondisyon na hango sa tatlong teksto upang mapatunayan ang paglalahat sa pag-unawa.
8. Gawing gabay sa pagpapahayag ng iyong Mahalagang Pag-unawa ang rubrik sa ibaba. Ang rubrik ang batayan sa pagmamarka ng iyong sagot sa bahagi ng Mahalagang Pag-unawa.

**Rubrik sa pagmamarka sa Mahalagang Pag-unawa:**

| Puntos | Katangian |
|---|---|
| 4 | Komprehensibo at makabuluhan ang nabuong paglalahat sa mga kaisipan sa mga teksto at nasuportahan ito ng iba't ibang kondisyon mula sa tatlong teksto para sa pag-unawang inilahad. |
| 3 | Makabuluhan ang nabuong paglalahat sa mga kaisipan sa mga teksto ngunit dalawang kondisyon lamang mula sa magkaibang teksto ang binanggit bilang suporta sa pag-unawang inilahad. |
| 2 | Kakikitaan ng kabuluhan ang nabuong paglalahat sa mga kaisipan sa mga teksto ngunit isang kondisyon lamang ang binanggit bilang suporta sa pag-unawang inilahad. |
| 1 | Maaaring makabuluhan ang nabuong paglalahat ngunit walang patunay na susuporta dito. |

## GUIDED GENERALIZATION FOR ENDURING UNDERSTANDING
FILIPINO 10 – Ikalawang Markahan

**Mahalagang Tanong: Paano nakatutulong ang panitikan sa pag-unawa sa pamumuhay ng iba't ibang tao sa mundo?**

| TEKSTO 1 | TEKSTO 2 | TEKSTO 3 |
|---|---|---|
| **Awit ng Pag-asa**<br>ni Ruben Dario<br>(Nicaragua) | **Maaaring Lumipad ang Tao**<br>ni Virginia Hamilton (USA) | **Talumpati ni Dilma Rousseff**<br>(Brazil) |
| **Panukala:**<br>• | **Panukala:**<br>• | **Panukala:**<br>• |
| **Mga kondisyon mula sa teksto:**<br>▪ ________________<br>▪ ________________<br>▪ ________________ | **Mga kondisyon mula sa teksto:**<br>▪ ________________<br>▪ ________________<br>▪ ________________ | **Mga kondisyon mula sa teksto:**<br>▪ ________________<br>▪ ________________<br>▪ ________________ |
| **Pagsasanib**: Paano nagkakatulad o nagkakaugnay-ugnay ang mga ***kondisyon*** mula sa iba't ibang teksto? | | |

| Mahalagang Tanong:<br><br>**Paano nakatutulong ang panitikan sa pag-unawa sa pamumuhay ng iba't ibang tao sa mundo?** | **MAHALAGANG PAG-UNAWA:** |
|---|---|

**TEKSTO 1**
**Awit ng Pag-asa**
salin ng "Canto de Esperanza" ni Rubén Darío ng Nicaragua.
salin sa eleganteng Filipino ni Roberto T. Añonuevo ng Filipinas.
LINK: https://dakilapinoy.wordpress.com/2016/07/27/awit-ng-pag-asa-ni-ruben-dario/ Retrieved on 02 March 2017

**TEKSTO 2**
**Maaaring Lumipad ang Tao**
Naisalaysay ni Virginia Hamilton (USA)
Isinalin sa Filipino ni Roderic P. Urgelles
LINK:http://filipino10niwarville.blogspot.com/2015/08/maaaring-lumipad-ang-tao.html Retrieved on 20 September 2016

**TESKTO 3**
**Sipi mula sa Talumpati ni Dilma Rousseff sa Kaniyang Inagurasyon**
(Kauna-unahang Pangulong Babae ng Brazil) Isinalin sa Filipino ni Sheila C. Molina
LINK:http://filipino10niwarville.blogspot.com/2015/07/sipi-mula-sa-talumpati-ni-dilma.html Retrieved on 22 July 2015

Nasubok mo na ang iyong kaalaman at pag-unawa. Babalikan mo ang isang gawain na dati mong nasagot sa umpisa ng aralin. Suriin ang iyong pag-unlad sa pamamagitan ng pagtingin sa pagbabago sa iyong sagot.

**GAWAIN BLG. 16 ANTICIPATION-REACTION GUIDE**
Muling basahin ang mga paglalarawan hinggil sa pag-aaral ng nobela. Kung sang-ayon ka sa paglalarawan, lagyan ng tsek (✓) ang kahon sa kaliwa nito at ekis (✕) naman kung hindi ka sang-ayon.

**ANTICIPATION-REACTION GUIDE**

| BAGO NG TALAKAYAN | PAGLALARAWAN SA PAG-AARAL NG NOBELA | PAGKATAPOS NG TALAKAYAN |
|---|---|---|
| 1 | Ang nobela ay may iisang suliranin na tampok. | 1 |
| 2 | Tanging nobela lamang ang panitikan na may iba't ibang bahagi ng kwento. | 2 |
| 3 | Maiugnay sa kasalukuyan ang nobela nilalaman ng nobela kahit pa ito ay *fiction*. | 3 |
| 4 | May makikitang mga imahen at simbolismo sa nobela na kailangang unawain nang mabuti. | 4 |
| 5 | Dahil higit na detalyado ang pagsasalaysay sa nobela, mababatid sa tauhan ang kanyang pagdedesisyon, paraan ng pag-iisip, at kalakasan bilang tao. | 5 |
| 6 | Higit na nailalantad ang pag-unlad ng karakter ng tauhan sa nobela kaysa ibang uri ng kwentong tuluyan. | 6 |
| 7 | Malaki ang impluwensya ng estilo ng pagsulat ng may-akda sa pag-unawa ng mambabasa sa nobela. | 7 |
| 8 | Mahahamon ang kamalayan (awareness) ng mambabasa kapag sumusubaybay ng nobela. | 8 |
| 9 | Tulad ng telenobela at epiko, maraming maliit na banghay sa nobela na nagtutulong-tulong upang mailantad ang mas malaking banghay. | 9 |
| 10 | Inilalagay ng mambabasa ang kanyang sarili sa posisyon ng tagapagsalaysay sa nobela. | 10 |

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. May pagbabago ba sa iyong tugon? Sa aling mga aytem?
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
_______________

2. Bakit kaya nagbago ang iyong pananaw sa mga paglalarawan sa pag-aaral sa nobela?
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
_______________

3. Bakit mahalagang mapag-aralan ang mga akdang pampanitikang Kanluranin?
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
_______________

**Katapusang Bahagi ng Paglinang**

Napalawak mo na ang iyong kaalaman at pag-unawa ukol pagsusuri ng nobela sa tulong ng mga akda mula sa Kanluran. Napag-alaman mong may iba't ibang pananaw sa pagpapahalaga sa akda. Natutuhan mo rin kung paano nakaaapekto ang maraming salig sa pag-unawa sa pinahahalagahang panitikan.

## PAGLILIPAT

Matapos mong patunayan na nakatutulong sa ugnayang pandaigdig ang pag-aaral ng panitikan mula sa iba't ibang bansa, ililipat mo ngayon ang iyong mga natutuhan at naunawaan sa pamamagitan ng pagpapatunay sa mga kakayahang natamo. Isaalang-alang sa iyong sarili ang mga kasanayan at mahahalagang pag-unawang iyong natamo sa lahat ng aralin sa modyul na ito. Isasakatuparan mo sa bahaging ito ang inaasahang pagganap para sa markahang ito. Simulan mo na ang paglilipat.

**GAWAIN BLG. 17: PAGSASANAYSAY**

Bumuo ng isang sanaysay na nagtatampok at nagpapahalaga sa pagpunta ng mga dayuhan sa Pilipinas upang isakatuparan ang programa ng kanilang kinabibilangang NGO. Gamit ang http://www.readwritethink.org/files/resources/interactives/essaymap/, bumuo ng isang balangkas ng bubuuing sanaysay kaugnay ng paksa. Gawing batayan sa pagsulat ng iyong sanaysay ang balangkas sa Essay Map saka ito ilathala sa www.blog.com. Isaalang-alang lamang ang sumusunod na panuntunan:

- Tiyaking magkahiwalay ang mga talata ang panimula, katawan at wakas ng iyong sanaysay.
- Dapat hindi baba sa 500 salita at hindi hihigit sa 700 salita ang bubuuing sanaysay.
- Pumili ng isang angkop na pamagat para sa nabuong sanaysay.
- Ilakip sa PDF file ng iyong ginawang balangkas sa Essay Map at URL ng iyong inilathalang sanaysay.
- I-post din sa discussion board ang nabuong sanaysay upang mabasa't masuri ng iyong kamag-aaral.

| | |
|---|---|
| **Attach PDF here** | |

| | |
|---|---|
| **Attach URL here** | |

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Paano nakatulong sa iyong pagsulat ng sanaysay ang mungkahing balangkas sa Essay Map?
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ________

2. Paano mo isinakatuparan ang ginawang balangkas o plano ng iyong sanaysay?
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ________

3. May mga ginawa ka bang pagbabago sa aktwal na sanaysay na iyong binuo? Bakit?

___________________________________________________________
___________________________________________________________
__________

4. Ano ang iyong batayan upang masabing mabisa ang iyong binuong sanaysay? Bakit?

___________________________________________________________
___________________________________________________________
__________

Ngayon itaya mo naman ang iyong sarili laban sa mga kasanayang inaasahang malinang sa kabuuan ng modyul na ito at ililipat sa produktong inaasahan.

**GAWAIN BLG. 18: SARILING PAGTATAYA SA MGA KASANAYANG PAGGANAP**

Sa iba't ibang aralin sa modyul na ito, ikaw ay sumuri at bumuo ng iba't ibang akdang pampanitikan. Bago ka dumako sa kasunod na gawain, suriin mo muna ang iyong sariling kahandaan gamit ang talahanayan sa ibaba. Lagyan ng tsek ang kahon na tumutugon sa iyong sariling pagtataya.

| **MGA KASANAYANG PAGGANAP** | Magagawa ko itong mag-isa sa iba't ibang paraan | Magagawa ko itong mag-isa | Kailangan ka pa ng tulong sa pagsasagawa nito |
|---|---|---|---|
| 1. Nailalahad ko ang kultura ng lugar na pinagmulan ng sinuring akda | | | |
| 2. Naihahambing ko ang paniniwala, kultura at karanasan sa akdang sinuri sa kasalukuyan | | | |
| 3. Nagagamit ko nang wasto ang pokus ng pandiwa | | | |
| 4. Naipaliliwanag ko ang katangian ng mga tao sa bansang pinagmulan ng akdang sinuri | | | |
| 5. Naibabahagi ko ang sariling damdamin at saloobin hinggil sa pagkakaiba ng sariling kultura sa kultura na tampok sa sinuring akda | | | |
| 6. Nagagamit ko ang matatalinhagang pagpapahayag sa pagsusulat | | | |
| 7. Naisasalaysay ko nang masining ang isang makabuluhang karanasan | | | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 8. Nakapagkukwento ako tungkol sa mga kasalukuyang pangyayari kaugnay ng mga kaganapan sa sinuring akda | | | |
| 9. Naisasalaysay ko ang mga tunggaliang natunghayan sa kasalukuyan kaugnay ng tunggaliang tampok sa akda | | | |
| 10. Naipahahayag ko nang may katalinuhan ang sariling kaalaman at opinyon tungkol sa isang napapanahong paksa | | | |
| 11. Nakapagpapalawak ako ng pangungusap gamit ang iba't ibang pagpapalawak | | | |

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Paano mo mailalarawan ang iyong sarili kaugnay ng resulta ng ginawa mong sariling pagtataya gamit ang talahanayan sa itaas?

2. Ano-anong paghahanda ang kailangan mong gawin upang higit na maging mabisang manunulat? Bakit?

3. Papaano higit na mabisang makapagpahayag gamit ang iba't ibang panitikan?

4. Bakit kailangan ang mga kasanayang nakatala sa talahayan sa itaas sa iyong pakikilahok sa pagpapayaman sa panitikan ng mundo?

5. Bakit kailangan mong makilahok sa pagpapayaman sa panitikan ng mundo?

6. Paano mo mapakikinabangan sa pansariling kapakanan ang mga kasanayang ito? Patunayan.

Ngayon handa nang ilipat ang mga kaalaman, kasanayan at pag-unawa sa pinakamahalagang patunay ng pagkatuto sa markahang ito.

**GAWAIN BLG. 19: ANG PILIPINO AT IBA PA**



TASK

Inatasan kang sumulat ng isang akdang pampanitikan ukol sa iba't ibang aspekto ng pakikidaupang-palad ng mga dayuhan sa mga Pilipino. Pumili ng isa sa mga sumusunod na sitwasyon kung saan isasakatuparan mo ang iyong kaalaman sa paghahambing sa katangian, kultura at karanasan ng mga nagkakadaupang-palad na lahi.

| **MANANAYSAY** | **KWENTISTA** | **MAKATA** |
|---|---|---|
| Isa ka sa mga manunulat para sa pamahayagang online na BALITA.NET (www.balita.net.ph). Hindi nakapagsumite ang isa sa iyong mga kasamahan kaya initasan kang sumulat ng isa pang artikulo ukol sa paghahambing at pagpapahalaga sa mga Pilipino sa ibang lahi. Isakatuparan ang pinakaangkop na estilo sa pagsasanaysay sa pamamagitan ng isang sulating naghahayag kung paano higit na | Miyembro ka ng Linangan sa Imahen, Retorika at Anyo (LIRA). Nakapagkasunduan ng samahan na maglathala ng online na antolohiya ng mga kwentong naghahambing at nagpapahalaga sa lahing Pilipino sa iba pang lahi. Isakatuparan ang pinakaangkop na pamamaraan sa pagkukwento kaugnay ng kahalagahan ng pagkakaiba at pagkakatulad ng katangian, | Kasapi ka ng Facebook group na Saranggola Blog Awards. Bilang isang makata, inanyayahan ka ng pamunuan ng SBA na maglathala ng tula na batay sa paghahambing at paghahambing sa lahing Pilipino sa iba pang lahi. Isakatuparan ang pinakaangkop na estilong sa pagsulat ng patula na naghahayag kung paano higit na mapahahalagahan ang pagkakaiba at pagkakatulad ng katangian, kultura at |

| | | |
|---|---|---|
| mapapahahalagahan ang pagkakaiba at pagkakatulad ng katangian, kultura at karanasan ng mga Pilipino sa mga nakikidaupang-palad na dayuhan sa kanila. Ilathala sa alinmang haritang pangmadla (social media) ang ginawang akda.<br><br>Maaari kang<br>• Bumuo ng isang editoryal na tumatalakay sa kasalukuyang impluwensyang (positibo at negatibo) kanluranin sa mga Pilipino.<br>• Sumulat ng isang kolum na naghihinuha ukol sa pagbabagong ng kabataang Pilipino bunga ng impluwensya ng nilalamang kanluranin itinampok sa social media.<br>• Bumuo ng isang lathalaing nagtatampok sa karanasan ng isang kabataang nakatira sa paligid ng American Military Base sa Pilipinas.<br>• Sumulat ng isang sanaysay na naglalahad sa kaligiran at kabuhuhan ng isang larawan ukol pagsadya ng mga dayuhan sa Pilipinas upang tumulong sa mga nasalanta ng iba't ibang kalamidad. | kultura at karanasan ng mga Pilipino sa mga nakikidaupang-palad na dayuhan sa kanila. Ilathala sa alinmang haritang pangmadla (social media) ang ginawang akda.<br><br>Maaari kang<br>• Sumulat ng isang maikling kwento tungkol sa pagkakaibigang nabuo sa pagitan ng isang batang Pilipino at ng isang ka-Facebook mula sa ibang bansa.<br>• Bumuo ng isang dagli tungkol sa paglalakbay ng isang Pilipino sa ibang bansa. | karanasan ng mga Pilipino sa mga nakikidaupang-palad na dayuhan sa kanila. Ilathala sa alinmang haritang pangmadla (social media) ang ginawang akda.<br><br>Maaari kang<br>• Sumulat ng 5 tanka na naglalahad ng iba't ibang uri ng ugnayan na mayroon ang Pilipinas sa iba't ibang bansa.<br>• Bumuo ng isang soneto para sa isang kasintahang dayuhan na kasalukuyang nasa kinaginasnang bayan.<br>• Lumikha ng isang kanta o rap na nagpapasalamat sa pagtulong ng iba't ibang bansa sa Pilipinas. |

| |
|---|
| Huhusgahan ang inilithalang akda gamit ang mga sumusunod na pamantayan: nilalaman, pagkamalikhain, mabisang pagpapahayag at gamit ng wika. |

**ANALITIKAL NA RUBRIK**

| CRITERIA | Kapugay-pugay 4 | Mahusay 3 | Umuunlad 2 | Nagsisimula 1 |
|---|---|---|---|---|
| **Nilalaman** | Komprehensibo, napapanahon at makabuluhan ang mga inilahad na impormasyon sa ginawang paghahambing at pagpapahalaga sa impluwensya ng mga taga-Kanluran sa kasalukuyang lipunang Pilipino. | Sapat ang sakop na mga impormasyong inilalahad sa ginawang paghahambing at pagpapa-halaga sa impluwensya ng mga taga-Kanluran sa kasalukuyang lipunang Pilipino. | Limitado ang mga impormasyong inilalahad sa ginawang paghahambing at pagpapa-halaga sa impluwensya ng mga taga-Kanluran sa kasalukuyang lipunang Pilipino. Ngunit higit na makatutulong kung daragdagan pa ang mga detalye nang sa gayo'y higit na maunawaan ng mambabasa. | Kulang ang mga impormasyong inilalahad sa ginawang paghahambing at pagpapahalaga sa impluwensya ng mga taga-Kanluran sa kasalukuyang lipunang Pilipino upang matamo ng mambabasa ang sapat na pag-unawa. |
| **Pagkamalikhain** | Orihinal at kakaiba ang pagkakagawa sa teksto dahil sa husay ng paggamit ng iba't ibang paraan ng paglalahad at paglalarawan. Kapugay-pugay rin ang natural na daloy nito. | Orihinal ang pagkakasulat sa teksto dahil gumamit ng iba't ibang matatalinhaga at malikhaing pagpapahayag, mapang-akit ang panimula't wakas. | Gumamit ng iilang matalinhaga at malikhaing pagpapahayag. Ngunit mapapansing maraming bahagi ng teksto ang hiniram o hinalaw lamang mula sa iba pang teksto. | Ang kabuuan ng teksto ay hinalaw o kinopya lamang sa iba pang teksto. |
| **Mabisang pagpapahayag** | Natatangi ang paraan ng pagpapahayag sa teksto dahil litaw na litaw ang | Malinaw ang ginawang paglalahad at paglalarawan sa iba't ibang | Mauunawaan ang mga kaisipang ipinababatid sa teksto ngunit | Nakapaglahad ng mga kaisipan subalit may kalabuan sa paraan ng |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | kaisipang ipinababatid kahit na gumamit ng iba't ibang estilo sa pagpapahayag. | impormasyon kaugnay ng itinatampok. May kaisahan ang daloy ng mga pahayag sa kabuuan ng teksto. | kakikitaan ng kakulangan sa kaisahan at pagkakaugnay-ugnay ng mga pangungusap at talataan sa isa't isa. | pagpapahayag dahil may mga inihayag na walang kaugnayan sa tema. |
| **Gamit ng Wika** | Lubusan at kakaiba ang pagtupad sa mga alituntuning panggramatika (baybay, bantas, gamit ng salita, pangungusap) ganoon din sa paggamit ng matatalinhangang pagpapahayag. | Mahusay ang pagkakasulat dahil sinusunod ang mga alintuntuning panggramatika (baybay, bantas, gamit ng salita, pangungusap) sa lahat ng pagkakataon. | Natupad ang mga alituntuning panggramatika (baybay, bantas, gamit ng salita, pangungusap) sa maraming pagkakataon. May mga maling gamit ng bantas at hindi angkop ang gamit ng salita sa iilang pangungusap. | Mauunawaan ang mga nabuong mga pangungusap ngunit nababatid na may makabu-luhang kakula-ngan sa pagbabaybay, pagbabantas, paggamit ng salita at pagbuo ng pangungusap sa malaking bahagi ng teksto. |

| **Attach URL here** | |
|---|---|

Tulad ng ginawa mong pamumuna mo sa produkto ng iba sa nakaraang aralin, ikaw naman ang hihingi ng puna sa iyong produkto. Maging obhetibo sa pagtanggap ng pamumuna lalo na't para ito sa iyong pag-unlad.

**GAWAIN BLG. 20: I-DASH BOARD MO at 3-2-1 CHART**

Ipaskil sa Discussion Board ang binuo mong akda sa gawain bilang 19. Hikayatin ang iba pang mag-aaral na suriin at ipahayag ang kanilang pagsusuri sa iyong akda. Maaari pagbatayan sa gagawing rebisyon ng iyong akda sakaling ipauulit sa iyo. Kaugnay nito, tugunan ng hinihinging impormasyon ang 3-2-1 Chart sa ibaba.

| | |
|---|---|
| **3** | Tatlong kalakasan ng iyong produkto na nabatid mo sa pagpupuna sa nalathalang akda.<br>• -<br>• -<br>• - |
| **2** | Dalawang mahalagang hakbang upang mapagbuti mo sa susunod ang mga kahinaang napuna sa iyong produkto.<br>• -<br>• - |
| **1** | Isang pangungusap na naglalahat sa bisa ng iyong ginawang akda.<br>• - |

**Katapusang Bahagi ng PagIlilipat**

Isang masayang pagbati sa iyong pagtatapos sa modyul na ito. Kung magbabalik-tanaw ka sa iyong karanasan sa modyul na ito, sinimulan mo ito sa pamamagitan ng pagsuri ng isang mitoholohiya mula sa North America at nagwakas sa pagbuo ng sarili mong akda hinggil sa ugnayan na mayroon ang mga tao sa iba't ibang panig ng daigdig. Paulit-ulit ding naitatanong ang kahalagahan ng pag-aaral ng mga panitikan ng mga bansang Kanluranin.

Bilang pagtatapos, pagnilayan ang tanong na ito: BAKIT KAILANGANG NAPAHAHALAGAHAN MO ANG PANITIKAN NG IBANG LAHI SA MUNDO?

## PANGHULING PAGTATAYA

Ito na ang pagkakataong mataya ang iyong natutuhan. I-klik lamang ang titik nang napili mong sagot. Makikita mo ang iyong nakuhang iskor kapag natapos mong sagutan ang pagsusulit. Kung ikaw ay nakapasa, maaari ka nang tumungo sa kasunod na modyul at kung hindi, kailangan mo uling balikan ang modyul na ito.

Kung handa ka na, i-klik ang SIMULA.

1. Ano ang paksa o konseptong tampok sa talata?

   Lubhang masalimuot at teknikal ang tunay na kahulugan ng terminong globalisasyon. Ang globalisasyon ay isang proseso ng pag-uugnay-ugnay ng iba't ibang karanasan ng mga indibidwal mula sa iba't ibang panig ng mundo. Ang karanasan na tinutukoy rito ay tungkol sa iba't ibang sektor na nakaaapekto sa araw-araw na pamumuhay ng mga indibidwal. Ang pangunahing sektor na nakikipag-ugnayan sa ibang sektor ng ibang bansa ay ang ekonomiya.
   A. ekonomiya
   B. globalisasyon
   C. kahulugan
   D. magkakaugnay na karanasan

2. Ano ang kahulugan ng payo ng taon sa taludtod ng "Tanggapin nang mahinahon ang payo ng taon"?
   A. karanasan sa buhay
   B. ginintuang aral
   C. pangyayari sa buong taon
   D. paalala ng mga nakatatanda

3. Alin sa mga sumusunod na katangian o elemento ang parehong taglay ng maikling kwento at nobela?
   A. epilogo
   B. himig
   C. sukat at tugma

tunggalian

4. Alin ang angkop na ayos ng mga parirala sa ibaba upang makabuo ng isang makabuluhang pangungusap nang hindi nagdadagdag o nag-aalis ng salita, o gumagamit ng bantas maliban sa tuldok sa wakas ng pangungusap?
   I. ang mga halaman sa hardin
   II. ng hardinero

III. pansamantalang hindi dinidiligan
IV. dahil sa walang tigil na pag-ulan

A. II, III, I, IV
B. II, III, I, IV
C. II, III, I, IV
D. II, III, IV, I

5. (Halaw sa maikling kwentong “Sa Bagong Paraiso” ni Efren R. Abueg)

*“Bakit?” usisa niya.*
*“Wa – wala … wala!”*
*Nag-isip ang batang lalaki. Naisaloob niyang baka ang kawalang sigla niya sa pakikipaglaro rito ang dahilan.*
*“Bakit?”*
*“Hindi na pala tayo maaaring maglaro… ng tulad ng dati,” sabi ng batang babae sa basag na tinig.*
*“Hindi na?” Parang sasabog sa kawalang-malay ang katauhan ng batang lalaki.*
*“Malalaki na raw tayo … malalaki nang tao. Hindi raw maglalaon, tayo’y magiging dalaga … at binata.”*
*“Sinabi ‘yan ng Nanay mo?” usisa muli ng batang lalaki.*

Tanong: Anong suliranin ang namamagitan sa kasalukuyang ugnayan ng mga tauhan?
A. epekto sa kanila ng pagbabago sa kanilang pagkatao
B. kakulangan ng pag-unawa sa pagbabago
C. pagsuway nila sa mga pangaral ng kanilang magulang
D. pagtutol ng magulang sa kanilang relasyon

6. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang kakikitaan ng Pokus sa Benepaktibo? (P)
A. Ang sinigang ay niluto ni nanay para sa mga panauhing galing Maynila.
B. Ang nilutong sinigang ni nanay ay para sa mga panauhing galing Maynila.
C. Ang nanay ay nagluto ng sinigang para sa mga panauhing galing Maynila.
D. Ipinagluto ni nanay ng sinigang ang mga panauhing galing Maynila.

7. Alin sa mga sumusunod ang angkop na paglalarawan sa nobelang Noli Me Tangere ni Jose P. Rizal?
A. Isa itong nobelang bayograpikal dahil nilayon nitong ilahad nang ganap ang naging buhay ng may-akda sa ilalim ng pamamalakad ng mga Kastila.

B. Isa itong nobelang historikal dahil inilarawan nito ang kalagayan ng mga sinaunang mamamayan sa Pilipinas bago pa man sakupin ng mga Kastila ang mga isla.
C. Isa itong romantikong nobela sapagkat ipinakita dito ang iba't ibang uri o mukha ng pag-ibig at kung paano nito nahatak ang karanasan at ugnayan ng mga tauhan.
D. Ito ay nobelang pampolitika sapagkat ipinakita nito ang pagmamalabis ng mga Indio sa kapwa Indio sa hangaring mabilang sa mga nakatataas sa lipunan.

8. Mula sa dulang "Kaaway ng Bayan", alin sa mga sumusunod ang *pinakaangkop* na tono ng pahayag ni Dr. Tomas Stockmann na *"Sa akala mo ba'y ipag-iingay ko sa buong bayan nang wala pa akong nahahawakang katibayan? Naku hindi, salamat. Hindi ako luko-luko"?* (P)
   A. nag-aalinlangan
   B. nagbabakasakali
   C. nagagalit
   D. naniniguro

9. Sa papaanong paraan mapapalawak ang pakikipag-ugnayang pandaigdig ng mga Pilipino?
   A. Sa pamamagitan ng pakikisalamuha sa kanila sa mga gawaing pandaigdigan.
   B. Sa pamamagitan ng pagsuporta ng mga gawaing nakabubuti sa kagalingan ng hindi lang sa isang bansa kundi pati na rin sa pangkalahatang bansa sa daigdig.
   C. Sa pamamagitan ng pagpapaigting ng relasyong internasyunal.
   D. Sa pamamagitan ng pagsusuri at pag-aaral ng mga akdang pampanitikan at kaisipan sa iba't ibang bansa.

10. Alin sa mga sumusunod ang pinakamalapit na dahilan kung anong kabutihang naidudulot ng pag-aaral ng panitikang pandaigdig?
   A. Napalalawak ang koneksyon ng mga mambabasa sa mga taong nasa Kanluran.
   B. Napupulutan ito ng maraming aral kaya nakatutulong ito sa paghubog ng mabuting asal sa mga kabataang Pilipino.
   C. Humuhubog ito sa kamalayan ng mga mambabasa sa halos lahat ng panig ng mundo at nakapagpalalawak ng pakikipag-ugnayang pandaigdig ng mga Pilipino.
   D. Patuloy na kinikilala at niyayakap ang kultura at uri ng pamumuhay ng mga bansang Kanluranin.

11. Alin sa mga sumusunod ang *pinakaangkop* na dahilan kung bakit dapat pag-aralan ang mga panitikan ng mga bansa sa kanluran? (EU)
   A. Sapagkat sa paraang ito mapaiigting ang ugnayan ng ating bansa sa mga bansa sa daigdig

B. Sapagkat maraming aral na matututuhan na nakatutulong upang magtagumpay sa buhay
C. Dahil sa paraang ito mababawasan ang lungkot na nararanasan ng bawat mamamayan
D. Dahil tulong ito upang di tayo maging ignorante sa mga nangyayari sa mga bansa sa Kanluran

12. Alin sa mga sumusunod ang *pinakamalapit* na kahulugan ng pahayag na hinalaw sa dulang "Kaaway ng Bayan" na "*Napakasarap ang pakiramdam ng isang taong nakatatalos na nakagawa siya ng kabutihan sa kaniyang bayang sinilangan at sa kaniyang mga kapuwa mamamayan"?* (U)
    A. Nagdudulot ng panloob na kasiyahan ang pagtulong sa kapwa at sa sariling bansa.
    B. Nakadaragdag ng salapi ang pagtulong sa iba yamang maaari ka nilang bigyan ng gantimpala.
    C. Napananatili ang magandang reputasyon sa oras na tumulong sa mga nangangailangan.
    D. Nadaragdagan ang bilang ng mga kaibigan sa tuwing nagkakaloob ng tulong sa kapwa.

13. Magpapakaibayo pa ako at magsasabi: kung sa tula ang kaisipan at ang pagkakapahayag ay matalik na nagkakaugnay, tiyakang dapat akong sumulat sa wikang yaon na maaari kong magamit upang makahatol nang higit na may kakayahan sa mga salita at siyang kinahahanguan ko ng pinakamalakas na kapangyarihan sa mga salitang iyon, ng pinakaganap na kaalaman sa mga iyon, o kaya'y siyang magpapadama man lamang sa akin na ang aking katapangan ay hindi magbubunga ng pagiging di-makatwiran; at walang alinlangang ito ang aking inang wika. Sa kanyang inang wika, samakatuwid, magagawa niyang mailarawan at maipahayag nang buong kadalian ang yaman ng mga larawan at kulay ng totoong kailangan ng makata; dito niya dapat matagpuan ang kulog at kidlat na inihahagis niya bilang sugo ng Diyos. Ang paraan ng pag-iisip, gaya nga ng katunayan, ay nakatanim doon: at ang ating kaluluwa at tainga at sangkap sa pagsasalita ay hinubog doon. Sa ano pang salita higit kong maipahahayag ang aking sarili kaysa aking inang wika? (Halaw sa "Dapat Sumusulat sa Sarili Niyang Wika ang Tunay na Makata" ni Johann Gottfried von Herder, Germany)

Ano ang mahalagang pag-unawa na dapat matutunan ng mambabasa ng alinmang lahi sa sanaysay ni Gottfried na isang Aleman?
A. Gamitin ang inang wika sa lahat ng pagkakataon at huwag tanggapin ang paanyaya ng dayuhang wika dahil sabagal ito sa tunay na pagpapahayag mo ng iyong sarili sa lahat ng pagkakataon.
B. Gawing gabay ang kadakilaan ng pag-uugaling taglay ng inang wika dahil ito lamang ang alam natng wika at wala nang ibang wika na papalit sa kakayahan nito.

C. Kailangang pahalagahan mo ang iyong inang wika sapagkat taglay nito ang iyong totoong mga kaisipan at prinsipyo na magiging batayan ng iyong desisyon at kilos sa alinmang sitwasyon.
D. Pag-aralang mabuti ang iyong inang wika dahil dito itinuro ng iyong mga magulang at ng iyong mga ninuno ang kaalaman at pagpapahalagang ipapasa mo rin sa sunod na salinlahi.

14. Alin sa sumusunod na kaisipan ang hindi totoo sa panitikan ng mga bansang kanluran?
    A. Inilalahad dito ang katotohanan sa likod ng mga mito.
    B. May iba't ibang kultura ang mga mamamayan dito.
    C. Mas magaling sumulat ang mga matatandang awtor kaysa baguhan.
    D. Inilalarawan ang mga kaganapan ng kani-kanilang bansa

15. Ikaw ay lalahok sa isang patimpalak online na pinamumunuan ng Filipinowriters.com. Alin sa sumusunod ang iyong dapat na uunahin upang makamit mo ang iyong minimithi?
    A. Magsaliksik at magbasa ng mga modelong akdang pampanitikan para mapagkunan ng ideya.
    B. Isaalang-alang ang mga pamantayan at kriterya sa pagsusulat ng akda.
    C. Maging malikhain sa pagsusulat.
    D. Maging bukas ang isipan sa lahat ng pagkakataon.

16. Naparakami mong gawain sa bahay, at sa eskwelahan, minsan nalilito ka na kung ano ang iyong uunahin, kaliwa't kanan ang mga proyekto at research sa paaralan, napipressure ka na ng iyong mga guro. Gulong-gulo na ang isipan mo at hindi mo na alam kung ano ang gagawin. Ano ang pinakamainam mong hakbang na gagawin sa sitwasyong ganito?

    A. Di magpapatangay sa silakbo ng damdamin, maging mahinahon sa pagsasakatuparan ng bawat gawain.
    B. Isipin kung ano ang priority mo sa buhay doon ka magsimulang ayusin ang mga bagay-bagay.
    C. Huwag sayangin ang oras, solusyunan agad ang problema.
    D. Humingi ng tulong sa mga kaibigan o pamilya para maagapa

17. Sa tuwing dumaraan ka sa isa pang daanan palabas sa inyong lugar, nakikita mong naghihirap sa buhay ang isang mag-asawa na malapit sa inyong tirahan. Wala kasi silang anak. Ramdam mong kailangang-kailangan nila ng tulong ngunit tila mailap ang tulong sa kanila. Batid mong may kakayahan kang tumulong sa kanila sapagkat nakaririwasa ang inyong pamilya. Isa pa, kilala ka sa pagiging matulungin sa kapwa. Gayunpaman, may pangamba kang tumulong sapagkat narinig mo minsan na may pagkamasungit sila. Ano ang *pinakamainam* mong gawin. (T)

A. Sabihin sa mga magulang ang hangaring tumulong upang ika'y kanilang masuportahan sa maganda mong binabalak.
B. Huwag na silang pansinin pa at huwag na rin silang pag-aksayahan ng panahon dahil matanda na rin lamang sila.
C. Itanim sa isipan ang narinig hinggil sa kasungitan ng mag-asawang matanda upang gamitin itong dahilan nang di sila tulungan.
D. Dumaan lagi sa ibang daanan upang di na makita pa ang mag-asawang matanda at di ka na maapektuhan sa kanilang kalagayan.

18. Abot-langit ang iyong pasasalamat sa pagkakaroon ng mabait, maunawain, at mapag-arugang ama't ina. Walang araw na di mo nadama ang kanilang wagas na pagmamahal. Kaya, lagi mo naman silang ibinibida sa'yong mga kaibigan. Gayunpaman, sa di sinasadyang pagkakataon habang ikaw ay tumutulong sa *general cleanin*g sa bahay, isang kasulatan mula sa kabinet ng iyong ama ang iyong nakita't nabasa na labis mong ikinagulat. Oo, natuklasan mong ika'y di nila tunay na anak. Isa ka lamang na ampon! Ano ang *pinakamabuti* mong gawin sa mga sandaling iyon?
    A. Punit-punitin at itapon ang dokumentong nakita at magkunwaring walang nakitang gayong uri ng dokumento.
    B. Buong suyo at kapakumbabahang kausapin ang ama't ina at kalmadong pag-usapan ang tungkol sa'yong natuklasan.
    C. Agad na susugurin ang ama't ina at isusumbat sa kanila ang ginawang paglilihim ng katotohanan tungkol sa kaniyang pagkatao.
    D. Kukunin ang dokumento, kukunin ang lahat ng gamit at agad na aalis ng bahay upang hanapin ang totoong mga magulang.

19. Ipagpalagay na ikaw ang alkalde sa inyong lugar. Higit na umunlad ang lungsod na iyong nasasakupan mula nang ika'y maluklok sa puwesto. Ngunit alam mong ang pag-unlad na ito ay dahil sa mahuhusay na ideya mula sa iyong nakababatang kapatid na isang doktor. Hanggang sa isang araw, sa'yong pagdalaw sa bahay ng iyong kapatid, nabanggit niyang may natuklasan siyang tiyak na ikagugulat ng inyong mga kababayan. Ibig mo itong malaman agad ngunit tumanggi siyang ipaalam ito sa'yo. Ano ang *pinakamabuti* mong gawin?
    A. Ipagpilitan sa kapatid na sabihin sa'yo ang natuklasan kahit maging sanhi pa ito ng inyong alitang magkapatid yamang karapatan mo ito bilang alkalde ng bayan.
    B. Igalang ang pasya kung ayaw muna niya itong sabihin sa'yo sapagkat siya ang higit na nakaaalam kung kailan ang tamang panahon ng paglalantad sa natuklasan.
    C. Magpasyang di aalis sa bahay ng kapatid hanggat di sinasabi ang natuklasan kahit nangangahulugan ito ng pagkainis at pagkayamot ng kapatid, asawa't mga anak.
    D. Tawagin ang iba pang mga opisyal ng bayan upang samahan kang hikayatin ang iyong kapatid na sabihin ang bagay na inaasam-asam mong malaman.

20. Sa papaanong paraan mapapalawak ang pakikipag-ugnayang pandaigdig ng mga Pilipino?
    A. Sa pamamagitan ng pakikisalamuha sa kanila sa mga gawaing pandaigdigan.
    B. Sa pamamagitan ng pagsuporta ng mga gawaing nakabubuti sa kagalingan ng hindi lang sa isang bansa kundi pati na rin sa pangkalahatang bansa sa daigdig.
    C. Sa pamamagitan ng pagpapaigting ng relasyong internasyunal.
    D. Sa pamamagitan ng pagsusuri at pag-aaral ng mga akdang pampanitikan at kaisipan sa iba't ibang bansa.

## MGA SANGGUNIANG GINAMIT SA MODYUL


Mga Larawan

**Don't palm us out**
https://fightforrhinos.files.wordpress.com/2013/02/dont-palm-us.jpg Retrieved on 21 February 2017

**Borneo orang-utan artz**
https://www.rainforest-rescue.org/uploads/photos/borneo-orang-utan-artz.jpg Retrieved on 21 February 2017

**Palm oil Orangutans**
http://theunboundedspirit.com/wp-content/uploads/2014/02/Palm-oil_Orangutans.jpg Retrieved on 21 February 2017

**List of Feelings from A to Z**
http://csefel.vanderbilt.edu/modules/2006/feelingchart.pdf Retrieved on 21 February 2017

**Life of Pi**
https://static01.nyt.com/images/2012/11/18/arts/18LIFE1_SPAN/18LIFE1-superJumbo.jpg Retrieved on 24 February 2017

**Post it notes and pins**
http://cdn.arn.com.au/media/7279776/dc321-post-it-notes-and-pins-fd984.jpg Retrieved on 24 February 2017

Web 2.0

**Vimeo**
https://vimeo.com/ Retrieved on 24 February 2017

**Mnemonic Generator**
http://www.mnemonicgenerator.com/ Retrieved on 24 February 2017

**SOAPSTone**
https://d3jc3ahdjad7x7.cloudfront.net/MOI1HRmZ1DPqGpN3dVzvIkcdUv59a5aaiGxwiDUN8UevkzSc.pdf Retrieved on 23 February 2017

**Essay Map**
http://www.readwritethink.org/files/resources/interactives/essaymap/ Retrieved on 10 July 2016

**Blog**
www.blog.com Retrieved on 04 August 2015

Gramatika at Pagsusuri

**Sanaysay**
https://rapsfilipinos.files.wordpress.com/2012/10/publication1.pdf Retrieved on 24 February 2017

**Ang gramatika at retorika**
https://prezi.com/fj2o4egjka3e/ang-gramatika-at-retorika/ Retrieved on 24 February 2017

**Teoryang pampanitikan**
http://rosiefilipino10.weebly.com/teorya-ng-pampanitikan.html#/ Retrieved on 24 February 2017

**Teoryang pampanitikan ni Merland Alvarez Mabait**
https://www.slideshare.net/GinoongGood/teoryang-pampanitikan-36790003 Retrieved on 24 February 2017

**Mga teoryang pampanitikan at mga uri nito**
https://melodymular.wordpress.com/2011/06/12/mga-teoryang-pampanitikan-at-mga-uri-nito/ Retrieved on 24 February 2017

**Mga teoryang pampanitikan ni Nonnatus F. Nieves**
https://prezi.com/76d8pcqijr6i/mga-teoryang-pampanitikan/ Retrieved on 24 February 2017

Panitikan

**Ang Lamesa ng Mayaman**
http://afaithlcawili.blogspot.com/2009/09/kung-nakikita-ninyo-lang-na-nakaupo-kami.html Retrieved on 24 September 2016

**Ang Matanda at ang Dagat**
http://filipino10niwarville.blogspot.com/2015_07_01_archive.html Retrieved on 14 January 2017

**Ano ang mga kadahilanan ng kahirapan sa mundo**
http://www.worldsocialism.org/filipino/ano-ang-mga-kadahilanan-ng-kahirapan-sa-mundo Retrieved on 20 February 2017

**Death penalty dapat nang ibalik**
http://www.abante-tonite.com/issue/may2514/edit_record.htm#.WK8TVRI7w_Y Retrieved on 20 February 2017

**Buhay!**
http://ederic.net/buhay/#more-227 Retrieved on 02 March 2017

**Ang Sikmura ng Pari ni Emile Zola**
https://dakilapinoy.wordpress.com/ Retrieved on 19 December 2016

**The Old Man and the Sea (Full Text in English)**
https://la.utexas.edu/users/jmciver/Honors/Fiction%202013/Hemmingway_The%20Old%20Man%20and%20the%20Sea_1952.pdf Retrieved on 24 February 2017

**Awit ng Pag-asa ni Ruben Dario**
https://dakilapinoy.wordpress.com/ Retrieved on 02 March 2017

**Maaring lumipad ang tao**
http://filipino10niwarville.blogspot.com/2015/08/maaaring-lumipad-ang-tao.html Retrieved on 20 September 2016

Videos

**Bernie Krause: The voice of the natural world**
https://www.youtube.com/watch?v=uTbA-mxo858 Retrieved on 19 February 2017

**The Blue and Beyond**
https://www.youtube.com/watch?v=UM8YH94X1rQ Retrieved on 25 February 2017

**Training the Tiger in Life of Pi**
https://www.youtube.com/watch?v=fdu293uJoAo Retrieved on 26 February 2017